

# COUNTY NG SANTA CLARA

## PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN



## Talaan ng mga Nilalaman

Proseso ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM) .....	6
Mga Lugar ng Drop-off ng Balota .....	7
Mga Sentro ng Pagboto .....	10
Pagpaparehistro ng Botante .....	11
Mga Pamalit na Balota .....	12
Pansamantalang Pagboto .....	12
Madaling Magamit sa Pagboto .....	13
Tulong sa Wika .....	14
Pagsasaalang-alang ng Paglalagay ng Sentro ng Pagboto .....	15
Bumubuo sa mga Opisyal sa Halalan .....	15
Mga Elektronikong Libro ng Pagboto (Mga E-Pollbook) .....	16
Pakikipag-ugnayan .....	17
Mga Pagsangguni sa Publiko .....	17
Takdang Panahon sa Pagbuo ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) .....	19
Mga Paunawa sa Publiko .....	19
Mga Tagapayong Komite .....	20
Seksyon 1: Kontak sa Botante – Pangkalahatan .....	21
Paggamit ng Media .....	21
Plano para sa Presensiya ng Komunidad at mga Materyal sa Edukasyon ng Botante .....	23
Mga Direktang Pagpapakoreo .....	23
Seksyon 2: Kontak sa Botante – Mga Komunidad ng Minorya sa Wika .....	24
Pagtukoy sa mga Komunidad ng Minorya sa Wika .....	24
Mga Komunidad ng Minorya sa Wika na Paglilingkuran .....	24
Paggamit ng Media na Target ang mga Komunidad ng Minorya sa Wika .....	24
Mga Opisyal sa Halalan .....	25
Seksyon 3: Kontak sa Botante – Mga Botanteng may mga Kapansanan .....	26
Ang mga Paraang Ginagamit upang Matukoy ang mga Pangangailangan ng mga Botanteng may mga Kapansanan .....	26
Pakikipag-ugnayan sa Komunidad na may mga Kapansanan .....	26
Mga Serbisyo para sa mga Botanteng may mga Kapansanan .....	27
Mga Balangkas na Materyal na Ginagamit sa Pagbibigay ng Kaalaman sa mga Botanteng may mga Kapansanan .....	28
Seksyon 4: Impormasyon Tungkol sa Sentro ng Pagboto at Lugar ng Drop-off ng Balota .....	28
Mga Lugar ng Sentro ng Pagboto .....	28
Mga Lugar ng Drop-off ng Balota .....	29



Mga Hakbang na Pampigil .....	29
Alternatibong Plano .....	30
Seksyon 5: Mga Plano sa Seguridad at Pagkapribado ng Sentro ng Pagboto .....	30
Disenyo at Balangkas-kayarian ng Sentro ng Pagboto .....	30
Seguridad ng Pagboto.....	31
Seksyon 6 – Badyet.....	32

## Panimula

Ang California Voter's Choice Act (VCA), o Panukalang-batas ng Senado (SB) 450 (Allen, D-26) ay pinirmahan upang maging batas noong ika-29 ng Setyembre, 2016, nagdaragdag ng Seksyon 4005 sa Kodigo sa mga Halalan ng California, nagpapahintulot sa mga awtorisadong county, pagkaapruba ng Lupon ng mga Superbisor, upang magsagawa ng anumang halalan sa pamamagitan ng koreo, na may mga partikular na iniaatas. Sa ilalim ng VCA, lahat ng botante ay padadalhan sa koreo ng isang balota na magsisimula 29 na araw bago ang halalan, at ang bawat county ay magtatatag, nang may komento ng publiko, ng napakaraming Lugar ng Drop-off ng Balota at mga Sentro ng Pagboto sa buong county kung saan sinumang botante ng county ay maaaring botohan ang kanilang balota. Ang batas na ito ay isa sa maraming reporma sa halalan na idinisenyo upang baguhin kung paano maaaring isagawa ang halalan upang maparami ang paglahok ng botante at pakikipag-ugnayan ng botante sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga opsyon sa pagboto.

Bago ang VCA, ang mga halalan ay isinasagawa sa ilalim ng tradisyonal na Modelong Lugar ng Botohan. Ito ay isang pinagsamang modelo ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at pangangasiwa ng lugar ng botohan. Ang §12261 ng Kodigo sa mga Halalan (a) ay nag-uutos sa mga Opisyal sa Halalan ng County na magtatag ng mga presintong botohan, na may pinakamaraming 1,000 botante at ang bawat isa ay may natatanging lugar ng pagboto (na nagsisilbi ring mga datos na nagpapahintulot sa county at sa estado na iulat ang mga resulta ng halalan batay sa bawat presinto ng pagboto). Tanging ang mga may pisikal na limitasyon ang maaaring mapabilang sa listahan ng mga botante ng Permanenteng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo; sinumang ibang gustong bumoto sa pamamagitan ng koreo ay kailangang magsumite ng kahilingan bawat halalan. Ang isang botanteng hindi bumoto sa pamamagitan ng koreo ay inaatasang bumoto sa kanilang itinalagang lugar ng pagboto na natatangi sa kanilang presinto ng pagboto at uri ng balota.

Noong 2002, pinalawak ng Kodigo sa mga Halalan ng California ang pagboto sa pamamagitan ng koreo at pinahintulutan ang sinuman na maging isang botante ng Permanenteng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Ang pagpapalawak ay lumikha ng pagbabago sa pag-uugali ng botante kung saan ang isang mayoriya ng mga botante sa County ng Santa Clara ay humihiling ngayon na bumoto sa pamamagitan ng koreo sa halip na pumunta upang bumoto nang personal sa kanilang itinalagang lugar ng pagboto. Ang mga nakarehistro bilang mga permanenteng botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay pinadadalhan ng kanilang balota humigit-kumulang na 29 na araw bago ang isang halalan at may hanggang sa pagsasara ng mga botohan sa Araw ng Halalan upang ibalik ang balotang iyon, sa isang lugar man ng botohan, sa isang Lugar ng Drop-off ng Balota, o sa pamamagitan ng koreo.

Sa pagpapatupad ng VCA, ang mga halalan ay isasagawa sa ilalim ng isang bagong Modelong Sentro ng Pagboto. Sa bagong modelo, *bawat* nakarehistrong botante ay magiging isang botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at tatanggap ng isang opisyal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, magsisimula 29 na araw bago ang nakatakdang halalan. Magagawa ng mga botante na ibalik ang kanilang balota sa alinman sa tatlong paraan: sa pamamagitan ng koreo (bayad na ang selyo), sa alinmang Lugar ng Drop-off ng Balota, o sa alinmang Sentro ng Pagboto sa county. Ang mga botante ay maaari ring pumiling hindi ibalik ang kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at sa halip ay kumuha ng isang balota upang bumoto nang personal sa opisina ng Registrar of Voters (ROV) o sa alinmang Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara.

Ang Modelong Sentro ng Pagboto ay hindi gaanong magbabago para sa mga kasalukuyang botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ito ay pangunahing pagbabago sa mga botante na pangkaraniwang bibisita sa itinalagang lugar ng botohan sa araw ng halalan upang ipatala ang kanilang boto. Sa ngayon, sa halip na may isa lamang lugar ang mga botante para bumoto, ang mga Sentro ng Pagboto ay bubuksan sa lahat ng nakarehistrong botante sa County.

Itong Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) ay may kasamang nilalaman na mahalaga sa pag-unawa kung paano maaapektuhan ang mga botante ng pagbabagong ito. Pagkatapos kumpletuhin ang isang balangkas na EAP, ang ROV ay hihingi ng komento, obserbasyon, at mga mungkahi ng publiko bago gawing pinal ang planong ito. Sa paglalathala ng bawat kasunod na sinusugang balangkas na EAP, ang publiko ay bibigyan ng isang panahon ng komento ng publiko upang magbigay ng obserbasyon sa EAP, at mga susog, kabilang ang mga lugar na pinili bilang mga Sentro ng Pagboto at mga Lugar ng Drop-off ng Balota. Pagkatapos ng panahon ng komento ng publiko, ang pinal na EAP ng County ay pormal na pagtitibayin at isusumite sa Kalihim ng Estado ng California (SOS) para sa pag-apruba.

Upang higit na matiyak na ang komunidad ay lubos na nabibigyan ng impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa VCA, parehong itinatag ng ROV ang Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) at Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC). Ang layunin ng VAAC ay upang magpayo, tumulong sa pagpapahusay, at magkaloob ng mga rekomendasyon na nauukol sa akses sa proseso ng paghalal ng mga nakatatanda at mga taong may mga kapansanan. Ang misyon ng VAAC ay upang magkaloob sa lahat ng botante ng pagkakataong bumoto nang independiyente at pribado. Ang layunin ng LAAC ay upang magpayo, tumulong at magkaloob ng mga rekomendasyon sa mga bagay na may kinalaman sa paggamit ng wika sa proseso ng paghalal ng mga botanteng ang pangunahing sinasalita ay maliban sa Ingles. Misyon ng LAAC na tumulong sa pagpapahusay ng mga pagkakataon sa paggamit ng wika. Ang parehong komite ay nag-aalay ng mahalagang patnubay sa ROV at parehong mga pundamental na bahagi sa pakikipag-ugnayan ng botante at pangangasiwa ng halalan para sa County. Ang ROV ay patuloy na tumatanggap ng mga aplikasyon para sa pagiging miyembro sa alinman sa LAAC o VAAC. Upang mag-aplay para maging miyembro ng alinmang komite, ang aplikasyon ay makukuha sa website ng ROV: [www.sccvote.org/voterschoice](http://www.sccvote.org/voterschoice).

Ang ROV ay nagpapalano ring magtatag ng isang Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOC) upang palawakin ang programa nito sa edukasyon ng botante upang ipagbigay-alam sa mga residente ang tungkol sa VCA at sa mga pagkakataon para sa paglahok ng komunidad. Kabilang sa EAP ang obserbasyon at impormasyon mula sa mga komiteng ito at iba't ibang kasamang organisasyon. Ang pagkuha ng suporta ng komunidad ay magiging napakahalaga sa matagumpay na pagpapatupad ng VCA at bagong pamamaraan ng pangangasiwa ng mga halalan sa County ng Santa Clara.

Ang unang halalan na isasagawa sa ilalim ng VCA ay ang Ika-3 ng Marso, 2020 na Pampresidenteng Primaryang Halalan. Ang dokumentong ito ay nagkaloob ng patnubay tungkol sa kung paano nagpapalano ang County ng Santa Clara upang ipatupad ang VCA para sa halalang ito at sa mga halalan sa hinaharap. Para sa pagsangguni, anumang mga katawagang teknikal o ispesipiko sa halalan ay bibigyang-kahulugan sa glosaryo sa Apendise A at ang isang listahan ng Madalas na Itanong ay matatagpuan sa Apendise R.

## **Bahagi 1 – Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Bawat county na nagpapatupad ng Voter's Choice Act (VCA) ay dapat gumawa ng Balangkas na Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) na nagtataglay ng impormasyong mahalaga upang maunawaan kung paano makakaapekto sa mga botante ang mga pagbabago. Ang EAP ay hahatiin sa dalawang bahagi: Bahagi 1 - Pangangasiwa ng Halalan at Bahagi 2 - Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan.

### **Proseso ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM)**

Kabilang sa EAP ang impormasyon tungkol sa mga Sentro ng Pagboto at mga Lugar ng Drop-off ng Balota at mga oras, parehong pagtatag ng Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) at Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC), isang plano sa edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante, mga isinasaalang-alang sa mungkahi ng publiko at paunawa, at iba pang mga nauugnay na nilalaman.

Sa Modelong Sentro ng Pagboto, lahat ng nakarehistrong botante ay magiging mga botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at padadalhan ng isang pakete ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang pakete ay ipadadala sa mga botante sa isang puting sobre na magtataglay ng mga sumusunod:

- Isang asul na sobre para sa pagbabalik
- Opisyal na balota, na maaaring nasa maraming kard ng balota depende sa dami ng mga labanan para sa halalan
- Isang papel na may mga tagubilin kung paano kukumpletuhin at ibabalik ang balota
- Isang sticker ng "I Voted"
- Isang ekstrang papel na nagtataglay ng anumang karagdagang impormasyon, kung kailangan

Lahat ng balota ay ipapakoreo sa pamamagitan ng United States Postal Service na magsisimula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Pagkaraan nito ay magsisimulang tatanggap agad ang mga botante ng kanilang mga pakete ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Sa sandaling makumpleto ang kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, ang mga botante ay maaaring magbalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng pangkaraniwang koreo sa ibinigay na sobreng bayad na ang selyo, o sa pamamagitan ng pagbabalik ng balota sa alinmang Sentro ng Pagboto o Lugar ng Drop-off ng Balota. Lahat ng Sentro ng Pagboto ay maglilingkod din bilang isang Lugar ng Drop-off ng Balota, habang ang ilang Lugar ng Drop-off ng Balota ay magiging nakatayong mag-isa at nakalagay sa paligid ng mga itinalagang lugar.

Kung ang isang botante ay hindi nakatanggap ng kanilang balota sa tamang panahon, o kung nakagawa sila ng pagkakamali sa kanilang balota, makakahiling sila na muling iisyu ang kanilang balota. Ang isang bagong pakete ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay ipapadala sa kanila kasama ng kanilang muling na-isyu na balota. Kung kailangan nilang muling ipaisyu ang kanilang balota nang kulang sa pitong araw bago ang Araw ng Halalan, kakailanganin nilang bisitahin ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV), o alinmang Sentro ng Pagboto upang makakuha ng isang bagong balota.

Para sa mga nakarehistrong botante na ang pangunahing sinasalita ay maliban sa Ingles, ang mga balota ay ihahanda sa walong wika: Intsik, Espanyol, Tagalog, Biyetnamis, Khmer, Koreano, Hindi, at Hapon. Sa mga wikang ito, maaaring tukuyin ng mga botante ang kanilang gustong wika sa form ng pagpaparehistro kapag nagparehistro sila para makaboto. Ang mga balota at mga materyal sa

pagboto sa pamamagitan ng koreo ay ipapadala sa kanila sa kanilang gustong wika. Ang mga botante ay makakahiling din na palitan ang kanilang gustong wika sa pamamagitan ng pagkontak sa opisina ng ROV sa pamamagitan ng telepono ((408) 299-VOTE), fax ((408) 998-7314), email (voterinfo@rov.sccgov.org), nang personal, o sa pamamagitan ng isang Form ng Paghiling ng Aksyon para sa Botante (VARF). Ang isang botante ay makakakuha ng VARF sa opisina ng ROV, o ito ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng email, i-fax, o ipakoreo sa kanila. Panghalili, ang VARF ay maaaring matagpuan sa website ng ROV at matatagpuan din sa loob ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County.

Ang mga botante ay makakahiling din ng mga materyal sa pagboto sa isang madaling magamit na format sa pamamagitan ng pagkontak sa opisina ng ROV. Sa sandaling gawin ng isang botante ang kahilingang iyon, siya ay ilalagay sa isang permanenteng listahan at magkakaroon ng madaling magamit na mga materyal sa pagboto na ipapadala sa kanila bawat halalan. Tatanggalin lamang sila sa listahan kung sila ay maging di-aktibo, lumipat sa labas ng county, lumitaw sa isang listahan ng mga nakagawa ng mabigat ng kasalanan, o namatay.

Ang isa pang madaling magamit na opsyon na mahihiling ng mga botante ay gamitin ang sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng mga Sistema ng Koreo (RAVBM). Ang mga sistema ng RAVBM ay idinisenyo para magamit lamang ng mga nakarehistrong botanteng may mga kapansanan, gayon din ng mga botanteng nasa militar at nasa ibang bansa.<sup>1</sup> Ang mga botante ng RAVBM ay pinadadalhan ng email na may link upang maakses ang kanilang Opisyal na Balota, kasama ng mga tagubilin kung paano ilimbag, kumpletuhin ang kanilang balota, at ibalik sa ROV bago ang Araw ng Halalan. Para sa sinumang nakarehistrong botante, may tatlong paraan na maaaring ibalik ng isang botante ng RAVBM ang kanilang balota: sa pamamagitan ng pangkaraniwang koreo sa ipinagkaloob na sobre, sa pamamagitan ng paghulog ng kanilang balota sa drop-box ng balota, o sa pamamagitan ng pagbabalik nito sa alinmang Sentro ng Pagboto.

Para sa mga nasa ospital, nakakulong, at may-kapansanang botante, ang pamamaraan para sa Pang-emerhensiyang Paghahatid ng Balota ay ginagamit kapag ang mga botante ay nangangailangan ng isang balota at hindi makakayang personal na makuha ang kanilang mga balota. Ang isang Aplikasyon para sa Maagang Pagboto (Apendise B) ay kinakailangang kumpletuhin at ibalik upang mapatibayan sa pamamagitan ng pagkakatugma sa kasalukuyang pagpaparehistro at pirma. Sa sandaling mapatibayan, ang isang balota ay maaaring iisyu sa botante at ang isang kumpletong pakete ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay ihahanda. Ang pasilidad na kaugnay ng botante ay ipapadala naman sa kanilang mga tauhan sa opisina ng ROV upang kunin ang mga pakete. Kasunod ay dadalhin ng mga tauhan ng pasilidad ang mga balota sa mga botante sa kani-kanilang mga pasilidad. Sa sandaling makumpleto, ang (mga) balota ay maaaring ibalik sa ROV para sa pagproseso kasabay ng ibang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

## **Mga Lugar ng Drop-off ng Balota**

Ayon sa 2018 na Survey ng Komunidad ng Amerika, ang populasyon ng County ng Santa Clara na higit sa 18 taong gulang ay 1.48 milyong tao. Sa kasalukuyan, ang 910,000 tao sa county ay nakarehistro para makaboto. Inaasahan ng ROV na ang bilang ay tataas sa higit sa 1.17 milyong nakarehistrong botante bago lumampas ang Marso 2020 na Pampresidenteng Primaryang Halalan. Sa paggamit sa mga bilang na ito, ang Kodigo sa mga Halalan ng California ay nagtatatag ng mga parametro kung paano dapat magkaloob ang isang county ng mga Lugar ng Drop-off ng Balota para sa mga botante:

---

<sup>1</sup> Tingnan ang §303.3 ng Kodigo sa mga Halalan



- Dapat magkaroon ng isa (1) o higit na Lugar ng Drop-off ng Balota para sa bawat 15,000 nakarehistrong botante na nakahanda 28 araw bago ang Araw ng Halalan, at sa Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na 29 araw. Tingnan ang Apendise C para sa mapa ng iminumungkahing mga hangganan ng Lugar ng Drop-off ng Balota.

Ang paggamit ng inaasahang bilang ng mga nakarehistrong botante ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV), ang pinakamababang iniaatas na bilang ng mga Lugar ng Drop-off ng Balota ay 78. Nagpaplano ang ROV na magkaroon ng isang Lugar ng Drop-off ng Balota sa bawat distrito para sa isang kabuuang bilang na 79 na target na lugar ng drop-off. Bilang karagdagan, nakikipag-ugnayan ang ROV sa mga 10-15 istasyon ng bumbero sa loob ng county upang magkaloob ng mga karagdagang drop-boxes na higit sa pinakamababang iniaatas. Tingnan ang Apendise D para sa kasalukuyang listahan ng mga iminumungkahing lugar ng drop-box at ang kani-kanilang mga oras ng operasyon.

<b>Kategorya ng Hangganan</b>	<b>Pinakamababang Iniaatas</b>	<b>Iminumungkahing<sup>2</sup> Bilang</b>
Mga Lugar ng Drop-off ng Balota (1 para sa 15 libong nakarehistrong botante)	78	89

Upang malaman ang mga pinakamahasay na lugar para sa mga drop-box ng balota, ang ROV ay gumagamit ng 14 na pamantayan na ipinag-uutos ng Kalihim ng Estado at ng Kodigo sa mga Halalan upang makatulong na malaman ang mga pinakamahasay na lugar para sa mga lugar ng Sentro ng Pagboto. Ang 14 na pamantayang ito ay tumutulong sa ROV sa pagkaloob sa County ng mga pinakamadaling mapuntahang lugar para rin sa mga drop-box ng balota. Sa mga pamantayan ay kabilang ang:

1. Lapit sa pampublikong transportasyon
2. Lapit sa mga komunidad na mababa ang bilang ng mga gumagamit ng pagboto sa pamamagitan ng koreo
3. Lapit sa mga sentro ng populasyon
4. Lapit sa mga komunidad na kabilang sa minority ang wika
5. Lapit sa mga botanteng may mga kapansanan
6. Lapit sa mga komunidad na mababa ang bilang ng mga may-ari ng sasakyan
7. Lapit sa mga komunidad ng mga mababa ang kita
8. Lapit sa mga komunidad na mababa ang bilang ng mga nakarehistrong botante
9. Lapit sa mga populasyong nakahiwalay sa karamihan, kabilang ang mga reserbasyon ng Katutubong Amerikano
10. Madaling magamit at libreng paradahan
11. Distansiya at oras ng paglalakbay patungo sa Sentro ng Pagboto at mga Lugar ng Drop-off ng Balota
12. Ang pangangailangan ng mga alternatibong paraan para sa mga botanteng may mga kapansanan na hindi makakagamit ng mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo
13. Ang takbo ng trapiko sa malapit sa Sentro ng Pagboto at mga Lugar ng Drop-off ng Balota

<sup>2</sup> Ang mga hangganang binalangkas ng ROV ay ibinabatay sa tinantiyang bilang ng populasyon at nilalayong magsilbing mga patnubay. Ang bilang na itinatag ng VCA ay dapat ituring na naglilingkod sa “hanggang 50,000” na mga botante; ito ay nangangahulugang ang inaasahang bilang ng mga botante sa bawat hangganan ay hindi laging umaabot sa kabuuang bilang na nilinaw ng VCA.

#### 14. Ang pangangailangan ng mga naililipat na Sentro ng Pagboto

Ang ROV ay sumusunod sa mga iniaatas ng Batas ukol sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA) para sa mga Drop-box ng Opisyal na Balota para sa transportasyon at kapal ng populasyon upang mas mahusay na mabigyang-daan ang mga botanteng may mga kapansanan. Ang mga drop-box ng balota ay ilalagay sa kani-kanilang lugar na magsisimula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Sa ika-27 araw bago ang Araw ng Halalan, lahat ng drop-box ay dapat ikabit at ihanda para magamit. Upang matiyak na ang mga kahon ay madaling magagamit ng lahat ng botante, ang mga drop-box ay dapat idisenyo upang magamit nang gaya ng mga sumusunod<sup>3</sup>:

- Upang pigilan ang pisikal na pinsala at di-awtorisadong pagpasok, anumang drop-box na hindi nababantayan na nakalagay sa labas ng gusali ay dapat gawin sa matibay na materyal na matatag laban sa bandalismo, pagtanggag, at masamang panahon.
- Ang mga drop-box ay dapat magtaglay ng butas na nabubuksan na hindi sapat ang laki upang baguhin o tanggalin ang mga balota.
- Ang mga drop-box ay idinidisenyo sa isang paraan na ang anumang di-awtorisadong akses ay maaaring magresulta sa pisikal na ebidensiya na ang di-awtorisadong akses ay nangyari. Ang isang opisyal sa mga halalan ay maaaring gumamit ng isang pansara na magbibigay ng ebidensiya ng pangiangialam para sa mga layunin ng seksyong ito.
- Ang isang drop-box ay dapat magkaloob ng ispesipikong palatandaan na tumutukoy kung saan dapat ipasok ang mga balota.
- Bawat drop-box ay dapat bigyan ng isang natatanging pagkakakilanlan na numero na matatagpuan sa drop-box at dapat na madaling makilala ng mga itinalagang tagakuha ng balota gayon din ng publiko.
- Ang drop-box ay dapat na malinaw at makikita na minarkahan, bilang isang “Opisyal na Drop-Box ng Balota”.
- Ang hardware ng drop-box ay dapat gumagana nang walang anumang mahigpit na paghawak, pagkurot, o pagliko ng pulsuhan.
- Ang hardware ng drop-box ay dapat mangailangan ng hindi hihigit sa limang (5) libra ng puwersa para magamit ng botante.
- Ang mga drop-box ay dapat gumagana sa loob ng maaabot na 15 hanggang 48 pulgada mula sa sahig o lupa para sa isang taong gumagamit ng wheelchair (ito ay hindi dapat gamitin na isang drop-box na nilalayong gamitin ng mga nagmamaneho ng mga sasakyan).
- Ang palatandaan ng drop-box ng balota ay dapat na may natatanging uri ng kulay na kakontra ng likuran at may “walang matinding liwanag” na pagkakagawa.
- Ang mga drop-box ay dapat idisenyo sa isang paraan na madarama ng publiko na opisyal at protektado ang mga ito.
- Ang bawat drop-box ng balota sa buong county, may tauhan at walang tauhan, ay dapat magtaglay ng katulad na katangian sa paggamit, at may katulad na disenyo, kombinasyon sa kulay, at may palatandaan upang madaling makilala ng publiko.
- Ang sukat ng drop-box ay ibinabatay sa paggamit at mga pangangailangan ng County ng Santa Clara.

Ilan sa mga pangunahing bagay na dapat tandaan para sa Mga Opisyal na Drop-Box ng Balota:

- Hindi kailangan ng selyo upang ibalik ang mga balota sa mga drop-box.
- Ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay hindi tatanggapin pagkaraan ng ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.
  - Ang mga drop-box ay kakandaduhan sa eksaktong ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.

<sup>3</sup> Tingnan ang §20132 ng Kodigo sa mga Halalan

- Ang eksepsiyon ay kung ang mga botante ay nakapila na upang ibalik ang kanilang balota nang magsasara ang Sentro ng Pagboto o ang oras ay pinalawig ng utos ng hukuman.
- Ang panginialam sa Drop-box ng Opisyal na Balota ay isang mabigat ng kasalanan<sup>4</sup>.
- Ang isang paunawa ay dapat ilagay sa bawat drop-box upang payuhan ang sinumang Opisyal sa mga Halalan kung ang kahon ay puno na, napakialaman, o napinsala.
- Ang mga kahon ay dapat magtaglay ng numero ng opisina ng ROV at isang walang-bayad na numero sa alinman sa ROV o SOS upang ipaalam kung ang drop-box ay napakialaman o napinsala<sup>5</sup>.

Upang matiyak na ang mga botante na ang pangunahing sinasalita ay maliban sa Ingles ay may sapat na akses, ang mga drop-box ay mamarkahan ng “Opisyal na Drop-Box ng Balota” sa lahat ng walong wika: Intsik, Espanyol, Tagalog, Biyetnamis, Khmer, Koreano, Hindi, at Hapon.

## **Mga Sentro ng Pagboto**

Ang Voter’s Choice Act (VCA) ay magdadala ng maraming bago at kawi-wiling pagbabago. Ang mga Sentro ng Pagboto ay bubuksan hanggang 11 araw at magtataglay ng bago at mas madaling magamit na kagamitan sa pagboto, tulong sa wika, at mag-aalok ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante at kaparehong araw na pagboto. Bilang karagdagan, ang mga botante ay hindi limitado sa isang itinalagang Lugar ng Botohan, pero may opsyong bisitahin ang isa sa humigit-kumulang na 125 nakahandang lugar ng Sentro ng Pagboto sa buong County ng Santa Clara.

Sa ilalim ng VCA, ang mga Sentro ng Pagboto ay inaatasang manatiling bukas nang mas maraming araw kaysa dating ginagawa sa tradisyunal na mga Lugar ng Botohan. Ang mga Sentro ng Pagboto ay dapat patakbuhan sa ilalim ng dalawang panahon ng maagang pagboto: (1) Sampung araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na 11 araw, at (2) tatlong araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na apat na araw. Ang Kodigo sa mga Halalan ng California ay nagtatatag ng mga parametro na ang isang county ay dapat magkaloob ng mga lugar ng Sentro ng Pagboto para sa mga botante:

- Magsisimula sa sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na labing-isang (11) araw, ang isang Sentro ng Pagboto sa bawat 50,000 botante ay dapat patakbuhan.
- Magsisimula sa tatlong (3) araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na apat (4) na araw, ang isang Sentro ng Pagboto sa bawat 10,000 botante ay dapat patakbuhan.

Upang mas mahusay na mapaglingkuran ang mga botante, ang County ng Santa Clara ay nagpaplano ng magpatakbo ng dalawang karagdagang 11-araw na mga Sentro ng Pagboto na higit sa pinakamababang iniaatas, at anim na karagdagang 4-na-araw na mga Sentro ng Pagboto na higit sa pinakamababang iniaatas batay sa inaasahang bilang ng mga nakarehistrong botante sa Marso 2020 na Pampresidenteng Primaryang Halalan. Ang ROV ay lumikha ng dalawang mapang naghahati sa county sa mga lugar na may 50,000 botante at 10,000 botante sa bawat isa (tingnan ang Apendise E). Ang mga mapang ito ay tumulong sa proseso ng paghahanap ng mga lugar ng Sentro ng Pagboto. Ang mapang may mga hangganan sa paligid ng mga lugar na may 50,000 botante ay ginamit upang mapaglagaan ng 11-araw na mga Sentro ng Pagboto, habang ang mapang

<sup>4</sup> Tingnan ang §18500 ng Kodigo sa mga Halalan

<sup>5</sup> Tingnan ang §20132 ng Kodigo sa mga Halalan

may mga hangganan sa paligid ng mga lugar na may 10,000 botante ay ginamit upang mapaglagaan ng 4-na-araw na mga Sentro ng Pagboto.

Ang mga oras ng pagpapatakbo para sa lahat ng Sentro ng Pagboto ay maaaring mag-iba kada pasilidad sa mga petsa bago ang Araw ng Halalan<sup>6</sup>. Sa Araw ng Halalan, lahat ng Sentro ng Pagboto ay mananatiling bukas sa mga botante mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi, ayon sa Kodigo sa mga Halalan<sup>7</sup>. Upang makita ang listahan ng mga posibleng Sentro ng Pagboto na isinasaalang-alang ng ROV, tingnan ang Apendise F. Sa panahon ng paglathala, lahat ng Sentro ng Pagboto na isinasaalang-alang ay maaaring baguhin.

<b>Kategorya ng Hangganan</b>	<b>Pinakamababang Iniaatas</b>	<b>Iminumungkahing<sup>8</sup> Bilang</b>
11-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 50 libong nakarehistrong botante)	23	25
4-na-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 10 libong nakarehistrong botante)	94	100

Ang mga numerong inilagay sa talahanayan ay batay sa inaasahang bilang ng mga nakarehistrong botante. Ang aktwal na pagkalkula ay aalamin 88 araw bago ang halalan alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan<sup>9</sup>.

Pangkaraniwan, ang ROV ay nakakakita ng pagtaas sa pagpaparehistro sa panahon ng taon ng Pampresidenteng Halalan. Pagsapit ng Hulyo 2019, humigit-kumulang na 910,000 botante ang nakarehistro sa County ng Santa Clara. Inaasahan ng ROV na ang bilang ay tataas sa higit sa 1 milyong nakarehistrong botante bago ang Marso 2020 na Pampresidenteng Primaryang Halalan.

<b>Bilang ng mga Karapat-dapat na Botante</b>	<b>Bilang ng mga Nakarehistrong Botante</b>	<b>Bilang ng mga Karapat-dapat Pero Hindi Nakarehistro</b>	<b>Bilang ng mga Inaasahang Nakarehistrong Botante</b>
1,480,000	910,000	570,000	1,170,000

### **Pagpaparehistro ng Botante**

Ang mga Sentro ng Pagboto ay makakapagkaloob ng mas marami pang serbisyo kaysa dating ipinagkaloob ng tradisyunal na Modelong Lugar ng Botohan. Ang isa sa mga pinalawak na serbisyong iniaalay sa mga Sentro ng Pagboto ay pagpaparehistro ng botante. Ang mga botante ay magkakaroon na ngayon ng kakayahang magparehistro para makaboto, isapanahon ang kanilang pagpaparehistro bilang botante, at bumoto nang kondisyonal sa alinmang Sentro ng Pagboto. Ang

<sup>6</sup> Ang ROV ay nasa proseso pa rin ng pagkuha ng mga Sentro ng Pagboto at lahat ng ispesipikong lugar at oras ng pagpapatakbo ay hindi nakahanda sa panahon ng paglathala.

<sup>7</sup> §4005 ng Kodigo sa mga Halalan

<sup>8</sup> Ang mga hangganang iginuguhit ng ROV ay ibinabatay sa tinantiyang bilang ng populasyon at nilalayong magsilbing mga patnubay. Ang bilang na itinatag ng VCA ay dapat ituring na naglilingkod sa "hanggang 50,000" botante; ito ay nangangahulugang ang inaasahang bilang ng mga botante sa bawat hangganan ay hindi laging umaabot sa kabuuang bilang na nilinaw ng VCA.

<sup>9</sup> §12223 ng Kodigo sa mga Halalan

mga botanteng ipinasiyang karapat-dapat bumoto sa ilalim ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante (CVR), ay tatanggap ng isang balota na may isang sobre ng CVR.

Ang CVR ay isang paraan para ang miyembro ng komunidad, na hindi nakarehistro para makaboto pagkaraan ng 15-araw na pagsasara ng pagpaparehistro, upang pumunta sa isang Sentro ng Pagboto upang magparehistro para makaboto sa kaparehong araw. Maaari ring gamitin ng mga botante ang CVR upang isapanahon ang kanilang tirahan o partidong pampulitika pagkaraan ng 15-araw na pagsasara ng pagpaparehistro. Sa sandaling ang kinumpletong balota ng CVR ay na ibalik sa opisina ng ROV, ang posibleng botante ay sasalain para sa pagiging karapat-dapat. Ang balota ay bubuksan at isasama lamang sa pagbilang pagkatapos ng pagpapatibay na ang botante ay nakatugon sa lahat ng iniaatas sa pagiging karapat-dapat. Ang sobre ng CVR ay magsisilbi ring apidabit ng pagpaparehistro ng botante at maaaring pilasin ng botante ang kanyang resibo mula sa sobre upang masubaybayan niya ang katayuan ng kanyang balota sa website ng Tagapagrehistro ng mga Botante<sup>10</sup>.

### **Mga Pamalit na Balota**

Ang mga Sentro ng Pagboto ay maaari ng magkaloob ng mga pamalit na balota sa mga botante na humiling nito. Ang isang botante ay maaaring humiling ng isang pamalit na balota sa alinmang Sentro ng Pagboto pagkatapos ng pagpapatibay na ang isang balota para sa kaparehong halalan ay hindi pa natatanggap ng ROV mula sa botante<sup>11</sup>. Kung hindi matiyak ng ROV kung ang isang balota ay natanggap na mula sa botante, maaaring ipahintulot ng ROV na bumoto nang pansamantala ang botante.

### **Pansamantalang Pagboto<sup>12</sup>**

Sa alinmang Sentro ng Pagboto, ang isang botante ay maaaring bumoto nang pansamantala. Ang isang botanteng nagsasabi na siya ay nakarehistro, pero ang pagpaparehistro at pagiging karapat-dapat ay hindi agad matiyak ng mga tauhan ng ROV, ay karapat-dapat gumawa ng pagboto sa isang pansamantalang balota. Dapat sabihin ng ROV sa botante ang kanyang karapatang gawin ito at bigyan ang botante ng:

- Isang pansamantalang balota na kasama ng mga nakasulat na tagubilin na nauukol sa proseso at mga pamamaraan para sa pagboto sa isang pansamantalang balota.
- Ang nakasulat na pagpapatibay na nauukol sa pagpaparehistro ng botante at pagiging karapat-dapat bumoto, na dapat pirmahan ng botante.

Upang bumoto nang pansamantala, ang isang botante ay dapat magsagawa (pumirma) sa harap ng mga tauhan ng ROV, ng nakasulat na pagpapatibay na nagsasaad na ang botante ay karapat-dapat bumoto at nakarehistro sa County ng Santa Clara. Dapat ipasok ng botante ang balota sa isang sobre ng pansamantalang balota para ibalik sa pangunahing opisina ng ROV.

Sa panahon ng opisyal na pagbilang, dapat patibayan ng mga tauhan ang tirahan ng botante at tiyakin na ang pirma sa sobre ng pansamantalang balota ay katugma ng pirma sa apidabit ng pagpaparehistro ng botante o ibang pirma sa talaan ng pagpaparehistro ng botante. Ang naiibang pirma na pumapalit sa mga inisyal para sa una, paggitnang pangalan, o pareho ay hindi

---

<sup>10</sup> Website ng Pagsubaybayan sa Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo: <https://eservices.sccgov.org/rov?tab=ab>

<sup>11</sup> §4005 ng Kodigo sa mga Halalan

<sup>12</sup> §14310 ng Kodigo sa mga Halalan



nagpapawalang-bisa sa balota. Dapat ding patibayan ng mga tauhan ang mga karagdagang iniaatas sa pagiging karapat-dapat bago buksan at isama sa pagbilang ang balota.

Sinumang botante na gumawa ng pagboto sa isang pansamantalang balota ay maaaring pumilas ng resibo mula sa sobre upang masubaybayan niya ang katayuan ng kanyang balota sa website ng ROV.<sup>13</sup> Maaaring kontakin ng mga botante ang ROV o gamitin ang website<sup>14</sup> upang malaman kung ang kanyang balota ay ibinilang o hindi, at kung hindi, ang dahilan kung bakit hindi ito ibinilang. Inaasahan na ang bilang ng pansamantalang boto na ipinatata ay magbabawas nang malaki sa pagpapatupad ng bagong sistema ng pagboto at paggamit ng mga elektronikong libro ng botohan.

## **Madaling Magamit sa Pagboto**

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara (ROV) ay naglalayong tiyakin na ang kakayahang makagamit ang botante ay isinasaalang-alang sa buong pagpapalano at pagpapatupad ng VCA. Ang kakayahang makagamit ay isang pangunahing paksa habang ang ROV ay nagsasaalang-alang ng pagpili sa Sentro ng Pagboto, mga makina ng pagboto, at ng pagsasanay at paglalagay ng mga Opisyal sa mga Halalan upang magkaloob ng pagsunod sa alinman at lahat ng pangangailangan ng mga botante. Ang ROV ay gagamit ng mga bagong makina sa pagboto, kasama ng mga naunang itinatag na programa, tulad ng pagboto sa pamamagitan ng Malayuung Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM), upang itaguyod ang isang ligtas, madaling magamit, at independiyenteng karanasan sa pagboto para sa bawat botante. Ang County ng Santa Clara ay nagkaloob, at patuloy na magkaloob, ng madaling magamit sa pagboto sa lahat ng Sentro ng Pagboto<sup>15</sup>.

Gagamitin ng ROV ang California Secretary of State's Accessibility Checklist Survey upang malaman ang mga katangian ng mga pasilidad ng Sentro ng Pagboto na nakakatugon sa mga pamantayan, at ang mga mangangailangan ng mga pagbabago. Lahat ng pagbabago ay itatala sa sistema ng paghahatid at sa indibidwal na librito ng Sentro ng Pagboto na may mga mapa, paglalarawan at litrato na ibibigay sa mga superbisor na namamahala sa pagtatag at pagpapatakbo ng pasilidad. Ang mga pagbabago ay inaasahang tutugon sa mga iniaatas ng ADA, at maaaring kabilang ang mga espasyong paradahan ng ADA, mga rampa, pinto, landas, at iba pa.

Ang bawat Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara ay magtataglay ng hindi kukulangin sa tatlo (3), pero hanggang anim (6), na makina ng pagboto. Ang mga Kagamitan sa Pagmarka ng Balota (BMD), ay magbibigay ng isang independiyenteng karanasan sa pagboto para sa ilang botanteng may mga kapansanan. Ang mga BMD para sa bawat Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng sumusunod sa Batas ukol sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA)<sup>16</sup> na mga katangian at kagamitan na may iba't ibang mapipiling paraan ng pagboto. Ang mga yunit na ito ay ipoprograma sa lahat ng uri ng balota at mga bersiyon ng wika.

Ang elektronikong sistema ng pagboto ng County ng Santa Clara ay nagbibigay sa mga botanteng may kapansanan sa paningin ng kakayahang botohan ang isang lihim na balota, nang walang tulong. Ang sistema ng pagboto ay nagtataglay ng isang kagamitan ng pagbotong audio na nagpapahintulot sa mga botante na pakinggan ang balota at gumawa ng kanilang mga pagpili gamit ang ibinigay na keypad. Ang keypad ay nagtataglay rin ng "sip and puff," pantulong na teknolohiya na nagpapahintulot sa mga botante na gumamit ng puwersa ng hangin sa pamamagitan ng "sipping"

---

<sup>13</sup>Website ng Pagsubaybay sa Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo: <https://eservices.sccgov.org/rov?tab=ab>

<sup>14</sup> Website ng Pagsubaybay sa Pansamantalang Balota: <https://eservices.sccgov.org/rov/?tab=pb>

<sup>15</sup> §19240 ng Kodigo sa mga Halalan

<sup>16</sup> Website ng Batas ukol sa mga Amerikanong may Kapansanan: <https://www.ada.gov/>

(paglanghap) o “puffing” (palabas na paghinga) sa isang straw, tubo, o wand upang markahan ang kanilang mga pinili sa balota. Ang mga botanteng walang kakayahan sa pagmamarka ng balota, ay maaaring magsama ng hanggang sa dalawang indibidwal na tutulong sa kanila sa pagboto. Bilang karagdagan, ang ROV ay nagkaloob ng mga audio tape ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIG), na makukuha kung hihilingin.

Kung mangyari na ang isa o higit sa mga makina sa pagboto ay hindi gumana, ang ROV ay agad magpapasimula ng mga pamamaraan upang palitan ang alinmang makinang kailangan. Ang proseso ng pagpapalit ay ihanay batay sa mga gumaganang yunit na magagamit sa mga lugar, mga kapasidad ng pangangailangan, at tindi ng maling pagganap. Ang proporsiyon ng pagpapatakbo ng suporta ay isang (1) lugar ng suporta na may tatlong (3) pangkat para sa bawat anim na (6) na grupo ng Sentro ng Pagboto.

Ang mga karagdagang serbisyo para sa paggamit na makukuha sa bawat Sentro ng Pagboto ay ang pagboto sa gilid ng bangketa at pagkakaroon ng mga greeter na sinanay upang tasahin at pangasiwaan ang mga pangangailangan ng botante sa proseso ng Sentro ng Pagboto.

### **Tulong sa Wika**

Ang hangarin ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay upang magkaloob ang Sentro ng Pagboto ng ilang anyo ng tulong sa wika sa lahat ng wikang iniaatas<sup>17</sup>. Para sa County ng Santa Clara, ang mga wikang ito ay kasama ang:

- |            |              |           |
|------------|--------------|-----------|
| - Ingles   | - Tagalog    | - Koreano |
| - Intsik   | - Biyetnamis | - Hindi   |
| - Espanyol | - Khmer      | - Hapon   |

Depende sa mga pangangailangan ng isang ispesipikong komunidad, ang ROV ay magtatangkang kumuha ng mga tauhang may dalawang wika na nakakapagsalita ng mga wikang prominente sa alinmang tinukoy na komunidad. Ang mga lugar na nag-aatas ng mga pangangailangan sa ispesipikong wika ay tutukuyin, gayunman, kung ang paglalagay ng tauhan na may dalawang wika ay hindi magagawa, makikipag-ugnayan ang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto sa ROV at ikokonekta ang botante sa opisina ng mga tauhan na may dalawang wika o sa serbisyong pagsasalin sa telepono ng County.

Kasabay ng pagmapa at mga datos ng wika mula sa tipunan ng datos ng botante, maaaring matumbok ng ROV ang paglalagay ng mga tauhang may dalawang wika sa mga lugar kung saan sila ay pinakamainam na makapaglilingkod sa komunidad sa mahusay na paraan. Ang pagtumbok sa paglalagay ng mga Opisyal sa Halalan na may dalawang wika sa mga Sentro ng Pagboto na matatagpuan sa mga partikular na komunidad ng wika ay mangyayari kung walang sapat na Opisyal sa Halalan na may dalawang wika para sa bawat wika upang maglingkod sa bawat Sentro ng Pagboto sa buong county.

Lahat ng materyal sa pagboto ay makukuha sa apat na pederal na ipinag-uutos na wika. Ang mga Opisyal na Balota, CVR at mga sobre para sa pansamantalang pagboto, at lahat ng palatandaan sa Sentro ng Pagboto ay kasama sa apat na pederal na ipinag-uutos na wika, ang dalawang ipinag-

---

17 §12303 ng Kodigo sa mga Halalan

uutos ng estado na wikang Khmer at Koreano, at kasama rin ang Hapon at Hindi, na hindi iniaatas ngunit laging ipinagkakaloob ng County.

Kapag ang isang ispesipikong manggagawang may dalawang wika ay hindi makukuha, ang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto ay maaaring tumawag sa opisina ng ROV at makipag-usap sa isa sa aming tauhan na may dalawang wika. Bilang karagdagan, matutugunan din namin ang anumang paghiling ng wika na matatanggap namin sa pamamagitan ng serbisyong pagsasalin sa telepono ng County.

Lahat ng impormasyon sa pagboto ay makukuha sa apat na pederal na ipinag-uutos na wika na parehong nakalimbag sa media, gayon din sa paraang elektronikal (laptop na nagtataglay ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County, na ginamit sa mga Sentro ng Maagang Pagboto noong Hunyo at Nobyembre 2018). Ang mga palatandaan ay ipapaskil sa lahat ng Sentro ng Pagboto na nagsasabi ng kahandaan ng tulong sa wika.

### **Pagsasaalang-alang ng Paglalagay ng Sentro ng Pagboto**

Ang ROV ay gumamit ng kaparehong 14 na pamantayang ginamit upang humanap ng mga Lugar ng Drop-off ng Balota at nagdagdag ng ibang mga isinasalang-alang na tulad ng kahandaan, presyo, sukat, hubog ng silid, distansiya sa kalapit na mga Sentro ng Pagboto at heograpikong balanse sa buong County.

Ang mga datos mula sa ilang makukuhang tipunan ng datos ng impormasyon (halimbawa, para sa bilang ng pagpaparehistro ng botante, kapal ng populasyon, at malaking kaugnayan sa transportasyon) ay ginamit upang bilangin ang magkakaibang pamantayang ito. Bilang karagdagan, ang mungkahi mula sa publiko ay isinaalang-alang din. Ang pinakamahalagang isinaalang-alang mula sa obserbasyon ng publiko na natanggap ay kasama ang lapit sa mga sentro ng populasyon, mga takbo ng trapiko, mga komunidad ng minority sa wika, mga nakatatanda at botanteng may mga kapansanan, at pampublikong paghahatid. Ang ROV ay nagdagdag ng karagdagang halaga sa lapit sa mga komunidad na sa kasaysayan ay mababa ang pagpaparehistro ng paggamit sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, dahil magagawa ng mga komunidad na ito ang pinakamahusay na paggamit ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng isang Sentro ng Pagboto, tulad ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante o pagboto nang personal. Sa panahon ng paglathala, ang kasangkapan sa pagtalaga ng isang Sentro ng Pagboto ay kasalukuyang binubuo upang makatulong sa ROV na matiyak ang mga pinakamagandang lugar para sa mga Sentro ng Pagboto na ito. Tingnan ang Apendise G para sa mga mapa ng datos na ginagamit upang tumbukin ang posibleng mga Sentro ng Pagboto at mga Lugar ng Drop-off ng Balota batay sa 14 na pamantayan ng estado.

### **Bumubuo sa mga Opisyal sa Halalan**

Ang ROV ay kukuha ng mga Opisyal sa Halalan (tinukoy ng Kodigo sa mga Halalan bilang mga Lupon ng Halalan<sup>18</sup>) upang maglingkod sa mga Sentro ng Pagboto. Ang mga Opisyal sa Halalan ay manggagaling sa maraming magkakaibang komunidad hangga't maaari upang mapalawak ang mga kasanayang kailangan upang magproseso ng mga botante<sup>19</sup>. Ang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto ay dapat magpakita ng karanasan sa serbisyo sa kliyente, kakayahan sa dalawang wika, matalas na pagkaunawa sa pagkakaiba-iba at pagsasama, mga kalidad sa pamumuno, mga kapasidad sa teknolohiya, at interes sa tungkuling sibiko na paglahok sa komunidad. Sila ay sasanayin sa bagong teknolohiya ng Sentro ng Pagboto, paano magproseso ng mga botante, at pamamahala ng

---

<sup>18</sup> §4005 ng Kodigo sa mga Halalan

<sup>19</sup> Kodigo sa mga Halalan, Dibisyon 12, Artikulo 1 ng Kabanata 4

pagkontrol sa maraming tao. Ang mga karagdagang paksa sa pagsasanay para sa serbisyo sa kliyente ay magsasama ng kakayahang makagamit ang mga nakatatanda at mga botanteng may mga kapansanan, pagsasama, at wastong komunikasyon. Ang ROV ay pipili ng mga pinakamahusay na kandidato batay sa pagiging karapat-dapat at sa mga pangangailangan ng komunidad. Ipagbibigay-alam sa mga Nakaraang Opisyal sa Halalan ang mga bagong posibilidad sa pagboluntaryo at maaaring kunin kung sila ay makatutugon sa pagtatalaga ng sarili sa mga pangangailangan ng bagong tauhan.

Ang paglalagay ng mga tauhan para sa mga Sentro ng Pagboto ay ibabatay sa sukat ng Sentro ng Pagboto at sa kalapitan sa Araw ng Halalan. Ang plano ay magkaroon ng walo (8) hanggang labing-apat (14) na Opisyal sa mga Halalan sa bawat Sentro ng Pagboto. Ang mga karagdagang tauhan ay itatalaga sa mas malaking mga Sentro ng Pagboto at sa panahon ng mas abalang mga oras at araw habang nalalapit ang Araw ng Halalan. Magkaroon ng pagsisikap na kumalap ng mas maraming Opisyal sa Halalan na may dalawang wika hangga't maaari upang suportahan ang mga pangangailangan ng County sa wika.

### **Mga Elektronikong Libro ng Pagboto (Mga E-Pollbook)**

Upang mabisang maipatupad ang mga pagbabago sa ilalim ng VCA, ang mga Sentro ng Pagboto ay isasapanahon sa pamamagitan ng mga E-Pollbook<sup>20</sup>. Ang E-Pollbook ay kombinasyon ng elektronikong hardware at programa sa computer na ginagamit upang tiyakin ang protektadong elektronikong komunikasyon sa pagitan ng mga Sentro ng Pagboto at ng Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon sa Halalan (EIMS) ng ROV. Kasunod ay ihahatid ng ROV EIMS ang impormasyon sa VoteCal. Ang VoteCal ay ang sentralisadong pambuong-estadong tipunan ng datos sa pagpaparehistro ng botante na nakikipag-ugnayan at nakikipagpalitan ng impormasyon sa mga sistema ng pamamahala ng halalan ng county at sa ibang mga sistema ng estado tulad ng Department of Corrections and Rehabilitation, Department of Public Health, at ng Department of Motor Vehicle. Ang bagong teknolohiyang ito ng VCA ay maisasagawa sa alinman sa laptop o tablet, pero *“PATITIGASIN”*; ibig sabihin, tanging ang inaprubahan ng ROV na programa sa computer para sa E-Pollbook ang maisasagawa sa kagamitan.

Ang mga E-Pollbook ay magtataglay ng isang elektronikong listahan ng mga nakarehistrong botante (Indise ng Listahan) na maaaring ihatid at gamitin sa mga Sentro ng Pagboto. Ang Indise ng Listahan ay ang opisyal na listahan ng lahat ng nakarehistrong botante na karapat-dapat bumoto sa halalan. Ito ay pangunahing ginagamit upang patibayan ang pagiging karapat-dapat ng isang botante na tumanggap ng isang balota at makuha ang kasaysayan ng botante sa tunay na oras upang pigilan ang dobleng pagboto.

Sa ilalim ng bagong modelong VCA, ang mga E-Pollbook ay pananatilihin sa isang protektadong nakakandadong sisidlan na may panlaban sa tubig at ilalagay sa loob ng isang sekondaryang protektadong nakakandadong hawla na may mahigpit na kandado at susi para sa paggamit na nakatalaga sa mga tauhan para sa pag-iimbak sa bawat araw. Sa mga oras ng operasyon, ang mga datos na nakaimbak sa mga yunit na ito ay patuloy na isinasapanahon. Ang mga E-Pollbook ay nakaprograma na may akses ng gumagamit na nagpapahintulot sa mga awtorisadong gumagamit lamang upang magpatala ng pagpasok gamit ang isang protektadong koneksiyon sa isang protektadong cloud server. Ang cloud server na ito ay nagpapanatili ng tipunan ng datos at koneksiyon sa Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon sa Halalan ng ROV para sa paghahatid ng anumang

---

<sup>20</sup> §2183 ng Kodigo sa mga Halalan

mga pagsasapanahon sa mga datos ng botante. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa seguridad ng mga datos ng botante sa mga E-Pollbook ay matatagpuan sa seksyon ng **Seguridad ng Pagboto sa Bahagi 2: Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan ng Botante.**

Ang mga E-Pollbook ay maaaring gamitin upang patibayan ang mga datos ng pagpaparehistro ng botante, kabilang ang pangalan, tirahan, petsa ng kapanganakan, gustong wika, kinakatigang partido, presinto, at katayuan sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. At saka, ang mga E-Pollbook ay hindi nag-iimbak ng mga sumusunod na impormasyon tungkol sa botante: lisensiya sa pagmamaneho ng drayber, o anumang pagtukoy sa isang numero ng seguridad sosyal. Ang mga ito ay nagkakaloob ng malapit sa tunay na oras na paghahanap at impormasyon tungkol sa katayuan ng botante; mahalaga sa, ay paglikha ng isang mas mahusay na karanasan ng pagboto para sa mga botante at Opisyal sa Halalan ng ROV.

## **Pakikipag-ugnayan**

### **Mga Pagsangguni sa Publiko**

Sa pagsisikap na magkaroon ng pinagsamang paglahok sa proseso ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP), ang County ng Santa Clara ay nagsagawa ng labindalawang (12) pulong ng pagsangguni sa publiko gaya ng mga sumusunod:

- Dalawang (2) pulong sa pangkalahatang publiko:

Pangkalahatan Ika-12 ng Hunyo, 2019 Ika-2 ng hapon hanggang ika-3:30 ng hapon	Santa Clara County Social Services Room 116	379 Tomkins Ct. Gilroy, CA 95020
Pangkalahatan Ika-13 ng Hulyo, 2019 Ika1 ng hapon hanggang ika-2:30 ng hapon	Registrar of Voters Auditorium	1555 Berger Dr., Bldg 2 San Jose, CA 95112

- Dalawang (2) pulong sa publiko na may alalahanin sa accessibility:

Accessibility Ika-13 ng Hunyo, 2019 Ika-5 ng hapon hanggang ika-7 ng gabi	County Government Center Room 157	70 W. Hedding St. San Jose, CA 95110
Accessibility Ika-10 ng Hulyo, 2019 Ika-11 ng umaga hanggang ika-12:30 ng hapon	Silicon Valley Independent Living Center Board Room	25 N. 14 <sup>th</sup> St. Suite 1000 San Jose, CA 95112

- Walong (8) pulong sa publiko mula sa target ng county na mga komunidad sa wika na may mga inaalala sa kakayahan sa paggamit ng wika:



Biyetnamis Ika-17 ng Hunyo, 2019 Ika-6:30 hanggang ika-8 ng gabi	Tully San Jose Branch Library Community Room	880 Tully Rd. San Jose, CA 95111
Khmer Ika-18 ng Hunyo, 2019 Ika-5:30 ng hapon hanggang ika-7 ng gabi	County Government Center Room 157	70 W. Hedding St. San Jose, CA 95110
Tagalog Ika-21 ng Hunyo, 2019 Ika-4:30 ng hapon hanggang ika-6 ng gabi	Milpitas Library Auditorium	160 N. Main St. Milpitas, CA 95035
Espanyol Ika-24 ng Hunyo, 2019 Ika-4 hanggang ika-5:30 ng hapon	Mayfair Community Center Lincoln Room	2039 Kammerer Ave. San Jose, CA 95116
Intsik Ika-25 ng Hunyo, 2019 Ika-5:30 ng hapon hanggang ika-7 ng gabi	Quinlan Community Center Social Room	10185 N. Stelling Rd. Cupertino, CA 95014
Koreano Ika-27 ng Hunyo, 2019 Ika-2 ng hapon hanggang ika-3:30 ng hapon	Registrar of Voters Auditorium	1555 Berger Dr., Building 2 San Jose, CA 95112
Hindi Ika-8 ng Hulyo, 2019 Ika-7:30 ng gabi hanggang ika-9 ng gabi	Indian Community Center Gita & Ashok Vaish Room	525 Los Coches St. Milpitas, CA 95035
Hapon Ika-11 ng Hulyo, 2019 Ika-4:30 ng hapon hanggang ika-6 ng gabi	Joyce Ellington Branch Library Community Room	491 E. Empire St. San Jose, CA 95112

Ang iskedyul at mga paunawa sa publiko para sa mga pulong ng EAP ay inilagay sa website nang hindi kukulangin sa 10 araw bago ang bawat pulong. Ang mga paunawa sa publiko ay inilagay rin sa labas ng Santa Clara County Government Center sa 70 W. Hedding Street, San Jose, CA 95110. Bilang karagdagan, ang ROV ay gumamit ng Nextdoor, Facebook, Twitter, at Instagram upang ianunsiyo ang mga pulong. Kabilang sa Apendise H ang lahat ng paunawa para sa mga pulong na may kaugnayan sa pagbuo ng EAP.

Sa mga pulong ng EAP, ang mga target na paksa ay:

- Posibleng mga lugar ng Sentro ng Pagboto
- Posibleng mga Lugar ng Drop-off ng Balota
- Iba't ibang pangangailangan sa kakayahang makagamit ng wika
- Iba't ibang pangangailangan sa kakayanan ng botante na makagamit
- Mga mungkahi para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad sa pamamagitan ng media at mga ginaganap

Kasama sa mga materyal na ipinagkakaloob sa pulong ang polyeto ng Sentro ng Pagboto para sa pangangalap at isang survey ng pagpili ng lugar (ipinakikita sa Apendise I) upang makatulong na lumikom ng impormasyon at mungkahi para sa mga posibleng Sentro ng Pagboto. Lahat ng mungkahi mula sa mga pulong ay idinokumento sa mga katitikan ng pulong (Apendise J).

### Takdang Panahon sa Pagbuo ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) <sup>21</sup>

Ilathala ang iminumungkahing balangkas na EAP	Agosto 16, 2019
14-araw ng panahon ng komento ng publiko sa Balangkas na EAP	Ika-16 ng Agosto, 2019 hanggang ika-30 ng Agosto, 2019
Mag-isyu ng 10-araw na paunawa sa publiko ng pagdinig upang isaalang-alang ang Balangkas na EAP	Ika-20 ng Agosto, 2019
Pamublikong Pagdinig upang isaalang-alang ang Balangkas na EAP	Ika-30 ng Agosto, 2019 Ika-5:30 ng hapon hanggang ika-7:30 ng gabi 70 W. Hedding Street San Jose, CA 95110 Mga Kamara ng Lupon ng mga Superbisor
Panahon upang susugan ang Balangkas na EAP pagkatapos ng pamublikong pagdinig	Ika-30 ng Agosto, 2019 hanggang Ika-18 ng Setyembre, 2019
Ilathala ang sinusugang EAP	Ika-11 ng Oktubre, 2019
14-araw na panahon ng komento ng publiko sa sinusugang EAP	Ika-11 ng Oktubre, 2019 hanggang Ika-25 ng Oktubre, 2019
Pagtibayin at ilathala ang pinal na EAP	Ika-15 ng Nobyembre, 2019
Bahagi ng edukasyon at pakikipag-ugnayan ng EAP na ipinadala sa Kalihim ng Estado para sa Pag-apruba	Ika-15 ng Nobyembre, 2019

### Mga Paunawa sa Publiko

Sa pamamagitan ng dalawang diretsong pagpapakoreo, ang publiko ay bibigyan ng paunawa na ang lahat ng botante ay tatanggap ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang mga paunawa ay magbibigay-alam sa mga botante na ang halalan ay lahat isasagawa sa pamamagitan ng ipinakokoreong balota, at mabobotohan ng mga botante ang kanilang balota sa isa sa tatlong paraan: sa pamamagitan ng koreo (bayad na ang selyo), sa alinmang Lugar ng Drop-off ng Balota, o sa alinmang Sentro ng Pagboto sa county. Ang mga paunawa ay magsasama rin ng impormasyon tungkol sa kung saan makukuha ng mga botante ang mga petsa, lugar, at oras na ang mga Sentro ng Pagboto o mga Lugar ng Drop-off ng Balota ay mananatiling bukas, gayon din ang huling araw para sa paghiling ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang madaling magamit na balangkas-kayarian o sa isa ng walong wikang iniaalay, na iba sa Ingles. Ang mga paunawa ay magkakaloob din sa mga botante ng walang-bayad na hotline upang humiling ng tulong sa (866) 430-VOTE.

<sup>21</sup> Ang takdang panahon ay isang pagtantiya at maaaring baguhin.

Bilang karagdagan sa dalawang diretsong pagpapakoreo na iniaatas ng Kodigo sa mga Halalan, ang ROV ay naghahanda rin ng isang pagpapakoreo para sa mga botanteng huling nagparehistro at hindi tumatanggap ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County. Ang mga paunawa sa publiko at impormasyong may kaugnayan sa VCA ay ilalagay sa website ng ROV sa isang madaling magamit na balangkas-kayarian.

### Tagapayong Komite

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ng County ng Santa Clara ay nagtatag ng dalawang tagapayong komite sa pamamagitan ng pinag-ugnay na proseso ng panloob na pagbuo ng proseso, mungkahi ng mga apektado at publiko at sa pamamagitan ng komento mula sa mga county na nagpatibay ng Voter's Choice Act (VCA). Ang unang komite ay ang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) na hihingi ng mungkahi mula sa mga komunidad ng minorya sa wika sa mga paraan na mapapahusay ang paglilingkod sa mga botante ng Modelong Sentro ng Pagboto na ang pangunahing sinasalita ay maliban sa Ingles. Ang ikalawang komite ay ang Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) na hihingi ng mungkahi mula sa mga botanteng may mga inaalala sa kakayahang makagamit, tulad ng mga nakatatanda o mga botanteng may mga kapansanan, upang tiyakin na ang kanilang mga pangangailangan sa pagboto at mga inaalala ay natutugunan.

Ang pagiging miyembro para sa mga komiteng ito ay ibabahagi sa pamamagitan ng pag-uugnay at pagtutulungan ng iba't ibang kontak na mula sa di-nagtutubo at nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon hanggang sa mga munisipalidad sa loob ng County ng Santa Clara. Ang mga unang parehong pulong ng LAAC at VAAC ay ginamit upang itatag ang mga komite at alamin ang mga hangarin ng bawat komite. Ang petsa, oras, at mga lugar ng unang ilang pulong ng bawat komite ay nasa ibaba:

<b>Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC)</b>		
<b>Petsa</b>	<b>Lugar</b>	<b>Oras</b>
Ika-5 ng Hunyo, 2019	Sobrato Center for Nonprofits 1400 Parkmoor Ave., San Jose, CA 95126	Ika-3 ng hapon hanggang ika-5 ng hapon
Ika-19 ng Hunyo, 2019	Sobrato Center for Nonprofits 1400 Parkmoor Ave., San Jose, CA 95126	Ika-3 ng hapon hanggang ika-5 ng hapon
Ika-17 ng Hulyo, 2019	Sobrato Center for Nonprofits 1400 Parkmoor Ave., San Jose, CA 95126	Ika-2 ng hapon hanggang ika-4:00 ng hapon

<b>Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC)</b>		
<b>Petsa</b>	<b>Lugar</b>	<b>Oras</b>
Ika-7 ng Hunyo, 2019	ROV Auditorium 1555 Berger Dr., San Jose, CA 95112	Ika-3 ng hapon hanggang ika-5 ng hapon
Ika-18 ng Hunyo, 2019	ROV Auditorium 1555 Berger Dr., San Jose, CA 95112	Ika-3 ng hapon hanggang ika-5 ng hapon

Ika-16 ng Hulyo, 2019	Silicon Valley Independent Living Center Board Room 25 N. 14 <sup>th</sup> St., Suite 1000, San Jose, CA 95112	Ika-10 ng gabi hanggang ika-12 ng gabi
-----------------------	--	--

Ang listahan ng mga pulong ng LAAC at VAAC ay ilalagay at pananatilihin sa website ng ROV sa [www.sccvote.org/voterschoice](http://www.sccvote.org/voterschoice). Ang mga adyenda at katitikan ng pulong ng LAAC ay maaaring makita sa Apendise K at ang mga adyenda at katitikan ng pulong ng VAAC ay nasa Apendise L.

## **Bahagi 2 –Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante**

Ang Voter’s Choice Act (VCA) ay nag-uutos sa alinmang county na nagpapatupad ng VCA na magpatupad din ng isang plano para sa edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante na nagbibigay-alam sa mga botante ng tungkol sa mga tadhana ng VCA. Mas ispesipiko, ang batas ay nag-uutos din na makipag-ugnayan sa mga target na botante na ang pangunahing sinasalita ay maliban sa Ingles at mga botanteng may mga kapansanan upang ipagbigay-alam sa mga komunidad ang mga makukuhang serbisyo.

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ng County ng Santa Clara ay may kasalukuyang pangkat at programa sa pakikipag-ugnayan, at madalas na dumadalo sa higit sa 200 events sa buong taon upang panatilihin ang presensiya ng komunidad at makipag-ugnayan upang bigyan ng kaalaman ang publiko. Ang seksyon sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante ng EAP ay bumabalangkas sa iba’t ibang paraan upang mamahagi ng impormasyon, kabilang ang mga aktibidad na magagampanan na may hangaring madagdagan ang mga pagtutulungan sa komunidad, pagpapalawak ng mga oportunidad sa pakikipag-ugnayang sibiko, at pagpapahusay ng karanasan ng botante sa Modelong Sentro ng Pagboto.

### **Seksyon 1: Kontak sa Botante – Pangkalahatan**

Bilang karagdagan sa mga events na dinaluhan at ginawan ng pananaliksik ng ROV noong nakaraan, ang higit pang edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante ay nakaplano upang masakop ang pinakamaraming demograpiko ng county hanggang posible. May mga plano upang maabot ang mga komunidad na sa kasaysayan ay mga populasyong kulang sa paglilingkod.

Ang ilan sa mga komunidad na plano ng ROV na maabot ay ang mga komunidad ng nakatatanda, mga komunidad sa etniko/wika, mga komunidad ng kabataan, mga komunidad ng estudyante, mga komunidad na kulang sa representasyon at mga grupo sa kapitbahayan. Ang ROV ay nagpaplano rin ng pakikipag-ugnayan sa higit sa 100 nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon (mga CBO) upang malaman ang gawaing ipinagkakaloob nila sa kanilang mga komunidad at paano makalahok ang pangkat ng pakikipag-ugnayan ng ROV. Ang hangarin ay upang magtrabahong kasama ng mga CBO at lahat ng komunidad upang matiyak ang isang matagumpay na programang edukasyon ng botante.

### **Paggamit ng Media**

Ang ROV ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa Modelong Sentro ng Pagboto, sa proseso ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, mga opsyon sa maagang pagboto at mga pagkakataon upang magtrabaho sa isang Sentro ng Pagboto sa isang kampanya sa media na magsisimula sa huling bahagi ng tag-init o maagang bahagi ng taglagas ng 2019. Ang kampanya ay kumakatawan sa malaking pamumuhunan sa pagsisikap na bigyan ng kaalaman ang publiko tungkol sa darating na pagbabago sa modelong halalan at kumakatawan sa pinakamalaking pag-anunsiyo sa kasaysayan ng ROV. Sa mga media outlet ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:

1. Mga lokal na istasyon ng telebisyon at kable ng komunidad
  - a. Comcast
  - b. Univision
2. Mga pahayagan (panrehiyon at pangkomunidad)
  - a. The Mercury News
  - b. Metro
  - c. Morgan Hill Times
  - d. Gilroy Dispatch
  - e. El Observador
  - f. Epoch Times
  - g. India West
  - h. Korea Times
  - i. Nichi Bei Weekly
  - j. Philippine News
  - k. San Jose State Spartan Daily
  - l. Santa Clara University Newspaper
  - m. Stanford Daily
  - n. Viet Nam Daily
  - o. World Journal
3. Radio
  - a. KBAY/KEZR
  - b. KFOX
  - c. KRTY/KLIV
  - d. Sound of Hope
  - e. Sing Tao
  - f. Univision
  - g. Vien Thao
4. Paggamit ng social media at mga website para sa ROV at County
  - a. ROV Facebook page: <https://www.facebook.com/sccvote>
  - b. County Facebook page: <https://www.facebook.com/county.of.santa.clara>
  - c. ROV Twitter: <https://twitter.com/sccvote>
  - d. County Twitter: <https://twitter.com/SCCgov>
  - e. ROV Instagram: [www.instagram.com/sccvote](http://www.instagram.com/sccvote)
  - f. Nextdoor app: (hanapin ang Komunikasyon at Media Santa Clara County)
  - g. Listahan ng suskrisyon sa newsletter ng County
5. ROV YouTube: <https://www.youtube.com/sccvote>
6. Mensahe sa mga pampublikong paghahatid sa mga bus ng Valley Transportation Authority
7. Mga anunsiyo sa pamamagitan ng mga prangkisa ng malaking liga na matatagpuan sa County ng Santa Clara
8. Mga anunsiyo sa monitor ng telebisyon sa mga sangay na opisina ng Department of Motor Vehicles
9. Pakikibahagi ng mga materyal sa mga grupong tulad ng mga kabakas sa komunidad, mga organisasyon ng pagtataguyod sa may kapansanan, mga inihalal na opisyal, mga espesyal na distrito, mga distrito ng paaralan, nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon, at nakabase-sa-pananampalataya na mga organisasyon sa buong county

Ang ROV ay gagamit ng audio at visual media na malawak na ipamamahagi sa mga madaling magamit na format upang ipagbigay-alam sa mga botante ang mga paparating na halalan. Ang hangarin ay maabot ang lahat ng botante ng county, kabilang ang mga botanteng may mga kapansanan tulad ng mga bingi o nahihirapang makarinig, at mga botanteng bulag o mahina ang paningin.



## **Plano para sa Presensiya ng Komunidad at mga Materyal sa Edukasyon ng Botante**

Ang ROV ay patuloy na lumalahok sa daan-daang ginaganap sa komunidad sa buong taon. Upang ipagbigay-alam sa mga botante ang pagbabago sa paraan ng pagsasagawa ng mga halalan, ang impormasyon sa VCA ay idinaragdag sa iba't ibang ginaganap para sa pakikipag-ugnayan. Ang ROV ay aktibo ring nagtatrabahong kasama ng mga CBO tungkol sa kung paano pinakamahusay na ipagbibigay-alam sa kanilang mga komunidad ang bagong modelo ng pagboto. Ang mga materyal sa pagtuturo at mga tauhan ay inihahanda upang mapadali ang edukasyon ng botante.

Ang mga presentasyon ay nagawa na sa mga organisasyon na alam ang tungkol sa paparating na Modelong Sentro ng Pagboto at gustong makakuha ng karagdagang kaalaman, tulad ng:

- Liga ng mga Kababaihang Botante Cupertino-Sunnyvale,
- Liga ng mga Kababaihang Botante Mountain View-Los Altos,
- Democratic 21<sup>st</sup> Century Club,
- Opisina ng Patakaran sa mga Babae,
- South County Democratic Club,
- Kapisanan ng Komunidad ng Almaden Valley,
- Opisina ng Edukasyon ng County ng Santa Clara
- API Justice Coalition,
- Women's Equality 2020 Leadership Council,
- Pundasyon sa Komunidad ng Silicon Valley (SVCF) at Silicon Valley Council of Nonprofits (SVCN) Community Engagement Luncheon,
- Orchard City Indivisible,
- Mga Batang Babae na Nagkakamit sa mga Hindi Tradisyunal na Asignatura, at
- Opisina sa mga Serbisyo sa Pagtatrabaho ng CalWORKs.

Ang isang pulong para sa paglulunsad ng VCA ay ginaganap at higit sa limampung CBO ang dumalo na posibleng interesado sa pagtulong sa ROV sa iba't ibang paraan. Ang hangarin ng ROV ay sanayin ang lahat ng CBO na interesado sa pagtulong sa ROV na bigyan ng kaalaman ang County tungkol sa Modelong Sentro ng Pagboto.

Ang ibang mga pakikipag-ugnayan sa komunidad ay kasalukuyang nasa proseso ng pagpapalano habang isinusulat ito. Samantala, ang ROV ay patuloy na bumubuo ng mga pampublikong materyal, tulad ng mga polyeto ng Sentro ng Pagboto sa pangangalap at mga presentasyon ng VCA, upang ipamahagi sa lahat ng organisasyon at indibidwal na interesado sa pagbibigay ng kaalaman sa kanilang mga sariling komunidad. Ang mga karagdagang detalye tungkol sa plano sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ay maaaring matagpuan sa Apendise M.

### **Mga Direktang Pagpapakoreo**

Kokontakin ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang bawat nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara sa dalawang (2) magkahiwalay na pagpapakoreo upang ipagbigay-alam sa mga botante ang paparating na halalan at itaguyod ang walang-bayad na hotline ng tulong sa botante, (866) 430-VOTE. Ang mga pagpapakoreo ay magkakaloob ng impormasyon sa mga botante tungkol sa bagong modelo ng halalan, parating na halalan, at kung saan sila makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabagong ito. Ang ikatlong pagpapakoreo ay para sa mga botanteng nahuli sa pagpaparehistro at hindi tatanggap ng isang Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County. Ang isa sa tatlong pagpapakoreo ay kasama ng isang lupon na mananatili na nagpapahintulot sa mga botante na isapanahon ang ispesipikong impormasyon sa kanilang rekord ng botante.

## **Seksyon 2: Kontak sa Botante – Mga Komunidad ng Minorya sa Wika**

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay nagtatag ng isang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) noong ika-5 ng Hunyo, 2019 upang humingi ng mungkahi mula sa mga komunidad ng minorya sa wika tungkol sa mga paraan na mas mahusay na makakapaglingkod ang Modelong Sentro ng Pagboto sa mga botanteng ang pangunahing wikang sinasalita ay iba sa Ingles. Ang komiteng ito ay magkakaloob ng komento sa iba't ibang aspeto tulad ng mga lugar ng Sentro ng Pagboto, gayon din ng anumang mga katangian at serbisyo na ipagkakaloob, o dapat, na ipagkaloob. Ang komiteng ito ay mananatili sa mga siklo ng halalan ng 2020 bilang patuloy na paraan upang pakinggan ang komunidad.

### **Pagtukoy sa mga Komunidad ng Minorya sa Wika**

Ang mga komunidad ng minorya sa wika ay maaaring matukoy batay sa mga paghiling ng gustong wika mula sa mga nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara. Ginagamit ang impormasyong ito, kasabay ng impormasyon ng sensus at iba pang makukuha ng publiko na impormasyon tungkol sa demograpiko, ang ROV ay lumikha ng isang mapa ng mga lugar ng namamayaning wika. Ang pakikipag-ugnayan ay maglalayong target ang mga lugar na ito bilang bahagi ng nakaplanong edukasyon at pakikipag-ugnayan ng estudyante. Ang ROV ay humihingi rin ng mungkahi mula sa iba't ibang komunidad ng minorya sa wika upang tukuyin ang ibang mga paraan ng pakikipag-ugnayan at mga ginaganap sa komunidad na maaaring kapaki-pakinabang na daluhan.

### **Mga Komunidad ng Minorya sa Wika na Paglilingkuran**

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa walong (8) wika. Ang apat na wika ay pederal na ipinag-uutos: Intsik, Espanyol, Tagalog, at Biyetnamis. Dalawang wika ang ipinag-uutos ng estado: Khmer at Koreano. Ang natitirang dalawang wika, Hindi at Hapon, ay laging ipinagkakaloob ng ROV dahil sa malaking presensiya ng mga komunidad na ito sa County. Ang mga Opisyal na Balota, Mga Sobre ng Kondisyonal na Pagpaparehistro at Pansamantalang Balota, at lahat ng palatandaan sa Sentro ng Pagboto at drop-box ng balota ay isasalin sa lahat ng walong wika. Ang mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (mga CVIG) ay makukuha lamang sa pederal na ipinag-uutos na mga wika na dati nang ginagawa. Bilang karagdagan, ang mga tauhang may dalawang wika sa Sentro ng Pagboto ay maaaring nakahandang sumuporta sa ibang mga wika at diyalekto na sinasalita sa loob ng county, tulad ng Cantonese, Farsi, Gujarati, Nepali, Portuges, Punjabi, Ruso, Syriac, Tamil, Telugu, at Thai. Batay sa pagmapa at target sa mga ispesipikong komunidad ng wika, ang ROV ay maglalayong maglagay ng angkop na suporta sa wika sa anyo ng mga Opisyal sa Halalan na may dalawang wika sa iba't ibang komunidad. Ang ginagawang pagtatangkang suportahan ang pinakamaraming wika hanggang posible ay ginamit sa mga huling halalan, samakatuwid ang ROV ay makikipag-ugnayan sa mga dating Opisyal sa Halalan, bilang karagdagan sa paggawa ng tradisyunal na pangangalap sa mga komunidad na ito ng wika.

### **Paggamit ng Media na Target ang mga Komunidad ng Minorya sa Wika**

Ang iba't ibang minorya sa wika ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa Modelong Sentro ng Pagboto at pagboto sa pamamagitan ng koreo, at bibigyan din ng walang-bayad na hotline ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante (866) 430-VOTE, at (408)-299-VOTE para sa pangkalahatang impormasyon para sa botante. Ang napakaraming media outlet na ispesipiko sa wika ay gagamitin, na kinakatawan ang lahat ng pederal na ipinag-uutos na wika. Sa mga media outlet ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:

1. Telebisyon
  - a. Univision (Espanyol)
  - b. Epoch Times (Intsik)
2. Mga Pahayagan
  - a. El Observador (Espanyol)
  - b. Epoch Times (Intsik)
  - c. India West
  - d. Korea Times
  - e. Nichi Bei Weekly (Hapon)
  - f. Philippine News
  - g. Viet Nam Daily
  - h. World Journal (Intsik)
3. Radyo
  - a. Univision (Espanyol)
  - b. Celina Rodriguez (Espanyol)
  - c. Sound of Hope (Intsik)
  - d. Sing Tao (Intsik)
  - e. Vien Thao (Biyetnamis)
4. Social Media at website ng Kagawaran
  - a. ROV Facebook page: <https://www.facebook.com/sccvote>
  - b. County Facebook page: <https://www.facebook.com/county.of.santa.clara>
  - c. ROV Twitter: <https://twitter.com/sccvote>
  - d. County Twitter: <https://twitter.com/SCCgov>
  - e. ROV Instagram: [www.instagram.com/sccvote](http://www.instagram.com/sccvote)
  - f. Nextdoor app: (hanapin ang Komunikasyon at Media Santa Clara County)
  - g. Listahan ng suskrisyon sa newsletter ng County
  - h. ROV Youtube: <https://www.youtube.com/sccvote>
  - i. ROV website: <https://www.sccvote.org>
5. Mga newsletter ng komunidad ng minorya sa wika

Sa ibang mga pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na minorya sa wika ay kabilang ang pagkakaloob ng mga tauhang may dalawang wika sa mga sesyon ng impormasyon ng media, tulad ng nakaplanong bukas na bahay kung saan ang ROV ay magpapakita ng bagong sistema ng pagboto na ilalagay sa mga Sentro ng Pagboto.

### **Mga Opisyal sa Halalan**

Upang pagpasiyahan ang bubuo sa mga tauhan ng Sentro ng Pagboto, ang ROV ay kukuha ng mga Opisyal sa Halalan (tinutukoy ng Kodigo sa mga Halalan bilang mga Lupon ng Halalan)<sup>22</sup>. Ang paglalagay ng mga tauhan para sa mga Sentro ng Pagboto ay ibabatay sa lapit sa Araw ng Halalan at sukat ng Sentro ng Pagboto. Ang plano ay magkaroon ng walo (8) hanggang labing-apat (14) na Opisyal sa mga Halalan sa bawat Sentro ng Pagboto. Ang mga karagdagang tauhan ay itatalaga sa mas malaking mga Sentro ng Pagboto at sa panahon ng mas abalang mga oras at araw habang nalalapit ang Araw ng Halalan. Mayroon ding planong magkaroon ng hindi kukulangin sa isang Opisyal sa Halalan kada wika, o sa pinakamababa, isang Opisyal sa Halalan batay sa mga pangkaraniwang wika sa lugar na iyon ng Sentro ng Pagboto. Ang ROV ay kukuha ng mga tauhan ng Sentro ng Pagboto mula sa iba't ibang komunidad, hanggang magagawa, upang isagad ang mga

<sup>22</sup> Kodigo sa mga Halalan, Dibisyon 12, Artikulo 1 ng Kabanata 4

kasanayang kailangan upang iproseso ang mga botante, habang sinesertipikahan din upang umakto bilang isang tagasalin para sa mga botante. Ang pagkalap ay magsisimula sa pagkontak sa mga dating Opisyal sa Halalan na may dalawang wika, gayon din sa pangkaraniwang proseso ng aplikasyon para sa bukas na pagkalap.

### **Seksyon 3: Kontak sa Botante – Mga Botanteng may mga Kapansanan**

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay nagtatag ng isang Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) noong ika-7 ng Hunyo, 2019 upang humingi ng mungkahi mula sa mga botanteng may mga inaalala sa kakayahang makagamit, tulad ng mga nakatatanda o mga botanteng may mga kapansanan, sa mga paraan na ang bagong modelong halalan ay pinakamahusay na makakapaglingkod sa kanila. Ang komiteng ito ay magkakaloob ng komento sa iba't ibang aspeto tulad ng mga lugar ng Sentro ng Pagboto, gayon din ng anumang mga katangian at serbisyo na ipagkakaloob, o dapat, na ipagkaloob. Ang komiteng ito ay mananatili sa mga siklo ng halalan ng 2020 bilang patuloy na paraan upang makinig, at makipagtulungan, sa komunidad.

#### **Ang mga Paraang Ginagamit upang Matukoy ang mga Pangangailangan ng mga Botanteng may mga Kapansanan**

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay patuloy na nagpapahusay ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga botanteng may mga kapansanan. Upang magawa ito, nagsusuri ang ROV ng mga rekomendasyon na nauukol sa mga botanteng may mga kapansanan mula sa apat (4) na pangunahing pinagkukunan: (1) mga mamamayang may mga kapansanan, (2) mga CBO na nagkakaloob ng mga pantulong na serbisyo sa mga botanteng may mga kapansanan, (3) ibang mga County na nagpapatupad ng VCA, at (4) ang opisina ng Kalihim ng Estado. Habang ang VCA ay nagbubukas ng bagong kabanata sa paraan ng pagsasagawa ng pagboto, ang ROV ay nagsisimula rin ng isang bagong yugto sa pagbuo ng relasyon sa mga botanteng may mga kapansanan (at ang mga CBO na sumusuporta sa kanila).

Ang Disability Rights California at Silicon Valley Independent Living Center ay dalawang organisasyon na tuwirang nakikipag-ugnayan sa ROV tungkol sa mga pangangailangan ng mga botanteng may mga kapansanan. Mula sa unang pakikipag-ugnayan, ang ROV ay nagpatuloy na humimok ng mga relasyon sa mga sumusunod na organisasyon:

- Vista Center para sa Bulag at sa May Kapansanan sa Paningin
- State Council on Developmental Disabilities – Opisina ng Central Coast
- Handicapables
- Santa Clara Valley Blind Center
- Panrehiyong Sentro ng San Andreas

Ang bagong yugtong ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mungkahi nang tuwiran mula sa mga botanteng may mga kapansanan. Ang ROV ay nakalaan/bukas sa pagsusuri/pagsubok sa lahat ng rekomendasyon na tuwirang nagmumula sa mga botante.

#### **Pakikipag-ugnayan sa Komunidad sa Kapansanan**

Bilang karagdagan sa pangkalahatang kampanya ng media, ang ROV ay magpopokus din sa pagkakaloob ng impormasyon sa mga botanteng may mga pangangailangan ng kakayahan sa paggamit. Ito ay kasama ng impormasyon tungkol sa kahandaan ng pinakamababa sa tatlong kagamitan sa madaling magamit na pagboto sa bawat Sentro ng Pagboto, gayon din ng opsyon

upang humiling ng paggamit ng sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM). Ang mga sistema ng RAVBM ay idinisenyo para magamit lamang ng mga nakarehistrong botanteng may mga kapansanan, gayundin ng mga botanteng nasa militar at nasa ibang bansa.<sup>23</sup> Ang mga botante ng RAVBM ay pinadadalhan ng email na may link upang maakses ang kanilang Opisyal na Balota, kasama ng mga tagubilin kung paano ilimbag, kumpletuhin, at ibalik ang kanilang balota sa ROV.

Sa ibang mga pagkakataon para sa pamamahagi ng impormasyon ay kabilang ang:

1. Mga organisasyong nagkakaloob ng mga serbisyo at suporta sa mga nakatatanda o may mga kapansanan, tulad ng Silicon Valley Independent Living Center, Silicon Valley Council of the Blind, Santa Clara Valley Blind Center Incorporated, at Greater Opportunities at iba pa
2. Mga partner sa komunidad, mga lunsod, mga espesyal na distrito, mga distrito ng paaralan, nakabase-sa-pananampalataya na komunidad na mga organisasyon, at mga Opisyal ng Pamublikong Impormasyon sa buong county
3. Pagmensaheng hatid sa pamamagitan ng mga kard ng impormasyon na inilalagay sa mga paratransit ng sasakyan ng Valley Transportation Authority
4. Mga opsyon sa paggamit na binigyang-diin sa isang "Open House" na pagpapakita sa publiko at anumang mga pagkakataon sa media upang makaranas ng isang kunwaring Sentro ng Pagboto
5. Mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko sa radyo at telebisyon na nagbibigay-diin sa opsyon sa paggamit sa mga Sentro ng Pagboto
6. Mga workshop na pang-edukasyon para sa mga botanteng may mga kapansanan, ngunit sa panahon ng paglalathala, ang ROV ay hindi pa nakakapagpasiya ng mga oras at lugar

### **Mga Serbisyo para sa mga Botanteng may mga Kapansanan**

Lahat ng Sentro ng Pagboto ay susunod sa Americans with Disability Act (ADA). Kapag kailangan, ang ibang nakahandang mga pinto at mga paraan ng pagpasok ay ihahanda upang matiyak ang wastong akses para sa lahat ng botante. Bilang karagdagan, depende sa sukat, ang mga Sentro ng Pagboto ay magtataglay ng tatlo hanggang anim na kagamitan sa pagboto, kilala rin bilang Ballot Marking Devices (BMD), na may mga katangiang sumusunod sa ADA upang pahintulutan ang mga botanteng may mga kapansanan na botohan ang isang balota nang may laya at pagkapribado. Para sa mga botanteng mas gustong bumoto sa kanilang bahay, magkakaroon din sila ng opsyon na mag-aplay at gumamit ng sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM). Ang mga sistema ng RAVBM ay hindi lamang idinisenyo para gamitin ng mga nakarehistrong botanteng may mga kapansanan kundi para rin sa mga botanteng militar at nasa ibang bansa. Ang mga sistema ng RAVBM ay magpapadala sa mga botanteng ito ng isang email na may link upang i-download ang kanilang Opisyal na Balota, kasama ang mga tagubilin kung paano ilimbag, kumpletuhin, at ibalik ang kanilang balota sa ROV. Ang mga botanteng may mga kapansanan ay makakahingi rin ng tulong sa pamamagitan ng walang-bayad na hotline ng ROV sa (866) 430-VOTE, bilang karagdagan sa (408) 299-VOTE para sa pangkalahatang impormasyon para sa botante. Ang alinmang linya ay nagkakaloob ng tulong sa wika.

---

<sup>23</sup> Tingnan ang §303.3 ng Kodigo sa mga Halalan

## Mga Balangkas na Materyal na Ginagamit sa Pagbibigay ng Kaalaman sa mga Botanteng may mga Kapansanan

Ang ROV ay lumilikha ng audio, biswal, at nakasulat na mga materyal na gagamitin upang mamahagi ng impormasyon. Ang mga materyal na ito ay ihahanda rin bilang mga tagatulong sa website ng ROV.

### Seksyon 4: Impormasyon Tungkol sa Sentro ng Pagboto at Lugar ng Drop-off ng Balota

#### Mga Lugar ng Sentro ng Pagboto

Ang Kodigo sa mga Halalan ng California ay nag-aatas sa mga county na panatilihin bukas ang mga Sentro ng Pagboto para sa dalawang panahon ng maagang pagboto. Ang unang panahon ng maagang pagboto ay nag-aatas na panatilihin bukas ang mga Sentro ng Pagboto sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na labing-isang (11) araw. Ang pagkalkulang ito ay batay sa pagkakaroon ng isang Sentro ng Pagboto para sa bawat 50,000 nakarehistrong botante ng county. Ang ikalawang panahon ng maagang pagboto ay nag-aatas na panatilihin bukas ang mga Sentro ng Pagboto tatlong (3) araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na apat (4) na araw. Ang pagkalkulang ito ay batay sa pagkakaroon ng isang Sentro ng Pagboto para sa bawat 10,000 nakarehistrong botante ng county.

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay kasalukuyang nasa proseso ng pagkuha ng humigit-kumulang na dalawampu't-limang (25) Sentro ng Pagboto na bubuksan para sa labing-isang (11) araw at isang daang (100) Sentro ng Pagboto na bubuksan para sa apat (4) na araw para sa isang kabuuan na isang daan dalawampu't-limang (125) lugar ng Sentro ng Pagboto. Ang ilan sa mga oras ng Sentro ng Pagboto ay maaaring hindi tuloy-tuloy upang paglingkuran ang mga taong may mga hindi regular na iskedyul o maaaring dahil sa kahandaan ng mga indibidwal na lugar. Sa oras ng paglathala, maraming lugar na nagkumpirma ng kahandaan ng mga ito, pero ang pagpili ng mga lugar ng Sentro ng Pagboto ay gagawing pinal sa sandaling ang pagsusuri ng mungkahi ng publiko at mga prayoridad ng ROV ay makumpleto. Batay sa inaasahang bilang ng mga nakarehistrong botante sa pahina 10, ang ROV ay inaatasang magkaroon ng 117 Sentro ng Pagboto para sa Marso 2020 na Pampresidenteng Primarya at Pangkalahatang Halalan. Upang mas mahusay na tugunan ang mga pangangailangan ng County, ang ROV ay nagmumungkahing magkaroon ng humigit-kumulang na 125 Sentro ng Pagboto, mas marami ng walong Sentro ng Pagboto kaysa iniaatas ng VCA. Ang pag-iisa-isa ng Sentro ng Pagboto ay ang mga sumusunod:

<b>Tinatantiyang Bilang ng mga Sentro ng Pagboto</b>			
<b>Kategorya ng Hangganan</b>	<b>Pinakamababang Iniaatas<sup>24</sup></b>	<b>Iminumungkahing<sup>25</sup> Bilang</b>	<b>Bilang na Ginawang Pinal<sup>26</sup></b>

<sup>24</sup> Ang pinakamababang iniaatas na bilang ng Sentro ng Pagboto ay batay sa inaasahang bilang ng mga botante sa County ng Santa Clara bago lumampas ang Marso 2020 na Primaryang Halalan.

<sup>25</sup> Ang mga hangganang iginuguhit ng ROV ay ibinabatay sa tinantiyang bilang ng populasyon at nilalayong magsilbing mga patnubay. Ang bilang na itinatag ng VCA ay dapat ituring na naglilingkod sa "hanggang 50,000" botante; ito ay nangangahulugang ang inaasahang bilang ng mga botante sa bawat hangganan ay hindi laging umaabot sa kabuuang bilang na nilinaw ng VCA.

<sup>26</sup> Ang numerong ito ay sumasalamin sa bilang na ginawang pinal sa oras ng paglathala.

11-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 50 libong nakarehistrong botante)	23	25	TBD
4-na-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 10 libong nakarehistrong botante)	94	100	TBD
<b>Kabuuan</b>	<b>117</b>	<b>125</b>	<b>TBD</b>

Ang Apendise E ay may mga mapang nagpapakita ng 50,000 at 10,000-botante na mga hangganan na ginamit upang makatulong na matukoy ang mga posibleng lugar ng Sentro ng Pagboto. Para sa kasalukuyang listahan at mapa ng mga iminumungkaing lugar at oras ng Sentro ng Pagboto, tingnan ang Apendise F.

### Mga Lugar ng Drop-off ng Balota

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay nagpaplanong magpatakbo ng 79 na kabuuang Lugar ng Drop-off ng Balota. Batay sa inaasahang bilang ng mga nakarehistrong botante, ang ROV ay inaatasang magkaroon ng 78 Lugar ng Drop-off ng Balota para sa Marso 2020 na Pampresidenteng Primarya at Pangkalahatang Halalan. Upang mas mahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng county, ang iminumungkahing bilang ay batay sa pagkakaroon ng isang lugar ng drop-off sa bawat distrito sa County, mas mataas ng isa sa pinakamababang iniaatas, bilang karagdagan sa 10-15 drop-boxes na hinahangad ng ROV na ilagay sa mga istasyon ng bumbero sa buong county. Para sa kasalukuyang listahan at mapa ng iminumungkahing Lugar ng Drop-off ng Balota, tingnan ang Apendise D.

<b>Tinantiyang Bilang ng mga Lugar ng Drop-off ng Balota</b>			
<b>Kategorya ng Hangganan</b>	<b>Pinakamababang Iniaatas</b>	<b>Iminumungkahing<sup>27</sup> Bilang</b>	<b>Bilang na Ginawang Pinal</b>
Mga Lugar ng Drop-off ng Balota (1 para sa 15 libong nakarehistrong botante)	78	79	TBD

### Mga Hakbang na Pampigil

Ang ROV ay magkakaroon ng mga sumusunod na pampigil na hakbang na panseguridad, bago ang at sa panahon ng halalan, upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto:

<b><u>Pampigil na Hakbang na Panseguridad</u></b>	<b><u>Layunin</u></b>
Mga Pangkaraniwang Hakbang na Panseguridad	Upang limitahan ang akses sa mga materyal at kagamitan na may kaugnayan sa halalan at sa huli ay pigilan ang anumang mga posibleng pagkagambala.

<sup>27</sup> Ang mga hangganan iginuguhit ng ROV ay ibinabatay sa tinantiyang bilang ng populasyon at nilalayong magsilbing mga patnubay. Ang bilang na itinatag ng VCA ay dapat ituring na naglilingkod sa "hanggang 50,000" botante; ito ay nangangahulugang ang inaasahang bilang ng mga botante sa bawat hangganan ay hindi laging umaabot sa kabuuang bilang na nilinaw ng VCA.

Server at Pamalit sa Network	Upang pigilan ang pagkagambala ng daloy ng impormasyon kung ang pangunahing server o network ay hindi gumana.
Pamalit na Set ng Kagamitan sa Lugar ng Botohan	Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi magamit ang alinmang kagamitan.
Pamalit na Kagamitan	Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung may nawalang kagamitan.
Mga Pamalit na Suplay sa Pagboto	Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung may mga Suplay sa Pagboto na hindi magamit o mawala.
Mga Empleyado ng Sentro ng Pagboto na Naghihintay	Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi sumipot ang mga Empleyado ng Sentro ng Pagboto.
Mga Pamamaraan sa kahina-hinalang Tao o Bagay	Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung ang isang kahina-hinalang tao o bagay ay lumitaw.
Mga Manwal na Sistema na Nasa Lugar	Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi magamit ang kagamitan sa elektronikong pagboto.

Para sa isang detalyadong pag-iisa-isa ng bawat isa sa mga pampigil na hakbang na panseguridad, mangyaring tingnan ang Apendise N.

### **Alternatibong Plano**

Ang ROV ay gagawa ng bawat posibleng hakbang upang matiyak ang isang makinis na proseso ng halalan, gayunman, kung may mangyaring pagkagambala, ang ROV ay may mga ispesipikong hakbang na nasa lugar upang ipagpatuloy ang gawain kung magkaroon ng pagkagambala. Ang ROV ay tumukoy sa ilang mahahalagang posibleng pagkagambala:

- Pagkawala ng Kuryente sa Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon Tungkol sa Halalan
- Pagkawala ng kuryente
- Masamang panahon
- Sunog o ibang kalamidad
- Hindi maayos na pagganap ng kagamitan sa pagboto
- Tumigil na gumana ang makina ng Mahihinging Balota
- Pagkabigo ng koneksiyon sa internet
- Hindi pumasok ang mga empleyado ng Sentro ng Pagboto
- Hindi magamit na Sentro ng Pagboto

Para sa pag-iisa-isa ng mga pagkagambalang ito, ang mga solusyon ng ROV, at mga karagdagang hakbang para sa maaaring mangyari ng ROV, tingnan ang Apendise O.

## **Seksyon 5: Mga Plano sa Seguridad at Pagkapribado ng Sentro ng Pagboto**

### **Disenyo at Balangkas-kayarian ng Sentro ng Pagboto**

Ang pamantayan Sentro ng Pagboto ay hindi kukulangin sa 60'x60' upang matiyak ang pinakamataas na daloy habang nagkakaloob ng sapat na espasyo para sa mga itinalagang lugar ng pribadong pagboto. Magkakaroon ng isang itinalagang sistema ng pagpila upang dalhin ang mga botante sa mga angkop na tauhan, isang pirmihang mesa upang iproseso ang mga botante sa bagong



elektronikong libro ng pagboto, ang lugar ng paglimbag ng Mahihinging Balota kung saan ang mga balota ay ililimbag, at mga kubol sa pagboto at mga lugar ng Kagamitan sa Pagmarka ng Balota. Ang Apendise P ay nagpapakita ng pangkalahatang disenyo ng balangkas-kayarian na gagamitin bilang patnubay, pero ang bawat Sentro ng Pagboto ay malamang na magkaroon ng isang ibinabagay na balangkas-kayarian.

## Seguridad ng Pagboto

Lahat ng kailangang hakbang ay ginagawa upang matiyak ang pagkakompidensiyal, integridad, at seguridad ng mga datos ng botante. Lahat ng datos ng botante ng county ay iniimbak sa mga tipunan ng datos at mga server na gumagamit ng mga hakbang na panseguridad na idinisenyo upang protektahan ang mga datos habang pinanatiling nakahandang gamitin ng mga tauhan ng County.

Sa pangunahing opisina ng ROV, ang sistema ng pagboto ay sumasailalim sa air-gap, nangangahulugang ito ay hindi magkakaroon ng akses sa panlabas na ugnayan. Ang tanging akses sa sistema ng pagboto ay sa pamamagitan ng pisikal na pagpasok sa silid ng server na kinalalagyan ng sistema. Tulad ng seguridad ng computer, kung walang panahon upang ligtas na isara ang mga desk top computer, dapat kandaduhan ng mga tauhan ang computer sa pamamagitan ng paggamit ng Ctrl+Alt+Delete. Ang dahilan para dito ay ang payak na pagdiin sa buton ng power nang isang beses ay hindi maaaring maging sapat upang putulin ang koneksiyon at lubos na isara ito. Kung walang kuryente, ang mga tauhan ay dapat maghintay para sa direksiyon mula sa Help Desk tungkol sa pinakamahasag na paraan upang hawakan ang mga computer.

Sa mga Sentro ng Pagboto, ang mga tauhan ay magkakaroon ng akses sa malapit sa tunay na oras na impormasyon ng mga datos sa pagpaparehistro at kasaysayan ng botante para sa lahat ng botante sa pagpunta nila sa alinman sa mga Sentro ng Pagboto. Anumang datos ng botante na ihahanda sa mga Sentro ng Pagboto at ipapadala sa pagitan ng mga Sentro ng Pagboto at ng mga server ng mga datos ng County ay isasailalim sa pag-encrypt gamit ang mga pinakabagong teknolohiya sa pag-encrypt. Ang mga aparato at kagamitan lamang na ispesipiko sa halalan sa mga Sentro ng Pagboto ang bibigyan ng akses sa mga datos ng botante at ang mga datos ay isasailalim ng pag-encrypt habang nasa kagamitan. Ang mga regular na pamalit na datos ay gagawin, gayon din ang detalyadong audit trail ng interaksyon ng gumagamit at mga proseso upang makatulong na tiyakin ang kalinawan at seguridad.

Ang mga balotang kinumpleto sa mga Sentro ng Pagboto ay isasailalim sa pag-scan at bibilangin sa lugar gamit ang mga makina ng pagbilang ng balota na hindi konektado sa alinmang ugnayan. Ang mga datos ng balota ay isasailalim sa pag-encrypt at pananatilihin sa cartridge na magagamit lamang sa pamamagitan ng pisikal na pagtanggap nito mula sa makina. Ang mga cartridge mula sa bawat makina ng pagbilang ng balota ay ihahatid pabalik sa pangunahing opisina ng ROV para sa pagrekord pagkatapos sarhan ang pagboto sa ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.

Sa pangkalahatan, binilang man o hindi, ang mga balota ay pinagbukod-bukod sa kani-kanilang presinto.

- Hindi binilang: Hindi pinagbukod-bukod, hindi sinuri ang pirma; inimbak sa isang protektadong silid ng balota haggang mapagbukod-bukod.
- Hindi binilang: Nasa sobre pa, pinagbukod-bukod sa mga presinto, sinuri ang pirma; inimbak sa protektadong silid.
- Bibilangin: Nasa labas ng sobre pero nasa mga kahon na may numero ng presinto; inimbak sa protektadong silid.
- Binilang: Sa mga kahon, pinagbukod-bukod batay sa presinto; inimbak sa protektadong silid.

(Tandaan: Ang mga balota ay pansamantalang nasa isang workstation para sa pagsusuri ng pirma o sa silid ng pagsusuri ng balota.)

Kung may mangyaring emerhensiya na nag-aatas sa mga tauhan na tanggalin ang mga balota mula sa gusali, dapat lagyan ng teyp ng mga tauhan ang mga kahon, o mga bin at ilipat ang mga ito sa bagong lugar. Kung hindi matatanggal ang mga ito mula sa gusali, ang mga balota ay ilalagay sa isa sa mga protektadong silid. Ang mga blangko, hindi inisyung balota ay dapat iwan kung wala nang oras para alisin ang mga ito. Kung may oras pa, ang Pinuno ng Kagawaran o itinalaga ay magpapayo sa mga tauhan tungkol sa dapat gawin sa blangko at hindi inisyung mga balota.

Mangyaring tandaan na ang mga sumusunod na bagay ay itinuturing na importante at mahahalagang rekord:

- Mga server
- Listahan ng mga botante
- Pag-iimbak ng ibang elektronikong datos
- Binilang at hindi binilang na balota
- Cash at mga tseke sa kahon ng petty cash

## **Seksyon 6 – Badyet**

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay lumikha ng isang badyet at plano para sa mga kinakailangang tagatulong upang gumawa ng maraming bagay upang bigyan ng kaalaman ang mga botante tungkol sa proseso ng pagboto sa pamamagitan ng Sentro ng Pagboto. Para sa nakalipas na dalawang siklo ng halalan sa ilalim ng Modelong Lugar ng Botohan, ang County ng Santa Clara ay nagbadyet na ang average ay mga \$27,000 para sa edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante. Ang halalan ng Hunyo 2018 ay may badyet na mga \$35,000 at ang halalan ng Nobyembre 2018 ay nagresulta sa mga \$18,000 na nagasta. May mas malaking badyet para sa halalan ng Hunyo dahil noong Enero lahat ng kailangang materyal ay binili para sa buong taon. Anumang karagdagang materyal para sa halalan ng Nobyembre ay binibili kung kinakailangan. Bilang karagdagan, ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Enero at Hunyo ay may mas malaking panahon ng pakikipag-ugnayan kaysa Hunyo hanggang Nobyembre.

Sa pagpapatupad ng Voter's Choice Act (VCA), ang badyet para sa pakikipag-ugnayan ay umabot ng mga \$517,000 upang suportahan ang pagsisikap na bigyan ng kaalaman ang publiko tungkol sa mga bagong mapipiling pagboto. Tulad sa mga nakaraang halalan, ang badyet para sa Marso 2020 na Primaryang Halalan ay maaaring mas malaki kaysa sa badyet para sa Nobyembre 2020 na Pampresidenteng Halalan. Ang inaasahang badyet ay hindi kasama ang paglalagay ng mga tauhan at ibang mga gastos na kaugnay ng pakikipag-ugnayan.

### **A. Inaasahang badyet para sa mga aktibidad ng pakikipag-ugnayan**

a. Mga ginaganap para sa pakikipag-ugnayan ng county	\$162,513
b. Mga ginaganap ng Nakabase sa Komunidad na Organisasyon	\$120,180
c. Kagamitan sa pakikipag-ugnayan	\$20,550
d. Mga suplay at ipinapakita	\$97,547
e. Mga nakalimbag na materyal	\$100,000
f. Mga Pagrenta ng Sasakyan at mga gastos sa gasolina	\$16,225

- B. Mga nakaraang badyet para sa pakikipag-ugnayan para sa mga halalan ng Hunyo at Nobyembre 2018. Tingnan ang Apendise Q para sa kumpletong pag-iisa-isa ng ginaganap na pakikipag-ugnayan para sa Hunyo at Nobyembre, ayon sa pagkakasunod-sunod.

	Badyet
Halalan ng Hunyo 2018 (Kubol at mga suplay)	\$35,405
Halalan ng Nobyembre 2018 (Kubol at mga suplay)	\$18,109

- C. Tantiya ng inaasahang panandaliang matitipid:

WALA

- D. Tantiya ng inaasahang pangmatagalang matitipid:

Hindi alam sa panahong ito

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Ang layunin ng glosaryong ito ay upang magkaloob sa bumabasa ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan ng pagkaunawa sa konteksto ng proseso ng mga halalan sa kabuuan at upang bigyan ng kahulugan ang ilang katawagang ginagamit sa loob ng dokumento. Para sa paglilinaw at pagkaunawa sa mga iniaatas na may mahahalagang hindi madaling mapansing pagkakaiba na may kaugnayan sa ilan sa mga katawagan, tingnan ang Plano sa Pangangasiwa ng Halalan.

Katawagan/Acronym	Kahulugan
1% Manwal na Pagbilang	Isang iniaatas ng batas na manwal na pagbilang ng mga balota upang patibayan ang pagbilang ng makina sa mga boto, bago ang sertipikasyon ng halalan. Isa sa maraming hakbang na kasama sa <a href="#">pagbilang ng mga boto</a> .
15-Araw na Pagsasara ng Pagpaparehistro	Ang huling araw sa California, na itinakda ng batas, upang magparehistro para makaboto sa bawat halalan. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §2102)</i>
8D2 Cards	Tingnan ang <a href="#">Kard ng Kumpirmasyon sa Paninirahan ng Botante</a> .
<i>Balota ng Nagpapadala Lamang</i>	<i>Lipas nang terminolohiya.</i> Tingnan ang <a href="#">Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a> .
Madaling Magamit na Balota	Ang isang balota, pangkaraniwang isang elektronikong touchscreen, kung saan lumilitaw ang mga pangalan ng mga kandidato at ang mga titulo ng balota ng mga panukalang pagbobotohan na madaling magamit ng mga taong may mga kapansanan sa pamamagitan ng paghipo sa itinalagang lugar sa screen o sa pamamagitan ng paggamit ng isang pantulong na kagamitan, tulad ng isang kagamitan sa pakikinig ng audio at braille touch pad o sip-and-puff. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §19240)</i>
Serbisyong Pagwawasto ng Tirahan (ACS)	Mga datos na ipinagkaloob sa pamamagitan ng United States Postal Service kung saan ang isang opisyal ng mga halalan ng county ay maaaring gumamit ng impormasyon upang pamahalaan at isapanahon ang mga rekord ng pagpaparehistro ng botante at ipakoreo ang mga kard ng kumpirmasyon sa paninirahan. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §2033)</i>
Aktibong Botante	Isang botante na ang (1) impormasyon ay napapanahon, (2) na maaaring tumanggap ng mga materyal sa pagboto, at (3) na bumoto kamakailan o ang direksiyon ay nakumpirma sa pamamagitan ng isang pagpapakoreo na nagkukumpirma ng paninirahan sa direksiyon. Ang isang aktibong botante ay karapat-dapat ayon sa batas na bumoto at pumirma sa isang petisyon. <i>(Mga Kodigo ng mga Halalan ng California §§2220 - 2227)</i>

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Apidabit ng Pagpaparehistro	Kilala rin bilang isang <a href="#">Form ng Pagpaparehistro ng Botante</a> , <a href="#">Kard ng Pagpaparehistro ng Botante</a> , <a href="#">Aplikasyon para sa Pagpaparehistro ng Botante</a> , o <a href="#">Aplikasyon sa Pagpaparehistro ng Botante</a> . Bawat taong naghahangad maging isang nakarehistrong botante ay dapat magkumpleto ng form na ito (maliban kung nagpakita at nagharap ng isang hatol ng hukumang superyor). Ang isang wastong isinagawang apidabit ay dapat ituring na may bisa pagkatanggap ng opisyal ng mga halalan ng county sa o bago ang ika-15 araw bago ang isang halalan, at sa ilalim ng ibang tinukoy at napapanahong mga kalagayan. Tuwing lilipat ang isang botante, ang botante ay dapat magsagawa ng isang bagong apidabit ng pagpaparehistro o isang paunawa o liham ng pagbabago upang wastong mairehistro. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §§2100 - 2194.1)</i>
Halalan na Lahat ng Balota ay Ipinakokoreo	Ang isang lokal, espesyal, o pinagsamang halalan na buong isinasagawa sa pamamagitan ng koreo (sa ilalim ng mga partikular na kalagayan). <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California Dibisyon 4)</i>
Panghaliling Kumpirmasyon ng Paninirahan (ARC)	Isang pamamaraan na nag-aatas sa opisyal ng mga halalan ng county upang ipakoreo ang isang <i>forwardable</i> postcard sa bawat botanteng nakalista sa mga listahan na hindi pa nakakaboto o nagbago ng kanyang tirahan sa apat na taon; at, kasunod ay nag-aatas sa botante na kumilos, sa pamamagitan ng pagsagot sa postcard, nagpapabatid ng hangaring manatiling isang “aktibong” botante. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §2220)</i>
Batas Ukol sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA)	Ang Batas ukol sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA) ay naging batas noong 1990. Ang ADA ay isang batas sa mga karapatang sibil na nagbabawal sa diskriminasyon laban sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa lahat ng lugar ng pampublikong buhay kabilang ang mga trabaho, paaralan, transportasyon, at lahat ng pampubliko at pribadong lugar na bukas sa pangkalahatang publiko. Ang layunin ng batas ay upang tiyakin na ang mga taong may mga kapansanan ay may mga karapatan at oportunidad na tulad ng ibang tao. Ang ADA ay naggagawad ng mga proteksiyon sa mga karapatang sibil sa mga indibidwal na may mga kapansanan na katulad ng mga ipinagkakaloob sa mga indibidwal batay sa lahi, kulay, kasarian, bansang pinagmulan, edad, at relihiyon. Ito ay gumagarantiya ng pantay na oportunidad para sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa mga pampublikong akomodasyon, pagtatrabaho, transportasyon, mga serbisyo ng estado at lokal na pamahalaan, at telekomunikasyon. <i>Tingnan ang <a href="#">Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a> (RAVBM).</i>
Aplikasyon para sa Pagpaparehistro ng Botante	<i>Tingnan ang <a href="#">Apidabit ng Pagpaparehistro</a>.</i>
Itinalagang Lugar na Botohan	Nag-iisang lugar kung saan ang isang botante ay maaaring magpakita, kumuha at magpatala ng isang balotang naglalaman ng lahat ng labanan na ang botante ay karapat-dapat bumoto. Ang mga labanan, kung saan ang mga botante ng kanilang itinalagang Lugar na Botohan ay hindi karapat-dapat bumoto, ay hindi lilitaw sa balota. Ang mga lugar ay ispesipikong itinalaga para sa nag-iisang presinto ng mga botante, nagtatatag ng isang itinalagang lugar ng pagboto. Ang mga itinalagang lugar na botohan ay ginagamit lamang sa ilalim ng <a href="#">Modelong Lugar na Botohan</a> .

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Patakarang Awtomatikong Muling Pagbilang	Isang patakarang pinagtibay ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na nagtatatag ng isang proseso upang manwal na bilangin ang mga balota sa mga partikular na labanan, nagtatadhana ng isang mekanismo upang kumpirmahin ang mga resulta ng mga lokal na labanan na may mababang margin ng tagumpay na hindi mag-aatas sa isang kandidato o interesadong botante na magbayad ng mga gastos sa muling pagbilang. Ang patakarang ito ay nag-aatas ng mga manwal na muling pagbilang sa lahat ng labanan na buong ginanap sa loob ng County ng Santa Clara (hindi kasama ang para sa mga pang-estado at pederal na katungkulan) kung saan ang margin ng tagumpay ay mas mababa kaysa 0.25 porsiyento ng mga balotang ipinatala, o mas mababa kaysa 25 boto, maliban sa mga labanan na pambuong-county o pambuong-lunsod sa Lunsod ng San Jose kung saan ang mga muling pagbilang sa pamamagitan ng makina ay maaaring gamitin. Ang patakaran ay nag-aatas na isagawa ang pagbilang. <i>(Seksyon 3.63 ng Manwal ng Patakarang ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara)</i>
Drop-Box ng Balota	Ang isang protektadong sisidlan na itinatag ng Tagapagrehistro ng mga Botante/opisyal ng mga halalan ng county kung saan ang isang binotohang balotang ipinakokoreo ay maaaring ibalik.
Mga Lugar ng Drop-off ng Balota (BDL)	Isang lugar na itinatag ng Tagapagrehistro ng mga Botante kung saan ang protektadong Drop-box ng Opisyal na Balota ay ilalagay, sa loob o labas ng isang lugar.
Balota sa isang Madaling Magamit na Format	<i>Tingnan ang <a href="#">Madaling Magamit na Balota</a>.</i>
Kagamitang Pangmarka sa Balota (BMD)	Isang kagamitang ginagamit upang tulungan ang isang botante sa pagmarka ng kanyang balota. Ang kagamitan ay maaaring may anumang sukat, hubog, o anyo, at ang impresyong ginagawa sa balota ay dapat na malinaw na nagpapabatid ng pinili ng botante. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §14270)</i>
Mahihinging Balota (BOD)	Isang sertipikadong nakatatayo-sa-sarili na sistema na nagpapahintulot sa isang opisyal ng mga halalan ng county na maglimbag, kapag hiningi, ng mga balota sa stock ng kard ng opisyal na balota upang ipagkaloob sa mga nakarehistrong botante para sa pagboto. Ang sistemang ito ay magsusuplemento sa mga opisyal na balota na inihanda, bago ang halalan, na gagamitin batay sa pangangailangan. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §13004.5)</i>
Lupon ng mga Superbisor (BOS)	Ang namamahalang lupon na nangangasiwa sa pagpapatakbo ng mga pangasiwaan ng pamahalaan ng County ng Santa Clara.
Cal-Access	Ang online na sistemang nilikha ng Kalihim ng Estado, alinsunod sa batas ng estado, para sa pagtanggap at paggamit ng pinansiyal na impormasyon na ibinibigay ng mga kandidato ng estado, mga donor, tagalobi, at iba pa. Ang online o elektronikong paghaharap ay iniaatas para sa mga entidad ng kampanya na nakalikom o gumasta ng \$25,000 mula noong ika-1 ng Enero, 1, 2000. Ang mga entidad na naglolobi ay dapat magharap online o sa paraang elektronikal sa sandaling ang kabuuang halaga ng anumang kategorya ng maiuulat na mga pagbabayad, gastos, kontribusyon, regalo o ibang aytem ay umabot sa \$2,500, o higit, sa isang kuwarto ng kalendaryo. <i>(Kodigo ng Pamahalaan ng California §84602 &amp; 84605)</i>

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Cal-Online	Isang nakabase-sa-web na sistema ng pagpapasok ng mga datos na nagpapahintulot ng mga pahayag ng pagsisiwalat ng estado/mga ulat na ipinag-uutos ng Batas sa Repormang Pampulitika ng California na dapat iharap online sa Kalihim ng Estado nang walang bayad. Ang naghaharap ay dapat na may isang balidong numero ng ID at password upang magamit itong libreng aplikasyon. Ang impormasyon ay kokopyahin sa website ng Cal-Access ng Kalihim ng Estado para sa pagtingin ng publiko. <i>(Kodigo ng Pamahalaan ng California §84602)</i>
Kodigo ng mga Regulasyon ng California	Ayon sa batas na dokumento kung saan isinasakodigo ng Kalihim ng Estado ng California ang mga regulasyon upang matiyak ang magkakatulad na paggamit at pangangasiwa ng batas ng halalan ng estado.
Kodigo ng mga Halalan ng California	Batas na namamahala sa pangangasiwa ng mga halalan sa California.
Kodigo ng Pamahalaan ng California	Batas na kumontrol sa pangangasiwa ng pamahalaan sa buong California.
Kinanselang Botante	<p>Ang isang botante ay maaaring kanselahin sa tipunan ng datos ng botante pagkatapos ng mga sumusunod na aksyon:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Hindi pagsagot sa pagpapakoreo tungkol sa kumpirmasyon ng tirahan</li> <li>2. Walang rekord ng pagboto para sa dalawang magkasunod na ikot ng pampresidenteng halalan</li> <li>3. Sa pamamagitan ng pagkamatay</li> <li>4. Sa pamamagitan ng sariling paghiling ng botante</li> </ol> <p>Ang botante ay hindi lilitaw sa listahan ng mga botante o anumang listahang inihanda ng opisyal ng halalan at hindi tatanggap ng anumang mga materyal sa pagboto. Ang isang kinanselang botante ay karapat-dapat bumoto pagkakumpleto ng isang bagong <a href="#">Aplikasyon para sa Pagpaparehistro ng Botante</a>. Ang isang kinanselang botante ay hindi karapat-dapat pumirma sa isang petisyon. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §2183)</i></p>
Kandidato	<p>Ang isang indibidwal ay nagiging kandidato sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang pangalan ng indibidwal ay nakalista sa isang primarya, pangkalahatan, espesyal, o pagpapaalis sa katungkulan na balota ng halalan; o</li> <li>2. Ang indibidwal ay kuwalipikadong ipabilang sa mga opisyal ng mga halalan ang mga isinusulat-lamang na boto sa ngalan niya para sa nominasyon o paghalal sa alinmang pang-estado o lokal na inihalal na katungkulan; o</li> <li>3. Ang indibidwal ay tumatanggap ng kontribusyon o gumagawa ng paggasta (o nagbibigay ng pahintulot sa sinumang ibang tao upang tumanggap ng kontribusyon o gumawa ng paggasta) para kanyang nominasyon o paghalal sa alinmang pang-estado o lokal na inihalal na katungkulan; o</li> <li>4. Ang indibidwal ay isang inihalal na nanunungkulan.</li> </ol> <p>Ang mga indibidwal na tumatakbo para sa pederal na katungkulan ay hindi "mga kandidato" sa ilalim ng Batas sa Repormang Pampulitika. <i>(Mga Kodigo ng Pamahalaan ng California §§82007 &amp; 84214)</i></p>

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Pagbilang ng mga Boto (Opisyal na Pagbilang ng mga Boto)	Ang ayon sa batas na takdang panahon (pangkaraniwan ay isang 30-araw na panahon na nagsisimula sa unang araw pagkaraan ng araw ng halalan) para sa opisyal ng mga halalan ng county upang kumpletuhin ang pagproseso at pagbilang ng lahat ng balotang natanggap (kabilang ang <a href="#">Mga Pansamantalang Balota</a> , <a href="#">Mga Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a> , at <a href="#">Mga Balota ng Kondisyonal na Botante</a> ), pagtugmain ang mga materyal, magsagawa ng manwal na pagbilang (pagpapatibay) ng mga balota, sertipikahan ang mga resulta, at mag-isyu ng mga sertipiko ng halalan. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California Dibisyon 15)</i>
Mga Organisasyong Nakabase sa Komunidad (CBOs)	Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay nakikipagtulungan sa mga Organisasyong Nakabase sa Komunidad (CBOs) upang paramihin ang pagpaparehistro ng botante at himukin ang mga bagong rehistrong botante na lumahok sa demokrasya sa pamamagitan ng pagboto.
Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante	Ang isang wastong isinagawang <a href="#">Apidabit ng Pagpaparehistro</a> na inihahatid ng nagpaparehistro sa opisyal ng mga halalan ng county sa 14 na araw bago ang o sa araw ng halalan at maaaring ituring na may bisa pagkatapos iproseso ng opisyal ng mga halalan ang apidabit, ipasiya ang pagiging karapat-dapat ng nagpaparehistro na magparehistro, at nagpapatibay sa impormasyon ng nagpaparehistro bago, o sa panahon, ng <a href="#">pagbilang ng mga boto</a> . Ang manghahalal ay maaaring magkumpleto ng isang form ng Pagpaparehistro ng Kondisyonal na Botante at magpatala ng isang <a href="#">Pansamantalang Balota</a> . <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §§2170 - 2173)</i>
Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIG)	Isang libritong inihanda, isinalin, at nilimbag ng opisyal ng mga halalan ng county na nagtataglay ng mahalagang impormasyon, tulad ng isang listahan ng mga Lugar ng Drop-off ng Balota at mga Sentro ng Pagboto, halimbawa ng Opisyal na Balota (tingnan ang <a href="#">Halimbawang Balota</a> ); mga pahayag ng Kandidato; tekstong ayon sa batas, walang pinapanigang pagsusuri, at mga pangangatwirang pabor o laban sa mga lokal na panukala sa balota; at, isang form ng paghiling ng pamalit na balota. Ang Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIG) ay ipinakokoreo simula sa humigit-kumulang na 40-araw bago ang isang halalan. Dating kilala bilang Pamplet ng Halimbawang Balota. Ang mga isinaling bersiyon ng CVIG ay makukuha sa Espanyol, Intsik, Tagalog, at Biyetnamis. Hindi ito kapareho ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na inihahanda ng Kalihim ng Estado. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §§13300 - 13317)</i>
Balotang Maaaring I-download	Isang balotang nakuha sa pamamagitan ng paggamit ng <a href="#">Malayuang Madaling Magamit ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a> (RAVBM) ng Tagapagrehistro ng mga Botante at kinopya sa paraang elektronikal sa isang kagamitan sa tahanan ng botante para gamitin sa pagboto. Kasunod ay dapat ilimbag at ipakoreo ng botante ang kanyang balota sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante para mapabilang ang kanyang boto. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §3007.7)</i>



## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Direct-Recording Electronic (DRE)	<p><i>Lipas nang <a href="#">Makina sa Pagboto</a>.</i></p> <p>Isang makina sa pagboto na nagtatala ng mga boto sa pamamagitan ng isang display ng balota na ipinagkakaloob sa pamamagitan ng mekanikal o eletro-optical na mga sangkap na maaaring isaaktibo ng botante; na nagpoproseso ng mga datos sa pamamagitan ng isang programa ng computer; at nagtatala ng mga datos ng pagboto at mga imahe ng balota sa mga sangkap ng memorya.</p>
Maagang Pagboto	<p>Ang panahon, bago ang Araw ng Halalan, na ang mga botante ay maaaring magpatala ng balota. Ang California ay may “no-excuse” na maagang pagboto at ang isang botante ay hindi nagbibigay ng excuse para hindi makaboto sa Araw ng Halalan. Sa California, ang maagang pagboto ay maaaring magsimula na kasing-aga ng 29 araw bago ang halalan. Ang mga nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara ay maaaring bumoto nang maaga sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante, o sa alinman ng mga Sentro ng Pagboto na magsisimula sampung araw bago ang Araw ng Halalan.</p> <p><i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §19209)</i></p>
Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)	<p>Iminungkahi ng opisyal ng mga halalan ng county, isang detalyadong plano sa pagsasagawa ng mga halalan sa ilalim ng <a href="#">Voter’s Choice Act</a> (VCA). Kasama sa plano ang iba’t ibang isinasaalang-alang tulad ng pagpili ng mga Sentro ng Pagboto at mga Lugar ng Drop-off ng Balota, mga epekto sa pananalapi, at mga plano sa pakikipag-ugnayan sa publiko. Ang isang <i>burador</i> na plano ay isusulat nang may mungkahi ng komunidad at siniyasat sa pamamagitan ng proseso ng pampublikong pagdinig. Ang isang <i>sinusugang burador</i> na plano ay ilalathala para sa komento ng publiko pagkatapos ng mga pampublikong pagdinig tungkol sa burador na plano, pagkaraan ay maaari nang pagtibayin ang plano bilang <i>pinal</i>. Ang isang pinal na plano na binabago at inilalabas para sa komento ng publiko ay isang <i>sinusugang pinal</i> na plano. Ang pinal na Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) na ginagamit upang magsagawa ng halalan ay sinusuri, at maaaring baguhin, sa loob ng dalawang taon ng paggamit, at bawat apat na taon pagkaraan. Ang bahagi ng Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante ng EAP ay isinusumite sa Kalihim ng Estado para sa pag-apruba. Ang mga plano ay isinasalin at makukuha sa website ng opisyal ng halalan ng county.</p> <p><i>(Mga Kodigo ng mga Halalan ng California §§4000 - 4108)</i></p>
Ikot ng Halalan	<p>“Ikot ng Halalan” ay nangangahulugang isa sa dalawang magkaibang bagay, depende sa konteksto ng paggamit nito.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. “Ikot ng Halalan” ay nangangahulugang ang panahong magsisimula sa 90 araw bago ang isang halalan at matatapos sa petsa ng halalan, para sa mga layunin ng pag-uulat ng mga kontribusyon o mga independiyenteng paggasta ng \$1,000 o higit online o sa paraang elektronikal alinsunod sa Kodigo ng Pamahalaan §§ 85309 o 85500. (Seksyon 85204 ng Kodigo ng Pamahalaan).</li> <li>2. “Ikot ng Halalan” ay nangangahulugang ang panahong magsisimula sa ika-1 ng Enero ng isang taon na di-pares ang numero, para mga layunin ng pagtingin sa mga kontribusyon at mga paggasta sa kampanya sa Cal-Access.</li> </ol>

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Opisyal ng Halalan	<p>Ang isang miyembro ng lupon ng presinto, ay dapat na isang botante ng estado, dapat na nakakabasa at nakakasulat ng wikang Ingles, at dapat dumalo sa pagsasanay na isinasagawa ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) upang maglingkod sa isang Lugar na Botohan o Sentro ng Pagboto. Dating kilala bilang Manggagawa sa Botohan, ang mga Opisyal ng Halalan ay maaaring italaga bilang Klerk o Inspektor na may iba't ibang tungkulin. Ang mga Opisyal ng Halalan ay tumutulong sa mga botante sa mga Sentro ng Pagboto, pinatitibayan ang pagiging karapat-dapat, nag-iisyu ng mga Opisyal na Balota, at gumaganap ng ibang mga tungkulin.</p> <p><i>(tinukoy ng Kodigo ng mga Halalan bilang Mga Lupon ng Halalan)</i></p>
Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon Tungkol sa Halalan (EIMS)	<p>Tipunan ng datos ng impormasyon tungkol sa halalan ng County ng Santa Clara.</p>
Elektronikong Libro ng Pagboto (E-Pollbook)	<p>Isang sistemang nagtataglay ng isang elektronikong listahan ng mga nakarehistrong botante na maaaring ihatid at gamitin sa mga Sentro ng Pagboto. Ito ang opisyal na listahan ng mga nakarehistrong botante na karapat-dapat bumoto sa halalan; ito ay ginagamit upang patibayan ang pagiging karapat-dapat ng isang botante na tumanggap ng balota at kinukuha ang kasaysayan ng botante sa tunay na oras upang pigilan ang dobleng pagboto. Ang mga Elektronikong Libro ng Pagboto ay hindi maikokonekta sa isang sistema ng pagboto at dapat magtaglay ng pamalit na kuryente para sa patuloy na pagpapatakbo.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang isang Electronic Pollbook ay dapat magtaglay, sa pinakamababa, ng lahat ng mga sumusunod na datos sa pagpaparehistro ng botante: pangalan, tirahan, distrito/presinto, kinakatigang partido, katayuan ng botante, kung nabigyan na o hindi ang botante ng isang <a href="#">Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a>, kung tinanggap o hindi ang <a href="#">Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a> ng opisyal ng mga halalan, at, kung dapat o hindi na patibayan ang pagkakakilanlan ng botante (unang-pagkakataong botante sa pederal na halalan, lamang).</li> <li>2. Ang isang elektronikong libro ng pagboto ay hindi dapat magtaglay ng mga sumusunod na datos ng pagpaparehistro ng botante: numero ng lisensiya ng nagmamaneho, o anumang pagtukoy sa isang numero ng seguridad sosyal.</li> </ol> <p><i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §2183)</i></p>
Pang-emerhensiyang Paghahatid ng Balota	<p>Ang ganitong uri ng serbisyo ay makukuha unang-una upang pahintulutan ang isang botante na ipatala ang isang balota kung hindi niya kayang pisikal na gawin ito dahil sa medikal na emerhensiya na tulad ng hindi agad nakitang sakit, pagtigil sa isang medikal na pasilidad, mga kapansanan, mga aksidenteng nagresulta sa pinsala ng katawan. Ang California ay isa sa 38 estado na nagkaloob ng Sistema ng Pang-emerhensiyang Paghahatid ng Balota.</p>

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Facsimile na Balota	Isang kopya ng nakalimbag na balota na inihanda sa mga format na maaaring hilingin ng isang botante para gamitin, tulad ng isinalin sa isang ispesipikong wika (tingnan ang <a href="#">Halimbawang Balota</a> ) o nakalimbag sa malalaking teksto para sa mahina ang paningin. Maaaring humiling ang mga botante ng pagtanggap ng isang facsimile na balota sa pamamagitan ng koreo. Ang facsimile na balota ay hindi isang Opisyal na Balota at hindi mabibilang ng sistema ng pagboto. Magagamit ng mga botante ang Facsimile na Balota bilang pantulong sa pagkumpleto ng kanilang Opisyal na Balota.
Batas ng Tulungang Bumoto ang Amerika (HAVA)	Ipinasa ng Kongreso noong 2002 upang makatulong na isamoderno at repormahin ang mga proseso ng pagboto ng bansa, ang Batas ng Tulungang Bumoto ang Amerika (HAVA) ay lumilikha ng mga sapilitang pinakamababang mga pamantayan para sundin ng estado sa maraming pangunahing lugar ng pangangasiwa ng halalan. Ang batas ay nagtatadhana ng pagpopondo upang tulungan ang mga estado na matugunan ang mga bagong materyal na ito, palitan ang mga sistema ng pagboto, at pahasayin ang pangangasiwa ng halalan. Ang HAVA ay nag-aatas na ipatupad ng mga estado ang mga sumusunod na programa at pamamaraan: <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pansamantalang Pagboto</li> <li>2. Impormasyon sa Pagboto</li> <li>3. Isinapanahon at itinaas ang antas na kagamitan sa pagboto</li> <li>4. Pambuong-estado na mga tipunan ng datos ng pagpaparehistro ng botante</li> <li>5. Mga pamamaraan sa pagkakakilanlan ng botante</li> <li>6. Mga pamamaraan sa reklamong pampangasiwaan</li> </ol>
Hindi Aktibong Botante	Ang isang botante ay maaaring ituring na hindi aktibo kung ang county ay nakatanggap ng: isang ibinalik na pagpapakoreo ng kumpirmasyon sa paninirahan nang walang direksiyon para sa pagpapadala sa loob ng kaparehong county, o, impormasyon na nakuha sa pamamagitan ng tipunan ng datos ng United States Postal Service National Change of Address (NCOA) na nagpapatid na ang botante ay lumipat sa labas ng county. Ang botante ay hindi lilitaw sa listahan ng mga aktibong botante o anumang listahang inihanda ng opisyal ng halalan at hindi tatanggap ng anumang mga materyal sa pagboto. Dagdag dito, ang mga hindi aktibong botante na hindi bumoto sa dalawang magkasunod na pederal na mga pangkalahatang halalan ay sasailalim sa pagkansela. Ang isang hindi aktibong botante ay magiging aktibo at karapat-dapat bumoto pagkatapos tumugon sa kard ng kumpirmasyon ng tirahan, sa pamamagitan ng pagpirma sa isang petisyon na nagpapatid ng kaparehong tirahan, o sa pamamagitan ng pagkumpleto sa isang bagong <a href="#">Aplikasyon para sa Pagpaparehistro ng Botante</a> .

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC)	Ang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) ay binuo upang payuhan ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) sa mga bagay na may kaugnayan sa akses sa proseso ng paghalal ng mga botanteng may limitadong kasanayan sa Ingles. Ang komite ay dapat buuin ng mga kinatawan ng <a href="#">Mga Komunidad ng Minorya sa Wika</a> at nagpakita ng karanasan sa paggamit ng wika, may kaalaman sa paghaharap ng mga materyal sa halalan sa mga botante na gumagamit ng mga payak na paraan ng wika o ibang paraan na madaling magamit at maunawaan ng mga botante, at/o isang opisyal ng mga halalan ng lunsod o kanyang itinalaga. Ang ROV ay dapat sumangguni sa at isaalang-alang ang mga rekomendasyon ng komite, na dapat maglingkod sa kapasidad na nagpapayo. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §4005)</i>
Komunidad ng Minorya sa Wika	Isang grupo ng mga taong nagsasalita ng isang wikang iniaatas na paglingkuran sa ilalim ng Pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto. Ang mga materyal, tulong sa pagboto, at ibang mga aktibidad na may kaugnayan sa mga komunidad ng minorya sa wika ay tinutukoy sa buong batas na may kaugnayan sa <a href="#">Voter's Choice Act</a> (VCA). <i>(Mga Tadhana sa Minorya sa Wika ng Batas ng mga Karapatan sa Pagboto)</i>
Presinto ng Ipinakokoreo ang Balota	Sa ilalim ng <a href="#">Modelo ng Lugar na Botohan</a> , ang isang presinto na may 250 o mas kaunting tao na nakarehistro para makaboto, sa 88 araw bago ang isang halalan, ay maaaring itinalaga bilang "Presinto ng Ipinakokoreo ang Balota," at ang opisyal ng mga halalan ay maaaring magkaloob sa bawat botante ng isang <a href="#">Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a> nang hindi nag-aatas ng isang aplikasyon.
Kagamitan sa Pagpapagaan	Ang mga materyal at suplay na ginagamit upang pahasayin ang accessibiity ng at akses sa isang lugar ng pagboto, nililimitahan ang mga hadlang sa pagboto. Sa mga halimbawa ng kagamitan ay maaaring kabilang ang: karagdagan o pansamantalang pag-iilaw; mga karagdagang silya para sa mga taong hindi makatayo; palatandaan na nagpapakita ng madaling magamit na ruta ng paglalakbay; mga kalang, rampa o rubber mat upang takpan ang mga rehas o pahasayin ang mga pasukan; mga pamigil sa pinto upang panatilihin bukas ang mga pinto; mga orange cone para sa pagmarka ng madaling magamit na paradahan; at isang sistema ng paunawa para sa pag-aalay ng pagboto sa gilid ng bangketa.
Naililipat na Sentro ng Pagboto	Isang naililipat na pagpapatakbo na pinangangasiwaan ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) na nakatutugon sa mga kaparehong pamantayan, at nagkaloob ng mga kaparehong serbisyo, tulad ng isang Sentro ng Pagboto.
National Change of Address (NCOA)	Impormasyon o mga datos na binubuo ng mga pangalan at tirahan ng mga indibidwal at pamilya na nagharap ng pagpapalit ng tirahan sa United States Postal Service. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §2222)</i>
Optical Scanner	<i>Lipas nang</i> <a href="#">Makina sa Pagboto</a> . Isang nakabase-sa-papel na makina sa pagboto na optical na gumagawa ng pag-scan sa mga markang ginagawa ninyo sa inyong papel na balota at binibilang ang mga boto sa paraang elektronikal kapag ipinasok ang balota.

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Manggagawa sa Botohan	<i>Lipas nang terminolohiya. Tingnan ang <a href="#">Opisyal ng Halalan</a>.</i>
Modelong Lugar na Botohan	<i>Ang kasalukuyang modelo mula kung saan ay lumilipat ang ROV. Katawagang ginagamit upang tukuyin ang pamamaraan at pangangasiwa ng mga halalang ginaganap sa ilalim ng mga pangkalahatang tadhana ng <a href="#">Kodigo ng mga Halalan ng California</a>. Gumagamit higit sa lahat ng "nakabase-sa-kapitbahayan" na mga lugar na botohan na itinalaga at ispesipiko sa mga presinto na may hindi hihigit sa 1,000 botante at sinusuplementuhan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa mga botanteng humihiling na tumanggap ng isang balota sa koreo.</i>
Positibong Paglilinis	<i>Isang pamamaraan na nag-aatas sa botante na umaksyon upang pigilan na ilipat sa hindi aktibo o kinanselang file, tulad ng pagbabalik ng isang postcard na nagpapabatid ng hangaring manatiling isang aktibong botante. (<i>Kodigo ng mga Halalan ng California §§2220 &amp; 2191</i>)</i>
Presinto	<i>Isang heograpikal na lugar sa loob ng isang county o hurisdiksiyong pampulitika na binubuo ng mga botante at binuo alinsunod sa Kabanata 3 (nagsisimula sa § 12200) ng Dibisyon 12 ng <a href="#">Kodigo ng mga Halalan ng California</a>. Sa isang "Modelo ng Lugar na Botohan" na halalan, lahat ng botante mula sa iisang presinto ay itinalaga sa iisang Lugar na Botohan. Sa isang "Modelong Sentro ng Pagboto" na halalan, ang mga botante mula sa alinmang presinto sa loob ng county ay makakaboto sa alinmang Sentro ng Pagboto sa loob ng county. Ang ROV ay kasalukuyang lumilipat mula sa isang "Modelo ng Lugar na Botohan" patungo sa isang "Modelo ng Sentro ng Pagboto".</i>
Lupon ng Presinto	<i>Ispesipikong katawagan na ginagamit ng Kodigo ng mga Halalan ng California. Para sa County ng Santa Clara, ang mga taong hinirang upang maglingkod bilang mga Opisyal ng Halalan para sa bawat presinto sa alinmang halalan ay dapat bumuo ng lupon ng presinto para sa presintong iyon at lugar na botohan. Ang isang taong hindi nakakabasa o nakakasulat ng wikang Ingles ay hindi karapat-dapat umaktong miyembro ng alinmang lupon ng presinto. Ang bumubuo sa lupon ng presinto ay dapat pagpasiyahan ng opisyal ng mga halalan batay sa sukat ng presinto sa halalan. Ang lupon ng presinto ay dapat buuin ng isang pinakamababang isang inspektor at dalawang klerk. (<i>Tingnan ang <a href="#">Opisyal ng Halalan</a></i>)</i>
Kumpirmasyon sa Paninirahan Bago ang Halalan	<i>Iniaatas na kumpletuhin nang hindi mas huli kaysa 90 araw bago ang bawat primaryang halalan na ginaganap sa estado. Ang opisyal ng mga halalan ng county ay nagpapakoreo ng isang <i>non-forwardable</i> postcard sa bawat nakarehistrong botante ng county. Ang mga kard ay ipinadadalang may tatak na, "Address Correction Requested, Return Postage Guaranteed," at hindi inililipat sa botante kundi ibinabalik sa opisyal ng mga halalan ng county na may anumang bagong impormasyon ng pagtatama sa tirahan na maaaring nasa tanggapan ng koreo. Maaaring hindi isama ng opisyal ng mga halalan ng county ang mga botanteng maaaring bumoto sa isang halalan na naganap nang wala pang 6 na buwan bago ang pagsisimula ng pagpapakoreo ng kumpirmasyon.</i>

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Mga Pahayag Bago ang Halalan	<p>Ang mga pahayag na ito ay iniaatas mula sa mga kandidato o nanunungkulan na may isang kinokontrol na komite, o nakalikom o gumasta ng \$2,000 o higit sa isang taon ng kalendaryo na may kaugnayan sa paghalal sa katungkulan o paghawak ng katungkulan (FPPC Form 460). Ang mga unang pahayag bago ang halalan ay pangkaraniwang iniaatas na iharap nang hindi mas huli kaysa 40 na araw bago ang halalan (para sa panahong matatapos 45 araw bago ang halalan). Ang mga ikalawang pahayag bago ang halalan ay pangkaraniwang iniharap nang hindi mas huli kaysa 12 araw bago ang halalan (para sa panahong matatapos 17 araw bago ang halalan).</p> <p><i>(Mga Kodigo ng Pamahalaan ng California §§84200.5, 84200.7, &amp; 84200.8)</i></p>
Pansamantalang Balota	<p>Isang katawagang ginagamit upang tukuyin ang isang balota na inisyu sa isang botante na ang pagiging karapat-dapat bumoto ay hindi agad matiyak, o isang <a href="#">Kondisyonal na Botante</a>. Ang balotang ito ay “pansamantalang” kinumpleto, ipinasok sa isang kulay rosas na sobre at pinatitibayan sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) bago ito mabuksan at isama sa pagbilang.</p> <p><i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §§4005 &amp; 4310)</i></p>
Panahon ng Komento ng Publiko	<p>Ayon sa batas na labing-apat na araw na takdang panahon para mag-alay ang publiko ng obserbasyon tungkol sa burador, sinusugang burador, pinal, at, kung kailangan, ang sinusugang pinal na <a href="#">Plano sa Pamamahala ng Halalan</a> (EAP).</p>
Pulong ng Pagsangguni sa Publiko	<p>Mga bukas na pulong, ayon sa batas na ipinaunawa at iniathala, isinagawa ng Tagapagrehistro ng mga Botante upang kumuha ng mungkahi ng publiko para sa paglikha ng <a href="#">Plano sa Pangangasiwa ng Halalan</a> (EAP).</p>
Pampublikong Pagdinig	<p>Isang opisyal na pulong kung saan ang mga miyembro ng publiko ay nakikinig sa mga katotohanan tungkol sa isang nakaplanong aksyon ng pamahalaan na magaganap at nagbibigay ng mga opinyon tungkol dito.</p>
Pahayag ng Serbisyo sa Publiko (PSA)	<p>Isang mensahe sa interes ng publiko na ipinamamahagi nang walang singil, na may layuning itaas ang kamalayan, at baguhin ang mga pagtingin at asal ng publiko, sa isang isyung panlipunan.</p>
Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV)	<p>Isang Kagawaran sa County ng Santa Clara na responsable sa pangangasiwa ng pagpaparehistro ng botante at mga halalan.</p>
Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM)	<p>Isang sistema, at ang programa nito sa computer, na ginagamit para sa tanging layunin na markahan ang isang elektronikong <a href="#">Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a> para sa isang botanteng may mga kapansanan o botanteng nasa ibang bansa na dapat ilimbag ang papel na rekord ng ipinatalang boto na isusumite sa opisyal ng mga halalan. Ang isang sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay hindi ikinokonekta sa isang sistema ng pagboto, kahit kailan.</p> <p><i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §3016.5)</i></p>

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Pamalit na Balota	Ang balotang ibinibigay sa isang botante sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na pangyayari: ang balota ay hindi natanggap, nawala, namarkahan na may mali, o hiniling sa isang ibang wika o format. Pagkatapos mag-isyu ng ikalawa, o pamalit na balota sa botante, ang unang balotang inisyu ay kinakansela sa <a href="#">Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon Tungkol sa Halalan</a> (EIMS), upang pigilan ang dobleng pagboto. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §4005)</i>
Indise ng Listahan	Ang opisyal na listahan ng mga karapat-dapat na botante para sa isang halalan, na maaaring nasa papel o elektronikong anyo. Ang listahan ay nagiging opisyal na indise ng mga botante na bumoto sa halalan sa sandaling pirmahan ng botante o markahan ng opisyal ng mga halalan. <i>Hindi ito kapareho ng <a href="#">Indise ng Botante</a>.</i> <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §14109)</i>
Halimbawang Balota	Lumilitaw sa loob ng <a href="#">Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County</a> (CVIG) na inihahanda para sa bawat halalan. Iniaatas na isama sa ilalim ng batas ng estado, ang Halimbawang Balota ay mahalagang kopya ng isang opisyal na balota; gayunman, ang isang Halimbawang Balota ay iba ang sukat at hindi nilimbag sa papel na kapareho ng isang opisyal na balota, at may ekstrang espasyo, na ginagawang hindi mababasa ng sistema ng pagbilang ng boto. Ang mga isinaling bersiyon ay makukuha sa County ng Santa Clara sa mga sumusunod na wika: Espanyol, Intsik, Tagalog, at Biyetnamis. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §13303)</i>
Protektadong Sisidlan ng Balota / Kagamitan sa Paglipat	Ang isang maikakandado at protektadong sisidlan na inilalagay sa loob ng isang drop-box o isang nakatatayong mag-isa na sisidlan. Kung ang isang protektadong balota ay ginagamit sa loob ng isang drop-box, ang mga balota ay inihuhulog nang direkta sa sisidlan. Ang isang protektadong sisidlan ng balota ay hindi iniaatas para sa lahat ng drop-box.
Mala-pinal na mga Opisyal na Resulta	Ang pampublikong proseso ng pagtitipon, pagproseso, at pagbilang ng mga balota at, para sa mga halalan ng estado o pambuong-estado, ang pag-uulat ng mga resulta sa Kalihim ng Estado sa Gabi ng Halalan. Ang mala-pinal na opisyal na <a href="#">pagbilang ng mga boto</a> ay maaaring kasama ang ilan, o lahat, ng <a href="#">Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a> at mga kabuuang boto ng <a href="#">Pansamantalang Balota</a> .
Drop-Box na May Tauhan	Ang isang drop-box o protektadong sisidlan ng balota na inilalagay sa isang lugar na nakikita ng isang tao na nagtatrabaho sa lugar ng drop-box, isang empleyado ng lunsod o county, o isang pansamantalang manggagawa o boluntaryo na pinanatili para sa layunin ng pagsubaybay sa drop-box. Ang isang drop-box na may tauhan ay pangkaraniwang hindi magagamit para sa 24 na oras sa isang araw.
Drop-Box na Walang Tauhan	Ang isang protektadong drop-box na hindi nakikita ng isang tao para sa pagsubaybay.



## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM)	Nagkakaloob sa lahat ng nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara ng oportunidad na bumoto gamit ang isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo nang maaga sa halip na pumunta sa mga botohan sa Araw ng Halalan. Kapag ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay natanggap ng ROV, ang mga pirma sa sobre para sa pagbabalik ay ikinukumpara sa mga pirma sa kaukulang mga kard ng pagpaparehistro ng botante upang matiyak na magkatugma ang mga ito. Kasunod ay ihihiwalay ang balota mula sa sobre, at saka ito ay isasama sa pagbilang. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §4005)</i>
Sentro ng Pagboto	Isang lugar, itinatag para sa pagsasagawa ng mga halalan, na nag-aalay ng mga serbisyo para bumoto ang mga botante; ihulog ang kanilang balotang ipinakokoreo; magparehistro para makaboto; o tumanggap at bumoto ng isang <a href="#">Pansamantala</a> , <a href="#">Pamalit</a> , o <a href="#">Madaling Magamit na Balota</a> . Ang mga Sentro ng Pagboto ay mas malaking mga pasilidad kaysa mga tradisyunal na Lugar na Botohan, magkakaroon ng mas maraming kagamitan sa pagboto at mas maraming Opisyal ng Halalan upang tulungan ang mga botante, at dapat sumunod sa mga regulasyong kapareho ng ginagamit sa mga Lugar na Botohan. Ang isang botante ng county maaaring bumisita sa alinmang Sentro ng Pagboto upang ipatala ang kanyang boto. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §§2170, 4005, &amp; 4007)</i>
Modelo ng Sentro ng Pagboto	<i>Modelo sa hinaharap ng pagsasagawa ng mga halalan kung saan lumilipat ang ROV.</i> Katawagang ginagamit upang tukuyin ang sistemang pampangasiwaan kung paano isinasagawa ang mga halalan sa ilalim ng <a href="#">Voter's Choice Act</a> . Sa malaking bahagi, isang kombinasyon ng isang halalan na lahat ay <a href="#">Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a> , gumagamit ng mas malaking lugar ng mga Lugar na Botohan, tinatawag na <a href="#">Mga Sentro ng Pagboto</a> . <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §14428)</i>
VoteCal	<i>Dating kilala bilang CalVoter.</i> Ipinag-uutos ng Batas ng Tulungang Bumoto ang Amerika (HAVA), ang VoteCal ay ang sentralisadong pambuong-estadong tipunan ng datos ng pagpaparehistro ng botante na binuo at pinamamahalaan ng Kalihim ng Estado. Bawat county sa estado ay nakakonekta sa sistema at magagamit ito upang magsuri para sa mga duplikadong pagpaparehistro o anumang mga pagsasapanahon na hahadlang sa mga botante sa kanilang pagboto. Ang VoteCal ay nakikipag-ugnayan at nakikipagpalitan ng impormasyon sa <a href="#">Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon Tungkol sa Halalan</a> (EIMS) ng County at ibang mga sistema ng estado na tulad ng Department of Corrections and Rehabilitation, ng Department of Public Health, at ng Department of Motor Vehicles. <i>(Batas ng Tulungang Bumoto ang Amerika ng 2002)</i>



## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Voter Action Request Form (VARF)	<p>Isang form para sa “Nakarehistrong” mga Botante ng County ng Santa Clara upang:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Palitan ang tirahan o direksiyong pangkoreo (kung lilipat sa loob ng County ng Santa Clara)</li> <li>2. Palitan ang gustong wika (Ingles, Intsik, Espanyol, Tagalog, Biyetnamis, Hindi, Hapon, Khmer, at Koreano)</li> <li>3. Palitan ang katayuan sa Permanenteng <a href="#">Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a></li> <li>4. Iwasto ang mga maling pagbaybay o iba pang pagkakamali sa iyong impormasyon sa pagpaparehistro</li> <li>5. Kanselahin ang iyong pagpaparehistro bilang botante</li> <li>6. Kanselahin ang pagpaparehistro ng botante ng isang namatay na miyembro ng iyong pamilya o sambahayan</li> </ol> <p><i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §§2150 - 2168)</i></p>
Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOC)	<p>Nagpapayo at gumagawa ng mga rekomendasyon sa Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) sa mga bagay na may kaugnayan sa pagpapahusay ng mga oportunidad para sa edukasyon sa County at pagpaparami ng paglahok ng botante sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at paglahok. Ang komite ay dapat buuin ng mga indibidwal at kinatawan ng mga organisasyong pangkomunidad na dapat magpakita ng karanasan sa mga programa para sa edukasyon at pakikipag-ugnayan o isang opisyal ng mga halalan ng lunsod. Ang Komite ay dapat maglingkod sa kapasidad na nagpapayo sa ROV.</p>
Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante	<p>Iniaatas na isama sa <a href="#">Plano sa Pangangasiwa ng Halalan</a> (EAP) ng County at dapat aprubahan ng Kalihim ng Estado. Ang planong ito ay dapat maglarawan kung paano tutugunan ng opisyal sa mga halalan ng county ang mga ispesipikong tadhana ng <a href="#">Voter’s Choice Act</a> (VCA) na may kaugnayan sa edukasyon at pakikipag-ugnayan, kabilang ang paggamit ng media, social media, mga pulong sa pampublikong edukasyon, at mga direktang kontak sa botante, upang ipagbigay-alam sa kanila ang bagong paraan ng pagboto at ang kahandaan ng mga nakasulat na materyal at tulong sa telepono.</p>
Workshop para sa Edukasyon ng Botante	<p>Ang opisyal ng mga halalan ng County ay dapat magsagawa ng hindi babala sa dalawang may target na mga workshop para sa edukasyon ng botante upang ipagbigay-alam sa mga botante ang tungkol sa bagong paraan na isasagawa ang halalan. Ang tinutukoy na may target na mga workshop ay dapat kasama ang mga workshop na may dalawang wika para sa edukasyon ng botante (isa o higit para sa bawat wikang iniaatas ng county) at mga workshop upang dagdagan ang accessibility at paglahok ng mga karapat-dapat na botanteng may mga kapansanan.</p>
Pakikipag-ugnayan sa Botante	<p>Aktibong namamahagi ng impormasyon, nang personal o sa paraang elektronikal, tungkol sa proseso ng pagboto.</p>
Aplikasyon sa Pagpaparehistro ng Botante	<p><i>Tingnan ang <a href="#">Apidabit ng Pagpaparehistro</a></i> <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §2188)</i></p>
Kard ng Pagpaparehistro ng Botante	<p><i>Tingnan ang <a href="#">Apidabit ng Pagpaparehistro</a></i> <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §2158)</i></p>

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Form ng Pagpaparehistro ng Botante	<i>Tingnan ang <a href="#">Apidabit ng Pagpaparehistro</a> (Kodigo ng mga Halalan ng California §2162)</i>
Kard ng Kumpirmasyon sa Paninirahan ng Botante	Isang Kard ng Kumpirmasyon sa Paninirahan ng Botante ( <b>8D2 Card</b> ) na ipinadadala sa pamamagitan ng primera klaseng naililipat na koreo na ginagamit upang kumpirmahin ang tirahan ng isang botante. Ang kard na ito ay ginagamit upang pamahalaan ang file ng pagpaparehistro ng botante at kumpirmahin at iwasto ang mga tirahan ng mga botanteng maaaring lumipat na. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §§2191, 2220, &amp; 2240 - 2231)</i>
Sistema ng Pagpapatibay ng Botante	Ang elektronikong sistema para sa mga opisyal ng mga halalan ng county upang agad na magamit ang mga datos ng pagpaparehistro ng botante sa isang sentro ng pagboto. <i>Tingnan ang <a href="#">Elektronikong Libro ng Pagboto</a>. (Kodigo ng mga Halalan ng California §359.2)</i>
Voter's Choice Act (VCA)	Isang bagong batas ng California (SB450) ipinasa noong 2016, ipinasok ni Senador Ben Allen, na magsasamoderno sa mga halalan sa California sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga county na magsagawa ng mga halalan sa ilalim ng isang bagong modelo na nagkakaloob ng mas malaking kakayahang mag-akma at kaginhawahan para sa mga botante. Itong bagong modelo ng halalan ay nagpapahintulot sa mga botante na pumili kung paano, kailan, at saan ipatatala ang kanilang balota sa pamamagitan ng: <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pagpapakoreo ng isang balota sa bawat botante</li> <li>2. Pagpapalawak ng maagang pagboto nang personal</li> <li>3. Pagpapahintulot sa mga botante na ipatala ang isang balota sa alinmang Sentro ng Pagboto sa kanilang county</li> </ol> <p>Ang batas na ito ay naglalayong itaas ang paglahok ng botante sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga county na magsagawa ng mga halalan sa pamamagitan ng koreo, sa ilalim ng mga partikular na kalagayan. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California §§3017, 15320, &amp; 4005 - 4008)</i></p>
Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC)	Ang Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) ay itinatag upang payuhan ang <a href="#">Tagapagrehistro ng mga Botante</a> (ROV) sa mga bagay na may kaugnayan sa pagpapahusay ng accessibility ng mga halalan para sa mga botanteng may mga kapansanan, at dapat gumawa ng mga rekomendasyon para sa pagtatatag ng mga Sentro ng Pagboto at para sa pagpapahusay ng mga serbisyo sa botante at paggamit ng mga indibidwal na may mga kapansanan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga botanteng may kapansanan sa paningin, at bingi, o nahihirapang makarinig na mga botante. Ang komite ay dapat buuin ng mga botanteng may mga kapansanan na dapat magpakita ng karanasan sa mga iniaatas sa accessibility para sa mga botanteng may mga kapansanan o isang opisyal ng mga halalan ng lunsod. Ang Komite ay dapat maglingkod sa kapasidad na nagpapayo.

## APENDISE A – GLOSARYO NG MGA KATAWAGAN AT ACRONYM

Katawagan/Acronym	Kahulugan
Kagamitan sa Pagboto	Anumang kagamitan na ginagamit kasabay ng isang kard ng balota o mga kard upang ipabatid ang pinili ng botante sa pamamagitan ng pagmarka, pagsundot, o pagbutas sa kard ng balota. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California Dibisyon 19)</i>
Makina sa Pagboto	Anumang elektronikong kagamitan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, isang <a href="#">Optical Scanner</a> ng presinto at isang sistema ng pagboto na <a href="#">Direct Recording Electronic</a> (DRE), kung saan ang isang botante ay maaaring magpasok ng kanyang mga boto, at sa pamamagitan ng elektronikong pagbilang at paglikha ng mga printout o ibang nahahawakan, nababasa ng tao na mga rekord, ay nagkakaloob ng isang kabuuan ng bilang ng mga botong ipinatala para sa bawat kandidato at panig, o laban, sa bawat panukala. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California Dibisyon 19)</i>
Sistema ng Pagboto	Isang mekanikal, elektromekanikal, o elektronikong sistema, at ang programa nito sa computer, o anumang kombinasyon ng mga ito na ginagamit para sa pagpapatala ng balota, pagbilang ng mga boto, o pareho. “Sistema ng Pagboto” ay hindi kasama ang isang sistema ng <a href="#">Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo</a> . <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California Dibisyon 19)</i>
Voter-Verified Paper Audit Trail (VVPAT)	<a href="#">Lahat ng Direct Recording Electronic</a> (DRE) na mga makina sa pagboto, ginagamit pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2006, ay dapat magkaroon ng isang madaling magamit na napapatibayan ng botante na papel na bakas para sa pagsusuri. Lahat ng botanteng bumoboto sa isang elektronikong makina sa pagboto ay dapat magsuri at magpatibay ng kanilang pinili sa balota sa nakalimbag na papel na rekord na ito, bago gawing pinal at ipatala ang kanilang balota. Sa sandaling maipatala ang balota, ang papel na rekord na ito ng balota ay pinananatili sa loob ng makina sa pagboto bilang bahagi ng bakas para sa pagsusuri sa halalan upang patibayan ang katumpakan ng mga nakatalang boto. Alinsunod sa Kodigo ng mga Halalan ng California, ang mga botante ay hindi tumatanggap ng isang nakalimbag na papel na rekord ng kanilang mga piniling iboto. <i>(Kodigo ng mga Halalan ng California § 19250)</i>

## APENDISE B – APLIKASYON PARA SA MAAGANG PAGBOTO

### APLIKASYON PARA SA MAAGANG PAGBOTO

PANGALAN: \_\_\_\_\_ PETA NG KAPANGANAKAN: \_\_\_\_\_

TIRAHAN: \_\_\_\_\_

LUNSOD: \_\_\_\_\_ ESTADO: \_\_\_\_\_ ZIP: \_\_\_\_\_

#### **MARKAHAN ANG LAHAT NG SUMUSUNOD NA NAAANGKOP AT PIRMAHAN:**

#### **PAGHILING NG PAMALIT NA BALOTA**

\_\_\_\_\_ Pinatutunayan ko, sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na naiwala, nasira, napinsala, o hindi ko natanggap ang aking orihinal na Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo at ito ay hindi ko bobotohan kung sakaling ito ay matanggap o matagpuan.

#### **PAGHILING NG CROSS-OVER NA BALOTA**

\_\_\_\_\_ Tumanggi akong ibunyag ang pagkatig para sa isang kuwalipikadong partidong pampulitika. Gayunpaman, para sa primaryang halalang ito lamang, humihiling ako ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa Partidong \_\_\_\_\_ .

#### **PAGHAHATID NG PANG-EMERHENSIYANG BALOTA - *Iniaatas pagkalampas ng ikapitong araw bago ang halalan kung humihiling ng pagpapakoreo.***

\_\_\_\_\_ Hindi ako makakapunta sa isang Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan dahil sa isa sa mga sumusunod na kalagayan:

- Sakit o kapansanan na nagresulta sa pagtigil sa isang pasilidad na medikal, sanatorium, bahay ng pag-aalaga, o lugar ng tirahan
- Pisikal na kapansanan at/o mga kasalukuyang hadlang sa arkitektura ng isang Sentro ng Pagboto na nagkakait ng pisikal na akses sa Sentro ng Pagboto, kubol ng pagboto, o kagamitan sa pagboto dahil sa pisikal na kapansanan
- Mga kalagayang nagresulta sa pagliban mula sa Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan

Ako ay nagpapahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na ang nasa itaas ay totoo at tama at nagpapahintulot sa magdadala na tanggapin ang aking balota. Nauunawaan ko na ang balotang ito ay dapat ibalik sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante bago lumampas ang ika-8 ng gabi sa araw ng halalan o nalagyan ng tatak pangkoreo na may petsa ng halalan at natanggap nang hindi mas huli sa tatlong araw pagkaraan ng araw ng halalan.

PIRMA: \_\_\_\_\_ PETA: \_\_\_\_\_

#### **IPINAHINTULOT NA PAGHAHATID NG BALOTA - *Kumpletuhin kung may taong kukuha ng balota ng ibang tao.***

Sa pamamagitan nito ay pinatitibayan ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na ako ay hindi bababa sa 18 taong gulang at ako ang pinahintulatang kinatawan ng botanteng pinag-uukulan ng paghaharap ko nitong nakasulat na pahayag.

ILIMBAG ANG PANGALAN: \_\_\_\_\_

PIRMA: \_\_\_\_\_ PETA: \_\_\_\_\_



# APENDISE C - MGA IMINUMUNGKAHING HANGGANAN NG 15k NA LUGAR NG DROP-BOX NG BALOTA



**Mapa ng Iminumungkahing Hangganan ng Drop Box ng Balota**  
 Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
 Hunyo 2019



**Paliwanag sa Simbolo**

- 15k na Hangganan ng Lugar ng Drop Box ng Balota

**Mga Hangganan ng Lunsod**

Campbell	Morgan Hill
Cupertino	Mountain View
Gilroy	Palo Alto
Los Altos	San Jose
Los Altos Hills	Santa Clara
Los Gatos	Saratoga
Milpitas	Sunnyvale
Monte Sereno	

**Mga Kalye**

- Mga Highway
- Mga Expressway at mga Pangunahing Daan

0 3 6 12 Mga Milya

**PAGTANGGI:** Ang impormasyong ginamit sa mapang ito ay galing sa iba't ibang pinagkukunan. Bagaman nagsisikap kaming magbigay ng pinakamahasay na mga datos na maibibigay namin, hindi namin matatanggap ang anumang responsibilidad para sa anumang mga pagkakamali, nakaligtan, o katumpakan ng posisyon, at samakatuwid, walang mga garantiyang kalakip ang mapang ito.

Sources: Esri, HERE, Garmin, Intermap, increment P Corp., GEBCO, USGS, FAO, NPS, NRCAN, GeoBase, IGN, Kadaster NL, Ordnance Survey, Esri Japan, METI, Esri China (Hong Kong), (c) OpenStreetMap contributors, and the GIS User Community



**APENDISE D - MGA IMINUMUNGKAHING LUGAR NG DROP-BOX NG BALOTA**

<b>ID ng Lugar ng Drop Box</b>	<b>Drop-box</b>	<b>Direksiyon</b>	<b>Mga Oras</b>
D01	Palo Alto City Hall – City Clerk Office	250 Hamilton Avenue, Palo Alto, CA 94301	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D01	Rinconada Library	1213 Newell Road, Palo Alto, CA 94303	24/7
D02	Mitchell Park Library	3700 Middlefield Road, Palo Alto, CA 94303	24/7
D04	Foothill College (@ Admin. Bldg 1900 by Flag Pole)	12345 El Monte Road, Los Altos Hills, CA 94022	24/7
D04	Los Altos Hills Town Hall – City Clerk's Off.	26379 Fremont Road, Los Altos Hills, CA 94022	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D05	VTA North Division Coach Terminal	La Avenida and North Yard	24/7
D07	Mountain View City Hall – City Clerk's Off.	500 Castro Street, Mountain View, CA 94039	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D07	Mountain View Public Library	585 Franklin Street, Mountain View, CA 94041	24/7
D08	Los Altos City Hall – City Clerk Office	1 N. San Antonio Road, Los Altos, CA 94022	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D08	Los Altos Library	13 South San Antonio Road, Los Altos, CA 94022	24/7
D09	Woodland Branch Library	1975 Grant Road, Los Altos, CA 94024	24/7
D10	Grocery Outlet Bargain Market	1180 N Fair Oaks, Sunnyvale, CA 94089	24/7
D12	Sunnyvale City Hall – City Finance Office	650 W. Olive Avenue, Sunnyvale, CA 94086	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D12	Sunnyvale Library	456 W. Olive Avenue, Sunnyvale, CA 94086	24/7
D13	Fremont Union High School District	589 W. Fremont Avenue, Sunnyvale, CA 94087-2556	24/7
D17	De Anza College (@ Main Quad by Flag Pole)	21250 Stevens Creek Blvd, Cupertino, CA 95014	24/7
D18	Cupertino City Hall – City Clerk Office	10300 Torre Avenue, Cupertino, CA 95014	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D18	Cupertino Library	10800 Torre Avenue, Cupertino, CA 95014	24/7
D19	21000 Seven Springs Pkwy, Cupertino, CA 95014	Westmont Ave, Campbell, CA 95008	TBD
D20	Saratoga City Hall – City Clerk Office	13777 Fruitvale Avenue, Saratoga, CA 95070	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D20	Saratoga Library	13650 Saratoga Avenue, Saratoga, CA 95070	24/7
D20	West Valley College (@ Fox Center)	14000 Fruitvale Avenue, Saratoga, CA 95070	24/7
D21	Mission College (Student drop off)	3000 Mission College Blvd, Santa Clara, CA 95054	24/7
D23	Santa Clara City Hall – City Clerk Office	1500 Warburton Avenue, Santa Clara, CA 95050	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D23	Santa Clara County Traffic Court	1095 Homestead Road, Santa Clara, CA 95050	24/7
D24	Central Park Library	2635 Homestead Road, Santa Clara, CA 95051	24/7
D25	Dwight D Eisenhower Elementary School	277 Rodonovan Drive, Santa Clara, CA 95051	24/7
D27	Campbell City Hall – City Clerk Office	70 N. First Street, Campbell, CA 95008	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D27	Campbell Library	77 Harrison Avenue, Campbell, CA 95008	24/7
D28	Monte Sereno City Hall – City Clerk Office	18041 Saratoga/Los Gatos Road, Monte Sereno, CA 95030	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D29	Los Gatos Library	100 Villa Avenue, Los Gatos, CA 95030	24/7
D29	Los Gatos Town Hall – City Clerk Office	110 E. Main Street, Los Gatos, CA 95030	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D30	Milpitas City Hall – City Clerk Office- 1st Fl.	455 E. Calaveras Blvd, Milpitas, CA 95035	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes
D31	Milpitas Unified School District	1331 E. Calaveras Blvd, Milpitas, CA 95035	24/7
D32	Milpitas Library	160 N. Main Street, Milpitas, CA 95035	24/7
D33	Alviso Branch Library	5050 N. Main Street, San Jose, CA 95002	24/7
D34	Orchard School District	921 Fox Lane, San Jose, CA 95131	24/7
D36	Hostetter Park and Ride	North Capitol Ave @ Camino Del Rey	24/7
D37	Berryessa Library	3355 Noble Avenue, San Jose, CA 95132	24/7
D38	Rose Garden Library	1580 Naglee Avenue, San Jose, CA 95126	Ika-8 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi, Lunes-Biyernes
D39	Santa Clara County Superior Court	191 N. First Street, San Jose, CA 95113	24/7
D40	Santa Clara County – 1st Fl.	70 W. Hedding Street, San Jose, CA 95110	Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes-Biyernes


APENDISE D - MGA IMINUMUNGKAHING LUGAR NG DROP-BOX NG BALOTA

D41	Educational Park Branch Library	1772 Educational Park Drive, San Jose, CA 95133	24/7
    - b. Dumalo: Nagpahayag ng inaalala sa panahong maaaring kailangang alisin sa iskedyul ng komunidad.
      - i. Tauhan ng ROV: May potensyal na ang paggamit ng isang sentro ng komunidad o ibang pasilidad na nakasentro sa komunidad ay maging dahilan ng pagkansela ng mga pampublikong klase o pulong nang hanggang sampung araw. Ang ROV, sa kasong ito, ay titingin sa nakabase sa komunidad na mga organisasyon (CBO) upang malaman kung makapagpahiram ang mga ito sa county ng isang gusali na hindi gaanong maaapektuhan ng mga iniaatas ng VCA.
    - c. Dumalo: Ano ang masasabi tungkol sa mga aklatan, paaralan, o simbahan? Hindi ba ang mga ganitong uri ng lugar ay nasa bawat lunsod?
      - i. Tauhan ng ROV: Ang ROV ay gumamit ng mga aklatan, simbahan at paaralan sa nakaraan, pero may mga bagong limitasyon sa pagpapatupad ng VCA. Halimbawa, ang ROV, kapag lumalapit sa mga ganitong uri ng pasilidad, ay binibigyan ng akses sa mga silid na maraming pinanggagamitan. Ang mga silid na ito ay maaaring gamitin para sa iba't ibang aktibidad, pagkain, at marami pa. Sa nakaraan, ang mga iskedyul na ito ay magagambala para sa isang araw lamang. Sa VCA, ang mga pasilidad na ito ay mas atubiling magbigay ng mga espasyo na maaapektuhan nang hanggang 10-15 araw (kabilang ang pagtatayo at paggiba). Sa mga inaalala para sa mga lugar ay kabilang ang: Kaligtasan (sa mga paaralan, sa pagkakaroon ng akses ng publiko; ang isang bukas na kampus para sa gayong mahabang panahon), mga programa, gastos, mga salungatan sa panahon ng pagbubukas/pagsasara, atbp. ay nagpapakita ng mga hamon sa pagtatag ng mga Sentro ng Pagboto, pero ang ROV ay patuloy na titingin sa mga opsyong ito.
    - d. Dumalo: Nagpahayag ng pag-aalala sa pag-anunsiyo ng mga bagong lugar ng mga Sentro ng Pagboto laban sa mga naunang lugar ng botohan.
      - i. Dumalo: Ang ROV ay dapat gumamit ng mga dating lokasyon ng mga lugar ng botohan bilang punto ng pagsisimula para sa mga lugar ng Sentro ng Pagboto.

- ii. Tauhan ng ROV: Ang anunsiyo ay magiging bahagi ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP), at ikalulugod ng ROV ang anumang mungkahi kung saan matatagpuan ang mga pinakamahasay na lugar upang mag-anunsiyo sa komunidad.
  - iii. Dumalo: Mga mungkahi upang magtangkang magtrabahong kasama ng mga awtoridad sa edukasyon.
  - iv. Dumalo: Maaaring kausapin ng mga CBO ang mga lupon ng paaralan upang bigyang-diin ang suporta sa paggamit ng mga paaralan bilang mga lugar ng Sentro ng Pagboto.
  - v. Dumalo: Sikaping palahukin ang mga estudyante at ang lokal na komunidad sa mga Sentro ng Pagboto (mga tauhan, mga magboboluntaryo, atbp.)
  - vi. Dumalo: Pagsikapan na itaguyod sa komunidad ang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng halalan, laban sa potensyal na pagkawala ng mga klase sa komunidad.
- e. Dumalo: Nagpahayag ng pag-aalala sa mga heograpikong lokasyon; paano lalagyan ng espasyo ng ROV ang mga Sentro ng Pagboto upang matiyak na ang bawat lugar ng komunidad ay wastong napaglilingkuran.
- i. Tauhan ng ROV: Isinasaalang-alang ng ROV kung aling komunidad ang pinakamahasay na mapaglilingkuran ng bawat Sentro ng Pagboto, kasama ng kapal ng populasyon, at ng iniaatas na mga pamantayan ng VCA para sa mga Sentro ng Pagboto. Tinitingnan ng ROV ang lahat ng bagay, kabilang ang mga iniaatas ng VCA, at ang isyu sa renta sa lugar (dahil gusto naming rentahan ang aming mga espasyo para sa mas matagal na panahon, hindi isang araw lamang gaya ng dati), at kung ano ang mga kailangan ng komunidad.
  - ii. Tauhan ng ROV: Ginawa ang pagtukoy sa 50K na mapa na iniharap ng Dibisyon sa Pagmapa ng GIS.
  - iii. Tauhan ng ROV: Ang bagong modelo ng VCA ay hindi limitado sa mga presinto na tulad ng nakaraan.
- f. Dumalo: Paano ang paglapit sa malalaking kompanya na handang buksan ang kanilang kampus upang maging isang Sentro ng Pagboto?
- i. Dumalo: Dapat subukan ng ROV na kontakin ang mga kagawaran ng PR ng mga kompanya (halimbawa ang Google, Apple).
  - ii. Dumalo: Ang pakikipagtulungan sa isa't isa ay makakatulong sa imaheng parehong partido.
  - iii. Tauhan ng ROV: Malugod na tinatanggap ng ROV ang pagkakataon pero ang mga iniaatas (pinakamahalaga, ang akses ng publiko) ay dapat pa ring matugunan gaya ng iniaatas ng VCA at ang kompanya ay dapat na handang makipagtulungan din sa ROV.
- g. Tauhan ng ROV: Mayroon bang mungkahi tungkol sa mga drop-box at lugar?
- i. Dumalo: Pumapayag ang Lunsod ng Gilroy na maglagay ng mga drop-box sa loob AT labas ng mga lugar na tulad ng Tanggapan ng Lunsod para sa mas madaling akses ng komunidad.
  - ii. Dumalo: Makakatulong na tiyakin na ang mga drop-box ay inaalisan ng laman nang palagian upang matiyak na laging may espasyo para sa mga balota. Mas malaking mga kahon? Dalawang kahon? Atbp.
  - iii. Tauhan ng ROV: Ang mga drop-box ay may mga pamantayan tulad ng dapat na madaling magamit ang mga ito ayon sa ADA, madaling magamit ng publiko, maayos na naiilawan, matatagpuan sa isang ligtas na lugar, madaling makita, nangangailangan din ng isang partikular na bilang ng mga kahon kada bilang ng mga nakarehistrong botante.

- iv. Dumalo: Maaaring gamitin ang mga lugar para sa drop-off ng sulat ng tanggapan ng koreo para sa mga drop-off ng balota.
- v. Dumalo: Gamitin ang drive-up drop-boxes kung saan posible.
- h. Dumalo: Mga posibilidad ng naililipat na Sentro ng Pagboto?
  - i. Tauhan ng ROV: Isinasaalang-alang pa rin kung ang ROV ay magkakaloob ng naililipat na Sentro ng Pagboto. Ang ganitong uri ng Sentro ng Pagboto ay hindi iniaatas pero magiging paksa pa rin ng mga talakayan.
  - ii. Tauhan ng ROV: Kung makakapaglagay ang ROV ng mga Sentro ng Pagboto sa mga angkop na lugar, malamang na hindi na kailanganin ang naililipat na Sentro ng Pagboto.

#### V. **Accessibility ng Wika**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkuha ng mga opisyal sa halalan na may dalawang wika.

##### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Magkakaroon ba ang mga Sentro ng Pagboto ng mga tagasalin sa lugar o 'matatawagan' sa telepono?
  - a. Tauhan ng ROV: Posible, pareho. Ang mga manggagawang may dalawang wika ay maaaring magsalin gaya ng kailangan at gamitin kung saan posible, at ang mga matatawagang serbisyo ay iaalay sa lahat ng lugar ng Sentro ng Pagboto kapag ang mga tauhan ay hindi makapagkaloob ng tulong sa wika. Ang hangarin ng ROV ay hindi bababa sa apat na pederal na ipinag-uutos na wika ang masuportahan ng mga tauhang may dalawang wika sa bawat Sentro ng Pagboto, kung hindi, tutumbukin namin ang mga angkop na Sentro ng Pagboto na pinakamabisang mapaglalaman ng tauhang may dalawang wika. Tinutumbok ng ROV ang mga komunidad ng wika para sa mga pulong ng EAP para sa mga obserbasyon na nauukol sa anumang mga inaalala sa wika. Ang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) ay nilikha upang partikular na tugunan ang mga pangangailangan at inaalalang pangwika para sa obserbasyon. Ang mungkahi ng komiteng ito ay isasaalang-alang din sa paglikha ng EAP.
2. Dumalo: Tatanggap ba ang mga tagasalin ng pagsasanay na katulad sa mga tauhan o boluntaryo?
  - a. Tauhan ng ROV: Ang ROV ay hindi partikular na kumukuha ng mga tagasalin para sa mga Sentro ng Pagboto. Ang mga tauhang may dalawang wika ay sesertipikahan upang maglingkod bilang mga tagasalin din. Sila ay umaakto bilang isa.
  - b. Dumalo: Mayroon bang takdang panahon para sa pagkuha ng tauhang ito na may dalawang wika?
    - i. Tauhan ng ROV: Ang pagkuha ay laging patuloy. Mayroon din kaming listahan ng mga tauhan na lagi naming ginagamit sa nakaraan upang tumulong sa pagkuha ng tauhan.
    - ii. Tauhan ng ROV: Ang pagkuha ng mga tauhan ng Sentro ng Pagboto ay malamang na mangyari sa sandaling makakuha ang ROV ng sapat na mga pasilidad ng Sentro ng Pagboto. Sa ngayon, mula sa 500 pagtatanong, ang ROV ay nakatagpo ng humigit-kumulang na 25 lugar, pinatutunayan ang mga hamon na kinakaharap namin sa pagsisikap na makatagpo ng mga angkop na Sentro ng Pagboto. Ito ang dahilan kung bakit kailangan namin ang tulong ng publiko.

3. Dumalo: Ang ROV (at LAAC) ay handa bang pumunta sa mga lokal na organisasyong pangkomunidad, dahil ang mga ito ay maaaring hindi makakapunta sa ROV?
  - a. Tauhan ng ROV: Totoo iyan. Bilang karagdagan sa LAAC at Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC), ang ROV ay nagtatag ng isang hindi iniaatas ng VCA na Koalisyon sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOC) upang pangunahan ang pakikipag-ugnayan nang direktso sa mga lokal na komunidad.
  - b. Tauhan ng ROV: Ang VEOC ay nakalaang tumulong sa mga organisasyon at ibang mga lugar ng mga komunidad upang ikalat ang tungkol sa VCA at ang mga pagbabagong darating sa County ng Santa Clara. Ang koalisyong ito ay nagsimulang magsikap na makipag-ugnayan sa iba't ibang CBO, lider ng komunidad, at komite sa county upang umpisahan ang prosesong ito..
  - c. Tauhan ng ROV: Ang EAP ay nagkakaloob din ng mga pulong sa lahat ng wikang ipinag-uutos ng pederal na pamahalaan at ng estado sa buong county sa pagsisikap na maabot ang iba't ibang komunidad para sa mungkahi. Ang buong publiko ay makakadalo sa Pagdinig sa EAP sa ika-30 ng Agosto, 2019 para sa anumang huling mga susog bago aprubahan ng Kalihim ng Estado ang EAP sa County ng Santa Clara.
  - d. Tauhan ng ROV: Ang mga katitikan ng LAAC at VAAC, gayon din ang mga katitikan para sa mga pulong ng EAP ay makukuha online.
4. Dumalo: Ang Gilroy ay isang komunidad na karamihan ay nagsasalita ng Espanyol na mangangailangan na pagtuunan para sa ispesipikong komunidad na iyon.
  - a. Dumalo: Ang ROV ay dapat makipag-ugnayan sa mga organisasyong pangmasa para sa mga karagdagang tagatulong sa komunidad.
    - i. Dumalo: Pagtuunan lalo ang silangang bahagi ng Gilroy para sa Espanyol, lalo na. Alamin ang akses sa pampublikong transportasyon. Ang lugar na ito ay hindi napag-ukulan ng pansin sa nakaraan at gusto ng Klerk ng Lunsod ng Gilroy na tiyaking kalahok ang buong Lunsod.
  - b. Tauhan ng ROV: Sinumang ibang mga kontak sa pakikipag-ugnayan ay maaaring isumite sa website ng ROV.
5. Dumalo: Ang Sunnyvale ay nasa proseso ng muling pagdidistributo at may mahahalagang tagatulong na maibabahagi sa ROV.

#### VI. **Accessibility ng Pagboto**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota.

##### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Ang mga drop-box ay dapat na madaling magamit ng nagmamaneho at naglalakad. Ang mga mapipiling drive-up ay maaaring makalutas sa mga problema sa pagparada.
  - a. Dumalo: Ang mga isang-direksiyong kalye/mga kalyeng nahati sa gitna ay dapat magkaroon ng isang dalawang-panig na drop-off.
  - b. Dumalo: Ang mga drop-box ng balota sa drive-up ng tanggapan ng koreo ay maaaring ilagay sa tabi ng mga drive-up mailbox na naroon na.
  - c. Accessibility ng Pagboto: Ang mga Sentro ng Pagboto ay magsisilbi ring mga lugar ng drop-box.
  - d. Tauhan ng ROV: Ang ROV ay patuloy na gagamit ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM), na nagpapahintulot sa ROV na magpadala ng isang link sa isang protektadong balota sa email ng botante. Kasunod ay magagawa

ng botante na ilimbag ang balota at kumpletuhin ito sa pribado, independiyenteng espasyo sa kanilang sariling tahanan at ipadala ito sa opisina ng ROV (hindi ito maaaring isumite sa paraang elektroniko).

## VII. **Mga Oportunidad sa Pakikipag-ugnayan**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahasag na paraan at maipalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Posibleng lumikha ng mga anunsyong animasyon para sa mga sinehan (mga maagang pagpapakita) o mga anunsiyo sa TV; gamitin ang mga channel ng pamahalaan, mga website ng lunsod, mga newsletter ng lunsod, Nextdoor app, pakikipagtulungan sa iba't ibang distrito o mga miyembro ng konseho upang mag-anunsiyo, bilang karagdagan sa social media.
  - a. Dumalo: Lumikom ng pondo upang punuan ang mga puwang sa badyet para sa anunsiyo.
  - b. Dumalo: Tunay na makipagtulungan sa mga kandidato, dahil ang pagpapatupad ng VCA ay tuwirang nakakaapekto sa kanila.
2. Dumalo: Humiling ng mga iniaabot (digital na format at mga papel na kopya) para sa mga lunsod/CBO/kandidato upang ipasa o ipadala nang direktso sa komunidad.
3. Dumalo: Mga mungkahi ng Gilroy para sa pakikipag-ugnayan:
  - a. Magpadala ng mga postcard sa mga lunsod
  - b. Bisitahin ang mga pulong ng konseho, posibleng may presentasyon
  - c. Gilroy Today
  - d. Pahayagan ng Gilroy Morgan Hill
  - e. Walang mga lokal na istasyon ng radyo sa Gilroy
  - f. Mercury News
  - g. Gilroy Garlic festival (huling araw ng Sabado at Linggo sa Hulyo)
4. Dumalo: Ang mga pulong ng konseho ng Sunnyvale ay karaniwang nagtataglay ng "hindi nagagamit" na oras bago simulan ang mga pulong, maaaring magamit ng ROV ang oras na ito upang magpakita ng impormasyon, PowerPoint at/o isang PSA sa loop. Ito ay maaaring gumana para sa mga channel ng lokal na pamahalaan o mga pagpapadaloy rin ng pulong ng lokal na pamahalaan.
  - a. Dumalo: Kolehiyo ng komunidad/Radyo ng unibersidad/pahayagan
    - i. Vince Larkin (Radio, Stanford)
  - b. Dumalo: Kapag ang ROV ay nakipag-ugnayan sa mga paaralan/lupon/distrito/kandidato, ipagunita sa kanila na ang ROV ay tumutulong sa kanila na makaganap sa mga halalan.
  - c. Dumalo: WeChat (Maraming pinaggagamitan na Tsinong aplikasyon sa pagmensahe at social media) WhatsApp, iba't ibang grupo sa Facebook, atbp. para sa mga target na wika.





Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan sa Pulong ng Pagsangguni sa Accessibility**

Santa Clara County Government Center  
70 West Hedding Street, San Jose, CA  
Room 157  
Huwebes, Ika-13 ng Hunyo, 2019  
Ika-5 ng hapon hanggang ika-7 ng gabi

**Mga Dumalo:**

Tatlong miyembro ng publiko, isang kinatawan mula sa Silicon Valley at Home, at isang tagasalin ng wika para sa ASL

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Vanessa Hamm, Andrea Solorio, Michael Borja, Magdalena Sta Maria, Priscilla Favela, Janora Davis, Allen Ocampo, Robert Weidlin, Linh Nguyen, Virginia Bloom, Michelle Tran, Christina Rivera, Adrian Garcia, Paulo Chang, Alfred Gonzales, Eric Kurhi, Jacob Salazar, Rachel Jung, Smita Shah, Liz Oviedo, Chipo Mulenga

**Mga Bagay para Gawin:**

- I-email sa dumalo ang listahan ng Lugar ng Botohan mula sa halalan ng Nobyembre
- Padalhan ang dumalo ng isang listahan ng lahat ng email ng mga tagapamahala

**I. Mga Panimula**

*Maligayang pagbati sa mga dumalo*

**II. Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act**

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ngayon ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o magkaroon ng hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto.

*Ang Presentasyon tungkol sa VCA ay ipinakita.*

**III. Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan kung paano ipatutupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at bubuuin kasama ng mungkahi mula sa komunidad.

*Pangkalahatang-tanaw sa mga petsa, tagatulong, at layunin*

**IV. Pagpili ng Sentro ng Pagboto/Drop-box**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga Sentro ng Pagboto at mga lugar ng drop-box. Ang mga Sentro ng

Pagboto ay kinakailangang madaling mapupuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na makapagserbisyo sa mga botante ng County ng Santa Clara.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Tauhan ng ROV: May mga lugar ba na may mga problema sa accessibility na mairerekomenda ng sinuman?
  - a. Dumalo: Ang kinatawan mula sa Silicon Valley at Home ay sinabihan ng opisina ng tagapamahala ng Lunsod ng San Jose upang makipag-ugnayan sa ROV upang magtrabaho para sa potensyal na mga Sentro ng Pagboto at mga lugar ng drop-off; nakipag-ugnayan sa mga tagapagtayo ng pabahay upang malaman kung sila ay may mga iniaatas sa pagiging karapat-dapat. Nagtanong tungkol sa isang interesadong pagpapatayo ng pabahay. Maaaring kailangang palawakin ang saklaw mula sa Lunsod ng San Jose lamang patungo sa Hilaga at Timog ng County. Mula sa kanilang pananaw, ang kakayahang makipag-ugnayan sa mga residente sa sumusuportang pabahay at mga pagtatayo ay mahalaga. Siya ay nagtatrabaho pa rin sa paghahanap ng mga lugar, potensyal na mga puwang, at may interes sa lapit ng mga lugar na mahihirap. Para sa pagdaragdag ng paglahok ng botante, maaaring ang paghahanap ng mga ispesipikong presinto at mga kodigo postal na karaniwang mababa ang paglahok ng botante. Ang pagbisita sa mga lugar na ito at pagpunta sa kanilang mga komunidad at mga ginaganap ay maaaring makatulong sa pagtaas ng paglahok ng botante. Mayroon ka bang listahan ng isang komprehensibong mapa/listahan ng mga dating lokasyon ng Lugar ng Botohan?
  - b. Tauhan ng ROV: Salamat sa mahuhusay na rekomendasyon tungkol sa mga Lugar ng Botohan. Ipapadala namin ito sa iyo sa pamamagitan ng email.
2. Dumalo: Ano ang mga pamantayan sa likod ng mga Naililipat na Sentro ng Pagboto?
  - a. Tauhan ng ROV: Ang ilang county ay gumagamit ng mga ito, ang ilan ay hindi. Ang mga Naililipat na Sentro ng Pagboto ay karaniwang ginagamit sa mga county na maraming lupa, pero hindi gaanong marami ang mga botante. Gayunman, ito ay isang bagay na dapat isaalang-alang ng ROV. Kung kailangan, dadalhin namin ang lahat ng materyal at isasaayos ito sa isang lokasyon kung saan hindi namin magawang magkaloob ng isang Sentro ng Pagboto.
3. Dumalo: Basahin ang isang pag-aaral sa Unibersidad ng Rutgers noong 2016: Ang karamihan ng mga taong may kapansanan na tumatanggap ng balota sa koreo ay hindi ginagamit ito. May isang listahan ng mga dahilan kung bakit ito ay naglalaman ng tungkol sa pangangailangan ng pakikipag-ugnayan upang ipaliwanag ang balota (ginagamit ang social media o ibang mga paraan ng pagbibigay ng kaalaman). May nagsabi na ang kakayahang maunawaan at mabasa ang balota ay tumutulong na palakasin ang paglahok. May dalawang pangunahing bagay, ang isa ay paghimok na bumoto ang mga tao, at ang isa ay pagtugon sa mga pangangailangan ng mga taong nagpunta upang bumoto. Ano ang iyong mga prayoridad ngayon? Accessibility at gawing mas malawak ang pagboto?
  - a. Tauhan ng ROV: Totoo, alam mo ba ang Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM)? Tayo ay may RAVBM na magagamit online ng militar, nasa ibang bansa, at may mga kapansanang botante. Magagawang i-download ng mga botante ang kanilang balota mula sa tahanan mula sa isang link na ipinadala sa email, ilimbag ang balota, at ipadala ito pabalik sa ROV sa pamamagitan ng koreo. Ang mga tagubilin ay ipinagkaloob tungkol sa kung paano gagawin ang proseso ng RAVBM. Ang ROV ay magkaloob din ng madaling magamit na mga Kagamitan sa Pagmarka ng Balota sa bawat Sentro ng Pagboto.

- b. Tauhan ng ROV: Ang paglahok ng botante ay umaasa rin sa edukasyon ng County. Bahagi ng plano ang patuloy na pagsisikap para sa pakikipag-ugnayan at paghahanap ng mga kasama, upang makaya nating bigyan ng kaalaman ang County sa pamamagitan ng Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOC). Gayon din, tayo ay may programang “Pagsasanay sa Tagasanay,” kung saan pupunta kami sa mga komunidad at tuturuan ang mga miyembro ng publiko o mga organisasyon tungkol sa kung paano bibigyan ng kaalaman ang mga kapwa miyembro tungkol sa VCA.
  - c. Dumalo: Ang pag-aaral ay nagpakita na may napakalaking populasyon na sa kabila ng mga opsyong ipinagkaloob, ay nangangailangan ng mungkahi upang makaunawa at marami sa mga ito ay mas gustong pumunta sa Lugar ng Botohan upang personal na humingi ng tulong.
  - d. Tauhan ng ROV: Oo, ikinalulugod ko ito. Tayo ay may mga Sentro ng Pagboto na mabibisita at sila ay hindi na lilimitahan sa isa lamang Lugar ng Botohan. Kami ay may mga Opisyal sa mga Halalan, at ibang mga tauhan na makakatulong din. Mag-aanunsiyo kami at ipahahanda rin ang Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Magkakaroon din tayo ng impormasyon tungkol sa accessibility sa pamamagitan ng telepono. Maraming salamat para diyan! May mga ideya ba kayo para sa mga lokasyon o anumang partikular na lugar na maaaring may iba pang mga taong may kapansanan na sa palagay ninyo ay kailangan naming pagtuunang-pansin?
  - e. Dumalo: Ang komunidad ng may kapansanan ay matatagpuan sa iba’t ibang pasilidad ng paninirahan at mga sentro ng tulong, at alam ninyo ito, pero patuloy naming titingnan din ito.
4. Dumalo: Ilan ang ating Lugar ng Botohan noong isang taon? Dadagdagan ba natin ang mga ito?
- a. Tauhan ng ROV: Mayroon tayong 849 na presinto ng pagboto nitong nakaraan pero sa ilalim ng VCA, ang bilang na iyon ay magiging mas mababa. Magkakaroon tayo ng mga 25 Sentro ng Pagboto para sa 11 araw (10 araw bago ang, at Araw ng Halalan), nangangahulugan ng isang Sentro ng Pagboto para sa 50,000 botante, at magdagdag ng 100 Sentro ng Pagboto para sa 4 na araw (3 araw bago ang, at Araw ng Halalan), isang Sentro ng Pagboto para sa 10,000 botante. Umaasa kami ng higit sa isang milyong botante sa susunod na taon, at naglalayon kaming magkaloob ng mga karagdagang Sentro ng Pagboto kaysa iniaatas ng batas. Ang aming Dibisyon sa Pagmapa ng GIS ay nagtatrabaho sa paghahanap ng mga lugar para sa ating mga Sentro ng Pagboto sa pamamagitan ng pag-iisa-isa ng 14 na pamantayan kasama ng bilang ng mga nakarehistrong botante. Ang bilang ng mga Sentro ng Pagboto na kapantay ng mga Lugar ng Botohan ay hindi masyadong mahalaga habang lumilipat tayo sa VCA dahil makakaboto kayo kahit saan ninyo gusto o kung saan pinakamaginhawa sa inyo. Totoo na ang ilang tao ay maaaring kailangang maglakbay nang mas malayo upang makarating sa isang Sentro ng Pagboto mula sa kanilang tahanan, pero sila ay may opsyon ngayon na magkaroon ng hanggang 11 araw upang pumunta sa isang Sentro ng Pagboto sa kanilang pahinga para sa tanghalian, sa kanilang lugar ng trabaho, o sa tabi ng paaralan ng kanilang mga anak, atbp.
5. Dumalo: Mayroon bang pagkakaiba sa isang Lugar ng Botohan at isang Sentro ng Pagboto?
- a. Tauhan ng ROV: Ang mga Lugar ng Botohan ay pinalitan ng pangalan upang maging mga Sentro ng Pagboto, bilang karagdagan sa pagdaragdag ng maraming serbisyong ipinagkakaloob sa bawat lugar. Ang bawat Sentro ng Pagboto ay maglilingkod din sa isang mas malaking lugar.
  - b. Dumalo: Hindi ito ilalagay sa isang garahe tulad noon?

- c. Tauhan ng ROV: Hindi na. Ang VCA ay may mga iniaatas para sa bawat Sentro ng Pagboto, kabilang ang sukat, nakahandang paradahan, pagsunod sa ADA, at seguridad. Magkakaroon ng 3-5 beses na mas maraming kagamitan at mas maraming taong bibisita sa bawat sentro. Kami ay nakikipagtulungan sa mga tagapagpaunlad at lunsod upang makahanap ng sapat at madaling gamiting mga Sentro ng Pagboto. Kami ay may isa ring listahan ng higit sa 500 potensyal na sentro na isinaalang-alang, pero sa ngayon iilan lamang ang may mga pangangailangang iniaatas para sa VCA, bilang karagdagan sa kahandaang kailangan natin. Gusto namin ang anumang mga mungkahi upang mataya ng ROV ang mga ito bilang isang potensiyal na Sentro ng Pagboto.
6. Dumalo: Kaya, ang ideya ay isang malaking Sentro ng Pagboto para sa bawat 10,000 botante?
    - a. Tauhan ng ROV: Oo, pero magsisimula lamang sa Sabado bago ang Araw ng Halalan (humigit-kumulang na 100 4-na-araw na mga Sentro ng Pagboto). Mula sa karanasang natipon mula sa ibang mga county, halos hindi magkakaroon ng mga pila sa unang linggo, at ang pagdalo ay dadami simula sa araw ng Sabado at Linggo bago ang Araw ng Halalan. Mangangailangan ng ilang panahon para masanay ang mga botante sa pagbabago, pero karaniwang, darating sila upang samantalahin ang 11-araw na panahon para bumoto.
  7. Dumalo: Bawat halalan, bago ang ikatlo o ika-apat na linggo, ang ROV ay magpapadala ng halimbawang balota at mga tagubilin kung saan tayo dapat pumunta. Magkakaroon ba ng katulad ng listahan ng lahat ng Sentro ng Pagboto?
    - a. Tauhan ng ROV: Ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County (CVIG) ay magsasama ngayon ng isang listahan ng lahat ng Sentro ng Pagboto, kasama ng kani-kanilang mga oras. Ang Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na natatanggap sa koreo ay magkakaroon din ng listahan ng mga Sentro ng Pagboto at ng kani-kanilang mga oras ng operasyon. Ang kaparehong listahan ay ilalagay din online.
  8. Dumalo: Sa mga iniaatas na lokasyon ng lugar tulad ng lapit sa pampublikong transportasyon, ang mga komunidad ng minoriya sa wika, mga komunidad na maliit ang kita, atbp., ang pinag-uusapan natin ay tungkol sa pantay na proseso ng paglahok sa proseso, gayon din ang pagtatrabaho sa mababa ang paglahok ng botante sa mga komunidad – palagay ko ay isa itong prayoridad para sa atin, kapag tinitingnan ang mga hakbang sa pabahay, upang pagtuunan ang mga lugar na malamang bumoto laban sa mga presintong mas mayaman, at tanggihan ang mga pagtatayo ng pabahay. Samakatuwid, kailangan naming magtaguyod sa mga komunidad na tulad nito at tiyakin na ang mga komunidad na ito ay madali ang pagboto. Hindi ko alam kung nagawa mong makipag-ugnayan sa ilang organisasyon na tulad ng nasa Silangang San Jose, sa tabi ng Monterey Road. Hihimukin ko kayo na makipag-ugnayan sa kanila; mga organisasyong tulad ng Alum Rock Organization o Mayfair at tingnan kung ang mga botante ay handang maglakbay mula sa isang lugar patungo sa iba. Gayon din, upang malaman kung saan sila pumapayag pumunta. Ang mga miyembro ng Kapisanan ng Kapitbahayan ay makakapagbigay ng impormasyon tungkol sa kung saan at hanggang saan handa silang maglakbay para bumoto. Masaya kami at handang tumulong na mag-umpisa o mag-organisa ng mga pag-uusap na ito at mga kaganapan at imbitahan ang ROV.
  9. Dumalo: Kami ay may isang kapatid na organisasyon na tinatawag na The Nonprofit Housing Association of Northern California na may isang modelong tinatawag na “Resident Engagement” na nagsasanay ng mga tagasanay upang magtrabahong kasama ng mga tagapagpaunlad sa lugar tungkol sa edukasyon para sa pagpaparehistro ng botante sa mga lugar ng pagpapaunlad. Kahit na hindi kayang magkaroon ng isang Sentro ng Pagboto sa isang partikular na pagpapaunlad, mapapapunta natin ang ROV

upang gumawa ng isang sesyon ng presentasyon/impormasyon para sa mga residente upang bigyan sila ng kaalaman at hayaan silang magkaroon ng kamalayan sa lahat ng pagbabagong parating. Maraming botanteng gustong makakuha ng kaalaman nang may mga di-partidistang pananaw, sa halip na manggaling sa mga kandidatong naghahangad mahalal. Magiging masaya kaming iugnay din ang ganitong uri ng kaganapan sa ROV.

- a. Tauhan ng ROV: Oo, at interesado ba kayo sa Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante? Makakapunta kami sa inyong mga organisasyon upang bigyan ng kaalaman ang publiko. May mga pagkakataon tayo para sa isang paglahok ng residente upang “sanayin ang mga tagasanay”. Maaari tayong kumonekta sa mga tagapagpaunlad at imbitahan ang ROV upang gumawa ng mga presentasyon.
10. Dumalo: Ang Silicon Valley Counsel of Nonprofits ay isang organisasyon na nagsasagawa ng maraming serbisyo. Hinihimok ko ang ROV na makipagtulungan sa Silicon Valley Counsel of Nonprofits dahil sa malawak na naabot ng mga ito sa komunidad at samantalain ang balangkas ng paghahatid ng serbisyo.

## V. Accessibility ng Wika

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba’t ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkuha ng opisyal sa halalan na may dalawang wika.

### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Tauhan ng ROV: Dati ay target namin ang mga komunidad ng wika batay sa mga presinto at mga itinalagang gustong wika ng mga nakarehistrong botante. Ang aming layunin para sa VCA, kung posible, ay upang magkaloob ng tulong sa wika para sa bawat isa sa walong sinusuportahang wika sa bawat Sentro ng Pagboto. Mayroon bang anumang obserbasyon tungkol sa tulong sa wika o mga komunidad ng wika na dapat nating malaman?
  - a. Dumalo: Magkakaroon ba ng pinakamababang isa sa bawat wika sa bawat Sentro ng Pagboto? Tulad ng 120 tauhan na nagsasalita ng Biyetnamis, nagkaloob ng isa para sa bawat Sentro ng Pagboto?
  - b. Tauhan ng ROV: Sa pinakamababa, gusto naming magkaroon ng isang tauhan ng bawat wika sa bawat Sentro ng Pagboto. Ang hamon ay kumuha ng tauhan na nakahandang magtrabaho para sa 4 hanggang 11 araw, kasama ang pagtiyak ng sertipikasyon sa wika. Kailangan naming kumuha ng higit sa pinakamababa kung sakaling magkaroon ng huling-minutong pag-iskedyul ng mga salungatan o mga pagkansela din. Isa ring hamon na kumuha para sa mga wika na mayroong mas maliit na mga komunidad sa County ng Santa Clara. Ang ilang tauhan ay maaaring hindi makapagtrabaho sa lahat ng 4 o 11 araw, kaya sa katunayan ay kukuha tayo ng mas marami kaysa mga pinakamababang iniaatas. Ang mga tauhanang kinuha para sa mga Sentro ng Pagboto ay tatanggap ng kaparehong pagsasanay, ibig sabihin ay hindi magkakaroon ng mga tagasalin ng wika, kundi mga tauhanang may dalawang wika.
  - c. Dumalo: May isang serbisyo na hindi magastos kung saan makakatawag ka sa isang cellphone kung saan makakapili ka ng isang wika at makakatanggap ng tawag sa telepono.
  - d. Tauhan ng ROV: Mayroon kaming serbisyong pagsasalin sa telepono na nakahanda na upang tawagan kung hindi kami makapagkaloob ng suporta sa wika nang personal.

## VI. Accessibility ng Pagboto

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota.

1. Tauhan ng ROV: mag-aanunsiyo ng accessibility ng VCA at mga Sentro ng Pagboto. Ang mga kagamitang madaling magamit para sa independiyente at pribadong pagboto ay makukuha rin sa bawat Sentro ng Pagboto. May mungkahi ba tungkol sa accessibility?
  - a. Dumalo: May dalawang bagay: Naroon ang letra ng batas at pagsunod sa ADA, tulad ng gaano kalaki ang kailangang mga pintuan. Naroon din ang paraan na pinagtibay ang ADA sa diwa, may pagka-esoteriko nang kaunti, pero ito ay nasa paraan na ang mga tao ay mabait at handa para sa maraming magkakaibang kapansanan. Kapag ang mga tao ay nagpakita, dapat tiyakin ng mga tauhan na natutugunan ang kanilang mga pangangailangan. Sa isang naunang pulong, nabanggit na magkakaroon ng mga tagabati na malugod na tatanggap sa mga botante at sila ay kailangang maging handang tumulong sa mga taong bingi o nahihirapang makarinig o umasa na may isang taong mahina ang paningin. Ang aking mga kamag-anak ay gumugugol ng mga buwan sa paghahanda ng halalan. Ang kanyang mga kaibigan ay tumatawag na gusto ng kanyang tulong. Ang pag-asa sa lahat ng uri ng botante ay mahalaga. Bawat taon sa buwan ng Hulyo ay Pambansang Linggo ng Pagpaparehistro ng Botanteng May Kapansanan (NDVRW), baka dapat kayong pumunta sa ibang mga pulong ng Konseho ng Lunsod at magbigay ng mga pampublikong komento at magtaguyod ng kamalayan. Ang bilang ng mga taong nakadarama na ang kanilang mga pangangailangan sa pagboto ay hindi matutugunan ay 35 milyon o 1 sa 6 na taong may isang uri o anyo ng kapansanan. Halimbawa, paano mo tinutulungan ang mga taong may dyslexia? Isang bagay lamang na dapat tandaan.
2. Dumalo: Naniniwala ako na maraming organisasyon na nagtatrabahong kasama ng mga tagapagsalita na may iisang wika at naglalayong magkaloob ng obserbasyon sa accessibility. Tulad ng paano nakaapekto sa kanila ang kanilang mga naunang karanasan sa pagboto at ang mga pagbabago sa nakaraan. Ang ROV ay maaaring gumamit ng ilan sa obserbasyong iyon. Lagi kong napapansin ang mga tauhan na may magkakaibang kapasidad sa wika sa inyong mga Lugar ng Botohan, na natatangi. Ang hamon ay magkakaroon ng pagsang-ayon sa pinalawig na dami ng mga araw na mananatiling bukas ang mga Sentro ng Pagboto. Magiging isang hamon ang pag-uugnay at paglikha ng mga iskedyl para sa mga tao.
  - a. Tauhan ng ROV: Tunay na alam namin ang hamong iniharap at nagsisikap na kumuha ng programa sa computer at ibang mga kasangkapang pang-organisasyon upang tumulong sa pag-uugnay ng pagkuha at pag-iskedyul ng mga tauhan ng Sentro ng Pagboto. Ang aming Pangkat ng Pakikipag-ugnayan ay lumalapit sa mga organisasyon, at kahit na hindi pa kami nagkakaroon ng malaking tugon patuloy kaming makikipag-ugnayan sa magkakaibang komunidad. Kami ay may isang kinatawan din mula sa Disability Rights of California na naroon din sa Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC), at isa ring kinatawan mula sa Silicon Valley Independent Living Center na hindi nakarating ngayong gabi.

## VII. Mga Oportunidad sa Pakikipag-ugnayan

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahusay na paraan at maipaalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.



1. Tauhan ng ROV: Tinalakay namin kanina ang tungkol sa pagbibigay ng kaalaman sa publiko tungkol sa mga programa sa accessibility para sa pagboto, tulad ng RAVBM, at pagbibigay ng kaalaman sa publiko tungkol sa pagbabago sa modelo sa pagboto ng VCA. Kami ay lilikha rin ng isang Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOC) na tutulong na bigyan ng kaalaman ang nakabase sa komunidad na mga organisasyon (mga CBO) gayon din ang mga miyembro ng publiko. Gagawin din namin ang isang programang “sanayin ang tagasanay” upang maturuan natin ang mga miyembro ng publiko o mga CBO tungkol sa kung paano magsagawa ng mga presentasyon na nagbibigay ng kaalaman sa kanilang mga kasamahan tungkol sa VCA. Target rin namin ang magkakaibang uri ng anunsiyo sa media, mula sa radyo hanggang telebisyon hanggang sa mga pahayagan. May alam ka bang mga ginaganap o pasilidad na magiging interesado sa ROV upang pumunta at magbigay ng kaalaman tungkol sa pagboto? Mayroon bang mga pagkakataon sa istasyon ng T.V. at anunsiyo na alam mo?
  - a. Dumalo: Abilities Expo. Inirerekomenda na huwag pumunta; ito ay masyadong naging pangkomersiyo.
  - b. Dumalo: Ang radyo ay mahusay para sa mga taong hindi makakita.
  - c. Tauhan ng ROV: Lyon ay isang magandang mungkahi. Gusto rin namin ng obserbasyon kung may mga kontak ka na mababahaginan namin ng aming logo at ibang pang-impormasyon na mga dokumento upang magkaloob sa kanilang mga kasamahan o organisasyon.
  - d. Dumalo: Maaari ka bang magbigay ng impormasyon sa mga kandidato mismo?
  - e. Tauhan ng ROV: Ang mga kandidato ay tumatanggap ng patnubay sa kandidato na nagtuturo kung paano tumakbo at ano ang kakailanganin ng ROV mula mismo sa kandidato. Sa taong ito ang patnubay ay magsasama ng impormasyon tungkol sa paglipat sa modelo ng pagboto ng VCA, at ipasa rin ang kahalagahan ng pagbibigay ng kaalaman sa ating mga botante tungkol sa pagbabago. Umaasa kami na gugustuhin ng mga kandidato na tulungan kaming maikalat ang mensahe dahil sila ay tuwirang apektado.
  - f. Dumalo: Tiyakin na ang mga kandidato ay nagbibigay ng tamang impormasyon sa mga botante. Sa pakikipag-ugnayan sa may iisang wika, ang ilang outlet ay may mga bahaging pang-impormasyon kung saan maaari kang magsalita tungkol sa imigrasyon, tulad ng outlet na radyo, na may kaugnayan sa imigrasyon.
  - g. Dumalo: Alam namin na may isang VAAC ng estado at napag-alaman namin ang tungkol sa ROV VAAC sa pamamagitan ng VAAC ng estado. Ang aking kamag-anak ay may ideyang pumunta sa ibang mga county at makipag-usap sa mga komite ng VAAC; at siya ay mag-uulat pabalik sa ROV. Kailangang malaman muna ng mga tao ang tungkol sa pagbabago at saka ang mga indibidwal na pangangailangan ng iba’t ibang botante.
2. Dumalo: May iba bang mga estado sa bansa na gumawa nito bukod sa California?
  - a. Tauhan ng ROV: Nagpasimula na ang Colorado ng mga halalan na ang lahat ng balota ay ipinakokoreo.
  - b. Dumalo: Kaya ba nating makipag-usap sa ibang mga estado upang makita kung ano ang gumana at hindi gumana?
  - c. Tauhan ng ROV: Oo, magagawa nating makipag-ugnayan sa kanila. Kami ay nakikipag-ugnayan din sa opisina ng Kalihim ng Estado at may buwanang tawag sa telepono na kabilang ang lahat ng county na mayroon o malapit nang magpatupad ng VCA. Ang mga tawag na ito ay para sa pag-uusap tungkol sa kung paano ang magkakaibang county ay nagpasimula ng kanilang sariling VCA, ano ang gumana, ano ang hindi gumana, at ang mga mungkahi sa pagsulong.
  - d. Dumalo: Alam namin na may isang VAAC ng estado at napag-alaman namin ang tungkol sa ROV VAAC sa pamamagitan ng VAAC ng estado. Ako ay nagkaroon ng

- ideyang pumunta sa ibang mga county at makipag-usap sa mga komite ng VAAC; at siya ay mag-uulat pabalik sa ROV. Kailangang malaman muna ng mga tao ang tungkol sa pagbabago at saka ang mga indibidwal na pangangailangan ng iba't ibang botante.
- e. Tauhan ng ROV: Tunay na makakapagtrabaho tayo para diyan, mukhang mahusay.
3. Mayroon bang pagmensahe na dapat tayong pagtuunan, tulad ng kailan natin ipapadala ang mga paunawa sa social media?
    - a. Dumalo: Dapat na madaling malaman ng mga tao na darating na ang pagbabago. Iyon ang unang mensahe na dapat lumabas dahil kailangan ng mga tao na malaman na ang lahat ng ito ay bago. Hayaang malaman nila: “Narito ang kahulugan nito sa iyo, at kung ikaw ay may kapansanan, nakahanda kami para sa iyo!”
    - b. Dumalo: Sa pakikipag-ugnayan, maraming outlet ng radyo – sa partikular, ang mga Espanyol – ay may mga bahaging pang-impormasyon upang magsalita tungkol sa mga pagbabago sa komunidad. Ang isang tao ay maaaring pumunta sa UNIVISION o Telemundo at lumahok sa isang bahaging pang-impormasyon kasama nila. Mayroon ding isang organisasyong tinatawag na Pambansang Kapisanan ng mga Latinong Opisyal sa Halalan na nagtatrabahong kasama ng mga lokal na di-nagtutubo sa loob ng estado, paglahok ng botante, at trabaho sa Sensus. Sila ay maraming impormasyon tungkol sa wika na ispesipiko sa mga termino ng pagmensahe at pagkuwadro, na posibleng makapagpalakas ng mensahe sa lokal na antas. Ang mga bahaging pang-impormasyon, radyo, TV, anunsiyo, OPINYON EDITORYAL, liham sa editor, atbp., tungkol sa mga pagbabagong darating dahil sa Voter’s Choice Act. Tukyuin ang mga panghaliling komite na maaaring magpasa ng mensahe sa ngalan ng ROV. Ang mga komunidad na may iisang wika na may kulay ay karaniwang hiwalay sa pamahalaan. Sila ay mas konektado sa mga lider ng di-nagtutubong komunidad at ang mga tao ay mas handang makinig dito, sa halip na masaklaw na anunsiyo sa VTA o sa TV/radyo. Ang mga sangkap na ito ng impormasyon ay tunay na magbibigay ng kaalaman sa mga tao. Ang mensahe ay kailangan ding madalas na ulitin. Maraming kampanya na tumatakbo sa ilalim ng modelo na dapat ninyong ulitin ang isang mensahe nang pitong beses, maaaring ang ROV ay maaaring gumamit ng katulad na modelo na nag-uugnay sa halalan. Ang pagsisimula nang maaga ay magiging kapaki-pakinabang. Ang mga piyesta opisyal ay magiging hamon din. Ang paglahok ng botante at pagsisimula ng prosesong ito nang maaga ay makakatulong sa lahat. Gayon din, ang Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante ay darating sa ika-24 ng Setyembre, na isang pagkakataon upang gamitin ang mga mas batang potensyal na botante.
    - c. Dumalo: Pambansang Linggo ng Pagpaparehistro ng Botanteng May Kapansanan, Ika-15 ng Hulyo hanggang ika-19 na hindi matagal na panahon pero isang bagay na dapat isaalang-alang. Ako ay magboboluntaryo upang makipag-ugnayan at makita kung may isang bagay sa kanilang kit ng kasangkapan na magagamit namin.
    - d. Tauhan ng ROV: Noong una, ang Sentro ng Komunidad ng Mayfair ay nabanggit, magkakaroon kami ng isang Pulong ng Pagsangguni sa EAP doon sa ika-24 ng Hunyo.
    - e. Dumalo: Hihimukin ko ang pagpapatuloy na makipag-ugnayan sa mga ganitong uri ng organisasyon, tulad ng Guadalupe, ang Kapisanan ng Kapitbahayan, at posible ring pakikipag-ugnayan sa opisina ni Konsehala Magdalena Carrasco, dahil nasisiguro kong magiging handa siyang pumunta upang makipag-usap sa mga residente. Gayon din, makipag-usap sa mga lokal na PTA upang makatulong na simulan ang pagkalat ng mensahe at magtrabaho patungo sa pagdami ng pagdalo.



Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan sa Pulong ng Pagsangguni sa Biyetnamis**

Tully San Jose Branch Library  
880 Tully Rd. San Jose, CA 95111  
Community Room  
Lunes, Ika-17 ng Hunyo, 2019  
Ika-6:30 ng gabi hanggang ika-8 ng gabi

**Mga Dumalo:**

Dalawang miyembro mula sa publiko mula sa Komunidad ng Biyetnamis

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Vanessa Hamm, Magdalena Sta Maria, Priscilla Favela, Andrea Solorio, Shelby Galaviz, Linh Nguyen, Michelle Tran, Paulo Chang, Michael Borja, Bob Nguyen, Alfred Gonzales, April Bracamonte, Adrian Garcia, Martin Ayala, Janora Davis, Christina Rivas-Louie

**Mga Bagay para Gawin:**

- Tingnan ang mga mungkahi ng mga dumalo para sa mga lugar ng Sentro ng Pagboto.

**1. Mga Panimula**

*Maligayang Pagbati sa mga Dumalo*

**II. Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act**

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ngayon ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o may hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto.

*Ang Presentasyon ng ROV tungkol sa VCA ay ipinakita.*

**Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:**

1. Dumalo: Nagpahayag ng pagkadismaya tungkol sa naunang halalan. Sinabi niya na ang kanyang balota ay hindi mahalaga sa halalan at hindi nakaapekto sa halalan noong 2016. Itinanong niya kung ang kanyang balota ay mahalaga sa susunod na halalan para sa presidente?
  - a. Tauhan ng ROV: Nagpaliwanag na ang bawat balota ay napakahalaga, at kung ang lahat ay pupunta upang bumoto, ito ay makakagawa ng malaking pagkakaiba sa mga halalan.

### III. Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan kung paano ipatutupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at bubuuin kasama ng mungkahi mula sa komunidad.

### IV. Pagpili ng Sentro ng Pagboto/Drop-box

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga Sentro ng Pagboto at mga lugar ng drop-box. Ang mga Sentro ng Pagboto ay kinakailangang madaling mapupuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na makapagserbisyo sa mga botante ng County ng Santa Clara.

#### *Presentasyon ng ROV:*

Tauhan ng ROV: Tinanong ang mga dumalo kung may mga rekomendasyon o tanong tungkol sa media, pag- anunsiyo, mga Sentro ng Pagboto o pagpili ng drop-box ng balota? Maginhawa ba para sa mga tao na maihuhulog nila ang kanilang mga balota kahit sa araw ng Sabado?

#### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Mga Dumalo: Lahat ay mabuti para sa kanila. Hindi ito mahalaga sa kanila; makapunta sila kahit saan sa pamamagitan ng bus o pagmamaneho.
  - a. Tauhan ng ROV: Nagpaliwanag at humingi ng mungkahi tungkol sa mga Sentro ng Pagboto. Ang isa sa mga dumalo ay nagrekomenda ng bodega ni Do Van Tron, isang sikat na tao mula sa isang lokal na istasyon ng radyong Biyetnamis - Vien Thao Radio.

### V. Accessibility ng Wika

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkuha ng mga opisyal sa halalan.

~~Mga Mungkahi ng ROV ng mga Publiko~~ ang palagay ng mga dumalo tungkol sa accessibility ng wika.

- a. Dumalo: Sumagot na nakakaintindi siya ng Ingles, nakakasulat at nakakapakinig pero hindi siya mahusay sa pagsasalita ng Ingles. Maaaring mangailangan siya ng tulong sa wika.

### VI. Accessibility ng Pagboto

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko: (Wala)*

## **VII. Mga Oportunidad sa Pakikipag-ugnayan**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahusay na paraan at maipaalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Nagtanong kung nagawa natin at kung may badyet tayo para pumunta sa kanilang komunidad upang iharap ang tungkol sa VCA?
  - a. Tauhan ng ROV: Sumagot na kaya naming pumunta kahit saan, mga simbahan, templo, paaralan atbp. upang gumawa ng mga presentasyon sa Biyetnamis.
  - b. Tauhan ng ROV: Pinapapunta ang dumalo at maging tagasalin sa Biyetnamis para sa mga susunod na pulong.
  - c. Dumalo: sinabi na siya ay naninirahan sa Campbell, hindi sa San Jose.
  - d. Tauhan ng ROV: Ipinaliwanag na maaari siyang manggaling kahit saan at ikalulugod namin ang kanyang pagdalo.



Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan sa Pulong ng Pagsangguni sa Khmer**

County Government Center  
70 W. Hedding St. San Jose, CA 95110  
Room 157  
Martes, Ika-18 ng Hunyo, 2019  
Ika-5:30 ng hapon hanggang ika-7 ng gabi

**Mga Dumalo:**

Isa ang dumalo mula sa publiko mula sa komunidad ng Khmer

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Michael Borja, Vanessa Hamm, Magdalena Sta Maria, Shelby Galaviz, Andrea Solorio, Priscilla Favela, Linh Nguyen, Michelle Tran, Liz Oviedo, Adrian Garcia, Martin Ayala, Bob Nguyen, Paulo Chang, Rachel Jung, April Bracamonte, Janora Davis, Patricia Lopez, Alfred Gonzales

**Mga Bagay para Gawin:**

- Tingnan ang mga mungkahi ng dumalo tungkol sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ng Khmer: mga templo, ispesipikong kapitbahayan, at sa mga pulong sa Konseho ng Lunsod.

**I. Mga Panimula**

*Maligayang Pagbati sa mga Dumalo*

**II. Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act**

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ngayon ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o may hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto.

**III. Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan kung paano ipatutupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at bubuuin kasama ng mungkahi mula sa komunidad.

**IV. Pagpili ng Sentro ng Pagboto/Drop-box**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga Sentro ng Pagboto at mga lugar ng drop-box. Ang



mga Sentro ng Pagboto ay kinakailangang madaling mapupuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na makapagserbisyo sa mga botante ng County ng Santa Clara.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

Dumalo: Iminumungkahing maglagay ng mga Sentro ng Pagboto sa mga templo upang dagdagan ang paglahok sa pagboto sa loob ng komunidad ng Khmer.

**V. Accessibility ng Wika**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkuha ng mga opisyal sa halalan.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Ang mga salin sa mga polyeto ay masyadong literal at hindi naghahatid ng hinahangad na mensahe.
  - a. Tauhan ng ROV: Kumukuha kami ng isang Espesyalista sa Halalan na may dalawang wika na nagsasalita ng Khmer.

**VI. Accessibility ng Pagboto**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

Dumalo: Nagmungkahi ng pakikipag-ugnayan sa komunidad ng Khmer sa pamamagitan ng pagkatok sa mga pinto ng mga kapitbahayang Khmer upang humanap ng mga nakatatandang mamamayan sa loob ng komunidad, sunduin ang mga ito, dalhin ang mga ito sa mga pulong para sa pakikipag-ugnayan, at dalhin sila papunta sa mga Sentro ng Pagboto.

**VII. Mga Oportunidad sa Pakikipag-ugnayan**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahasag na paraan at maipaalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

Dumalo: Nagmungkahing gawin ang pakikipag-ugnayan sa mga komunidad ng Khmer, kung hindi, ay hindi dadalo ang mga ito. Nagmungkahi ng pakikipag-ugnayan sa mga templo at mataong kapitbahayan sa Silangang San Jose, partikular sa mga kapitbahayang malapit sa Poco Way, Rockspring, at Santee. Nagmungkahi rin na magsagawa ang ROV ng pakikipag-ugnayan sa mga pulong sa Distrito ng Konseho ng Lunsod.



Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan sa Pulong ng Pagsangguni sa Tagalog**

Milpitas Library  
160 N. Main St., Milpitas, CA 95035  
Auditorium  
Biyernes, Ika-21 ng Hunyo, 2019  
Ika-4:30 ng hapon hanggang ika-6 ng gabi

**Mga Dumalo:**

Walong miyembro mula sa publiko mula sa Komunidad ng Tagalog

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Rachel Jung, Aaron Wong, Vanessa Hamm, Christina Rivas-Louie, Andrea Solorio, Shelby Galaviz, Priscilla Favela, Linh Nguyen, Allen Ocampo, Paulo Chang, Eric Kurhi, Alfred Gonzalez, Janora Davis

**Mga Bagay para Gawin:**

- Patuloy na makipag-ugnayan sa mga dumalo tungkol sa mga pagkakataon sa pakikipag-ugnayan na tulad ng mga pagdiriwang ng Buwan ng Pamana ng Pilipinas at Araw ng Kalayaan ng Pilipinas sa Milpitas.
- Patuloy na makipag-ugnayan sa mga dumalo tungkol sa iba't ibang di-nagtutubong organisasyong Filipino na maaaring magkalat ng mensahe sa pamamagitan ng kanilang mga website, pagpapalaganap sa pamamagitan ng email o ng kanilang sariling social network.
- Magdagdag ng mga kontak mula sa mga isinumiteng kard ng interes sa listahan ng pamamahagi na ipapadala sa email tungkol sa Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante.
- Magkaloob ng isang digital na kopya ng mga polyeto para sa pakikipag-ugnayan sa mga dumalo upang sila ay makapag-post din sa kanilang mga social media network.
- Magdagdag na lahat na digital na materyal sa pakikipag-ugnayan sa website para sa mga komunidad/organisasyon upang mahanap at i-download para sa edukasyon ng botante.

**Mga Aytem sa Adyenda:**

I. **Mga Panimula:**

*Maligayang Pagbati sa mga Dumalo*

II. **Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act**

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ngayon ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o magkaroon ng hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto.

*Presentasyon ng ROV:*

1. Ang Presentasyon tungkol sa VCA ay ipinakita.
2. Ipinaliwanag ng mga tauhan ng ROV ang VCA at ang iskedyul at layunin ng EAP, binigyang-diin ang pagtitipon ng mungkahi.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Nagtanong kung kailan ang halalan sa Marso.
  - a. Tauhan ng ROV: Ika-3 ng Marso. Wala nang halalan ng Hunyo ngayon.
2. Dumalo: Magpapadala kayo sa lahat ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Maaari bang pumunta ang mga tao sa Lugar ng Botohan upang bumoto at ipakita sa telebisyon?
  - a. Tauhan ng ROV: Ang mga tao ay maaaring pumunta sa mga Sentro ng Pagboto at bumoto. Hindi kailangang pumunta sa isang Lugar ng Botohan na itinalaga sa iyo tulad ng dati, ngayon, ang mga botante ay maaaring pumunta sa alinmang Sentro ng Pagboto at bumoto. Magkakaroon ng isang bagong sistema ng pagboto, sa pamamagitan ng mga e-poll book o tablet sa halip na isang papel na listahan. Ang mga tablet na ito ay gagamitin upang hanapin ang botante at alamin kung ang kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay ibinalik o hindi. Maaari naming pawalang-bisa ang isang lumang balota at mag-isyu ng isang bagong balota sa alinman sa siyam na wika gamit ang mga bagong printer ng nahihinging balota.
3. Dumalo: Mayroon bang huling-araw ang SOS para sa pinal na burador? Maaari bang mangyari na ang dokumento ay hindi pa rin magagawang pinal pagsapit ng Pebrero?
  - a. Tauhan ng ROV: Ang pagbabago ng petsa ng halalan mula sa Hunyo patungo sa Marso ay hindi nagbago sa mga huling-araw na ang mga bagay ay dapat matapos. Ang aming hangarin ay magkaroon ng lubos na inaprubahang burador bago matapos ang taon.
4. Dumalo: Ang County ng Santa Clara (SCC) ay laging kasama sa mga huling county na nag-uulat ng kanilang mga resulta. Sa lahat ng pagbabagong ipatutupad, may sapat bang mga tao ang ROV? Sa pamamagitan ng bagong kagamitan, may angkop bang panahon na magagamit upang subukan? Nakahanda ba ang ROV na tiyakin na ang SCC ay hindi ang pinakahuling mag-uulat ng mga resulta? Sa pagkakaroon ng lahat ng bagong kagamitan, maraming panahon ang kailangan para sa lahat ng pagbabagong ito.
  - a. Tauhan ng ROV: Pinakahuli tayo dahil sa ating sistema ng sentral na pagbilang ng boto; ang mga maaga, ay binibilang sa presinto. Ang ilang county ay gumagawa ng pagbilang sa presinto, kung saan binibilang nila ang mga balota sa presinto. Ang cartridge ng mga resulta ay ibabalik lamang sa pangunahing opisina upang i-upload. Ang sentral na pagbilang ay nangangahulugang lahat ng balota ay dapat pumunta sa isang sentral na lugar upang isama sa pagbilang. Ang Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara ay sinabihan tayo laging mapapasama sa pinakahuling nag-uulat ng ating mga resulta kung mananatili tayo sa sistema ng sentral na pagbilang ng boto.
  - b. Tauhan ng ROV: Ang ROV ay gumugugol ng maraming panahon at pagsisikap upang matiyak na ang mga balota ay binibilang sa pinakamaagang panahon na magagawa. Tayo ay may 18 makina ng pagbilang na ang pagbilang ay nagpapatuloy 24 na oras sa isang araw. Noong nakaraang halalan ay may

- tatlong kard ng balota na bibilangin, na nagmumultiplika ng dami ng oras na kailangan upang magbilang.
- c. Tauhan ng ROV: Kukuha tayo ng isang bagong sistema ng pagboto na magkakaroon ng pagbilang sa presinto, kaya ito ay tutulong sa atin na magkaloob ng mas mabilis na mga resulta sa Gabi ng Halalan. Ang mga botante ay gagawa ng pag-scan ng kanilang mga balota sa mga Sentro ng Pagboto, itatala ang kanilang mga balota, at ang kanilang mga boto ay bibilangin sa mga Sentro ng Pagboto. Sa gabi ng Halalan, ang mga resulta mula sa mga Sentro ng Pagboto ay titipunin sa pangunahing opisina at ang mga papel na balota ay hindi na kailangang bilangin sa sentral na lugar sa Gabi ng Halalan.
5. Dumalo: Sa palagay ba ninyo ang mga tao ay magkakaroon ng sapat na panahon upang maunawaan ang lahat ng pagbabago, kabilang ang bagong sistema ng pagboto?
    - a. Tauhan ng ROV: Oo, talaga. Magkakaroon ng mga tauhan sa mga Sentro ng Pagboto pagdating nila upang tulungan ang mga botante na gamitin nang tama ang sistema. Ang bagong sistema ng pagboto ay hindi pa naipapasok, pero inaasahang maihahanda ang kontrata para pirmahan ng Lupon ng mga Superbisor sa Agosto. Pagkatapos nito ang mga kagamitan ay magsisimulang dumating upang subukan.
    - b. Tauhan ng ROV: Kami ay matagal nang nagtatrabaho para rito. Sinimulan namin ang pagplano nang mas maaga sa taon at hinihintay na lamang ang pinal na pag-apruba mula sa Lupon ng mga Superbisor bago ituloy ang pagpapatupad. Ang pag-apruba ay ibinigay noong ika-9 ng Abril. Kukuha rin kami ng isang bagong sistema ng pagboto. Sa lahat ng pagbabagong ito, hindi ito magiging perpekto, pero sinisikap naming bawasan hanggang maaari ang mga hadlang sa pagpapatupad.
  6. Dumalo: Ilang ibang mga county ang gumagamit na ng ganitong set-up?
    - a. Tauhan ng ROV: Higit sa kalahati ng mga county ang may mga bagong sistema ng pagboto at limang county ang lumipat sa VCA noong 2018.
  7. Dumalo: Ano ang antas ng kanilang tagumpay?
    - a. Tauhan ng ROV: Mahirap bigyan ng kahulugan ang tagumpay dahil ang paglahok sa halalan ay nakadepende nang malaki sa mga labanan sa balota.
  8. Dumalo: Mayroon ba kayong estadistika, demograpiko upang masubaybayan ang tagumpay ng pagpapatupad ng VCA? Kung may estadistika kayo mula sa mga naunang halalan, iyon ay magagamit upang alamin ang tagumpay ng VCA.
    - a. Tauhan ng ROV: May estadistika kami, pero limitado kami sa makukuhang impormasyon tungkol sa botante mula sa form ng pagpaparehistro ng botante.
    - b. Tauhan ng ROV: May estadistika sa paglahok mula sa Pahayag ng Boto, na hinahati batay sa presinto at lunsod.
  9. Dumalo: Nagmumungkahi na gamitin ang estadistika bilang isang baseline, tulad sa badyet.
    - a. Tauhan ng ROV: Kami ay may Ulat Pagkatapos ng Halalan na kumukuha ng mga estadistika sa wika.
  10. Dumalo: Saan matatagpuan ang ulat pagkatapos ng halalan? Ulat lang ng presinto ang nakikita ko.
    - a. Tauhan ng ROV: Nasa website namin ito, sa ilalim ng Mga Ulat at Estadistika. Ang Ulat Pagkatapos ng Halalan ay isang suplementong ulat na nililikha

- namin batay sa nangyari sa nakaraang halalan. Ang Ulat Pagkatapos ng Halalan ng Nobyembre ay hindi pa nailalagay, pero ang para sa Hunyo ay nasa website.
- b. Tauhan ng ROV: Ang ulat para sa Nobyembre ay malapit nang ilabas. Ang Ulat Pagkatapos ng Halalan ay isang napakahusay na ulat na nagpapaliwanag ng maraming termino, tulad ng, “Ano ang isang presinto?” o “Ano ang pagboto sa pamamagitan ng koreo?” Ito ay may estadistika at ang mga iyon ay mga bilang na magagamit namin para sa paghahambing sa hinaharap.
  - c. Dumalo: Ang maagang pagkuha ng estadistika ay magiging isang mahusay na batayan upang malaman ang kaunlaran, sa pagsulong.
  - d. Tauhan ng ROV: Kailangan lang nating tandaan na ang paglahok sa halalan ay nakadepende nang malaki sa mga labanang nasa balota.
11. Dumalo: Nakikipag-ugnayan ba kayo sa limang county?
- a. Tauhan ng ROV: Higit sa isang taon nang nakikipag-usap kami sa ibang mga county. Ang mga tauhan ay nakipagkita at nakipag-usap sa mga tauhan ng halalan sa mga county ng Sacramento, San Mateo, at Napa. Patuloy kaming nakikipag-ugnayan sa estado, mayroong tatlong-oras na tawag sa telepono kada buwan, sinisikap na malaman ang lahat ng makakaya. Napag-alaman namin na kailangan naming makarinig mula sa ating mga komunidad, at iyon ang dahilan kung bakit narito kami sa Milpitas.
12. Dumalo: Mula sa maraming county sa California, ilan ang gumagamit ng sistema ng pagbilang sa presinto at ilan ang gumagamit ng sistema ng sentral na pagbilang?
- a. Tauhan ng ROV: 13 county ang magsasagawa ng VCA bago lumampas ang 2020, kumakatawan sa 50% ng populasyong bumoboto sa Estado. Sa bagong sistema ng pagboto, ang mga resulta sa Gabi ng Halalan ay magiging mas mabilis, pero ang panahon ng pagbilang ay mangangailangan ng kaparehong panahon. Ang proseso ng pagbilang sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay hindi magbabago, kaya ang panahon ng pagproseso ay hindi magbabago. Ito ay isang manwal na proseso na binubuo ng pagbubukas ng mga sobre at pagpantay sa mga balota bago bilangin.
  - b. Tauhan ng ROV: Batay sa impormasyon mula sa Kalihim ng Estado, 27 mula sa 58 county, mga 47%, ang gumagamit ng sistema ng sentral na pagbilang.
13. Dumalo: Kahit na sa bagong sistema at bagong paraan ng paggawa ng mga bagay, ang manwal na proseso ay naroon pa rin?
- a. Tauhan ng ROV: Oo. Pagdating sa bilis ng pag-uulat sa Gabi ng Halalan, tayo ay mas mabagal dahil sa ating sistema ng pagboto, pero noong Nobyembre 2018, mas mabilis ang ating pagbilang na humantong sa E+30, o ang pagtatapos ng panahon ng pagbilang ng boto.
  - b. Tauhan ng ROV: Gagawin ng bagong sistema ng pagboto na mas maginhawa ang mga bagay para sa botante, at sa VCA, maaaring mas maraming tao ang boboto dahil ang lahat ay padadalhan ng isang balota, at hindi na magkakaroon ng “maling” Lugar na Botohan para puntahan ng mga tao. Gayon din, sa halip na magkaroon ng mga target na presinto na may suporta sa wikang Tagalog, ang layunin ay magkaroon ang LAHAT ng Sentro ng Pagboto ng suporta sa wikang Tagalog. Kaya magkakaroon ng karagdagang suporta sa wika sa lahat ng sentro, walang maling Lugar ng Botohan... maraming benepisyo sa panig ng botante.
  - c. Tauhan ng ROV: Ang mga ito ay mangangailangan ng pera, pero sinisikap naming makatipid kung saan magagawa. Kami ay aarkila, sa halip na bumili

ng mga bagong kagamitan, at kami ay tatanggap ng \$5.5M upang makatulong na magbayad para sa sistema.

14. Dumalo: Ano ang ating ginagawa para sa pakikialam ng ibang bansa?
  - a. Tauhan ng ROV: Kami ay nakikipagtulungan sa Department of Homeland Security, gayon din sa iba't ibang ahensiyang pederal, pang-estado, at pang-county upang matiyak na protektado ang pagboto. Nagsasagawa kami ng pagsubok na kaugnay ng pagtagos, nagkabit ng teknolohiya ng phishing, kasama ng iba. Ang suporta ng IT ay kabilang sa pinakamahasag. Hindi kami nagkaroon ng mga problema sa ating county. Ang aming mga resulta ay hindi mababago ng mga tagalabas dahil ang ating mga makina sa pagbilang ay hindi nakakonekta sa internet. Kinukuha namin mula doon ang aming mga resulta, at iyon ang dinadala namin sa computer upang i-upload.
15. Dumalo: Ano ang masasabi ninyo tungkol sa hacking?
  - a. Tauhan ng ROV: May pagsubok kami na kaugnay ng pagtagos, at walang nakapasok. Nagbibigay din kami ng pagsasanay sa mga tauhan tungkol sa phishing at gumagawa ng maraming pag-iingat na panseguridad sa lahat ng antas.
16. Dumalo: Kailan ka binibigyan ng isang pansamantalang balota?
  - a. Tauhan ng ROV: Sa VCA, ang mga pansamantalang balota ay ihahanda para sa sinumang gustong gamitin ang kanilang karapatang bumoto pero hindi mapatibayan ang kanilang pagpaparehistro (halimbawa, labas ng county, labas ng estado, atbp).
  - b. Tauhan ng ROV: Ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante ay para sa mga botanteng nais magparehistro sa araw na iyon at magpatala ng balota.
  - c. Tauhan ng ROV: Ang mga balotang ito ay ipoproseso pagkatapos ng halalan upang magsuri para sa pagiging karapat-dapat.
  - d. Tauhan ng ROV: Inaasahan namin na marami ang mababawas na pansamantalang balota sa VCA. Bago ang VCA, ang mga pansamantalang balota ay ibinibigay sa mga taong bumoto sa labas ng kanilang itinalagang presinto. Halimbawa, kung ang isang botante ay naninirahan dito (Milpitas) pero siya ay nagtatrabaho sa Palo Alto. Kung hindi siya nagkaroon ng pagkakataong umuwi at bumoto sa presintong itinalaga sa kanya, may karapatan pa rin siyang bumoto at sa halip ay boboto sa Palo Alto. Iyon ang panahon na boboto siya nang pansamantala. Pero sa VCA, at pagkakaroon ng karapatang bumoto kahit saan sa county, kung naninirahan ka sa Milpitas, pero nagtatrabaho sa Palo Alto, malaya kang pumunta sa alinmang Sentro ng Pagboto sa o malapit sa Palo Alto, at maaari kang bumoto sa isang balota sa mga labanang ispesipiko sa Milpitas. Ito ay magbabawas nang malaki sa bilang ng mga pansamantalang botante.
  - e. Tauhan ng ROV: Ang CVR ay isa pang magandang opsyon, kung saan kung hindi ka nagkaroon ng pagkakataong magparehistro para makaboto bago ang huling-araw, maaari kang pumunta sa alinmang Sentro ng Pagboto, kumpletuhin ang aplikasyon para sa pagpaparehistro, tumanggap ng isang balota, botohan ang balotang iyon, ipasok sa sobre at ipatala ito. Kapag ang sobre ay dumating sa aming opisina, kukuha kami ng pagpapatibay ng karapatang bumoto ng tao, at kung siya ay makakaboto, isasama namin sa pagbilang ang kanyang balota.
  - f. Tauhan ng ROV: Bago ang VCA, ang lahat ng hindi makaboto sa kanilang sariling presinto ay kailangang bumoto nang pansamantala.



- g. Tauhan ng ROV: Nitong nakaraang halalan nagkaroon kami ng mga 35,000 pansamantalang balota, at umaasa kami ng 90% na kabawasan sa VCA.
17. Dumalo: Ang mga Sentro ng Pagboto ay bukas 10 araw bago ang halalan?
    - a. Tauhan ng ROV: Iniaatas ng batas na ang mga Sentro ng Pagboto ay bukas 10 araw bago ang halalan, tawagin natin ang mga ito na 11-araw na mga Sentro ng Pagboto. Magkakaroon ng isang sentro na bukas para sa bawat 50,000 botante. Kaya magkakaroon ng mga 20-25 na 11-araw na mga Sentro ng Pagboto.
    - b. Tauhan ng ROV: Mayroon din kaming 4-na-araw na mga Sentro ng Pagboto na kailangang bukas 3 araw bago ang halalan. Kailangang may isang sentrong bukas para sa bawat 10,000 botante, na nangangahulugang magkakaroon ng mga 100 na karagdagang 4-na-araw na mga Sentro ng Pagboto.
  18. Dumalo: Para sa Primaryang Halalan ng Marso, paano kung gusto kong pumili ng isang partidong pampulitika sa oras na boboto ako? Kailangan ko bang pumunta sa isang Sentro ng Pagboto? Maaari ka bang humiling ng balota sa pamamagitan ng koreo?
    - a. Tauhan ng ROV: Maaari mong baguhin ang iyong pagpaparehistro o gumawa ng cross-over na pagboto. Mga 135 araw bago ang halalan, ang bawat partido ay magsasabi sa amin kung sino ang pahihintulutan nilang mag-crossover at bumoto. Sa nakaraang Primaryang Halalan, ang mga partidong nagpahintulot ng cross-over na pagboto ay Demokratiko, Amerikanong Independiyente, at Libertaryan.
    - b. Tauhan ng ROV: Kung ikaw ay di-partidista, tatanggap ka sa koreo ng isang di-partidistang balota. Saka maaaring pumasok ang botante sa mga Sentro ng Pagboto, magsumite ng di-partidistang balota, at humingi ng balota mula sa isang partidong nagpapahintulot ng cross-over na pagboto.
    - c. Dumalo: Maaari ka lamang bang humiling ng mga cross-over na balota sa mga Sentro ng Pagboto?
    - d. Tauhan ng ROV: Kung ikaw ay isang di-partidistang botante, ang isang pagpapakoreo ay ipadadala upang itanong kung gusto mong gumawa ng cross-over na pagboto. Sa pagpapakoreong ito, kung ipinabatid mo na gusto mong gumawa ng cross-over na pagboto, ang isang balota para sa hiniling na partido ay ipapadala sa iyo.
    - e. Tauhan ng ROV: Tayo ay may mga 300,000 di-partidistang botante sa ating county. Mga E-135, o 135 araw bago ang halalan, ipagbibigay-alam sa atin ng Kalihim ng Estado kung anu-anong mga partido ang nagpapahintulot ng cross-over na pagboto. Sa sandaling malaman namin, may maikling panahon kami upang lumikha ng mga pagpapakoreo. Karaniwang nangangailangan ng mga 10 araw pagkatapos ng paunawa mula sa SOS upang makalikha ng burador na ipinadadala sa vendor para sa paglilimbag at pagpapakoreo. Ang pagpapakoreo ay ipinadadala sa mga di-partidistang botante at nagsasabi sa kanila ng mga partidong bukas para sa cross-over na pagboto sa Primaryang Halalan.
  19. Dumalo: Nabanggit ninyo na maaari kong ipakoreo ang aking balota, pero paano kung nagbago ang iyong isip at gustong bumoto sa isang Sentro ng Pagboto upang palitan ang iyong boto? Sinusubaybayan ba ninyo ang mga pagbabagong ito? Maaari kang pumunta at alamin kung ang isang tao ay nakaboto na? Paano ang tungkol sa dobleng pagboto?

- a. Tauhan ng ROV: Magkakaroon kami ng akses sa aming sistema ng pamamahala ng impormasyon tungkol sa halalan sa mga Sentro ng Pagboto upang mahanap namin ang botante at malaman kung ang botante ay nagsumite na ng balota. Kung siya ay nakaboto na, hindi namin pahihintulutang botohan niya ang isang regular na balota sa Sentro ng Pagboto. Kung nakaboto ka na sa isang Sentro ng Pagboto, at ang iyong balota ng VBM ay darating sa koreo, hahanapin ka namin sa sistema at aalamin kung nakaboto ka na sa Sentro ng Pagboto. Pagkatapos ay hindi na namin isasama sa pagbilang ang balotang kadarating pa lamang sa pamamagitan ng koreo.
  - b. Tauhan ng ROV: Sa madaling salita, ang unang dumating ay unang paglilingkuran. Kung ang iyong balota ay dumarating sa koreo, susuriin namin ang iyong pirma, at kung ito ay ayos, awtomatikong ituturing na nakaboto ka na. Ang E-pollbook sa panahong ito na ginagamit sa Sentro ng Pagboto ay tumatakbo sa halos tunay na oras kaya kung ikaw ay nakaboto na sa pamamagitan ng koreo at nagpasiya kang bumoto sa Sentro ng Pagboto, ipakikita nito na nakaboto ka na. Sa kalagayang ito, kung igigiit mo pa rin ang pagboto sa Sentro ng Pagboto, malamang na bibigyan ka ng isang Pansamantalang Balota.
  - c. Tauhan ng ROV: May iba pang kalagayan kung saan ikaw ay boboto nang pansamantala. Kahit na nagsabi ang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto na ang aming sistema ay nagpapakita na ikaw ay nakaboto na, kung gagamitin mo ang iyong karapatang bumoto, maaari mong ipatala ang iyong boto sa isang Pansamantalang Balota. Sa opisina ng ROV, susuriin namin ang sobrang iyon ng Pansamantalang Balota, dahil sinusuri namin ang bawat sobre ng Pansamantala at CVR, at kung ipinasiya namin na naibalik mo na ang iyong balota, hindi namin ibibilang ang Pansamantalang Balota.
  - d. Dumalo: Malalaman ko ba kung ang aking Pansamantalang Balota ay ibinilang o hindi?
  - e. Tauhan ng ROV: May isang online na sistema kung saan maaari mong hanapin ang numero ng iyong pansamantalang sobre at alamin kung ito ay ibinilang o hindi.
  - f. Dumalo: Ang pinakahuling pumasok ang siyang ibinibilang?
  - g. Tauhan ng ROV: Hindi, ang unang pumasok ang ibinibilang.
  - h. Dumalo: Paano kung nagbago ang iyong isip? Hindi ka na makakaalis sa unang pinili?
  - i. Tauhan ng ROV: Oo. Wala talaga kaming magagawa kung ang balota ay ibinilang na.
  - j. Dumalo: Ito ay isang mahalagang pagpili. Pero nauunawaan ko iyon.
20. Dumalo: Dati may mga presinto kayo at mga boluntaryong pumapasok at nangangasiwa sa mga ito. Sa mga Sentro ng Pagboto na ito, magkakaroon ba ng buong-oras na mga tauhan?
- a. Tauhan ng ROV: Ang ROV ay kukuha ng magkahalong Ekstrang Tulong na mga tauhan ng county at may sahod na mga boluntaryo. Sinisikap pa naming ayusin ito. Para sa Ekstrang Tulong, dapat na may mga 3 linggong halaga ng trabaho, kabilang ang pagsasanay, para sa mga tauhan ng Sentro ng Pagboto. Ang Ekstrang Tulong na mga tauhan ay kailangang dumaan sa proseso ng pagkuha ng tauhan ng County at tumutulong kami diyan. Ang may sahod na mga boluntaryo ay malamang na makagawa ng karagdagang tulong para sa 4-na-araw na mga Sentro ng Pagboto dahil ang karanasan ng

ibang mga county ay nagsasabi na ang unang linggo ay matumal. Kaya hindi natin kailangan ng maraming tao para sa unang linggo. Habang dumarami ang bumoboto, dadalhin namin ang mga may sahod na boluntaryo upang tumulong.

- b. Dumalo: Ang mga tao bang nagtrabaho bago ang mga halalan ay bibigyan ng kaalaman tungkol sa mga pagkakataong ito?
- c. Tauhan ng ROV: Oo, nagtatrabaho kami ngayon sa isang liham na ipapakoreo sa mga taong nagtrabaho dati bilang mga boluntaryo. Ang liham ay magsasabi ng tungkol sa mga bagong pagbabago at magtatanong kung sila ay interesado sa pagiging isang may sahod na boluntaryo o isang Ekstrang Tulong na manggagawa.
- d. Tauhan ng ROV: Tunay na iniimbitahan namin ang mga dating Opisyal sa Halalan na tumulong dati upang malaman kung makakatulong sila sa mga Sentro ng Pagboto. Dapat ding tandaan, na ang bagong teknolohiya na gagamitin ay magiging isang malaking pagbabago para sa mga boluntaryo at sa mga tauhan din ng ROV. Kaya mangangailangan ng pagsasanay at sapat na mga tauhan sa mga Sentro ng Pagboto upang matiyak na ang mga pagpapatakbo ng Sentro ng Pagboto ay maayos ang takbo kahit sa bagong teknolohiya.

### III. **Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan kung paano ipapatupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at bubuuin kasama ng mungkahi mula sa komunidad.

### IV. **Pagpili ng Sentro ng Pagboto/Drop-box**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga sentro ng pagboto at lugar ng drop-box. Ang mga sentro ng pagboto ay kinakailangang madaling mapupuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na makapagserbisyo sa mga botante ng County ng Santa Clara.

#### *Presentasyon ng ROV:*

1. Tauhan ng ROV: Iniharap ang mga mapa sa dingding —ang isang mapa ay nagpakita ng mga hangganan ng 11-araw na Sentro ng Pagboto, at ang ibang mapa ay nagpakita ng mga hangganan ng 4-na-araw na Sentro ng Pagboto. Mapapansin ninyo na ang ilan sa mas malawak na mga lugar sa Timog ng County at gayon din sa Hilagang County na mas kaunti ang populasyon at mga presinto na ng balotang pangkoreo. Sila ay pagkakalooban pa rin ng mga pakete ng pagboto sa pamamagitan ng koreo pero ngayon makakapunta pa rin sila sa alinmang Sentro ng Pagboto. Dati ang mga tao sa mga presinto ng balotang pangkoreo ay maaari lamang bumoto sa pamamagitan ng koreo o sa opisina ng ROV. Ngayon makakapili rin silang bumoto nang personal sa alinmang Sentro ng Pagboto.
2. Tauhan ng ROV: Kung may alam kang lugar na magagamit bilang isang Sentro ng Pagboto, maaari kang magbigay ng obserbasyon at mungkahi gamit ang mga Feedback Form, email, o ang website.

#### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Tungkol sa mga lugar ng inyong Sentro ng Pagboto, ang mga ito ba ay pansamantala?

- a. Tauhan ng ROV: Oo, ang mga ito ay pansamantala. Sinisikap naming humanap ng lugar – pangkomersiyo, pamahalaan, lunsod, paaralan, iyong sariling kapisanan, iyong sariling grupong pangkomunidad, mga simbahan – kung payag silang ibigay ito sa amin para sa 13 araw o 6 na araw, kukunin namin ito (ang mga ekstrang araw ay kailangan para sa paghahatid at pagkuha ng mga kagamitan sa halalan), lalo na kung ito ay libre. Kaya naghahanap kami ngayon ng mga lugar na ito. Mayroon kaming napakalaking imbentaryo ng mga Lugar ng Botohan na ginamit sa nakaraan. May mga 850 Lugar ng Botohan nitong nakaraang halalan, ibig sabihin kailangan naming umabot sa mga 1000 Lugar ng Botohan. Gayunman, ang mga Lugar ng Botohan na ito ay, tulad ng isang garahe o isang maliit na silid. Para sa isang Sentro ng Pagboto, ang lugar ay kailangang mas malaki (ang sukat ay tinukoy sa polyeto ng pagkalap para sa Sentro ng Pagboto). Kailangan namin ng espasyo dahil sa bagong sistema. Gusto namin maging komportable ang mga tao at hindi nila maramdaman ang panghihimasok. Gusto naming tiyakin na ang mga tao ay makakapasok at makikita na ang mga bagay ay kontrolado. Ito ang landas na susundin nila kapag binisita ang Sentro ng Pagboto:
- i. Mag-check-in
  - ii. Kumuha ng balota
  - iii. Pumunta sa kubol ng pagboto upang markahan ang balota
  - iv. Drop off ng balota
- Naghahanap kami ngayon ng mas malaking mga lugar, tulad ng mga simbahan, upang bigyang-daan ang mga hakbang at espasyong kailangan upang makaboto nang maginhawa.
- b. Tauhan ng ROV: Pupunta kami sa mga pulong na ito na may apela sa sinumang nakakakilala ng sinumang tao, anumang kapisanan o organisasyon na may isang silid ng pagpu pulong na may sapat na espasyo na potensyal na magagamit bilang isang Sentro ng Pagboto, mangyaring mag-email sa amin sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org). Ipapadala namin ang isa sa aming mga espesyalista upang tingnan ang lugar kung ito ay nakatutugon sa mga iniaatas ng accessibility, malapit sa mga lugar na mataas ang trapiko, malapit sa pampublikong transportasyon, malapit sa mga pangunahing daan, at pinakamahalaga, ito ay may paradahan para sa lahat. Lahat ng bagay na ito ay kailangan naming isaalang-alang.
- c. Tauhan ng ROV: Ang isa pang hamon sa pagkuha ng mga lugar na ito ay ang bilang ng mga araw na kailangang magagamit/bukas ang mga ito. Halimbawa, dati ay nakakakuha kami ng mga simbahan bilang lokasyon ng Lugar ng Botohan sa isang araw ng Martes. Ngayon, kailangan naming ihanda ang mga ito bilang isang Sentro ng Pagboto sa 1-2 araw ng Sabado at Linggo, at ang mga araw ng Sabado at Linggo ay karaniwang para sa mga misa, serbisyo, kasal, binyag, lahat ng bagay na inaasahan ng komunidad sa mga simbahan. Ang ibang mga lugar sa komunidad ay maaari ring may ibang mga pinaglalaanan sa linggo na kailangang maging bukas ang mga Sentro ng Pagboto. Mas mahirap na makahanap ng malalaking lugar na magagamit para sa bilang ng mga araw na kailangan namin.
- d. Tauhan ng ROV: Nagtatanong din kami sa mga komunidad upang malaman kung handa silang “mag-ampon” ng isang Sentro ng Pagboto. Kung may alam kang lugar na maaaring maging lokasyon, ang komunidad na responsable para sa lokasyong ito ay maaari ring magpatala upang maging tauhan ng Sentro ng Pagboto. Sila ay sasanayin at ang lahat ng kita nila bilang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto ay maaari nilang kunin o maaari ring ibigay na donasyon pabalik sa komunidad. Ito ang pakinabang sa pakikipagkita sa inyo, sa mga komunidad, upang makahingi

kami ng tulong hindi lamang sa paghahanap ng mga lugar, kundi sa paghahanap din ng mga taong maaaring maging tauhan ng mga Sentro ng Pagboto.

- e. Tauhan ng ROV: At tandaan, hindi lamang kami naghahanda ng mga Sentro ng Pagboto para sa Marso 2020, kundi para rin sa Nobyembre 2020. Gusto naming panatilihin ang kalagayan ng mga Sentro ng Pagboto hanggang makakaya, sa paraang pinagsikapan naming panatilihin ang mga Lugar ng Botohan. Kaya kung lumabas na ang inyong lugar ng Sentro ng Pagboto ay iba sa pagitan ng Marso at Nobyembre 2020, pinakamalamang na ito ay dahil ang lugar ay magagamit para sa isa sa mga halalan lamang.

#### V. **Accessibility ng Wika**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkuha ng opisyal sa halalan na may dalawang wika.

##### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Obserbasyon mula sa mga Filipino sa Milpitas – maraming wika ang sinasalita sa Pilipinas. Ang ilang Filipino na hindi nagsasalita ng Tagalog ay nasasaktan. Hindi nila kinikilalang kasama sila sa Tagalog. Mas mabuting palitan ang Tagalog ng Filipino.
  - a. Tauhan ng ROV: Sa kasalukuyan kami ay may limang ipinag-uutos na wika at ang Tagalog ay isa sa mga ipinag-uutos na wika.
  - b. Dumalo: Ang Tagalog ay hindi isang wika, ito ay isang diyalekto.
  - c. Dumalo: Hindi ang wika sa sarili nito, ito ay ang impormasyon.
  - d. Tauhan ng ROV: May limang pederal na ipinag-uutos na wika: Ingles, Espanyol, Biyetnamis at Tagalog. Para sa mga ipinag-uutos na wika, ang mga ito ay batay sa Sensus at ibang mga survey na isinagawa ng estado. Orihinal na may apat na ipinag-uutos ng estado na mga wika: Koreano, Khmer, Hindi, at Hapon. Saka binawasan upang maging dalawa: Koreano at Khmer. Gayunpaman, ang ROV ay patuloy na magkakaloob ng suporta para sa Hindi at Hapon. Sa VCA, magkakaloob ng suporta para sa lahat ng siyam na wika. Gusto naming magkaroon ng lahat ng diyalekto, pero ito ay hindi posible.
  - e. Dumalo: Ang wika ay opisyal na Filipino kahit nasanay na ang mga tao na tawagin itong Tagalog, batay sa diyalekto.
  - f. Dumalo: Sinasabi ninyo na ito ay ipinag-uutos. Paano namin babaguhin ito? Sino ang kakausapin namin?
  - g. Tauhan ng ROV: Kailangan mong pumunta sa antas na Pang-estado o Pederal.
  - h. Tauhan ng ROV: Magagamit mo ang opsyon na “Iba” sa kard ng pagpaparehistro ng botante upang ipabatid ang tunay na wikang sinasalita nila. Kapag ginagawa ng ROV ang pagproseso ng kard na iyon, itatala nila ang wikang iyon. Isasama sa estadistika ang impormasyong ito, pero ang ROV ay umaasa sa botante upang ibigay ang impormasyong iyon. Ang lahat ay ginagawan ng sariling pag-uulat. Kung walang wikang pinili o ipinabatid sa kard ng pagpaparehistro, ituturing na ang piniling wika ng botante ay Ingles. Isaalang-alang ito kapag nagsasalita ng tungkol sa estadistika at alamin na may ibang mga opsyon upang ipabatid ang nais na diyalekto.
  - i. Dumalo: Nakukuha nyo ba ang impormasyong ito?

- j. Tauhan ng ROV: Oo. Noong ang kard ay isinasailalim sa pagproseso at ang “Iba” ay pinili, ang isang wika ay kailangang ilagay upang ipagpatuloy ang pagpaparehistro.
  - k. Dumalo: Ang isyung ito ay natatangi sa mga Filipino kaya ayos lamang. Dadalhin namin ito sa aming kongresista.
  - l. Dumalo: Bakit ang “Intsik” ay ipinag-uutos at hindi “Mandarin”? Bakit hindi “Filipino” sa halip na “Tagalog”?
  - m. Tauhan ng ROV: Sa kahon ng opsyon na “Iba,” maaari ninyong isulat ang Tagalog.
  - n. Tauhan ng ROV: Ang lahat ay ginagawa ayon sa Kodigo sa mga Halalan at kung ano ang ipinag-uutos. Maaaring ito ay dalhin sa iyong kongresista at maaari nilang baguhin ang paraan na ginagawa nila sa kanilang mga kautusan.
2. Tauhan ng ROV: Mayroon din kaming impormasyon tungkol sa VCA sa Tagalog sa aming website Kung pupunta ka sa pangunahing pahina ng Voter’s Choice, may link doon para sa Tagalog. Kami ay nasa proseso pa rin ng pagsasalin ng lahat ng pahina, pero mayroon nang Tagalog na nilalaman sa website.

**VI. Accessibility ng Pagboto**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko: (wala)*

**VII. Mga Pagkakataon sa Pakikipag-ugnayan**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahasag na paraan at maipalagan sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

*Presentasyon ng ROV:*

Tauhan ng ROV: Naghahanap kami ng mga mungkahi para sa mga publikasyon at pakikipag-ugnayan. Gusto naming gumawa ng isang plano para sa malaking pakikipag-ugnayan at dinaragdagan namin nang malaki ang badyet para rito. Kami ay kasalukuyang gumagawa ng Facebook, Twitter, NextDoor, mga press release, Instagram at sinimulan namin ang paglikha ng mga video para sa pakikipag-ugnayan. Binubuo pa namin itong plano sa pakikipag-ugnayan, na magiging bahagi ng EAP. Umaasa kaming matutulungan ninyo kami sa mga mungkahi para sa mga pahayagan at partikular na mga istasyon ng radyo o tv na magiging epektibo para sa komunidad ng Filipino. Maging ang mga mungkahi sa hindi dapat gamiting mga istasyon o pahayagan ay tatanggapin.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

- 1. Dumalo: Nag-aalala tungkol sa paglahok ng botante sa Milpitas. 18% lamang ng mga Filipino ang bumoto sa nakaraang halalan, kaya kami ay nag-aalala tungkol sa paggamit ng populasyon sa pagboto.
  - a. Dumalo: Para sa Nobyembre 2020, irekomenda na makipag-ugnayan sa Milpitas para sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan ng Pilipinas (Hunyo) upang ang ROV ay maaaring magkaroon ng kubol doon.



- b. Dumalo: Tingnan ang Philippine Heritage Month sa Milpitas, na gaganapin sa huling Biyernes ng Oktubre – Oktubre 25. Ito ay kasalukuyang nasa yugto pa ng pagpapalano, inaayos pa namin ito, pero maaari akong mag-email sa sinumang kailangang padalhan ng email at gusto naming naroon ang ROV para sa ginaganap na Filipino.
  - c. Tauhan ng ROV: Para sa anumang obserbasyon o komunikasyon tungkol sa pakikipag-ugnayan o sa EAP, mag-email sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org).
2. Dumalo: Maglagay ng isang livelink sa website ng Philippine-American Chambers, ibang mga di-nagtutubong organisasyon ng mga Filipino, o Facebook. Maaari rin kayong maglagay ng isang logo sa mga website na ito na magtuturo sa kanila sa ibang mga pahina. Mag-post sa mga pahina ng Facebook at ang mga organisasyon ay maaaring gumawa ng pagpapalaganap sa pamamagitan ng email.
  - a. Tauhan ng ROV: Lahat ng ito ay mahusay. Sa mga komunidad na ito, lahat ng ito ay email lamang o pagpapalaganap sa web, o mayroon bang ilang mga pulong na pangmasa sa komunidad, lingguhan o buwanan, na maaaring puntahan namin? Bukod sa pag-aanunsiyo, gusto rin naming turuan kayo at ang inyong mga organisasyon kung paano bigyan ng kaalaman ang inyong mga komunidad. Maaari ninyong ikalat ang impormasyon sa inyong mga regular na pulong, kung mayroon.
  - b. Tauhan ng ROV: Tinatanggap din namin ang isang koneksiyon sa sinumang taga-impluwensiya sa inyong organisasyon, upang hilingin sa kanila na higit pang ikalat ang mensahe at pasiglahin ang komunidad.
  - c. Tauhan ng ROV: Mayroon kaming mga kard ng interes kung saan maiiwan ninyo ang inyong impormasyon tungkol sa matatawagan at maidaragdag namin kayo sa aming listahan ng pamamahagi. Magagawa naming mag-email sa inyo ng tungkol sa bagong Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOC) na itinatayo at mag-uumpisa sa pagsisimula ng Agosto. Mangyaring ipadala rin ang mga email na ito sa ibang mga tao sa inyong organisasyon. Kailangan namin ng tulong sa pagpapakalat ng mensahe.
3. Dumalo: Nagugustuhan ang VCA at iniisip na ito ay makakaabot sa mas maraming botante, at maraming mga pagpapabuti sa proseso ng pagboto. Ang 2020 ay magiging isang bagong kard ng ulat ngayon para sa ROV. Sa nadagdagang badyet, kailangan ng ROV ng isang layunin upang itaas ang paglahok ng botante. Tamang pumunta sa mga komunidad upang makipag-ugnayan sa bawat isa.
4. Tauhan ng ROV: Kami ay naghahanap din ng mga ideya para sa mga mungkahing kampanya para sa anunsiyo. Ito ay isang mas malaking kampanya kaysa nagawa na namin sa nakaraan, tunay na umaasa kami para sa ibang mga paraan upang sumubok ng pag-aanunsiyo.
  - a. Dumalo: Huwag gamitin ang pahayagang Philippine News. Hindi ito epektibo at napakalaki ng gastos.
  - b. Tauhan ng ROV: Anu-ano ang mga alternatibo? Ano ang dapat nating tingnan?
  - c. Dumalo: Tingnan ang iba't ibang organisasyon at maghanap ng mga taga-impluwensiya. Subukan ang Milpitas Lions Club, o makipag-ugnayan sa akin, ako ay lubos na aktibo sa komunidad.
  - d. Dumalo: Hindi lahat ay nanonood ng The Filipino Channel (TFC), pero hindi ko imumungkahing huwag gamitin ito. Ang ilang matandang botanteng Filipino ay nanonood ng mga etnikong channel.

- e. Dumalo: Mayroon ka bang digital na kopya ng isang polyeto mo na may impormasyong gusto mong ikalat? Magagawa kong i-post ito sa aking pahina sa Facebook.
  - f. Tauhan ng ROV: Maipapadala namin sa iyo ang digital na kopyang iyon. Tingnan din ang page sa Facebook ng ROV at ang website ng ROV para sa ibang mga materyal at impormasyon.
  - g. Dumalo: Isang mungkahi para sa polyeto ng VCA, magdagdag ng pagtukoy sa VCA sa linyang “Piliin ang Paraan ng Iyong Pagboto” upang magbigay ng konteksto. Ang iminumungkahing linya ay, “Piliin ang Paraan ng Iyong Pagboto sa VCA,” o katulad nito. Wala sa kasalukuyang polyeto na nagsasabi ng tungkol sa VCA.
  - h. Tauhan ng ROV: Kami ay nasa proseso ng pag-iba-iba at pagpapahusay ng aming nilalaman. Itatala namin ang inyong mungkahi para sa aming mga materyal sa hinaharap.
  - i. Tauhan ng ROV: Gagawa kami ng dalawang direktang pagpapakoreo na ipadadala sa bawat botante at magbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa VCA.
  - j. Dumalo: Dapat magkaroon ng isang grupong nakatuon para sa paglikha ng mga materyal na ito.
  - k. Tauhan ng ROV: May isang grupong nakatuon para sa paglikha ng mga materyal para sa edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante at iyon ay ang VEOC na sinasabi namin. Maaari kaming makipag-usap sa iyo pagkatapos ng pulong tungkol doon at sa iyong mga mungkahi.
5. Dumalo: Ang mga di-nagtutubong organisasyong Filipino ay maraming mga ginaganap at ang mga iyon ay magagandang lugar para puntahan.
    - a. Tauhan ng ROV: Mangyaring kumpletuhin ang kard ng interes at markahan ang VEOC upang magawa naming makipag-ugnayan sa inyo at ipakita sa inyo kung paano bibigyan ng kaalaman ang inyong mga komunidad. Ang katatanong pa lamang ninyo ay nasa ilalim ng VEOC. Maaari kaming makipag-ugnayan sa inyo at sa ibang mga organisasyon na maaaring tumanggap sa amin o maging tagapagpakilala sa mga ginaganap na kasama kami.
  6. Tauhan ng ROV: Naroon din sa mga kard ng interes ang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika na nagpupulong buwan-buwan sa ngayon upang magbigay sa amin ng payo at obserbasyon sa iba't ibang wika, tulad ng Filipino. Kasalukuyang wala kaming miyembrong Filipino/Tagalog.
    - a. Dumalo: Maaari akong maging miyembro.
    - b. Tauhan ng ROV: Mahusay ito, maraming salamat sa iyo! At maaaring pumunta ng higit sa isa! Kaya mangyaring markahan ang kahon ng Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika sa iyong mga kard ng interes upang maidagdag ka sa listahan. Ito ay nakahiwalay mula sa kahon na dapat lagyan ng tsek para sa pakikipag-ugnayan (VEOC).
    - c. Tauhan ng ROV: Sa ngayon ay iilang pulong pa lamang ang naisagawa, pero maaari kaming mag-email sa inyo tungkol sa mga darating na pulong. Ang impormasyon tungkol sa mga komite ay nasa website rin ng ROV.
  7. Dumalo: Sa ngalan ng mga residente ng Milpitas, lalo na ang mga botanteng Filipino, gusto naming pasalamat kayo sa pagsama sa amin dito. Nagdala sana kami ng mas maraming tao kung nalaman nang mas maaga ang pulong na ito.

- a. Tauhan ng ROV: Magkakaroon ng mga karagdagang pagkakataon upang magpulong at magbigay ng obserbasyon. Tingnan ang aming website at abangan ang aming mga email. Ang mga darating na pulong ng EAP ay nasa handout na ibinigay sa inyo.
  - b. Tauhan ng ROV: Makakapunta rin kami sa mga pulong ng inyong organisasyon at komunidad at iharap ang tungkol sa VCA. Maaari ring ilagay ninyo kami sa inyong mga kalendaryo sa Enero o Pebrero. Mas maraming tao ang magiging interesado sa mga halalan sa panahong iyon.
  - c. Dumalo: Ang ilang organisasyon ay may mga buwanang mixer na mapupuntahan din ninyo.
8. Dumalo: Mayroon bang partikular na grupo ng edad na target ninyo? Isang demograpiko na kasalukuyang hindi pumupunta sa mga botohan o hindi nakarehistro? Ang mga millennial?
- a. Tauhan ng ROV: Tunay na target namin ang mas batang henerasyon, iyon ang dahilan kung bakit gumagawa kami ng maraming media post upang magbigay ng impormasyon. Gayunman, sa pangkalahatan, ito ay hindi tungkol sa edad, pero gusto naming tiyakin na alam ng komunidad ang tungkol sa VCA. Nagbibigay rin kami ng maraming edukasyon sa mataas na paaralan o estudyante, at inaasahan na ikakalat nila ang impormasyon sa mas matandang mga miyembro ng kanilang pamilya. Ang mas malaking layunin ay upang makayang abutin ang lahat, anuman ang demograpiko.
  - b. Tauhan ng ROV: Ang obserbasyon mula sa ibang mga county na nagpatupad ng VCA ay nagpakita na ang pagtugon ay mas mahusay mula sa unang halalan sa ikalawang halalan. Ito ay isang lumalaking proseso at sumusulong mula sa nagawa na. Kami ay patuloy na magtatrabaho sa pagbibigay ng kaalaman sa komunidad hanggang ang lahat ay komportable sa bagong sistema. Iyon ang dahilan kung bakit kailangan namin ang inyong mungkahi at tulong upang kumonekta sa iba't ibang komunidad.
  - c. Tauhan ng ROV: Kami ay nagtitipon din ng mga malikhain, bago, at hindi pangkaraniwang ideya upang maabot, hindi lamang ang mas batang mga botante, kundi gayon din ang mga bago, unang pagkakataon, o imigranteng botante. Kaya, mangyaring ibahagi sa amin ang anumang mga bagong ideya ninyo. Mag-email sa amin anumang oras sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org).
9. Dumalo: Ang isa pang paraan ay kumonekta sa mga prodyuser at magbigay sa kanila ng isang salansan ng inyong mga polyeto upang ipamahagi sa mga mesa ng pagpaparehistro ng mga konsiyerto o ginaganap na nililikha nila.
- a. Tauhan ng ROV: Kung may ginaganap, at kung pahihintulutan nila tayo, maaari pa tayong magkaroon ng kubol dito. Gayunman, talagang kailangan nating malaman nang maaga upang angkop na makapagplano tayo.
  - b. Dumalo: Kailangan lang nating patuloy na ipadala sa iba ang mga darating na events na iniimbitahan tayo.
  - c. Tauhan ng ROV: Magiging mabuti ring malaman ang demograpiko para sa bawat ginaganap upang matiyak natin na nasasakop natin ang lahat ng demograpiko at hindi iilan lamang sa mga ito.



Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan sa Pulong ng Pagsangguni sa Espanyol**

Mayfair Community Center  
2039 Kammerer Ave. San Jose, CA 95116  
Lincoln Room  
Lunes, Ika-24 ng Hunyo, 2019  
Ika-4 ng hapon hanggang ika-5:30 ng gabi

**Mga Dumalo:**

Community Outreach Coordinator of City of San Jose, Representative of County of Santa Clara Office of Immigrant Relations, at pitong miyembro ng publiko mula sa komunidad ng wikang Espanyol

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Vanessa Hamm, Magdalena Sta Maria, Priscilla Favela, Shelby Galaviz, Andrea Solorio, Allen Ocampo, Paulo Chang, Patricia Lopez, Dan Fiorenza, Bob Nguyen, Martin Ayala, Kelly Phan, Eric Kurhi, Chipso Mulenga, April Bracamonte, Janora Davis, Michael Borja, Jose Posadas, Liz Oviedo, Anazay Rivera

**Mga Bagay para Gawin:**

- Magbigay ng mga kard ng impormasyon sa Voter's Choice Act (VCA) na nasa wikang Espanyol
- Magpadala ng mga digital na kard ng impormasyon sa VCA para sa online na pagsasapubliko
- Pag-isipan ang paglalaan ng mas maraming pulong na may isang wika para sa Espanyol na komunidad

**I. Mga Panimula**

*Maligayang pagbati sa mga dumalo*

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Naiiba ba ito o bahagi ito ng pagsasanay na nangyayari sa gusali sa County ng Santa Clara, Tagapagrehistro ng mga Botante?
  - a. Tauhan ng ROV: Isinaad ng mga Lugar ng Botohan sa mga nakaraang taon na kailangan mong bumoto sa Lugar ng Botohan na pinakamalapit sa iyong bahay. Sa bagong modelong ito, ang lahat ng botante ay makakakuha ng balota sa pamamagitan ng koreo. Sa halip na mga Lugar ng Botohan, magkakaroon na ngayon ng mga Sentro ng Pagboto at magiging bukas ang mga iyon sa lahat, anuman ang kanilang presinto. Umaasa kaming magiging mas madali at mas maginhawa para sa lahat ng botante na ipasa ang kanilang mga balota at bumoto sa mga Sentro ng Pagboto na ito.
2. Dumalo: Noong pumunta ang mga botanteng bumoto sa pamamagitan ng koreo sa kanilang Lugar ng Botohan nang hindi isinusuko ang kanilang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, kinailangan nilang bumoto nang probisyonal, at hindi gusto ng maraming botante na bumoto nang probisyonal.
  - a. Tauhan ng ROV: Mababawasan ang 90% sa mga probisyonal na botante at gamit ang mga bagong electronic tablet, magiging mas madaling i-access ang katayuan ng isang

botante at makita kung nakaboto na siya o kailangan pa niyang bumoto. Naging bago ang kondisyonal na pagboto sa nakaraang dalawang taon at ginawa nitong mas madaling magparehistro para makaboto sa mga Sentro ng Pagboto.

## II. Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ngayon ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o magkaroon ng hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto.

### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Ang konsepto ba ng Voter's Choice Act ay para mas marami ang makaboto o magkaroon ng mas mabilis at mas patas na halalan?
  - a. Tauhan ng ROV: Ang pangunahing layunin nito ay gawin itong mas madali at mas maginhawa para sa mga botante, magpadala ng balota sa lahat, gawing mas madaling bumoto sa isang lokasyon ng Sentro ng Pagboto, at umaasa kaming mas maraming makakaboto dahil dito. Ang pangunahing layunin nito ay maabot ang mga komunidad na kulang sa representasyon at pagtulong sa mga taong hindi karaniwang bumoboto na lumabas at bumoto. Hindi natin makokontrol kung gaano karaming tao ang lalabas at boboto, pero minsan ay nahihikayat ng kung anong nasa balota ang maraming tao na bumoto. Mayroon tayong data mula sa nakaraan at umaasa tayong makakakita tayo ng trend sa paglipas ng panahon, pero mahirap sukatin kung gaano karami pang tao ang lumalabas para bumoto dahil lang sa Voter's Choice Act na ito. Mahirap kontrolin kung anong humihikayat sa lahat ng tao na bumoto, pero ang pangunahing bagay ay ang ginhawa at dali para sa mga botante na nasa ay makakadagdag sa dami ng boboto.
2. Dumalo: Nakakita ba tayo ng pagdami ng botante sa mga estadong nagpapatupad na ng mga halalahan sa pamamagitan ng koreo?
  - a. Tauhan ng ROV: Hindi ko pa napapag-aralan ang ibang mga estado, gayunpaman, ang pagkakaintindi ko sa Oregon ay bumoboto sila sa pamamagitan ng koreo, pero wala na silang mga Sentro ng Pagboto, bumoboto na lang sila sa pamamagitan ng koreo. Ganito ang modelo ng Colorado; hindi ko alam ang porsiyento.
3. Dumalo: Paano ko malalaman ang tungkol sa Voter's Choice Act kung hindi ako naabisuhan tungkol dito?
  - a. Tauhan ng ROV: Hindi iniaatas ng batas na kailangang abisuhan ang mga botante tungkol sa Voter's Choice Act na pinapasa ng Lupon ng mga Superbisor, gayunapaman, aabisuhan namin ang mga botante tungkol sa VCA.
4. Dumalo: Isa bang batas ng county o batas ng estado ang Voter's Choice Act?
  - a. Tauhan ng ROV: Isa itong batas ng estado na nagbibigay-daan sa mga county na lumipat sa Modelo ng Sentro ng Pagboto. Bahagi ito ng ginagawa namin; ang pagkuha ng mga mungkahi at komento para sa burador ng ating Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) at pagkatapos ay paggawa ng burador na nasa walong wika bukod para sa Ingles.
5. Dumalo: Gaano kadalas ninyo sinusuri ang mga listahan ng botante?
  - a. Tauhan ng ROV: Natatanggap natin ang mga Kard ng Pagpaparehistro ng Botante na nilalagdaan ng mga tao nang may panganib ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na nakatira sila sa address na ito, kasalukuyang impormasyon, atbp. Marami kaming ginagawang update at nakakatanggap kami ng maraming pagbabago ng adres mula sa maraming lugar gaya ng Post Office, Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor (DMV), Kalihim ng Estado, atbp. Bahagi na rin tayo ngayon ng isang pambuong-estadong tipunan ng datos at nakakakuha tayo ng maraming rekord ng botante.

6. Dumalo: Tinatalakay ng kard ng VCA na ito ang tungkol sa lohistika at marami itong sinasabi sa akin, pero ito ay mas simple kaysa dito, hindi lang ito tungkol sa lohistika ng pagboto, pero sinasabi nito sa akin ang lahat ng madadaling paraan para bumoto. Sinasabi nito sa akin kung paano bumoto, pero hindi nito sinasabi sa akin kung gaano na kadalang bumoto.
7. Dumalo: Lumilipat tayo sa isang bagong sistema ng pagboto at magkakaroon tayo ng sistema ng pagboto kung saan puwede akong pumunta sa alinman sa 140 lokasyon para bumoto. Gayundin, nagkaroon tayo ng imbestigasyon sa Russia tungkol kung bakit hindi ninyo pinagkakatiwalaan ang mga electronic system, ano ang magagawa ninyo tungkol dito?
  - a. Tauhan ng ROV: Marami tayong seguridad at gumagawa tayo ng pagsubok sa lohika at katumpakan bago at pagkatapos ng mga halalan at pagsusuri. Kung papasok ka at gagamitin mo ang electronic na teknolohiyang naroon, nagpi-print ito ng papel na balota, kaya ang bagong makina sa pagboto na ito kung saan sila boboto, na tinatawag na kagamitang pangmarka ng balota, kung saan pipindutin nila kung ano ang gusto nilang iboto, magpi-print ito at kukumpirmahin nila ito at, anuman ang mangyari, magkakaroon ako ng papel na mapupunta sa opisina ko at iimbak ito nang hanggang 22 buwan pagkatapos ng halalan.
8. Dumalo: Kung boboto ako nang elektroniko, magkakaroon ka ng papel na balota?
  - a. Tauhan ng ROV: Oo. Pipindutin mo ito nang elektroniko bilang isang botante. Magpi-print ito ng piraso ng papel, at pagkatapos ay kukunin mo ito at ipapasok mo ito sa isang makina; itatala nito ang iyong boto. Ang pagbibilang ng balota ay gagawin na sa mga presinto ngayon. Bilis na ngayon ang mga resulta sa Gabi ng Halalan, at bilang isang kandidato ay tiyak akong magugustuhan ninyo ito.
9. Dumalo: Paano kung gusto ko lang bumoto sa limang bagay, makakaboto pa rin ba ako sa limang bagay na iyon?
  - a. Tauhan ng ROV: Oo, tulad lang ng dati.
  - b. Tauhan ng ROV: Ang isang magandang paalala ay sa maraming pagkakataon ay hindi natatandaan ng mga tao na baligtarin ang balota, dahil kung makakakuha sila ng tatlong card, halimbawa, at bumoboto lang sila sa harap at hindi nila binabaligtad ang balota, ipapakita ng bagong makina sa pagboto sa mga botante na nakaligtaan nila ang ilang pagtututol at bibigyan sila ng tsansang bumalik at pumili, kung gusto nila.
10. Dumalo: Bakit ito isang halalan sa Marso sa 2020 at hindi isang halalan sa Hunyo? Bakit binago ang mga petsa? Ano ang dahilan kung bakit nabago ang halalan?
  - a. Tauhan ng ROV: Mga mambabatas ang nagbago sa batas sa Kodigo sa mga Halalan para magsagawa ng primarya sa Marso. Sa tingin ko ay sinubukan nila iyan noong 1996, inilipat nila ito sa Marso sa isang taon, pagkatapos ay inilipat nila ito pabalik sa Hunyo, kaya ito ang unang pagkakataong babalik tayo sa Marso sa loob ng mahabang panahon. Sa ngayon, nakatakda ito sa Marso para sa lahat ng primarya, maliban kung babaguhin nila ulit ang batas, na nagawa na nila dati.
11. Dumalo: Gaganapin pa rin ba sa Nobyembre ang Pangkalahatang Halalan?
  - a. Tauhan ng ROV: Oo, gaya ng dati, mananatiling pareho iyon.
12. Tauhan ng ROV: Sa pangkalahatan ay tinutugunan ng VCA ang mga pagpipilian ng bawat isa sa mga botante sa county dahil dati, mayroon kang tatlong pangunahing pagpipilian sa kung paano bumoto: bumoto sa araw ng Araw ng Halalan, bumoto 29 na araw bago ang Araw ng Halalan, o bumoto sa pamamagitan ng koreo. Ang Voter's Choice Act, ang ginagawa nito ngayon, ay pahabain ang iyong isang Araw ng Halalan at gawing 11 araw. Nagbibigay ito ng mas maraming opsyon para sa mga botante na bumoto at awtomatiko nang nagiging permanenteng botanteng bumoboto sa pamamagitan koreo ang lahat at maaari silang bumoto mula sa buhay. Ang mga botante ay mayroon pa ring opsyong magmaneho patungo sa isang lokasyon ng drop-off na alam na nila para ihain ang kanilang balota, o sa Araw ng Halalan, bisitahin ang isang lokasyon ng Sentro ng Pagboto para iahain ang kanilang balota o



bumoto rin sa personal sa Sentro ng Pagboto. Ang pinakamainam na bagay para sa mga botanteng may takdang petsa para magparehistro, maaari silang pumunta sa mga Sentro ng Botohan sa loob ng 11 araw, magparehistro sa araw na iyon, lumagda sa apidabit, makatanggap ng aktwal na balota at sobre, at iproseso iyon. Pagkatapos, matatanggap namin iyon sa opisina at titiyakin naming makakaboto ang tao sa halalang ito, kaya iyan ang CVR na tinatalakay ng PowerPoint presentation. Taglay ng VCA ang mga pagpipiliang makukuha na ngayon ng mga botante. Dito kayo maaaring makilahok at dito ninyo masasabi sa amin kung paano namin matutulungan ang inyong komunidad. Gusto naming malaman ito ng lahat at magiging mahalagang pagbabago ito, hindi lang para sa halalan sa Marso, kundi para sa mga taong darating. Isa itong positibong pagbabago. Gusto namin itong gawin nang tama. Sinusubukan naming gawin ang mga pulong na ito, sinusubukan naming maabot ang lahat, at kailangan namin ang inyong tulong.

13. Dumalo: Ang ideya ngayon ay 100% ng mga botante ang makakatanggap sa kanilang balota. Binabawasan nito ang dami ng mga taong maghahanap ng kanilang lugar para bumoto.
  - a. Tauhan ng ROV: Oo, sa paglipas ng panahon, mas babawasan pa nito ito. Marami tayong mararansang pagbabago at umaasa kami mawawasan nito ang mula 20% ng mga botanteng bumoboto sa mga Sentro ng Pagboto hanggang 10%, kaya sa bawat halalan, maaari itong bumaba nang paunti-unti. Kailangan nating iparating ang mensahe ng mga pagboto nang mas maaga ng mga tao at hindi lang sa araw ng halalan, diyan mararanasan ng mga tao ang mahahabang pila dahil, baka hindi nila alam, o mabagal sila, kaya sa tingin ko, sa paglipas ng panahon, magkakaroon ng mas kaunting mga pila sa Araw ng Halalan. Pero ang Kondisyunal na Pagpaparehistro ng Botante (CVR) ay ang talagang magdudulot ng mas maraming pila sa Araw ng Halalan dahil nagpaparehistro at pagkatapos ay bumoboto ang mga tao. Gagawa tayo ng isang express na pila at isang CVR na pila para sana ay maging mas mabilis ito para sa mga tao dahil noong Nobyembre ng 2018, ang mga tao sa aming opisina ay naghintay nang hanggang tatlong oras sa pila at naroon kami para tulungan sila.
14. Tauhan ng ROV: Ang lahat ng tao sa county ay magkakaroon ng dalawang Sabado at Linggo, at Lunes hanggang Biyernes, para bumoto, na sampung araw bago ang Araw ng Halalan, bukod pa sa Araw ng Halalan, at mayroon itong kabuuang 11 araw. Ito ang dahilan kung bakit natin ginagawa ang pakikipag-ugnayan na ito para tiyaking nauunawaan ng lahat na marami ang opsyon para sa lahat ng tao na bumoto at sumubok na bumoto nang maaga.

### **III. Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan kung paano ipapatupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at bubuuin kasama ng mungkahi mula sa komunidad.

### **IV. Pagpili ng Sentro ng Pagboto/Drop-box**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga Sentro ng Pagboto at mga lugar ng drop-box. Ang mga Sentro ng Pagboto ay kinakailangang madaling mapupuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na makapagserbisyo sa mga botante ng County ng Santa Clara.

#### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Kung sinasabi mong makakaboto ang lahat sa anumang Sentro ng Pagboto, paano ang botohan? Probisyonal?
  - a. Tauhan ng ROV: Hindi. Ang bawat Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng mga E-Pollbook tablet at gamit ang mga tablet na ito, mahahanap natin ang kahit sinong tao. Halimbawa, kung nakatira ka sa San Jose at nagtatrabaho ka sa Palo Alto, maaari kang pumunta sa isang Sentro ng Pagboto sa Palo Alto at bumoto doon. Hindi mo

- kakailanganing bumoto nang probisyonal; bibigyan ka nila ng Opisyal na Balotang nauugnay sa iyong distrito.
- b. Dumalo: Awtomatiko itong mamarkahan sa mga E-Pollbook na tablet?
    - i. Tauhan ng ROV: Ang tablet ay magkakaroon ng access sa lahat ng nakarehistrong botante. Kung nakalimutan mo o ng isang tao na magparehistro para bumoto, maaari silang pumunta sa araw na iyon at magparehistro para makaboto at sa kasong iyon ay bumoto ng kondisyonal.
  2. Dumalo: Nasa Espanyol ba ang pagsasanay para sa mga Opisyal ng Halalan?
    - a. Tauhan ng ROV: Hindi, nasa Ingles ito. Kinakailangan ng bawat Opisyal ng Halalan na magsalita ng Ingles kung nagsasalita sila ng ibang wika dahil ang kahit sinong nagtatrabaho sa mga Sentro ng Pagboto, hindi sila naroon para lang tumulong sa mga pagsasalain, pero naroon din sila para tumulong sa lahat ng bagay.
  3. Dumalo: Dati, mayroon tayong maagang pagboto kung saan maaari kang bumoto sa opisina ng Tagapagrehistro nang halos isang buwan o tatlong linggo nang maaga, magpapatuloy ba iyon?
    - a. Tauhan ng ROV: Oo
  4. Dumalo: Sa palagay ko ay maganda kung magkakaroon ng polyetong nagsasabing “ito ang madadaling paraan para bumoto,” na nagsasabi kung gaano kaaga ka maaaring bumoto sa ganito karaming lokasyon ng Sentro ng Pagboto kung saan maaari mong ihain ang iyong balota. Isang polyetong hindi masyadong teknikal tungkol sa kung paano ito nabago, kundi sa paraang ginawa itong mas madali. Isang bagay na mababasa ko sa loob ng 30 segundo o mas kaunti, dahil wala nang ibang nagbabasa nang lagpas pa roon.
  5. Dumalo: Gaano karaming Opisyal ng Halalan ang magkakaroon kayo sa mga Sentro ng Pagboto?
    - a. Tauhan ng ROV: Dedepende ito sa kung aling araw sa 11 araw ito bukas, dahil baka mas abala ang ilang araw kumpara sa iba, gaya ng Sabado bago ang Araw ng Halalan.
    - b. Dumalo: Mayroon bang iskedyul para diyan?
    - c. Tauhan ng ROV: Ginagawa na namin ito at iba pang mga materyales, dahil kailangan namin ang mga mambabati para batiin at tulungan ang mga botante.
    - d. Dumalo: Paano naman ang mga oras?
    - e. Tauhan ROV: Magiging bukas ang mga iyon nang minimum na walong oras sa isang araw, pero maaaring maiba-iba ang oras. Sinusubukan naming gawing pare-pareho ang mga oras na iyon para may ilang gabi, umaga, at Sabado at Linggo. Depende ito lahat kung gaano karaming Sentro ng Pagboto ang magiging available para sa ganoong karaming araw, gaano karaming araw nila tayo papayagang manatili doon, at gaano katagal tayo maaaring manatili doon para idaos ang halalan.
  6. Dumalo: Dahil bukas ang mga drop-box nang 24 oras, magandang ideya na maglagay ng drop-box sa labas ng isang *24-Hour Fitness* gym.
  7. Dumalo: Para saan ang mga mapa?
    - a. Tauhan ng ROV: Ang mapang ito na may mga ilang hangganan ay ang unang yugto ng 11 araw na Sentro ng Pagboto. Mayroon tayong dalawang yugto: mga 11 araw na sentro at 4 na araw na sentro. Sampung araw bago ang Araw ng Halalan, kailangan nating magkaroon ng isang Sentro ng Pagboto kada 50,000 nakarehistrong botante. Kapag apat na araw na lang, ang Sabado bago ang Halalan, makikita mo kung gaano ito kaliit, hinahati ito sa 125 iba't ibang lokasyon batay sa pagpaparehistro.
  8. Dumalo: (May hawak na handout) May tanong ka rito tungkol sa mga nalilipat na sentro?
 

Tauhan ng ROV: Ito ang ika-14 na pamantayang kailangan nating isaalang-alang. Iyan ang 14 na ranggo ng mga pamantayan paramakita kung anong pinakamahala sa iyo. Ang ilan sa iba pang mga county na may malalaking tipak ng lupa na nangailangan ng mga Sentro ng Pagboto para pumunta sa mga lugar na iyon.

## V. Accessibility ng Wika

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkuha ng mga opisyal sa halalan.

### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Gumagawa ba kayo ng mga video na maaaring ibahagi sa maraming wika?
  - a. Tauhan ng ROV: Oo, darating ang mga iyon. Nakagawa na kami ng isang video ngayon, pero gumagawa pa kami ng mas maraming video at materyales. Kakasalin lang namin ng aming kard ng interes sa lahat ng wika, kaya oo, gagawin namin iyon sa iba't ibang wika habang dumarating ang mga pulong.
2. Dumalo: Magkakaroon ba ng pulong kung saan Espanyol lang ang sinasalita, dahil isa itong pulong na may dalawang wika? Kung hindi ako nagsasalita ng Ingles o kung Espanyol lang ang sinasalita ko, magiging mas mahirap na makilahok, kapag wala nang kagamitan sa pagsasalin dito.
  - a. Tauhan ng ROV: Mayroon tayong mga tauhan dito sa pulong na ito na nagsasalita ng Espanyol na para magsalin kung kailangan ito ng kahit sino. Walang pulong ng EAP kung saan Espanyol lang ang sinasalita. Sa kalaunan, magkakaroon tayo ng workshop sa wiak sa bawat isa sa mga wika para gumawa ng presentation tungkol sa Voter's Choice Act para magbigay-alam sa mga bisitang nagsasalita ng Espanyol.
3. Dumalo: Ang alalahanin ko ay walang pulong na idinadaos lang sa Espanyol. Sa palagay ko ay kailangan natin ng komento na kung nagsasalita ka ng Espanyol at kailangan mo ang impormasyong ito sa Espanyol, na may malaking tensiyon sa komunidad na may mga pamilyang may magkahalong katayuan, mga mamamayan ng U.S., mga hindi nakadokumento, at sa kampanya ng halalan na ito, na kailangang may espesyal na pagtuon sa komunidad na nagsasalita ng Espanyol na humaharap sa tensiyong ito 24/7.
  - a. Tauhan ng ROV: Sinusubukan naming kunin ang komento para sa plano para kapag natapos na ang plano, magkakaroon ng mas maraming pakikipag-ugnayan sa lahat ng komunidad sa kalaunan.
4. Dumalo: Sa palagay ko ay magandang pagbabago ito at gagawin nitong mas madali ang pagboto, pero bagong bagay ito. Ang sistemang ito ay bago katulad ng bagong Pampresidenteng Halalan, Sensus, atbp., at dahil maaari itong maging mas madali, bago pa ito at dahil hindi lang ito ang inilalabas na bagong bagay, isa pa itong bagay na kailangan din nating malaman. Bagama't isa itong bagong bagay at kapana-panabik, ang hamon ay ang konteksto.
  - a. Tauhan ng ROV: Gagawa kami ng pakikipag-ugnayan at bahagi ng pakikipag-ugnayan ay ang sinumang tao o grupong makikipag-ugnayan sa amin at magsasabing "pumunta ka sa aming Espanyol na pulong," magpapadala kami ng nagsasalita ng Espanyol para magsagawa ng presentation tungkol sa Voter's Choice Act.
5. Dumalo: Mas kumportable akong magsalita sa aking katutubong wika, pati sa pagtanggap at pag-intindi sa materyales dahil mas malinaw ito.
6. Dumalo: Mas mahalaga ang pag-unawa, at mahalagang maunawaan ang mahalagang impormasyong ibinibigay sa amin. Mahalaga rin na magkaroon ng mga pulong na idinaraos nang nasa Espanyol lang, dahil alam kong may mga pulong na idinaraos nang nasa Biyetnamis, Intsik lang, at samakatuwid ay dapat ding mangyari iyon para sa Spanish na komunidad.
7. Dumalo: Gusto naming mga Hispaniko ng kalinawan sa kung anong nauunawaan namin.
  - a. Tauhan ng ROV: Handa kaming pumunta sa anumang organisasyon o grupong gustong gumawa ng presentation.

8. Dumalo: Bumoboto na ako simula nooong 18 taong gulang pa ako. Magiging mahirap ito para sa aming komunidad ng mga imigrante. Sinasabi ng ilang tao na panahon na nila ngayong makakuha ng pagkamamamayan pagkalipas ng pagiging mga residente nang maraming buwan, kaya para sa isang taong nagpapatakbo ng mga kampanya at kumukuha ng mga kandidatong mukhang isang komunidad, tulad ng sarili ko, mahirap na makakuha ng taong bumoboto na nang 25 taon, na lumabas at bumoto. Ang buong konsepto ay magkakaroon ang mga botante ng 11 araw para bumoto at dahil hindi na tayo magkakaroon ng lokasyon ng botohan, matitiyak ko sa iyo na ang unang sasabihin ng mga tao ay boboto sila sa kanilang lokal na presinto kahit na wala na talaga ito. Nauunawaan ko ang konsepto, at tiyak na mas madali itong magamit, pero hindi para sa aming komunidad ng imigrante na may iisang wika, sigurado ako rito. Masaya akong nangyayari ito, at mayroon tayong magagaling na pinuno at iba pang mga taong hihikayat sa amin sa mga paaralan, sa mga sentro ng komunidad, pero nakakagulat ito. Ang Mayfair ay may magandang sentro ng nakatatanda at magandang oportunidad ito na makipag-usap sa mga nakatatanda dito, dahil ang karamihan sa mga ito ay nagsasalita ng Espanyol. Sinasabi nila na ang bawat halalan ay ang pinakamahalagang oras ng ating mga buhay, pero marami tayong kandidatong tumatakbo, at gusto ng mga Latino na pumili ng mahusay na kandidato. Sa palagay ko ay magiging problema ito at ang mga organisasyong tulad ng SIREN (Services, Immigrant Rights, and Education Network), LUNA (Latinos United for a New America), at lahat ng union na nahihirapang hikayatin ang kanilang mga miyembro na bumoto, mahihirapan sila rito. Umaasa akong magiging maayos ang lahat, dahil marami tayong magagandang organisasyon dito para sa ating komunidad ng imigrasyon, pero ito ay mahirap, nakakatakot, at nakakahamon, pero isang magandang hamon, at isang magandang pagkakataong turuan ang ating mga tao.
  - a. Tauhan ng ROV: Nagkaroon ng pulong ilang linggo ang nakaraan sa Lupon ng Edukasyon at nagsimula kaming makipag-usap sa kanila, ang Liga ng mga Kababaihang Botante, para rin sa isang pribadong proyekto para makipag-ugnayan sa lahat ng junior tungkol sa pagpaparehistro sa lahat ng mataas na paaralan sa county. Nagtanong kami kung maaari kaming magdagdag sa kanilang mga slide tungkol sa Voters Choice Act para sa mga junior. Naghihintay kami sa isang petsa ng pulong, dahil narinig naming mayroon silang magaling na media team at ang ating Legislative Affairs Division, kaya puwede kaming magkaroon ng pulong para mapalaganap ang balita sa kanilang mga paaralan.
9. Dumalo: Sa palagay ko ay mahalagang magkaroon ng nakapokus na grupo nag magsasabi kung ano ang nakikita nating hamon sa Voter's Choice Act. Nasasabik din kami sa bagong bagay na ito at pinag-uusapan namin ito, pero walang nagtatanong ng "ano ang hamon sa bagong bagay na ito?" Sa palagay ko ay mahalagang magkaroon ng nakapokus na grupo sa mga taong walang tradisyunal na maraming botante sa komunidad ng Latino at nagtatanong , "ano ang mga balakid na kailangan nating pagplanuhan?," dahil sa palagay ko ay marami kaming kaalaman sa aming komunidad at sa halip na ibigay lang ang impormasyon, dapat tayong maglaan ng oras para tanungin kung ano ang mga hamon at paano namin matutugunan ang mga iyon.
  - a. Tauhan ng ROV: Ang isa pang lugar ng oportunidad ay ang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) na nabuo namin, at kasalukuyan kaming naghahanap ng mga bagong miyembro na sangkot sa bawat isa sa mga komunidad. Sa kasalukuyan, wala pa tayong Espanyol na kinatawan. Kakasimula lang ng komiteng ito at dalawang beses pa lang itong nagpupulong at magpupulong ito kada buwan. Sinusubukan pa rin naming kumuha ng mga miyembro. Kakakuha lang namin ng isang miyembrong nagsasalita ng Tagalog mula sa aming Tagalog na pulong. Ang pinagtutuunan ng Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) ay kung paano masusugpo ang mga isyu sa accessibility ng wika sa ating mga komunidad. Ang isa pang bagay na ginagawa natin ay nauugnay sa mga presentation ay isang Komite para sa Edukasyon ng Botante (VEOC). Gumawa kami

ng komite para sa komunidad ng nakatatanda at may kapansanan, pero gusto naming magkaroon ng dagdag na pagtuon sa pagsasanay, kung kaya't mayroon tayong koalisyong ng komite ng VEOC na talagang maaaring magsanay ng isang tagasanay at gumawa ng mga presentation, kaya may ganito ring oportunidad.

10. Tauhan ng ROV: Sa nakaraan, halimbawa, mayroon tayong 800 presinto, mga 400 presinto lang ang tina-target para sa Espanyol, ibig sabihin ang lima lang sa mga presinto ang may mga tauhan na nagsasalita lang ng Espanyol. Gamit ang VCA, ang ating layunin ay magkaroon ang mga Sentro ng Pagboto ng mga tauhang nakakapagsalita ng dalawang wika para tumulong sa mga botante.
11. Dumalo: Mahalagang gawing mas madaling bumoto, pero minsan ay mahirap para sa ating komunidad na umakma sa mga pagbabago, gaya ng pagbibigay ng kumpiyansang nabibilang ang kanilang boto, paano punan ang balota, at maging kumportable na malaman kung saan boboto. Maaari silang sumuko dahil sa lahat ng bagong teknolohiya at mga bagong batas na ito.
  - a. Tauhan ng ROV: Para sa 75-80% ng mga tao, walang magbabago sa paraang bumoboto sila , pero para sa 20-25% ng iba pang mga botante, magbabago ito.
12. Tauhan ng ROV: Sa ating website, ang lahat ng materyales ay isasalin sa Espanyol. Magkakaroon kami ng impormasyon sa Patnubay na Impormasyon Para sa Botante at ipapadala ito sa lahat ng botanteng humiling na matanggap ang impormasyong ito sa pamamagitan ng koreo. Ginagawa na namin ang pag-update sa aming website, pero mayroon kaming impormasyon sa bagong batas na ito sa aming website na nasa Espanyol. Kulang pa kami ng ilang page, gaya ng aming mga Ingles na page, pero sa ngayon, mayroon kaming apat na page sa aming website sa Espanyol.
13. Dumalo: Ibig sabihin, kailangan ay nakakapagsalita ka ng Ingles, at ang pangalawang wika ay pipiliin mo, hindi lang para sa Espanyol, gaya ng para sa apat na wika: Biyetnamis, Intsik, Espanyol, Tagalog, pero ang pangunahing wika para sa mga Opisyal ng Halalan ay Ingles.
  - a. Tauhan ng ROV: Pinaparami namin ang mga wika at magkakaroon ng siyam na wika bilang kabuuan para sa mga Opisyal na Balota. Nagdadagdag kami ng apat na wika: Hindi, Hapon, Koreano, at Khmer, kaya magkakaroon tayo ng siyam na wika sa mga balota.

## **VI. Accessibility ng Pagboto**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. (wala)

## **VII. Mga Oportunidad sa Pakikipag-ugnayan**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahusay na paraan at maipaalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Ang karamihan ng mga paaralan ay may mga workshop ng “Unibersidad ng Magulang” o “Unibersidad ng Pamilya” kung saan isang araw sa bawat distrito ng paaralan, nagsasama - sama, at kung may taong makakagawa ng mga presentasyon sa Voter’s Choice Act sa Ingles, Espanyol, Biyetnamis, Intsik, o anuman ang lugar, marami kang maaabot na mga tao dahil idinaraos na nila ang kaganapang ito. Tutulong ito na kumonekta ng maraming

tao nang mabilis. Kukuha tayo ng hanggang 200 tao nang 3 oras at magkakaroon ka ng oportunidad na ipakilala ito sa bagong mga tao nang ilang minuto.

2. Tauhan ng ROV: Ang mga materyales at handout na gagawin naming nasa iba't ibang wika, mabibigyan namin kayong lahat ng soft copy na maipapamigay ninyo. Dapat ay isa itong pagsusumikap ng komunidad para magawa natin ang VCA nang sama-sama, pero kailangan talaga na tumulong ang ating mga partner sa komunidad.
3. Tauhan ng ROV: Nauunawaan namin ang alalahanin tungkol sa pakikipag-ugnayan sa lahat ng komunidad at ang hirap ng pakikipag-ugnayan sa mga katutubong nagsasalita ng ilang partikular na wika para bumoto sa araw na iyon. Sinusubukan naming makipag-ugnayan sa bawat komunidad, hindi lang isang partikular na komunidad, at kahit sinong gustong makipag-ugnayan sa amin. Mayroon tayong mga kard ng interes na maaari mong punan at ipahiwatig ang iyong mga alalahanin at kagustuhang makaramdam ng kumpiyansa sa pag-aral sa prosesong ito sa iyong katutubong wika. Kaya naming subukang gawin iyan sa abot ng makakaya namin. Magbibigay kami ng Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante at gagawin namin ito sa iba't ibang wika, at ito ang dahilan kung bakit mayroon tayong ganitong mga pulong, sabihin ninyo sa amin ang sentimyentong iyan, at pagkatapos ay magbigay sa amin ng mga kaganapan o workshop na maaaring alam ninyo para sa pakikipag-ugnayan. Kapag alam na natin ang tungkol sa iba't ibang alalahaning ito, maaari tayong makipagtulungan sa iba't ibang komunidad na ito para tumulong. Mayroon tayong ilang tauhan nakakapagsalita ng dalawang wika sa aming opisina na nakakatulong sa pakikipag-ugnayan. Hindi lang ito ang forum na kailangan nating subukan at makuha ang lahat ng wika sa lahat ng komunidad, mayroon din tayong Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika. Ito ang mga pulong kung saan kailangan naming makilahok kayong lahat at nagpupulong tayo buwan-buwan at wala pa ring tao mula sa komunidad na nagsasalita ng Espanyol na dumating. Ang lahat ng alalahaning ito na mayroon kayo, dalhin ninyo ito sa komite at ipahiwatig ang mga pangangailangang nakikita ninyo sa sarili ninyong komunidad. Kaunti lang ang alam namin sa mga kontak na mayroon kami, kaya upang maging pinakaepektibo at makakuha ng higit pa sa pulong na ito, ay kung ang isa sa inyo ay makakarating sa mga pulong na ito. Mayroon pa tayong isang tinatawag na Komite ng Accessibility sa Pagboto; ito ay para tulungan ang mga taong may kapansanan na matiyak na mahahanap nila ang tamang paraan para bumoto. Sa lahat ng komunidad na mayroon tayo, tinatanggap ang lahat na pumunta. Kahit na isa itong Espanyol na pulong, tinatanggap ang lahat na pumunta. Kahit na sinasabi ng pulong na isa itong Pangkalahatang Pulong, hindi ibig sabihin na para lang ito sa mga botanteng nagsasalita ng Ingles, ito ay bukas sa kahit sino para makapasok ang kahit sino. Ang huli, na pinakamahalaga kung sakaling gusto ninyong lumahok lahat, ay ang (VEOC), Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante. Dito kami nakikinig sa inyo, mayroon din kaming plano, at ipinapakita ang lahat, mayroon kaming ganito at ipapasalin ito. Kung sasabihin mo sa amin na mayroon kang klase kung saan darating ang mga magulang at gusto nilang lumahok at matuto tungkol sa bagong sistema, kailangan ninyo itong ipaalam sa amin. Kung ang klase ay nasa isang lugar na karaniwang nagsasalita ng Espanyol, ipaalam ninyo sa amin; titiyakin naming makapasok ang aming mga miyembrong nakakapagsalita ng dalawang wika at makipagtulungan sa inyo. Dadalhin namin ang lahat ng iyong materyales sa pakikipag-ugnayan, ipapakita namin ito sa iyo, at pagkatapos ay madadala mo ito at maipapakita mo ito sa ating mga komunidad.
4. Dumalo: Nasasabik ako tungkol sa pagbabago, ramdam ko lang na maraming pagbabago nang sabay-sabay at dahil tensiyonado ang mga tao, ang kahit anong maliit na pagbabago ay makakadagdag dito. Iniisip ko rin na ang antas ng ginhawa sa wika ay magkakaroon ng malaking epekto, dahil sa ngayon parang ramdam ko na hindi ako kasali rito. Kaya, kung hindi mabait sa akin ang isang tao o hindi ako bibigyan ng materyales na nasa Espanyol o Biyetnamis, baka matakot talaga ako dahil malaki ang tensiyon sa komunidad. Sa palagay ko

ay bahagi ito ng trabahong kailangan nating gawin, na turuan ang mga taong pupunta sa mga lokasyon, dahil maaaring makaapekto ang lahat ng ito.

- a. Tauhan ng ROV: Ito ang dahilan kung bakit natin sinisimulan ang pakikipag-ugnayan ngayon at hindi dalawang buwan bago ang Araw ng Halalan, kaya ang lahat ng trabahong ito na pinaplano natin kasama ang pulong na ito ngayon ay para magkaroon tayo ng pulong sa taglagas para masimulan ang lahat.
5. Dumalo: Sa palagay ko ay ang pagkakarapare-pareho ng mensahe ay ang pinakamainam para sa mga Espanyol na media outlet. Ang mga Espanyol na lugar ay bumaba mula 30 patungong sampu sa huling sampung taon, kaya may malaking pagbaba sa Espanyol na media. Magandang media outlet ang radyo dahil maraming taong nakikinig sa radyo habang nagtatrabaho sila.
6. Dumalo: kilala ko ang tagapamahala ng Espanyol na istasyon ng radyo na *La Kaliente* at makikipag-ugnayan ako sa kanila.
7. Dumalo: Mamuhunan sa social media, dahil wala nang nanonood ng TV.
8. Tauhan ng ROV: Kung kilala mo ang kahit sinong sikat o medyo kilala sa komunidad na may maraming tagasubaybay, ipaalam ninyo sa amin para makipag-ugnayan kamit sa kanila, iyan ang kailangan namin, pakikipagtulungan. Magkakaroon kami ng panimulang pulong sa unang bahagi ng Agosto at sa pulong na ito, gusto naming pumunta kayo at ibigay ninyo ang lahat ng inyong mga komento at alalahanin.

### VIII. Iba Pang Mga Paksa/Tanong

#### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Ang aking alalahanin ay tungkol sa integridad ng halalan: Noong 2016, may isang lalaking pumunta sa presinto para bumoto, pero hindi siya nakatira doon, nakatira siya sa Las Vegas; bumoto na siya sa Las Vegas at pumunta pa rin siya rito para bumoto.
  - a. Tauhan ng ROV: Maaari nating isangguni ang mga tao sa imbestigador na abugado ng distrito kung naniniwala ang mga taong hindi sila nakatira doon.
2. Tauhan ng ROV: Kapag naghahanap tayo ng mga posibleng pasilidad, tinatanong ko sila kung gusto nilang bumalik sa paggawa ng mga demo. Gusto nating dalhin ang lahat ng bagong teknolohiyang ito sa publiko at sa iba't ibang grupo ng komunidad at inimitahan namin silang tingnan ang mga bagong teknolohiyang ito at tanungin sa amin ang mga iyon, para maging pamilya sila sa teknolohiya, at matatanong nila sa amin ang mga tanong na panseguridad na iyan para maging mas kumportable sila tungkol dito. Isa itong bagay na hindi pa namin nagagawa dati, kaya isa itong bagong bagay na sinusubukan namin.
3. Dumadalo: Tungkol ulit sa integridad ng halalan, sa mga hacker gaya ng mga Intsik at Ruso at mga taong iyan, pinagllalaruan ba nila ang inyong sistema?
  - a. Tauhan ng ROV: Hindi pa kami nakakaranas ng isyu sa seguridad. Nakikipagtulungan kami sa Department of Homeland Security, sa Tanggapan ng Seguridad ng Impormasyon ng Hepe ng County, Tanggapan ng Pagiging Pribado ng Hepe ng County, Tanggapan ng Kalihim ng Estado, kaya nakikipagtrabaho kami sa Pederal, Pang-estado, at lokal na antas. Gumagawa kami ng penetration testing, pagsasanay sa phishing, at nagpatupad kami ng bagong teknolohiya sa phishing, kaya marami kaming ginagawa. Ang sistema ng pagbibilang ay hindi nakakonekta sa internet. Kinukuha natin ang mga resulta sa computer na iyon na sinubukan at sumailalim sa pagsubok para tiyaking nagbibilang ito nang tama bago tayo magsimulang magbilang at magbilang pagkatapos nito, at dinadala namin ang mga resulta sa sistemang nakakonekta sa internet para lang i-post ang mga iyon.
4. Dumalo: Narinig ko na basta't makatawid sila sa hangganan, dinadala sila ng NGO sa opisina ng county at binibigyan sila ng kumpletong pakete, kasama ang isang kard ng pagpaparehistro ng botante?



- a. Tauhan ng ROV: Hindi ko kilala ang NGO. Sa pagpaparehistro ng botante, kapag nagparehistro sila, pinapagtibay ang kanilang numero ng seguridad sosyal, ang apat na huling numero ng kanilang seguridad sosyal, o numero ng lisensiya sa pagmamaneho.
5. Dumalo: Dito sa California at New York, posibleng hindi alam ng mga tao na isa kang residente at maaari kang mag-apply para sa lisensiyang iyan at nag-apply sila para sa pagboto, ganoon ba ito gumagana?
  - a. Tauhan ng ROV: Hindi, kailangan mo talaga na maging isang mamamayan para makaboto ka. May isang taong sumusuring napunan mo ang lahat ng patlang nang tama. Kahit na hindi ka isang mamamayan, pinananatili namin ang apidabit na iyon talaan bilang katibayan na kapag sinabi mong “Pumunta ako sa botohan at bumoto,” kahit na hindi ka mamamayan. Ayon sa batas, ang lahat ng impormasyon ay pinananatili sa talaan nang ilang taon at iyan ay isang bagay na pinananatili namin sa talaan nang dalawang taon o higit pa.
  - b. Dumalo: At bilang isang imigrante, ang pagboto nang hindi ka isang mamamayan ay isang mabigat na kasalanan at maaari kang ma-deport dahil dito. Hindi ito isang bagay na matatakas mo.
6. Dumalo: Sa polyetong ipinapadala ninyo, gaano katagal bago ang eleksyon ninyo ito ipapadala?
  - a. Tauhan ng ROV: Ang batas ay nagbibigay-daan sa pinakamaagang pagpapadala ng mga polyetong iyon nang 40 araw bago ang Araw ng Halalan. Ilalabas namin iyan sa lalong madaling panahon. Ilang linggong ang itinatagal para ipadala ang mga iyan dahil dumarating ang mga iyan sa mga trak at kailangan naming i-inkjet ang mga iyan, na nagpi-print sa direksiyon. Nailalabas namin ang mga iyon sa pagitan ng 40 at sampung araw, depende sa mas maliliit na halalan, at maaaring mawala ang mga iyan dahil mas kaunti ang ihahanda. Samantala, sa malalaking halalan, na may mga polyetong may 100 pahina na maaaring mas matagal gawin, mas huli na itong mailalabas.
7. Dumalo: Lumalabas ba ang polyeto ng estado bago o pagkatapos ng sa inyo?
  - a. Tauhan ng ROV: Mauuna itong lumabas. Kailangan lang ng estado na magpadala ng isang polyeto kada sambahayan, at para sa amin, kahit na pinili ng isang tao ang Espanyol, ipinapadala namin ang mga Ingles na polyeto sa lahat, kaya nagpapadala muna kami ng mahigit isang milyong polyeto, at pagkatapos ay ipinapadala namin ang wika. Makakatanggap ka muna ng Ingles na polyeto, at pagkatapos ay ang wika.



Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan ng Pulong na Pagsangguni sa Intsik**

Quinlan Community Center  
10185 N. Stelling Rd, Cupertino, CA  
Social Room  
Martes, Hunyo 25, 2019  
Ika-5:30 ng hapon hanggang ika-7 ng gabi

**Mga Dumalo:**

Bise Alkalde ng Cupertino, Kinatawan mula sa Sentro ng Pagboto ng Taiwan, Kinatawan mula sa ROV ng County ng Alameda, at Mga Miyembro ng Publiko

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Vanessa Hamm, Andrea Solorio, Shelby Galaviz, Michael Borja, Magdalena Sta Maria, Priscilla Favela, Janora Davis, Patricia Lopez, Allen Ocampo, Linh Nguyen, Michelle Tran, Adrian Garcia, Paulo Chang, Alfred Gonzales, Eric Kurhi, Rachel Jung, Liz Oviedo, Chipu Mulenga, George Hiu, Mike Davis, Martin Ayala, Smita Shah, Lorenzo Castaneda, Diane Castaneda, Ruth Luo, Chenxi Ye

**I. Mga Panimula**

*Maligayang Pagbati sa mga Dumalo*

**II. Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act**

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ngayon ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o magkaroon ng hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa anumang Sentro ng Pagboto.

*Ipinakita ang presentasyon tungkol sa VCA.*

**III. Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan kung paano ipapatupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at kung paano bubuuin ang mga ito kasama ng mungkahi mula sa komunidad.

*Presentasyon ng ROV:*

1. Tauhan ng ROV: Ipinaliwanag ang mga Sentro ng Pagboto at ang 14 na pamantayan. Ginamit ng mga tauhan ang Social Room sa Cupertino Community Center bilang halimbawa ng pagiging masyadong maliit ng isang Sentro ng Pagboto. Ipinakilala ang mga tauhang inaatasang tumukoy ng mga Sentro ng Pagboto, at ipinaalam sa mga dumalo na nakalista rin ang mga tauhang ito at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa flyer ng Sentro ng Pagboto kung sakaling may mga ideya ang sinuman sa mga

maaaring maging lokasyon ng mga Sentro ng Pagboto. Ang hamon ay hindi lang hanapin ang mga pasilidad, kung hindi pati na rin maghanap ng lokasyong makakapagbigay sa ispesipikong bilang ng mga araw.

2. Tauhan ng ROV: Nagsalita tungkol sa pagmamapa gamit ang GIS upang makapagbigay ng kaalaman batay sa datos. May ipinaliwanag na mapa tungkol sa mga pang-11 araw na Sentro ng Pagboto, at ipinakilala nito ang 14 na pamantayan ng mga Lokasyon ng mga Sentro ng Pagboto at Drop-off ng Balota. Nakabatay ang ilang halimbawa ng mga pamantayan sa mga komunidad ng wika. Pinagtutuunan ng GIS Mapping ang dami ng datos, at nangangailangan ito ng mungkahi.
3. Tauhan ng ROV: Kung may makukuhang ideya para sa mga Sentro ng Pagboto o suhestyon tungkol sa EAP pagkatapos ng pulong na ito, maaaring iakses ng publiko ang mga form para sa pag-feedback sa Website ng Voter's Choice: [sccgov.org/voterschoice](http://sccgov.org/voterschoice). Maaaring ipakoreo o ibalik sa pamamagitan ng email ang mga form na ito sa ROV sa pamamagitan ng [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org).

#### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Tauhan ng ROV: Naghahanap kami ng feedback para sa EAP, sa partikular, mula sa Komunidad ng mga Intsik, ngunit bukas kami sa anumang feedback para sa pagbuo sa burador na EAP. Saan namin dapat isagawa ang aming pakikipag-ugnayan, saan dapat kami maghanap ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto, at saan sa komunidad kami dapat maglagay ng mga drop-boxes?
2. Dumalo: Tuluy-tuloy ba ang 12 o 14 na araw para sa mga Sentro ng Pagboto? Maaaring mainam gamitin ang ilan sa mga simbahan. May malalaking pasilidad ang ilang simbahan, na may kakayahang magtabi ng kagamitan.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo, tuluy-tuloy ang mga ito. Ang mga simbahan ay isang mainam na lokasyon kung saan maaaring pamilyar ang mga botante, gayunpaman, hindi palaging libre ang mga ito sa loob ng mahahaba at magkakasunod na araw dahil sa iba pang serbisyong ibinibigay ng mga ito. Noon, mas madaling gamitin ang espasyo sa isang simbahan dahil hindi nakakaabala ang Martes (ang karaniwang Araw ng Halalan) sa iskedyl ng simbahan. Ngayon, maaaring ialok na lang nila ang ROV sa mga weekday, at hindi na sa mga weekend, dahil sa mga serbisyo ng simbahan at iba pang aktibidad ng simbahan. Kailangan din namin ng oras upang ma-set up at maalís ang kagamitan, na nangangahulugang kailangan namin ng isa o dalawa pang araw. Katumbas din ito ng pagkakaroon ng Sentro ng Pagboto na may sapat na seguridad para sa mga balota at kagamitan sa pagboto.
3. Dumalo: Sinasabi mo bang mananatili ang mga balotang ito sa lokasyon ng mga ito pagkatapos bumoto ng mga botante?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Ikakandado at seselyuhan nang mabuti ang mga balota sa Sentro ng Pagboto tuwing gabi. Kaya naman kailangan namin ng mga ligtas at secure na lokasyon. Mayroon pa bang mga tanong tungkol sa mga Sentro ng Pagboto? Hindi kailangang tungkol ito sa Cupertino, maaaring tungkol ito sa ibang lugar sa county. Mangyaring mag-email sa amin sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org).
4. Tauhan ng ROV: Ngayon, tinalakay namin sa inyo ang flyer na "Piliin Kung Paano Ka Boboto". Ibinubuod ng flyer na ito ang VCA at ang mga bagong paraan ng pagboto para sa county. Para sa higit pang impormasyon, maaari ding iakses ng publiko ang tab na Voter's Choice Act sa website: [www.sccvote.org/voterschoice](http://www.sccvote.org/voterschoice).
  - a. Tauhan ng ROV: Nagbigay rin ang ROV ng "Kard ng Interes" na nag-iimbata sa publikong sumali sa Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC), Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Pagboto (VAAC), at Koalisyon para sa Edukasyon at

Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOC). Nagsasagawa kami ng mga pulong ng LAAC at nangangailangan kami ng iba't ibang komunidad ng wika para sa mungkahi. Ang VAAC ay para sa mungkahi sa accessibility ng lahat upang magawa ng lahat na bumoto, kasama ang sinumang may kapansanan o ang mga taong may mga espesyal na pangangailangan. Nakatuon ang VEOC sa pakikipag-ugnayan at kaalaman ng komunidad kaugnay ng bagong sistema ng pagboto. Sa pamamagitan ng VEOC, magbibigay kami ng pagsasanay at “swag” upang makatulong ka sa pagbabahagi ng kaalaman sa iyong komunidad. Kailangan ay mas maraming tao ang pumunta at sumali sa aming mga komite. Nagbigay na sa amin ng Sentro ng Pagboto ang isa sa mga dumalo. Kailangan din namin ng mga bagong tauhan at boluntaryong tutulong sa amin sa mga wika sa mga Sentro ng Pagboto.

5. Tauhan ng ROV: Kakailanganin ng ROV ng mga bagong Opisyal ng Halalan at tauhan para sa mga Sentro ng Pagboto. Iaalok pa rin namin ang sahod sa boluntaryo, gaya ng dati, ngunit kukuha kami ngayon ng karagdagang tulong bilang empleydo ng county upang sapat ang mga maging tauhan sa mga Sentro ng Pagboto. Sisimulan namin sa Setyembre ang mga panayam at pagkuha ng empleyado; pakitingnan ang website ng County at hanapin ang “Manggagawa ng Halalan” sa <http://www.sccgov.org/jobs> kung ikaw o ang sinumang kakilala mo ay ineteresadong mag-aplay.
6. Tauhan ng ROV: Paano kung isa akong botante ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM)? Makakatanggap ba ang lahat ng balotang ipinapadala sa pamamagitan ng koreo? Maaari ba akong pumunta at bumoto sa isang Sentro ng Pagboto kung botante ng VBM ang lahat ng tao?
  - a. Tauhan ng ROV: Siyempre! Sa VCA, makakatanggap na ang bawat botante ng balota sa koreo nang hindi nagpaparehistro bilang botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang isa pang kaibahan ng Presinto ng Pagboto/Lugar na Botohan kapag ikinumpara sa isang Sentro ng Pagboto para sa VCA ay ang pagkakaroon na namin ngayon ng mga printer ng Ballot on Demand (BOD). Magagawa naming maglimbag ng balota, batay sa iyong pagpaparehistro, sa anumang Sentro ng Pagboto na pipiliin mong bisitahin, dahil hindi ka na inaatasang mag-ulat sa isang ispesipikong Lugar na Botohan. Kasabay ng pagpapatupad sa VCA, lubos na nabawasan ang bilang ng mga kinakailangang pansamantalang balota. Halimbawa, kung boboto ako sa County ng Santa Clara at nakarehistro ako sa San Francisco, iyon ang pagkakataon upang gumamit ng pansamantalang balota. Ang mga serbisyo sa opisina ng ROV sa Berger Drive ay magiging available na sa 120+ Sentro ng Pagboto. Gayunpaman, kakailangang sanayin ang aming mga tauhan sa Sentro ng Pagboto sa paggamit sa bagong kagamitan. Ang isang halimbawa ng CVR (Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante) ay ang pagrerehistro ng mga tauhan sa indibidwal, pagbibigay sa kanya ng apidabit na dapat niyang punan, at paglalagay nito sa isang sobre para sa pagpapatibay kung maaari ba siyang bumoto sa ating county o hindi. Mangyaring makipag-ugnayan sa aming VEOC, ang Komite para sa Edukasyon ng Botante, para sa higit pang impormasyon.
7. Dumalo: Gaano katagal magsanay ng mga tauhan para sa mga Sentro ng Pagboto at ng mga boluntaryo?
  - a. Tauhan ng ROV: Magkakaroon kami ng mas maraming tauhan bawat Sentro ng Pagboto kaysa sa mga Lugar na Botohan. Magkakaroon kami ng mga tagabati para sa mga linya, at sasanayin namin ang mga tauhan sa loob ng apat hanggang limang araw bago magbukas ang mga Sentro ng Pagboto, sa halip na iisang araw ng pagsasanay na dating natatanggap ng mga boluntaryo.
  - b. Dumalo: Iba ang proseso?

- c. Tauhan ng ROV: Ito ay magkatulad, ngunit maiiba ang environment. Ibang-iba ang sistema ng pagboto. Ang lahat ay makikita sa isang E-Pollbook. Magsasanay kami para sa serbisyo sa customer at pagsasanay para sa pagiging sensitibo. May mga bago ring makina sa pagboto, at mga bagong serbisyong ibinibigay sa mga Sentro ng Pagboto na ibinibigay lang noon sa opisina ng ROV. Ginawang napapanahon ang proseso, at ginawa ito para sa pinahusay na serbisyo, kaya gusto namin ay maayos na ang mga bagay-bagay sa simula pa lang. Komunidad mo ito; gusto nating lahat na maayos ito.
8. Dumalo: Ilang oras at araw?
  - a. Tauhan ng ROV: Mga 8 oras sa isang araw, na maaaring 11 araw at 4 na araw. Babayaran namin ang mga tauhan para sa kanilang oras at pagsasanay.
9. Dumalo: Gaano kalaki ang perpektong Sentro ng Pagboto?
  - a. Tauhan ng ROV: Tatlong beses na mas malaki sa “malaking kwarto” na dati naming ginagamit. Gusto namin ng hindi bababa sa 40’x40’, ngunit mas maganda kung 60’x60’.
10. Dumalo: Nakipag-usap na ba kayo sa malalaking kumpanya gaya ng Google?
  - a. Tauhan ng ROV: Kapag nag-pitch ako sa malalaking kumpanya, kailangan ay bukas ang kanilang mga pinto para sa akses ng publiko, kasama ang paradahan. Kailangan ay bukas din sila sa mga kinakailangang araw at oras.
  - b. Dumalo: Aalalahanin nila ang seguridad.
  - c. Dumalo: Kung dadalhin ninyo ang mga system o server sa kanilang pasilidad, maaaring magkaroon ng isyu sa seguridad.
  - d. Tauhan ng Staff: Tama ka at marami kaming ipinapatupad na proseso sa seguridad dahil palagi naming inaalala ang seguridad, anuman ang lokasyong pinag-iisipan naming gawing Sentro ng Pagboto. Ginagamit ng iba pang county ang mga system na binibili namin. Ang mga system na ginagamit namin ay ligtas, sertipikado, at subok na. Kailangan ding sertipikahan ng Kalihim ng Estado ang kagamitan.
11. Dumalo: Kaya rin ako nagpunta rito ay upang tingnan ang mga presentasyon sa mga pangkalahatang komunidad sa pagboto at ang iba’t ibang minority sa pagboto sa seguridad ng mga pansamantalang balota. Kapag naibigay ko na ang presentasyon at nalaman na nila ang tungkol sa bagong sistema ng pagboto, sa tingin ko ay magkakaroon sila ng maraming alalahanin.
  - a. Tauhan ng ROV: Gusto naming makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa iyong mga presentasyon, ngunit pag-uusapan pa natin ito pagkatapos ng pulong.
12. Dumalo: Magkakaroon pa rin ba tayo ng mga papel na balota?
  - a. Tauhan ng ROV: Oo, magkakaroon pa rin tayo ng mga papel na balota. Makakatanggap ka ng papel na balota sa koreo, at kung pipiliin mong bumisita sa isang Sentro ng Pagboto, maaari kaming maglimbag ng balota para sa iyo.
13. Dumalo: Tungkol sa CVR, paano mo mapapagtibay na lumipat ng tirahan ang isang indibidwal? Paano mo mapapagtibay na lumipat siya ng tirahan? Maaaring lumipat siyang muli ng tirahan sa susunod na araw.
  - a. Tauhan ng ROV: Kailangan niyang lumagda ng apidabit sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag, at kung mayroong paglabag, ipapasa namin ang kanyang impormasyon sa Abugado ng Distrito, na magsasagawa ng higit pang pagkilos, kung kinakailangan. Ngunit paano natin matitiyak na mabibilang ang mga CVR na balota? Lubos na nagsisikap ang aming Dibisyon sa Pagpaparehistro ng Botante na iproseso ang mga pagbabagong ito ng direksiyon at ang mga katulad na uri ng mga sitwasyon. Kung may magsasabing hindi ito maihahatid, kukunin namin ang lahat ng impormasyon at

magpapadala kami ng mailer upang makumpirma ang tirahan ng indibidwal. Nangangasiwa kami ng impormasyon gamit ang system ng VoteCal, na pambuong-estado na ngayon, at aabisuhan nila kami. Mayroong 908,000 rekord ng botante ang pinoproceso namin araw-araw. Dahil nasa isang sentralisadong system ang mga rekord ng mga botante, hindi posibleng makaboto nang mahigit sa isang beses sa California.

- b. Dumalo: Tatalakayin ba ng pagsasanay ang lahat ng ito?
  - c. Tauhan ng ROV: Ibibigay namin sa iyo ang lahat ng pangkalahatang impormasyon, at kung may higit pang kumplikadong sitwasyon, magkakaroon ng mga lead na makakatulong sa mga Sentro ng Pagboto.
14. Dumalo: Kung papasok ka na sa kolehiyo, anong direksiyon ang sasabihin mo?
- a. Tauhan ng ROV: Pipili ka ng isang direksiyon batay sa sitwasyon ng indibidwal.
  - b. Dumalo: Maaari ba akong magparehistro sa San Diego?
  - c. Tauhan ng ROV: Maaari mong itakda ang iyong direksiyong pangkoreo sa San Diego at makakaboto ka pa rin sa halalan ng County ng Santa Clara habang nag-aaral ka. Kung pipiliin mong magparehistro sa San Diego, hindi ka na mairerehistro at hindi ka na makakaboto sa County ng Santa Clara.
  - d. Tauhan ng ROV: Kami ay nasa isang pambuong-estadong tipunan ng datos; malalaman namin kung bumoto ka sa iba't ibang county at malalaman namin kung naibilang ka. Lalagda ka sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag.
15. Dumalo: Dahil nagsama-sama tayo sa mas malaking Sentro ng Pagboto, magkakaroon ba ng backup?
- a. Tauhan ng ROV: Tinitingnan mo ang mga botante kada tao. Sinusubukan naming magbigay ng saklaw para sa lahat ng nasa lugar, at titingnan namin ang impormasyon ng Census, at ang mga lugar kung saan dati kaming sumaklaw ng mga botante. Bilang ang tinitingnan namin, at ibabatay namin ito sa mga pamantayan.
16. Dumalo: Ano ang pinakamalayong distansyang kakailanganing bagtasin ng isang tao? May malalapit na lugar sa tirahan ang mas lumang modelo.
- a. Tauhan ng ROV: Naghahanap kami ng mga lugar na magiging madali para sa lahat ng demograpiko. Isa itong bagay na inaayos pa namin, at ang dahilan kung bakit nakikipagkulong kami sa inyong lahat. Noong 2018, ang karamihan ng mga pila ay sa mismong Araw ng Halalan. Ngayong mas marami nang araw, maaaring ipagpaliban ng mga tao ang pagpunta at pumunta lang sila kapag patapos na ang halalan. Wala ka nang isang punto upang bumoto, ngunit kung walang malapit na Sentro ng Pagboto sa inyong bahay, maaaring may malapit na ganito sa pinagtatrabahuhan mo. Hindi ka na paghihigpitan.

#### **IV. Pagpili ng Sentro ng Botohan/Drop-box**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga Sentro ng Pagboto at lugar ng drop-box. Ang mga Sentro ng Pagboto ay dapat madaling mapuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na mapaglingkuran ang mga botante ng County ng Santa Clara.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Paano naman ang mga drop box ng boto? Makakatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo ang 100%, tama ba? Ang layunin ay 100% ang nasa mailbox, tama ba? Ang mga tao lang na gustong magkaroon ng karanasan sa pagboto ang papangasiwaan namin. Tungkulin naming paglingkuran ang mga taong may gusto nito.
  - a. Dumalo: Isang araw, 25 botante lang ang mayroon kami sa isang lugar na botohan.

- b. Tauhan ng ROV: Para sa 75% ng mga botante, walang magbabago. Kailangan lang nating maghanda para sa mga taong hindi naglalayong ipadala ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo, at gustong makaranas bumoto.

#### **V. Accessibility ng Wika**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon sila ng pantay na akses sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo noon, at ang pagkuha ng mga opisyal sa halalan na nakakapagsalita ng dalawang wika.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko: (wala)*

#### **VI. Accessibility ng Pagboto**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon sila ng pantay na akses sa balota.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko: (wala)*

#### **VII. Mga Pagkakataon sa Pakikipag-ugnayan**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahusay na paraan at maipaalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Mga Tauhan ng ROV: Sinusubukan naming mangalap ng impormasyon tungkol sa mga posibleng paraan na hindi pa namin nasisiyasat, na tumatalakay ng pag-advertise, social media, at pakikipag-ugnayan. Paano namin makakaugnayan ang mga ispesipikong komunidad? Ang Next-door ay isang mahusay na tool sa pakikipag-ugnayan. Naghahanap kami ng mga ideya mula sa komunidad.
  - a. Dumalo: Para sa Intsik, gumagamit kami ng WeChat at WhatsApp. At ng radyong Intsik.
3. Mga Tauhan ng ROV: Anumang lathalain?
  - a. Dumalo: Kadalasan, ang Tsingtao ay para sa mga nakatatanda.
  - b. Dumalo: Gumawa ng larawan o post na maaaring i-repost ng publiko sa kanilang mga personal na page sa Facebook.
4. Dumalo: Para sa kabataan, maaari kayong gumawa ng paligsahan sa pagdidisenyo ng flyer upang makapagpakalat ng impormasyon. Maaaring gumamit ng video clip ang mga mataas na paaralan.
  - a. Dumalo: Maaaring talakayin ng mga mag-aaral mula sa mataas na paaralan ang mga proyekto sa kanilang mga magulang, upang makapagpakalat ng impormasyon.
  - b. Dumalo: Makipagtulungan sa ilan sa mga bata mula sa paaralan at ilathala mo ang kanilang mga disenyo.
  - c. Tauhan ng ROV: Maaari sigurong "i-repost" para magkaroon ng premyo sa raffle. I-repost at magpapadala kami ng premyo.





Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan sa Pulong ng Pagsangguni sa Koreano**

Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
1555 Berger Dr., Bldg 2, San Jose, CA 95112  
Oditoryum  
Huwebes, Hunyo 27, 2019  
Ika-2 ng hapon hanggang ika-3:30 ng hapon

**Mga Dumalo:**

Pitong miyembro mula sa publiko mula sa komunidad ng Koreano.

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Vanessa Hamm, Andrea Solorio, Michael Borja, Magdalena Sta Maria, Shelby Galaviz, Priscilla Favela, Janora Davis, Patricia Lopez, Allen Ocampo, Linh Nguyen, Michelle Tran, Adrian Garcia, Paulo Chang, Alfred Gonzales, Eric Kurhi, Rachel Jung, Liz Oviedo, Chipo Mulenga, George Hiu, Mike Davis, Martin Ayala, Smita Shah, Lorenzo Castaneda, Diane Castaneda, Bob Nguyen, Aaron Wong

**Mga Aytem para Gawin:**

- I-follow up ang mga dumalo tungkol sa pagdaragdag ng drop-box sa sentro ng Mga Serbisyo sa Komunidad ng Koreanong Amerikano.
- I-follow up ang mga dumalo tungkol sa paggamit ng mga potensyal na malalaking simbahan bilang mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto.
- I-follow up ang mga dumalo tungkol sa kanilang interes sa programang Sanayin ang Tagapagsanay.
- I-follow up ang mga dumalo tungkol sa iba't ibang oportunidad sa pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng media ng Koreano.
- Magkaloob sa mga dumalo ng isang digital na kopya ng mga polyeto para sa pakikipag-ugnayan upang sila ay makapag-post din sa kanilang mga social media network.
- Idagdag ang lahat ng digital na materyal sa pakikipag-ugnayan sa website para sa mga komunidad/organisasyon upang mahanap at ma-download para sa edukasyon ng botante.

**Mga Aytem sa Adyenda:**

I. **Mga Panimula**

*Maligayang Pagbati sa mga Dumalo*

II. **Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act**

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ngayon ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa

pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o magkaroon ng hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto.

*Presentasyon ng ROV:*

1. Nagbigay si Shannon Bushey ng maikling pangkalahatang-ideya tungkol sa VCA.
2. Ang presentasyon ng pangkalahatang-ideya sa VCA ay ipinakita sa wikang Koreano.
3. Mga Tauhan ng ROV: Paano nalaman ng lahat ang tungkol sa pulong ngayong araw?
  - a. Mga Dumalo: Email at Facebook.

### **III. Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) kung paano ipapatupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at bubuun kasama ng mungkahi mula sa komunidad.

*Presentasyon ng ROV:*

Mga Tauhan ng ROV: Bumubuo kami ng burador ng EAP at magsasagawa ng pampublikong pagdinig sa ika-30 ng Agosto upang maipresenta at marinig ang feedback. Paunang mababasa ang burador sa pamamagitan ng aming website, sa ganitong paraan ay matitingnan ng mga botante ang burador bago sila magpunta sa pagdinig o magbigay sa amin ng feedback sa pamamagitan ng aming website o email. Ang ginagawa namin ngayon ay kinukuha ang mungkahi ng komunidad, magsasagawa kami ng 12 pulong sa iba't ibang lugar ng County, sa iba't ibang wika upang matulungan kaming matulungan ang mga botante sa County ng Santa Clara. Inaalam namin ang inyong mungkahi tungkol sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto sa komunidad ng Koreano. Mayroon bang lokasyong pinupuntahan ng maraming tao? Gusto naming malaman ang inyong mga suhestiyon at maaari ninyong ibigay ang mga ito dito ngayong araw, isulat ang mga ito o mag-email sa amin. Naghahanap din kami ng mga bagay tulad ng media ng Koreano, kung saan maaari kaming mag-anunsyo. Gayundin, tumatanggap kami ng anumang rekomendasyon tungkol sa mga sentro para sa nakatatanda para sa ating komunidad ng nakatatanda o may kapansanan. Ito ang ilang halimbawa ng feedback na hinahanap namin ngayong araw. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa EAP, mangyaring bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado.

### **IV. Pagpili ng Sentro ng Pagboto/Drop-box**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga Sentro ng Pagboto at mga lugar ng drop-box. Ang mga Sentro ng Pagboto ay kinakailangang madaling mapupuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na makapagserbisyo sa mga botante ng County ng Santa Clara.

*Presentasyon ng ROV:*

1. Mga Tauhan ng ROV: Kasalukuyan kaming naghahanap ng 120-125 Sentro ng Pagboto, na magiging mas maluwang at mas may kakayahang magsagawa ng bagay-bagay kaysa sa kayang gawin ng isang Lugar na Botohan. Sa nakaraan, 4-5 tao ang maaaring magkasya sa Mga Lugar na Botohan at maliit sa pangkalahatan. Ngayon, maaaring maging 40x40 o 60x60 ang kwarto, na may mga tauhang mula 8-15 tao, at mas maraming magagawa kaysa sa isang Lugar na Botohan. Magiging mas katulad nito ang isang sentro ng serbisyo. Dahil magbubukas ang mga ito nang maaga at sa loob ng

- maraming araw sa isang pagkakataon, alinman sa 11 araw o 4 na araw, magiging mahirap kumuha ng mga lokasyon dahil sa pagiging available at gastusin.
2. Mga Tauhan ng ROV: 60-70% na kaming kumpleto pagdating sa paghahanap ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at gumagamit kami ng listahan ng mga pamantayang may 14 na punto na nagpapakita ng pinakamahusay na tugma para sa Mga Sentro ng Pagboto.
  3. Mga Tauhan ng ROV: Kung mayroon kayong anumang ideya tungkol sa mga lokasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org)
  4. Mga Tauhan ng ROV: Noong 2018, humigit-kumulang 75% ng mga botante sa County ng Santa Clara ang gumamit sa pagboto sa pamamagitan ng koreo (VBM) at ngayon, 100% ng mga botante ay magiging VBM. Daragdagan namin ang bilang ng mga drop-box upang matugunan ang pagdami ng mga botanteng VBM. Noong 2018, mayroon kaming 55 drop-box, pero ang kinakailangan ngayon ay isang drop-box sa bawat 15k botante, na 78 drop-box sa kabuuan.
  5. Mga Tauhan ng ROV: Kasabay ng mga pagbabago ng Mga Lugar na Botohan, magkakaroon kami ng dalawang magkaibang empleyado, ang mga boluntaryo at ang mga empleyadong magbibigay ng karagdagang tulong. Kukuha kami ng mga empleyadong magbibigay ng karagdagang tulong na magtatrabaho para sa County. Sasailalim ang lahat sa Employment Services Agency (ESA). Mangangailangan kami ng mga namumunong posisyon at klerk (humigit-kumulang 1,800 klerk at 250 namumuno sa kabuuan) na kakailanganing mag-apply sa pamamagitan ng website <https://www.governmentjobs.com/careers/santaclara>. Kukuha rin kami ng mga empleyadong tatanggap ng sahod na mula sa mga estudyante sa na mataas na paaralan hanggang sa mga may sapat na gulang; papangasiwaan namin ang pagkuha sa parehong paraan ng ginawa namin para sa mga boluntaryo. Magpapadala kami ng sulat sa mga dating manggagawa/boluntaryo, at kakailanganin namin ang tulong mula sa inyong komunidad.
  - 6.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Maraming Koreano ang pumupunta sa mga pamilihan para sa mga Koreano; may kinakailangan ba para sa pagkakaroon ng mga drop-box?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Ang kinakailangan para sa mga drop-box ay isa (1) para sa bawat 15k botante, ngunit maaari kaming umangkop sa pagdaragdag ng mas maraming drop-box upang mas mapaglingkuran ang komunidad. Mayroon kaming mga ligtas na drop-box na nakalagay sa loob at labas, kailangan lang naming kunin ang pahintulot mula sa mga pasilidad.
  - b. Mga Tauhan ng ROV: Kinakailangang payagan kami ng mga pasilidad at/o may-ari ng ari-arian na ikadena ang mga drop-box, at hindi na kailangang ikandado ang mga ito.
2. Dumalo: Maaari kong itanong sa lunsod ang tungkol sa pagkakaroon ng drop-box sa aking sentro. Humigit-kumulang 70 hanggang 80 tao ang pumupunta sa sentro bawat araw at kapag may kaganapan kami, mahigit sa 300 tao ang pumupunta. Mainam na magkaroon ng drop-box sa ating sentro para sa Koreano. Baka maaari ding magkaroon ng Sentro ng Pagboto sa malalaking simbahan? Mayroong ilang malalaking simbahan at pagmamay-ari nila ang ari-arian at mayroon silang libu-libong miyembro.

- a. Mga Tauhan ng ROV: Maaari naming suriin ang mga simbahang iyon at alamin kung ilang araw ang posibleng papayagan nilang naroon tayo dahil hindi pumapayag ng Linggo ang ilang simbahan.
  - b. Dumalo: Baka maaaring magtalaga ang simbahan ng isang partikular na lugar para sa Sentro ng Pagboto. Mayroon kaming ari-ariang matatagpuan sa 136 Burton Avenue, ngunit hindi ito nakakatugon sa kinakailangan dahil mas maliit na lugar ito, ngunit maaari kaming magkaroon ng drop-box. Maaari din sa Sherman Oaks Community Center, kailangan lang nating kunin ang pahintulot mula sa lunsod.
3. Dumalo: Ang ibig bang sabihin ng mga drop-box ay walang magbabantay sa box?
- a. Mga Tauhan ng ROV: Tama. Matatagpuan sa labas ang aming 24 na oras na mga drop-box. Dinisenyo ang drop-box tulad ng mga nasa opisina ng koreo. Gawa sa metal ang mga ito, napakabigat, at kinakailangan naming lagyan ng kadena ang mga ito.
  - b. Dumalo: Kukunin ba ito ng isang tao?
  - c. Mga Tauhan ng ROV: Oo, mayroon kaming mga nakaiskedyul na pagkuha. Ilalagay sa drop-box ang mga petsa ng pagkuha at habang papalapit ang halalan, magiging mas madalas ang mga pagkuha. Sa ngayon, nakausap na namin ang karamihan ng mga silid-aklatan, paaralan, tanggapan ng lunsod, unibersidad, istasyon ng bumbero, at ilang mall para sa mga drop-box. Para sa mga lokasyong nasa loob ng gusali, kakailanganin naming malaman ang mga oras ng opisina at sa Araw ng Halalan, kinakailangang naroon kami bago magsara ang opisina.
4. Dumalo: Kung magsasara ng 5:00 ang opisina, mayroon ba tayong maaatasang manatili nang mas matagal mula sa mga tauhan ng opisina sa Gabi ng Halalan?
- a. Mga Tauhan ng ROV: Sa Gabi ng Halalan? Mayroon kaming mga mensahero sa Gabi ng Halalan at dapat nilang malaman ang mga oras ng bawat pasilidad. Kinakailangang ma-access ng mensahero ang mga balota at maselyuhan ang drop-box.

## II. Accessibility ng Wika

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na access sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga suhestiyon sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkuha ng opisyal ng halalan na nakakapagsalita ng dalawang wika.

### *Presentasyon ng ROV:*

Mga Tauhan ng ROV: Isa ang Koreano sa mga wikang ipinag-uutos ng estado. Sa pamamagitan ng VCA, gagawa kami ng mga Opisyal na Balota sa lahat ng siyam na wika at maaaring humiling ang botante ng balotang nasa wikang Koreano sa alinmang Sentro ng Pagboto.

- a. Mga Tauhan ng ROV: Nasa dalawang wika na ang mga balota kung saan maaari kayong humiling ng balotang Koreano/Ingles, Espanyol/Ingles, atbp. Maaari kayong humiling ng mga wika sa pamamagitan ng pagsagot sa isang form ng Pagpaparehistro ng Botante.
- b. Mga Tauhan ng ROV: Upang linawin, isasalin ang Opisyal na Balota, ngunit hindi ang Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIG).

### III. Accessibility ng Pagboto

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na access sa balota.

#### *Presentasyon ng ROV:*

1. Mga Tauhan ng ROV: Naghahanap kami ng mga lokasyon at tulong para sa komunidad ng nakatatanda at may kapansanan. Naghahanap kami ng mga karatula, rampa, at kagamitang pangmarka na makakatulong sa accessibility ng pagboto. Kung may isang taong hindi makakaalis sa kanyang bahay, nasa ibang bansa, o mula sa Militar; iniaalok namin ang Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM) at may impormasyon sa website tungkol dito, sa madaling salita ay maaaring mag-online ang isang taong nasa bahay, sumagot sa ilang tanong, at piliin ang uri ng balota para sa kanyang paninirahan at kung ano ang gagamitin niya sa pagboto sa isang accessible na format. Ida-download ninyo ang balota, mamarkahan ito, ipi-print ito, at ipapadala ito sa amin sa pamamagitan ng koreo. Kung may iba pa kayong maiisip para sa mga botanteng may kapansanan, makikinig kami.

#### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Sa aming organisasyon, nagsasagawa kami ng malawakang edukasyon ng botante. Kapag may isinasagawang halalan, kami ang pangunahing hub.
2. Dumalo: Kapag nangangalap ng mga manggagawa para sa halalan, maaari ba kaming magkaroon ng direktang link, o mas maikling link sa aplikasyon sa trabaho.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Umaasa kaming kapag nagpadala kami ng abiso, maaari kaming magsama ng link para sa mga tao, ngunit website ito ng ESA kaya hindi namin mababago ang link.
  - b. Mga Tauhan ng ROV: Bumisita sa [sccjobs.org](http://sccjobs.org) para direktang mapunta sa seksyon at i-type ang "halalan."
3. Mga Tauhan ng ROV: Nagsasagawa kami ng mga pribadong workshop kasama ang League of Women Voters, Vista Center for the Blind at iba pang pribadong mas maliliit na organisasyong nakabase sa komunidad. Umaasa kaming makakasama namin ang inyong organisasyon, ang Simple Steps, upang maaari kaming magkaroon ng koneksyon sa iba pang pangkat etniko upang magkaroon ng mga workshop. Mangyaring ipasa ang anupamang organisasyon at magagawa naming makipag-ugnayan sa mga ito.
4. Mga Tauhan ng ROV: Mayroon bang anupamang tanong?
  - a. Dumalo: Bilang isang mamamayan, pinapahalagahan namin ang pagsisikap ng County na abutin ang mga grupo ng minority at nasasabik na kami sa mga pagbabago. Umaasa akong sama-samang nating mapapataas ang mga numero bilang isang komunidad.
  - b. Mga Tauhan ng ROV: Salamat, lahat tayo ay may iisang layunin na pataasin ang pakikilahok ng botante. Sa kalagitnaan ng Agosto, 14 na araw bago namin kailanganing ilabas ang lahat ng bersyon ng EAP, ipo-post muna ang Ingles na bersyon, bago ang kalagitnaan ng Agosto, dahil kinakailangang gawin ng mga tagasalin ang iba pang bersyon. Ilalathala ang mga isinaling bersyon humigit-kumulang 14 na araw bago ang Agosto 30.

## II. Mga Oportunidad sa Pakikipag-ugnayan

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahusay na paraan at maipaalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Mga Tauhan ng ROV: Mayroon ba kayong anumang suhestiyon tungkol sa kung paano kami makapag-anunsiyo?
  - a. Dumalo: May isang pangunahing website na ginagamit ng karamihan sa mga Koreano at may seksyong "Help Wanted". May isa ring sikat na pahayagan na nag-aanunsiyo linggu-linggo, baka maaari kayong mag-anunsiyo sa pamamagitan nito. Taglay ng aming departamento ng media ang lahat ng mapagkukunan, tulad ng mga istasyon ng radyo. Kung gusto ninyo, maipagkakaloob ko rin iyon.
  - b. Dumalo: May isang di-nagtutubong organisasyon, na tinatawag na Simple Steps, na tumutulong sa mga babaeng Koreana na maghanap ng mga trabaho sa Bay Area. Pumunta ako sa kanilang seminar at naniniwala akong magandang lugar ito upang mag-anunsiyo.
  - c. Dumalo: Karamihan sa mga Koreanong naninirahan dito, humigit-kumulang 90% ay tumitingin sa SFKorean.com. Ginagamit ng mas nakababatang henerasyon ang MissyUSA.com, katulad ito ng Facebook. Ang Facebook ay maganda ring koneksyon para sa komunidad ng Koreano.
  - d. Dumalo: Isang opsyon ang mga pahayagan para sa mga taong mas nakatatanda dahil karamihan sa mga tao ay online o nasa kanilang telepono. Sa tingin ko ay SFKorean.com ang pinakamainam na paraan upang mag-anunsiyo.
  - e. Dumalo: Gagawa kami ng listahan.
  - f. Dumalo: Mayroon din kaming buwanang newsletter at print out at paglathala na humigit-kumulang 1,200 sa isang buwan.
2. Mga Tauhan ng ROV: Umaasa kaming mapagsasama-sama namin ang graphics upang magamit ng komunidad. Ginagamit din namin ang social media. Pakitingnan ang <http://www.sccvote.org/voterschoice> para sa higit pang impormasyon tungkol sa Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC), Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) at sa EAP. May anumang pag-anunsiyo na nauugnay sa media?
  - a. Dumalo: Magbubuod kami ng listahan para sa ROV.
3. Dumalo: Pagdating sa media, nagsasagawa kami ng maraming press release sa radyo, TV, at online. Maaari kaming bigyan ng ilalathala, anumang bagay mula sa county, maaari tayong magtulungan.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Gugustuhin naming bumuo ng nilalaman ng sama-sama. Maaari din ba kaming magpadala ng isang tao mula sa ROV sa isang kaganapan, tulad ng binanggit ninyo dati na may 300 tao, kung maaari ba kaming magpapunta ng tao at magsagawa ng presentasyon? Maaaring maganda ring magsagawa ng isang pagsasanay sa tagapagsanay kung may isang tao sa organisasyon na maaari naming turuan na gawin ito.
  - b. Dumalo: Oo, interesado kami diyan.
  - c. Mga Tauhan ng ROV: Tungkol sa programang sanayin ang tagapagsanay, magsasagawa ang Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOC) ng isang kaganapan para sa mga miyembro ng VEOC kung saan bibigyan namin sila ng mga espesyal na tool kit at sasanayin sila kung paano magsagawa

ng isang presentasyon at ibabahagi sa kanila ang lahat ng mapagkukunang mayroon kami. Gagawin ang kaganapan sa simula ng Agosto at magiging kaswal at hindi pormal ang pagsasaayos nito. Mag-iimbita kami ng mahigit sa 60 iba't ibang organisasyon at kasama kami sa mag-aayos sa kaganapan katuwang ang Silicon Valley at Home.

- d. Dumalo: Pinaplano ba ninyong i-target ang bawat pangkat etniko?
- e. Mga Tauhan ng ROV: Oo, pinaplano namin ito.
- f. Dumalo: Kung maidaragdag ko lang, ang dalawang binibini dito ay nagtrabaho dati sa Mga Lugar na Botohan at interesado sila at nakahandang tumulong. Sila ay ang mga retiradong Manggagawa ng Lipunan ng County at Mga Miyembro ng Lupon ng mga serbisyo sa komunidad ng Koreano.





Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan sa Pulong ng Pagsangguni sa Hindi**

Indian Community Center  
525 Los Coches St., Milpitas, CA  
Social Room  
Lunes, Ika-8 ng Hulyo, 2019  
Ika- 7:30 ng gabi hanggang ika-9 ng gabi

**Mga Dumalo:**

Anim na miyembro ng publiko

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Vanessa Hamm, Andrea Solorio, Michael Borja, Magdalena Sta Maria, Priscilla Favela, Janora Davis, Christina Rivas-Louie, Allen Ocampo, Linh Nguyen, Michelle Tran, Mike Davis, Ravi Dhillon, Alfred Gonzales, Eric Kurhi, Rachel Jung, Mike Davis, Smita Shah, Lorenzo Castaneda, Shelby Galaviz, Aaron Wong

**Mga Bagay para Gawin:**

- Pag-follow up sa mga iminumungkahing lokasyon ng Sentro ng Pagboto (Hal. Templo, mga mobile na tirahan, atbp.)
- Pag-follow up sa mga iminumungkahing magazine at istasyon ng radyo

I. **Mga Panimula**

*Maligayang pagbati sa mga dumalo*

II. **Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act**

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o magkaroon ng hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto.

*Ang presentasyon ng pangkalahatang-tanaw sa VCA ay ipinakita sa Hindi at Ingles.*

1. Dumalo: Ang Voter's Choice Act (VCA) ba ay kasanayan sa California o sa Santa Clara?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Nakasaad ito sa Kodigo sa mga Halalan ng California at opsyon ito para sa mga county na lumipat sa Voter's Choice Act. Sa ating estado, makakakita ka ng mga county na gumagamit ng mga Lugar na Botohan at mga county na gumagamit ng mga Sentro ng Pagboto. Mayroong limang county na nagpatupad ng mga Sentro ng Pagboto noong 2018 at mayroong siyam na iba pang county na magpapatupad nito sa 2020, kaya 14 na county sa estado ng California na ang kasali sa Voter's Choice Act.
  - b. Dumalo: Paano ito tinanggap ng iba pang estado ng bansa?
  - c. Mga Tauhan ng ROV: Magkakaiba ang mga patakaran sa iba't ibang estado, kaya sinusundan ng bawat isa ang sarili nilang Kodigo sa mga Halalan.

2. Dumalo: Napansin ko na mayroong mga mali sa mga materyal ng VCA na isinalin sa Hindi at handa akong tumulong ayusin iyon.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Mahusay iyon, salamat. Baka maaari mo kaming tulungang suriin ang aming burador na plano kapag ginawa namin ito sa Hindi. Mayroon kaming contactor na nasertipikahan ng estado na tumutulong sa pagsasalin, pero alam namin na kung minsan ay hindi laging pareho ang pagsasalin, pero pinahahalagahan namin ang feedback.
3. Dumalo: Ano ang huling araw para bumoto? Ika-3 ng Marso?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo. Ang ipinadalang balota ay dapat matatakan ng koreo sa araw na iyon at matanggap sa aming opisina sa loob ng tatlong araw.
4. Dumalo: Narito ang isang sitwasyon: Ipapadala ko sa pamamagitan ng koreo ang Opisyal na Balota 29 na araw bago ang Araw ng Halalan at inihanda ko lang ang aking balota at alam kong mayroon pa akong 29 na araw, pero nakalimutan ko dahil sa pagiging sobrang abala. Mayroon bang paalala para paalalahanan ako o ang iba pang botante na ipadala sa pamamagitan ng koreo ang kanilang balota?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Magsasagawa kami ng pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng paglilimbag at radyo, mga anunsyo ng pampublikong serbisyo, at mga advertisement, para ipaalam sa lahat ng botante ang tungkol sa mga pagbabago sa modelo ng pagboto ng county at ipaalala sa kanila na bumoto. Ang aming Espesyalista sa Pampublikong Komunikasyon ang namamahala sa aming media at mga kampanya sa media sa iba't ibang plataporma ng social media tulad ng *Facebook*, *Twitter*, at *Nextdoor*, at papalawakin namin ito nang husto para mag-advertise.

### III. **Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan kung paano ipapatupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at bubuuin kasama ng mga mungkahi mula sa komunidad.

### IV. **Pagpili ng Sentro ng Pagboto/Drop-box**

Hinihingi ng ROV ang mga mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga Sentro ng Pagboto at mga lugar ng drop-box. Ang mga Sentro ng Pagboto ay kinakailangang madaling mapupuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na makapagserbisyo sa mga botante ng County ng Santa Clara.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Magkakaroon ba ng 120 Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara? Mayroon bang paghahambing sa bilang ng mga kubol ng botohan sa mga Sentro ng Pagboto?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Noong Nobyembre 2018, mayroong tinatayang 850 Lugar na Botohan. Maaaring mas malayo ito para sa mga nagmamaneho papunta sa isang Sentro ng Pagboto, pero mas matimbang ang mga benepisyo kaysa sa pagmamaneho. Iyon ang negatibong bahagi, mas malayo ang imamaneho ng mga tao, pero maaaring hindi ito malayo para sa kanila sa loob ng 10 araw na iyon, depende sa kung ano ang ginagawa nila.
2. Dumalo: Magkakaroon ba ng anumang Sentro ng Pagboto sa mga lugar tulad ng pampublikong aklatan at may ilalagay bang drop-box?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo. May mga pangunahing iniaatas tulad ng laki, mga nakakandadong pasilidad, partikular na bilang ng araw, at higit pa na ipinapaliwanag sa flyer na “Kailangan ng Sentro ng Pagboto”. Ito ang ilan sa maraming iniaatas na tinitingnan namin at nakikipag-ugnayan kami sa mga aklatan, paaralan, simbahan, ibang lugar na dati na naming ginamit, at mga bagong lugar dahil kailangan talaga namin ng mas malaking lugar para isaayos ang Sentro ng Pagboto na may bagong kagamitan sa pagboto. Ngayong kakailanganin nating iwanan ang kagamitan sa

pasilidad at ikandado ito at panatiliing ligtas bawat gabi, mayroon tayong ilang karagdagang iniaatas para sa ating mga Sentro ng Pagboto kumpara sa mga nakaraang Lugar na Botohan.

3. Dumalo: Paano naman ang pasilidad tulad nito, ang Sentro ng Indian na Komunidad?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo, nakatanggap kami ng kumpirmasyon para puntahan at tingnan ang kuwarto kung kwalipikado ito batay sa mga iniaatas namin para sa lugar na maaaring maging Sentro ng Pagboto.
  - b. Dumalo: Maraming dumaraang tao sa lugar na ito.
  - c. Mga Tauhan ng ROV: Oo, at iyon ang gusto namin, dahil maaari kang bumoto habang bumibisita rito sa Sentro ng Komunidad. Iyon ang mga eksaktong lokasyon na hinahanap namin at kung may kakilala ka na may mga koneksyon sa anumang pasilidad, ipaalam ito sa amin. Minsan kung tumatawag kami, ang sumasagot ay ang tagatanggap o taong maaaring hindi alam ang kahalagahan ng talagang hinihiling namin, kaya minsan nakakatulong kung may taong may kakilalang ibang tao para sa lokasyon.
4. Dumalo: Gusto ko na maaaring magparehistro ang botante bago mismo matapos ang pagpaparehistro, dahil maraming tao ang hindi nakakakuha ng pakete ng impormasyon sa pagpaparehistro, kaya magandang punto ito.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo, benepisyo ito. Ngayon maaari na silang pumunta sa alinmang Sentro ng Pagboto para magparehistro at bumoto sa parehong araw.
5. Dumalo: Kapag sinabi mo na 75% ng mga tao ang boboto sa pamamagitan ng koreo, nagpapadala pa ba kayo sa koreo sa 100% ng tao?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo, ipinapadala namin ito sa lahat ng tao dahil ngayon, ang lahat ng botante ay boboto sa pamamagitan ng koreo.
6. Dumalo: Ano ang layunin ng pagbawas sa bilang ng mga lokasyon mula 800 patungong 120? Sa pagitan ng 1 hanggang 11 araw, gaano kasulit ang halaga nito para sa county? Kailangan ba talaga ito rito kasi kung magtatrabaho ako, isang araw lang ako magtatrabaho at hindi tatlumpung araw, kaya kung patatagalin ko pa ito nang 11 araw, paano ito magiging sulit?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Mas malaki ang gagastusin ng county. Wala kaming sinabi na babawasan nito ang anumang gastusin para sa halalan. Ang pangunahing layunin ay ang kaginhawahan ng botante; upang magkaloob ng pagkakataon at mas marami pang pagkakataon para makaboto ang mga tao, at mas maraming tulong sa wika sa mga Sentro ng Pagboto. Sa halip na isang araw lang ang nakalaan para bumoto, may ilang tao na hindi makakapunta sa ilang partikular na araw ng linggo, kaya ang pagdaragdag ng mga araw ay magbibigay ng mas maraming pagkakataon para makaboto ang mga tao kung kailan sila libre o ngayon, sa weekend. Ilang milyong dolyar ang higit pang gagastusin para isagawa ang ganitong uri ng halalan.
  - b. Dumalo: Maaaring maging mahirap para sa akin na pumunta nang mas malayo sa minamaneho ko, o baka hindi ko maabutan ang Sentro ng Pagboto, kumpara sa kung nasa kapitbahayan ko lang ito, kaya maaaring maging epekto nito ang mas kaunting magpaparehistrong botante.
  - c. Mga Tauhan ng ROV: Maaaring posible ito; hindi ako sigurado sa bilang ng mga botanteng maaaring hindi gustong magmaneho nang mas malayo para pumunta sa Sentro ng Pagboto na pinakamalapit sa kanila. Inaasahan namin na sa pagbubukas sa Sentro ng Pagboto nang ganoon katagal, sa loob ng 10 araw na iyon ay magkaroon sila ng pagkakataong pumunta sa isa sa mga Sentro ng Pagboto. Sa halip na isang araw, mas marami silang pagpipiliang araw para pumunta. Ninanais namin na magkakaroon ito ng mas positibong epekto kaysa sa mga botanteng piniling hindi pumunta.

7. Dumalo: Sa trabaho, naglalaan sila ng ilang oras sa isang araw para bumoto, pero sa tingin ko, hindi sila maglalaan ng anumang araw sa loob ng sampung araw para bumoto.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Pero kahit papaano pinapayagan nila ang mga tao na pumunta nang isang araw, at bukas kami sa Araw ng Halalan kung hindi sila makakapunta sa alinman sa iba pang siyam na araw.
  - b. Mga Tauhan ng ROV: Nagkaroon na kami ng mga Sentro ng Pagboto bago ang halalan, mas nauna kami nang kaunti sa iba pang county na ipatupad ito para tiyaking mayroong higit sa isang araw ang mga tao para bumoto. Kung isinasaalang-alang ang mga sitwasyon ng iba't ibang botante at demograpiko at mga katangian ng ating county na may malaking populasyon ng mga commuter na nanggagaling sa trabaho at mga taong nagmamaneho saanman mula sa malalayong lungsod, may saysay ang pagkakaroon ng higit sa isang lugar na nakatalaga sa personal na pagboto, pero bilang default, makakakuha sila ng mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.
8. Dumalo: Kung ikukumpara ang pagboto sa pamamagitan ng koreo na 75%, hindi mo na rin kailangan ng sampung araw, dahil kung mas maraming tao ang bumoboto sa pamamagitan ng koreo, maaaring magkaroon ka ng mas kaunting araw at mas kaunti sa 120 lokasyon.
  - a. Sa tingin ko ay mas maraming tao ang boboto sa pamamagitan ng koreo sa paglipas ng panahon, pero wala tayong magagawa sa bilang ng araw. Itinatagda ng batas ang eksaktong bilang ng araw, minimum na walong oras kada araw, kaya wala akong pagpapasya sa oras na ito sa batas. Ninanais ko na baka pagkatapos ng ilang yugto ng halalan, kukuha ng mga datos ang Lehislatura ng Estado mula sa lahat ng county na gumagawa nito at makita iyon habang tinatantiya namin na mababawasan ang mga pumupuntang botante sa mga Sentro ng Pagboto, umaasa kami na sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila ng mga datos na ito, na may babaguhin sila. Baguhin man nila ang bilang ng araw, o mga iniaatas sa mga Sentro ng Pagboto, pero baguhin ang bagay na kaugnay ng ipinapakita ng mga datos.
9. Dumalo: May mga templo sa bawat lugar; may ilan sa Milpitas at ilan sa Sunnyvale. Para sa mga Indian, kahit papaano, kinakailangan ang pagbisita sa templo nang kahit isang beses sa isang linggo o buwan, kaya maaaring ang mga templo na ito ay makatutulong bilang Sentro ng Pagboto, dahil karaniwang malaki ang mga ito.
10. Dumalo: Isa pang opsyon na maaaring gumana ay ang paglalagay ng Sentro ng Pagboto na malapit o nasa opisina mismo ng mga complex ng *Apple*, *Google*, o *Facebook*. Mas madali para sa kanila na pumunta at bumoto.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: May ilang pasilidad na kaming tinitingnan, pero ito ang dahilan kung bakit sinusubukan naming pakinggan ang mga ideya mula sa inyo, kahit na ginagawa na namin at hindi pa namin nagagawa ang ilan sa mga ito. May mga taong nagrekomenda sa amin ng ilang sentro ng pamilihan.
11. Dumalo: Maraming mobile na tirahan sa iba't ibang bahagi ng county, at karamihan sa mga mobile na tirahan ay parang mga bahay at palaging bukas sa pakikipagtulungan sa komunidad. Maaari mong ma-access ang iba't ibang sentro ng komunidad ng mga mobile na tirahan kung saan maaaring magkasya ang daan-daang tao.
12. Dumalo: Simula noong nagtrabaho ako sa huling dalawang halalan, mayroon kayong mga espesyal na iniaatas at kundisyon para sa mga Lugar na Botohan, hinahanap pa rin ba ninyo ang mga parehong iniaatas habang naghahanap ng Sentro ng Pagboto, tulad ng accessibility?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo, ang lahat ng lokasyon ay madaling puntahan ng mga may kapansanan, at mas marami na tayong kundisyon ngayon dahil kailangan natin ang mga lugar nang mahigit sa isang araw at nangangailangan ang mga ito ng isa o

- dalawang araw na pagse-set up. Naghahanap kami ng mga lokasyon at nakikipag-ugnayan kami sa mga negosyo, kolehiyo, paaralan, at simbahan.
13. Dumalo: Nakakaisip ako ng magandang lugar na bahagi ng templo, pero may ilang limitasyon, kailangan nilang tanggalin ang kanilang mga sapatos. Maaari tayong maglagay ng karatula sa labas na nagsasabing tanggalin ang mga sapatos.
    - a. Mga Tauhan ng ROV: Salamat pero dahil ito ay para sa lahat ng publiko, sa tingin ko hindi natin maaaring gamitin ang lokasyon na iyon.
  14. Mga Tauhan ng ROV: Ang trabaho ng GIS Mapping team ay gumawa ng mga hangganan at suriin ang mga datos sa tulong ng Precinct Operations Division para matulungan silang malaman kung anong mga lugar ng county ang nangangailangan ng Sentro ng Pagboto. Para sa mga Sentro ng Pagboto na ito, bawat Sentro ng Pagboto na nakabukas ng 11 araw ay kailangang makapagsilbi sa humigit-kumulang 50k nakarehistrong botante, at ito ngayon ang ipinapakita ng mapa. Hinati namin ang county sa 25 lugar na may 50k botante sa bawat lugar. Halimbawa, mayroong sariling hangganan ang Milpitas dahil malaki itong lugar, at mayroong kahit isang Sentro ng Pagboto na nagsisilbi sa lungsod ng Milpitas na magiging bukas 11 araw bago ang halalan. Gumawa rin kami ng survey na naglalaman sa ilan sa 14 na pamantayan na itinakda ng Estado at kabilang sa mga pamantayang ito ang mga bagay tulad ng pampublikong transportasyon, lapit sa mga sentrong may malaking populasyon, lapit sa mga komunidad na mababa ang kita, at mga komunidad kung saan hindi Ingles ang pangunahing wika. Mahalaga sa amin ang pagsagot sa survey na ito, dahil ipinapakita nito kung ano sa tingin ng komunidad at publiko ang mas mahalaga kapag sinusubukang tukuyin ang lokasyon na paglalagyan ng Sentro ng Pagboto. Halimbawa, kung mayroong dalawang lokasyon na magkatumbas ang halaga at pamantayan at nakakatugon sa lahat ng iniaatas at ang isa rito ay malapit sa Sentro ng VTA at ang isa naman ay medyo malayo, gagamitin namin ang survey na ito, pati na rin ang impormasyong malilikom namin para tulungan ang Precinct Operations na malaman kung aling Sentro ng Pagboto ang mas gugustuhin batay sa mga kaginhawahang maibibigay namin.
    - a. Mga Tauhan ng ROV: Magkakaroon kami ng humigit-kumulang 25 Sentro ng Pagboto na nakabukas ng 11 araw sa kabuuan at iyon ay kapag matumal ang pagboto, batay sa mga taong lumalabas. Samakatuwid, mas maliit na bilang ng mga Sentro ng Pagboto ang available sa simula, at hindi nakabukas ang lahat ng 125 Sentro ng Pagboto. Noong ginawa nila ang batas, alam nila na magiging matumal ang unang linggo at mas dumarami ito habang tumatagal. Sa Sabado bago ang Martes, magdaragdag pa ng 100 Sentro ng Pagboto, kaya sa kabuuan ay magiging 125 Sentro ng Pagboto sa kabuuan pagdating ng Araw ng Halalan. Nakita nila kung ano ang nangyari sa Colorado at hindi talaga marami ang bumoboto sa simula, kaya marami tayong sinusundang iba't ibang pamantayan.
    - b. Dumalo: Kung gayon, 25 Sentro ng Pagboto sa loob ng 11 araw, at magdaragdag pa ng 100 sa huli?
    - c. Mga Tauhan ng ROV: Sa kabuuan ay 125 Sentro ng Pagboto sa loob ng apat na araw.
  15. Mga Tauhan ng ROV: Kung bumoto ka sa pamamagitan ng koreo sa nakaraang halalan noong 2018, bahagi ka ng 75% ng botanteng nakaboto na sa pamamagitan ng koreo. Kung hindi pa, boboto ka sa pamamagitan ng koreo o makakatanggap ng opisyal na balota para bumoto sa pamamagitan ng koreo sa 2020. Boboto ka sa pamamagitan ng koreo, o hindi. Tayo ay 100% na boboto sa pamamagitan ng koreo. Noong 2018, mayroon kaming mahigit sa 50 lokasyon ng drop-box at, dahil sa paglipat sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, nadagdagan ang aming mga drop-box mula mahigit sa 50 sa halos 80. Ang mga layunin namin ay batay sa mga mapa na ipinapakita noong nakaraan. Magkakaroon ng isang drop-box para sa bawat 15k botante. Ginawa ng GIS Mapping

team ang mga mapang ito para ipakita ang mga lokasyong ito. Magkakaroon ng mas maraming opsyon, ang lahat ng tao ay boboto sa pamamagitan ng koreo, libre ang mga sobre para sa pagbabalik, mayroong halos 80 drop-box, at maaari mo ring ihulog ang iyong balota sa alinman sa 120 lokasyon ng Sentro ng Pagboto, dahil mayroon ding drop-box doon. Magkakaroon ng maraming opsyon ang botante at matatanggap mo ang iyong balota 29 na araw bago ang halalan. Kung pinaplano mong bumiyaha, ipaalam lang sa aming opisina at isasapanahon namin ang iyong impormasyon. Kung pinaplano mong bumiyaha nang mas matagal, kailangan din naming isapanahon ang impormasyong iyon. Tiyakin lang na ang iyong direksiyon ng tirahan ay nasa ilalim ng County ng Santa Clara at ang direksiyong pangkoreo mo ay kung nasaan ka, para sa bawat halalan ay makakatanggap ka ng mga balota roon.

- a. Dumalo: Available ba ang mga drop-box sa buong 11-14 na araw?
- b. Mga Tauhan ng ROV: 29 na araw bago ang Araw ng Halalan, magsisimula kaming maghatid ng mga drop-box. Habang nangyayari ito, ihuhulog namin ang aming mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa Opisina ng Koreo. Kung ihuhulog namin ang mga ito sa Opisina ng Koreo sa 29 na araw, matatagalan silang simulan ang paghahatid, kaya pagdating ng oras na iyon, maihahatid na ang lahat ng drop-box sa kanilang mga ekstaktong lokasyon. Makikita ang mga lokasyon sa aming website at sa mga pamphlet ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante. Para sa anumang tanong o alalahanin na mayroon ka, bumisita sa aming website at makakakita ka roon ng maraming impormasyon.
- c. Dumalo: Hindi pareho para sa lahat ng tao ang papel ng balota, depende ito kung saan ka nakatira, tama?
- d. Mga Tauhan ng ROV: Oo. Kapag pumunta ka sa aming website kailangan mong i-type ang iyong direksiyon, petsa ng kapanganakan, at awtomatiko nitong ipinapakita ang uri ng balotang nakatalaga sa iyo. Makikita mo lang ang balotang nakatalaga sa iyong tirahan.
- e. Dumalo: Ipagpalagay natin na namimili ako kung saan at hindi ko dala ang aking balota, kung pumunta ako sa isang Sentro ng Pagboto, may karapatan ba silang ilimbag ito para sa akin sa oras na iyon, o mayroong kopya sa sentro?
- f. Mga Tauhan ng ROV: Tama. Halimbawa, kung nakatira ka sa Milpitas at namimili ka sa Stanford mall at mayroon kaming mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto na malapit sa mall na iyon, maaari kang pumasok at mayroon silang mga E-Pollbook na naglalaman ng lahat ng datos ng lahat ng nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara. Mahahanap ka nila sa E-pollbook at maglilimbag para sa iyo ng balota batay sa uri ng balota o presintong kinabibilangan mo, kaya ito nakabukas sa lahat ng botanteng nakarehistro sa county.
- g. Dumalo: Mapipigilan ba nitong bumoto ako nang dalawang beses, tulad ng mahihinging boto ko at pagboto ko sa balotang natanggap ko mula sa koreo? Anong pumipigil sa akin na bumoto nang dalawang beses?
- h. Mga Tauhan ng ROV: May default ang aming sistema na kapag natanggap namin ang iyong balota, hindi ka na makakaboto nang higit sa isang beses. Maaari mo itong ipadala sa koreo, pero hindi namin ito bibilangin kung bumoto ka na.
- i. Dumalo: Kung gayon, ang boto ay magiging parang pansamantalang pagboto? Iyon ang naiintindihan ko sa pansamantalang pagboto, na boboto ako sa pamamagitan ng koreo at pupunta ako sa Sentro ng Pagboto at boboto nang pansamantala, iyon ay para mapigilan ang duplikadong boto.
- j. Mga Tauhan ROV: Dati, sa mga Lugar na Botohan, wala kaming tablet na makakapag-access sa tala ng botante at makakatukoy kung ibinalik ba ng botante ang kanilang balota. Ngayon sa Sentro ng Pagboto mayroon na nitong mga bagong

tablet, sasabihin nito na bumoto ka na o, kung pumunta ka sa isang Sentro ng Pagboto at pagkatapos ay umuwi ka at ibinalik sa pamamagitan ng koreo ang iyong balota, at dumating ito at ipapasok namin ito sa makina para pagtibayin ito at sasabihin nito na bumoto ka na sa Sentro ng Pagboto, kaya mawawalan ng bisa ang balota at hindi bubuksan.

- k. Dumalo: Pareho pa rin ang lahat ng pagboto sa pamamagitan ng koreo?
  - l. Mga Tauhan ng ROV: Hindi magbabago ang pagboto sa pamamagitan ng koreo.
16. Dumalo: Awtomatiko ba nitong tinatanggihan ang balota?
- a. Mga Tauhan ng ROV: Oo. Anuman ang aming natatanggap at tinutugmang pirma sa nakarehistrong pirma at tugma ito, ito ay valid na balotang boto. Kung nabigyan ka namin ng dalawang balota at aksidente mong naipadala sa amin ang pangalawang balota dahil hindi mo naalala, kapag natanggap namin ito, may default ang aming sistema dahil nakaboto ka na nang isang beses, void na ang susunod na balota. Hindi ka pinapayagang bumoto nang dalawang beses ng sistema, kaya magandang bagay iyon.
  - b. Dumalo: Kung may nagkamali sa kanilang pirma sa parehong balotang tinanggap niyo, tatanggihan niyo ba ito?
  - c. Mga Tauhan ng ROV: Kung hindi tugma ang iyong pirma o nakalimutan mong pumirma, nakasaad sa batas na magpapadala sa iyo ang aming opisina ng pahayag ng balotang walang pirma o pahayag ng pagpapatibay ng pirma, ibig sabihin nakalimutan mong pirmahan ang sobre ng balota o hindi tugma ang iyong pirma sa aming tipunan ng datos. Magpapadala kami ng sulat na ipapaalam sa botante na iwasto ang kanilang mali. Bukod pa roon, mayroon kaming 28 araw pagkatapos ng Halalan upang hintaying bumalik ang sulat na iyon sa opisina, para makapagbigay ng sapat na oras sa mga botante.
17. Dumalo: Maaari mo bang talakayin ang tungkol sa mga Elektronikong Makina sa Pagboto?
- a. Mga Tauhan ng ROV: Sa mga Sentro ng Pagboto, magkakaroon ng malalaking tablet screen kung saan lalabas ang iyong balota at maaari mong pindutin ang screen at pumili, at pagkatapos ay maglilimbag ito ng papel na balota. Kung hindi, maaari naming ilimbag ang iyong balota sa counter, dalhin ito sa iyong kubol at markahan ito, kaya anuman ang mangyari, magkakaroon pa rin ng papel na rekord ang sinumang bumoto. Hindi ito tulad ng dati, kung saan boboto ka sa touch screen at itatala ang iyong balota at walang papel na lumalabas dahil binilang iyon sa makinang iyon, kaya ngayon sa alinmang paraan, makakatanggap ka ng papel. Dadalhin mo ang papel na iyon sa makina para sa pag-tabulate kung saan bibilangin nito ang iyong balota na naglalaman ng lahat ng boto at ilalagay ang balota mo sa ligtas na lalagyan. Dati, dumarating ang lahat ng balota sa aming opisina para bilangin. Dahil dito, isa kami sa mga pinakamabagal na county sa Estado sa gabi ng mga resulta ng Halalan at nagbibilang pa rin kami hanggang sa susunod na araw. Ngayon, maaari kang kumuha ng isang cartridge o electronic na bagay mula sa bawat tabulator mula sa bawat Sentro ng Pagboto at i-upload ito sa halip na i-scan ang lahat ng papel sa aming opisina. Sa ganitong paraan, magiging mas mabilis sa gabi ng mga resulta ng Halalan, pero 30 araw pa rin para sa amin para pagtibayin ang pagboto sa pamamagitan ng koreo.
18. Dumalo: Kapag binilang mo ang 125 Sentro ng Pagboto na ito, mas maraming tao ang boboto sa pamamagitan ng koreo at mataas ang bilang na ito. Ang mga botanteng boboto at inihahayag ang kanilang karapatang bumoto ay ang mga taong pupunta nang maaga sa mga Sentro ng Pagboto sa sampung araw.
- a. Mga Tauhan ng ROV: Sa tingin ko iyon ang mararamdaman ng karamihan ng botante.



19. Dumalo: Para sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto, tiningnan na ba ninyo ang mga kolehiyo ng komunidad, tulad ng De Anza?

- a. Mga Tauhan ng ROV: Nakikipag-ugnayan kami sa kanila. Mayroon na kaming pagtatalaga ng sarili mula sa *San Jose State University*. Tinitingnan din namin ang West Valley.
- b. Dumalo: Magandang ideya ang lahat ng paaralan at kolehiyo. Ang mga paaralan ay mayroong malalaking gym na maaaring gamitin. Ang problema ay maaaring hindi angkop para sa mga lugar na ito ang Sentro ng Pagboto na bukas ng 11 araw.

V. **Accessibility ng Wika**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na access sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkuha ng mga opisyal sa halalan.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko: (wala)*

VI. **Accessibility ng Pagboto**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Mga Tauhan ng ROV: Mayroon kaming bagong sistema ng pagboto sa mga Sentro ng Pagboto, na ngayon ay may hindi bababa sa tatlo, o higit pa, na mga accessible na tablet kung saan maaari mong ilabas ang iyong balota, markahan ito sa iyong screen, at ililimbag nito ang iyong pinili. Maaari rin kaming maglimbag ng papel na balota kung hinihingi ito sa anumang wika o uri ng balota, at ipapasok namin ito sa tabulating machine, na bago rin. Sasabihin ng makina sa botante kung nakalimutan nilang bumoto, kung kulang ang boto nila, o may nilaktawan na labanan, para maaaring bumalik ang botante kung nagbago ang isip nila, at para mas makatulong ito sa botante. Pagkatapos ay ihuhulog ng makina ang kanilang balota sa isang ligtas na lalagyan sa ilalim nito kung saan maingat namin itong kukunin. Mayroon kaming impormasyon sa aming website kung hindi ka makakaalis ng bahay at hindi makakapunta na tinatawag na remote accessible na sistema ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
  - a. Dumalo: Sa elektronikong pagpapadala, may paraan ba kung saan maaaring i-download ng sinuman ang balota kung kinakailangan, mula siguro sa kanilang rekord sa DMV o katulad nito, o kailangan mong i-email ito sa kanila?
  - b. Mga Tauhan ng ROV: Kailangan itong hilingin ng botante. Available lang ito sa pamamagitan ng elektronikong pagboto at para sa militar, mga botanteng nasa ibang bansa, o mga botanteng may mga kapansanan. Halimbawa, kung ikaw ay nasa militar, dapat nasa labas ka ng county para makapag-aplay para rito, pero kung nandito ka lang sa County ng Santa Clara, hindi ito available. Naka-link ito sa site na kopya ng iyong Opisyal na Balota. Sa huli, kailangan mo itong ilimbag dahil hindi ito mabibilang kung elektroniko ito. Kapag nalimbag mo na ang iyong balota, ipadala mo ito sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante. Hindi ito katulad ng kung boboto ka sa pamamagitan ng telepono, kailangan pa ring nakasulat ito.

## VII. **Mga Oportunidad sa Pakikipag-ugnayan**

Hinihingi ng ROV ang mga mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahasay na paraan at maipalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Mga Tauhan ng ROV: Kung gusto mo ng paalala, maaari kang mag-subscribe sa aming *Twitter* feed, sa aming *Facebook* feed, at sa *Nextdoor*. Malaki ang hinaharap nating gawain at malaki ang ating magiging kampanya para ipalam sa lahat ng tao na nagbabago na ang pagboto. Sa tingin namin ay makakabuti ito at sumasang-ayon ang maraming tao rito, pero magiging aktibo talaga kami sa pagpapaalam sa mga tao sa iba't ibang plataporma. Noong nakaraan, nag-advertise kami sa *India West* at *India Post*, pero hindi namin alam kung ano ang binabasa ng mga tao o kung lokal o pambansang publikasyon ito, kaya naghahanap kami ng higit pang impormasyon tungkol sa pinakamainam na paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga tao sa pamamagitan ng mass media.
  - a. Dumalo: Mayroong pambansang magazine na tinatawag na *India Current* at natatanggap din ito ng mga tao sa pamamagitan ng email. Karaniwang nasa lugar ito tulad ng grocery, mga templo, at iba pang lugar. Napakasikat nitong magazine.
  - b. Dumalo: May mga lokal na dyaryo mula sa *Sunnyvale* at *Cupertino* na naglathala ng puwesto sa health fair mula sa ROV at nagulat ako, at sa tingin ko ay marami kayong ginagawa at marami kayong mga user na natutulungan.
  - c. Dumalo: Dapat isaalang-alang niyo ang kapaligiran.
2. Dumalo: Mayroong magazine na tinatawag na *Siliconial* at palabas sa TV na nakabase sa *New York* na tinatawag na *Namaste America*. Pinapalabas ito kapag Sabado nang 9:00; pinapanood ng 80-90% ng tao ang palabas na ito.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Mayroon bang mga nakatutok na ad ang *Namaste America*, tulad ng para sa County ng Santa Clara?
  - b. Dumalo: Maaari kang makipag-ugnayan sa kanila, ipadala sa kanila ang iyong mga datos tulad ng bagay na ni-record o video, at maaari nilang i-edit ito. Magaling sila pagdating doon.
3. Dumalo: Gumawa na kami dati ng kampanya para sa Manggagawa sa Botohan kasama ang ROV. Nagsagawa kami ng pag-aaral tungkol sa kampanya sa aming media kit kasi iyon ang kampanya naming nakakuha ng pinakamaraming bilang ng tugon. Napakahusay ng kampanyang iyon.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Mabuting malaman iyon. Nasa listahan namin kayo para sa kampanya sa taong ito. Inaasahan naming makatrabaho kayo ulit.
  - b. Dumalo: Ngayon, digital na kaming lahat. Wala na kaming nakalimbag na materyal.
  - c. Mga Tauhan ng ROV: Maganda naman na digital ang lahat, pero gusto rin naming magkaroon ng mga nakalimbag na materyal para sa mga botanteng gusto ang ganoong paraan.
4. May Tauhan ROV: May iba pa ba kayong ideya para sa media? Alinmang istasyon ng radyo?
  - a. Dumalo: Maaaring FM 92.3, AM 1170 (Radio Zindagi), at AM 1310 (Radio Mirchi) ang mga istasyon ng radyo.
  - b. Dumalo: Sikat na sikat ang mga istasyon ng radyo. Patugtugin mo ang mga ito at makikinig ang lahat ng tao.
  - c. Dumalo: Sikat na sikat ang tatlong istasyon ng radyo na iyon. Maraming kanta, pero nag-iimbita rin sila ng mga tao.
  - d. Dumalo: Maraming programang may isponsor.
  - e. Dumalo: Maaari kang bumili ng 15 minuto sa kanila at makipagtalakayan kasama nila.

- f. Mga Tauhan ng ROV: Mayroon ba silang content sa wikang Ingles?
  - g. Dumalo: Karamihan ay Hindi, pero mayroon din silang Ingles.
  - h. Mga Tauhan ng ROV: Kung mayroon pa kayong mga ideya para sa istasyon ng radyo o telebisyon, magpadala lang ng email sa amin sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org)
5. Mga Tauhan ng ROV: Sa ibang pagkakataon gusto pa naming makipag-usap sa inyo tungkol sa dalawa pa naming komite: ang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) at ang Komite sa Pagpapayo sa Accessibility sa Pagboto (VAAC). Naghahanap talaga kami ng mga boluntaryo na sasali sa aming komite para tulungan kaming suriin ang mga materyal, handout, at bigyan kami ng mungkahi at feedback tungkol sa mga isyu. Ang VAAC ay para sa mga nakakatanda at mga botanteng may mga kapansanan. Ang LAAC ang kumakatawan sa iba't ibang komunidad ng wika. Naghahanap kami ng kinatawang Hindi para sa LAAC.
    - a. Dumalo: Ilang oras iyon?
    - b. Mga Tauhan ng ROV: Nagpagpasyahan namin na magkaroon ng pulong isang beses kada buwan, at maaaring maging kada ikatlong buwan sa hinaharap. Mayroong grupo para sa email ang komite para sa sinumang gustong pag-usapan ang mga bagay. Magpupulong ang komite kada buwan sa Halalan sa Marso.
  6. Tauhan ng ROV: Isa pang pagkakataon ang Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOC). Hindi ito iniaatas ng batas pero ang layunin ng koalisyong ito ay magbigay-alam sa mga botante at ipaalam sa kanila kung ano ang paparating. Ang pokus ng grupong ito ay para sa edukasyon ng botante at para sa mga tao na gustong magbigay alam sa iba. Maaari tayong pumunta sa komunidad at magsagawa ng presentasyon tungkol sa VCA. Maaari rin naming sanayin ang tagapagsanay, kung saan ka namin sinasanay, at pagkatapos ay maaari ka na ring magsanay ng ibang tao sa iyong komunidad. Maaari naming ipagkaloob ang mga handout at presentasyong kinakailangan para ikalat ang kaalaman. Kailangan namin ang lahat ng tulong na makukuha namin para magbigay-alam sa populasyon ng botante tungkol sa VCA. Ang panimulang pagpupulong para sa VEOC ay sa ika-8 ng Agosto.
    - a. Mga Tauhan ng ROV: Dahil may iba't ibang tao sa County natin, mahalaga na gawing personal ang mensahe para sa bawat komunidad sa wika nila mula sa mga taga-impluwensya at kinatawang pinagkakatiwalaan nila. Maganda para sa amin na dumating at ipakita sa inyo ito pero mas epektibo kung kayo mismo ang magpapaalam sa inyong komunidad at idiin ang kahalagahan ng pagboto. Bibigyan kayo ng VEOC ng mga resource at toolkit para sa pagsasanay para sarili ninyo itong magawa sa inyong templo, inyong organisasyon, inyong trabaho, inyong tirahan, nasaan man ito. Ang layunin ay para malaman ng mga komunidad na hindi nabigyan ng sapat na serbisyo kung kailan, paano, at saan boboto kapag dumating na ang halalan. Ang plano ay magkaroon ng isang workshop para sa bawat komunidad ng wika para makatulong kung saan pupunta at kanino makikipag-ugnayan para isaayos ang mga workshop na ito. Masayang masaya kami na pumunta kung nasaan kayo.
  7. Dumalo: Magandang lugar ng pakikipag-ugnayan ang aklatan.
    - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo, ang mga aklatan ay naging mahusay na kasama namin para sa mga drop-box, Sentro ng Pagboto, at presentasyon.
    - b. Mga Tauhan ng ROV: Habang papalapit ang halalan, maglilimbag kami ng mas maraming literatura para ibahagi sa mga aklatan, lokal na negosyo, gusali ng pahalanaan ng lungsod, at hot spot – para mas nakakaalam ang mga tao.
  8. Mga Tauhan ng ROV: Maghahanap kami ng mga empleyado para sa karagdagang tulong para magtrabaho sa mga Sentro ng Pagboto. Ito ay maliit na pagbabago kumpara sa dati. Magkakaroon pa rin kami ng mga boluntaryo na babayaran ng sahod para magtrabaho ng isa o dalawang araw, pero tatanggap din kami ng 1500-2000 empleyado

para sa karagdagang tulong. Sila ay mga empleyado ng County na dadaan sa buong proseso ng pag-hire at hihilingin silang magtrabaho ng humigit-kumulang na 2 linggo. Magiging hamon na hanapin ang ganito karaming tao na magtrabaho sa kinakailangang bilang ng araw, kaya kung mayroon kang anumang tanong o koneksyon para sa mga taong kayang magtrabaho sa mga Sentro ng Pagboto, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org).

#### VIII. Iba pang detalye

##### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Ano ang mga pagkakaiba ng pansamantalang pagboto at kondisyonal na pagboto?
  - a. Tauhan ng ROV: Dati, ang pansamantalang pagboto ay sanhi ng pagiging nasa maling Lugar na Botohan at pagkatapos ay boboto nang pansamantala dahil wala ka sa listahan. Karaniwan ay dahil hindi namin napagtibay ang pagpaparehistro ng botante kung aktibo sila sa panahong iyon. Ngayon, sa Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante (CVR), na para sa mga botante na hindi nakarehistro at gustong magparehistro, pinupunan nila ang kanilang impormasyon sa pagpaparehistro at pagkatapos ay ang Opisyal na Balota, ilalagay ito sa loob ng isang sobre, at kapag bumalik na ito sa aming opisina, irerehistro namin ang botante at huli, bibilangin ang kanilang balota.
2. Dumalo: Kung ang tao ay wala sa estado sa panahon ng halalan, nakarehistro sa California, at hindi makakabalik sa county, paano sila boboto?
  - a. Tauhan ng ROV: Humiling ang karamihan ng botante na ipadala ang balota kung nasaan sila. Halimbawa, ay nakarehistrong botante ay nakatira sa County ng Santa Clara, pero gusto nila itong ipadala sa New York. Ipagkakaloob nila sa amin ang direksiyong pangkoreo, at maaari namin silang padalhan ng balota.
  - b. Dumalo: Kailangang gawin iyon nang maaga, tama?
  - c. Mga Tauhan ng ROV: Oo.
3. Dumalo: Ano ang porsyento ng pagboto sa pamamagitan ng koreo noong huling Pampresidenteng Halalan at ano ang inyong inaasahan? Maraming tao ang dapat nagparehistro na bumoto sa pamamagitan ng koreo, kaya ano ang inaasahan nating antas ng porsyento?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Para sa 2020, masyado itong mahirap para mahulaan sa puntong ito. Karaniwang habang papalapit kami, tinatantiya namin kung ano ang nangyayari sa komunidad at ano ang naririnig namin, maglalabas kami ng parituklar na tantiya kapag papalapit na ang oras. Ito ay nakabatay muna sa nakaraang impormasyong ayon sa istatistika, pero wala sa akin ang impormasyong ayon sa istatistika na iyon. Karaniwang mas kaunti ang taong bumoboto sa Primaryang Halalan sa Hunyo kumpara sa Pangkalahatang Halalan, kaya titingnan namin ang mga nakaraang halalan para tiyaking maaabot namin ang mga resulta, pero isasaayos din namin ang mga iyon pagkatapos ipadala ang mga balota. Masasabi nila kung gaano karaming ipinadalang balota ang babalik, gaano kaaga, at pagkatapos ay magsisimula kaming magsaayos. Karaniwan ay nasa 5% kami ng mangyayari, pero binabatay namin ito para makakuha ng mas mabuting tantiya pagkatapos naming ipadala ang mga balota para makita kung ano ang kalagayan ng mga resulta.



Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan sa Pulong ng Pagsangguni sa Accessibility**

Silicon Valley Independent Living Center  
25 N. 14<sup>th</sup> Street Suite 1000, San Jose, CA 95112  
Board Room  
Miyerkules, Ika-10 ng Hulyo, 2019  
Ika-11 ng umaga hanggang ika-12:45 ng hapon

**Mga Dumalo:**

Disability Rights California, Department of Rehabilitation, Santa Clara County Sheriff's Office, Silicon Valley Independent Living Center, Civil Rights California

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Vanessa Hamm, Magdalena Sta Maria, Shelby Galaviz, Priscilla Favela, Allen Ocampo, Lance Nottle, Rachel Jung, Janora Davis, Darren Tan, Alfred Gonzales, Patricia Lopez, Eric Kurhi, Aaron Wong, Mike Fong

**Mga Bagay para Gawin:**

- Magpadala ng 14 na Pamantayan para sa Accessibility, link sa form para sa obserbasyon, at pdf ng form para sa obserbasyon

**I. Mga Panimula**

*Maligayang pagbati sa mga dumalo*

**II. Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act**

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ngayon ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o magkaroon ng hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto.

**III. Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan kung paano ipapatupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at bubuuin kasama ng mungkahi mula sa komunidad.

**IV. Pagpili ng Sentro ng Pagboto/Drop-box**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga Sentro ng Pagboto at mga lugar ng drop-box. Ang mga Sentro ng Pagboto ay kinakailangang madaling mapupuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na makapagserbisyo sa mga botante ng County ng Santa Clara.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Puwede ba ang Billy DeFrank Center sa ibaba ng kalye?
  - a. Tauhan ng ROV: Maaari naming tingnan iyon.
2. Dumalo: Ang mga sentro ng komunidad?
  - a. Tauhan ng ROV: Tinitingnan namin ang mga aklatan, sentro ng komunidad, simbahan, maging ang mga istasyon ng bumbero para sa mga drop-box. Pero kung kayo ay may mga ispesipikong maimumungkahi, gusto naming marinig ito.
3. Dumalo: Puwede ba ang mga kolehiyo ng komunidad at mga paaralan?
  - a. Tauhan ng ROV: Kakausapin namin ang Superintendente sa linggong ito at kami ay nasa proseso ng pagkumpirma sa West Valley at San Jose State.
  - b. Tauhan ng ROV: Pinag-uusapan namin ang presyo sa puntong ito kaya kung may mga koneksiyon kayo doon, mangyaring sabihin sa amin.
4. Dumalo: Puwede ang mga tindahan ng groseri? Ang isang drop-box ay pinakamahusay na gawin doon.
  - a. Tauhan ng ROV: Kung ang mga ito ay may lugar na walang laman at sapat ang espasyo.
5. Dumalo: May mga tindahan ng Spirit na madalas na lumilitaw sa panahon ng Halloween, maaari kayang gamitin ang mga bukas na espasyo na tulad niyon?
  - a. Tauhan ng ROV: Kung makukuha sila sa Marso.
6. Dumalo: Puwede kaya ang Valco Mall? Sigurado akong walang laman ito ngayon. Maraming paradahan at maraming espasyo.
7. Dumalo: Medyo bago ako sa lugar ng Vista Center, pero tinitingnan namin ang aming lokasyon sa San Jose bilang isa sa mga opsyon (101 at Bascom Ave).
  - a. Tauhan ng ROV: Mahusay iyan!
8. Dumalo: Magagamit ba ninyo ang bagong Istasyon ng Pulisya sa Timog San Jose na hindi pa ginagamit?
  - a. Tauhan ng ROV: Matitingnan namin; aalamin namin sa mga sentro ng komunidad.
  - b. Tauhan ng ROV: Sa pagpapatakbo sa lunsod, kaugnay ng mga sentro ng komunidad, may isang kagawaran na nangangasiwa ng mga sentro ng komunidad. Nakipag-ugnayan na kami sa kagawarang iyon gayon din sa Opisina ng Tagapamahala ng Lunsod. At sila ay may mas malaking naaabot, tungkol sa kagawaran ng pulisya ng San Jose kaya ginawa namin ang unang pagtatanong na iyon.
9. Dumalo: Magiging magandang lokasyon ang Costco para sa isang Naililipat na Sentro.
  - a. Tauhan ng ROV: Isinasaalang-alang pa rin namin kung gagamitin namin o hindi ang mga naililipat na sentro.
10. Dumalo: May Western Digital (lugar ng Great Oaks). May Orchard Supply (Cottle/East Capitol).
11. Pinag-isipan na ba ninyo ang paglalagay ng mga drop-box sa mga Tanggapan ng Koreo sa tabi ng mga mailbox.
  - a. Tauhan ng ROV: Pinag-isipan na ba natin ang pagtingin sa mga lokasyon ng USPS sa mga Tanggapan ng Koreo para sa aming mga drop-box?
  - b. Tauhan ng ROV: Sa palagay ko ay hindi nila magugustuhan iyan dahil binabayaran sila sa sandaling ihulog ang balota sa pamamagitan ng kanilang tanggapan. Maaaring malito rin ang botante.
  - c. Dumalo: Maaari kayong magkaroon ng mga regular na sulat sa inyong mga Drop-box.
  - d. Dumalo: Hindi ba naiiba ang kulay nila sa mga pangkaraniwang kulay ng mailbox na asul?
  - e. Tauhan ng ROV: Matitingnan namin ito.
12. Dumalo: Puwede kaya ang mga sinehan?
  - a. Tauhan ng ROV: Oo.

13. Dumalo: Maaari naming ialok ang aming lokasyon (SVILC) bilang lugar ng Sentro ng Pagboto o Drop-box.
  - a. Tauhan ng ROV: Titignan namin upang malaman kung maaari kaming maglagay ng drop-box doon.

#### **V. Accessibility ng Wika**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkuha ng mga opisyal sa halalan.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko: (wala)*

#### **VI. Accessibility ng Pagboto**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota.

*Mga Presentasyon sa RAVBM ng ROV at isang miyembro ng VAAC*

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Ginagawa namin ang aming makakaya upang ilagay ito roon. (tinutukoy ang LAAC/VAAC)
2. Dumalo: Magkakaroon ba tayo ng brailing sa mga drop-box?
  - a. Tauhan ng ROV: Isa ba iyon sa mga iniaatas?
  - b. Tauhan ng ROV: Hindi, ito ay higit na para sa kinakailangang taas. Sa halip ng paghila, ito ay ang pagtulak. Walang masyadong puwersa o anuman.
3. Dumalo: Nauunawaan ko na dapat na ilimbag ninyo ito, pero pagkatapos ay ano? (tinutukoy ang mga tagubilin para sa RAVBM – *I-download ang mga materyal para sa pagbabalik*)
  - a. Dumalo: Sinasabi ng download na ipasok ito sa iyong computer, pero huwag ilimbag ito, iyon ang punto niya.
  - b. Dumalo: I-click dito upang ilimbag ang iyong balota at ipadala ito, GAWIN ITONG NAPAKALINAW.
  - c. Tauhan ng ROV: Iyon ang perpektong obserbasyon para sa aming LAAC/VAAC.
4. Dumalo: Ang EAP ba ay ipasasalin sa ibang mga wika ng inyong website?
  - a. Tauhan ng ROV: Oo, ang EAP ay makukuha sa lahat ng ipinag-uutos na wika.
5. Dumalo: Gusto kong imungkahi na makipag-ugnayan kayo sa mga assisted living nursing homes at maging sa mga independiyenteng pasilidad. Ang aking ina ay nasa tinutulungang pamumuhay. Siya ay halos 95. Kayang-kaya niyang bumoto pero hindi siya makahawak ng lapis. Hindi niya mababasa ito dahil nabubulag na siya. Maraming bagay na nangyayari doon at minsan ay ipinadala ko sa kanyang lugar ang kanyang balota at ito ay nawala kaya maraming isyu sa mga lugar na ito at ito ay isang lugar na may mga 100 tao. Pero hindi alam ng marami sa mga taong ito na magagawa nilang magparehistro para makaboto at bumoto at ipabilang ang kanilang boto. At ang aking ina ay nag-aalala tungkol dito at labis na nag-aalala na ito ay hindi isang madaling proseso para sa kanya tulad ng kung kailan niya makukuha ito, makukumpleto at maipapadala sa koreo. Hindi na ito magagawa ng mga taong ito at hindi lahat sila ay matatandang tao. Maraming mas batang tao na naroon at hindi marami ang mga taong may pamilya na lumalahok. Ang mga pasilidad ng pag-aalaga ay hindi tutulong sa kanila



maging sa pagkakaroon ng isang Sentro ng Pagboto sa mga lugar na iyon. Kailangang maabot ang mga taong ito, kailangan nilang mapabilang dahil kung gusto nilang ihulog ang kanilang balota, kailangan nilang umarkila ng isang van at iyon ay magastos at hindi nila gagawin ito para bumoto. Maigagarantiya ko sa inyo. Kailangan nila ng karagdagang kakayahan sa pagboto sa mga lugar na ito at ito ay sa Prospect High School. Siya ay nasa Westgate Villa. Ito ay nasa Main Ave. At sila ay may independiyenteng pamumuhay doon. Ang nursing care facility ay nasa kanto lamang. Maaari ring magawa ninyo ito sa Villa Fontana.

- a. Tauhan ng ROV: Talagang matitingnan namin ang lokasyong iyon, tinatanggap namin ang anumang payo tungkol sa mga lokasyon at saka tinitingnan namin kung sila ay may libreng paradahan, ang mga gayong bagay.
  - b. Dumalo: Kakaunti ang paradahan doon; magiging problema ito.
  - c. Tauhan ng ROV: Matitingnan pa rin namin ito.
  - d. Tauhan ng ROV: Mula sa punto ng pakikipag-ugnayan, ito ay magandang bagay na talakayin. At ang ideya na drop-box ng balota ay maaaring tumugon sa pangangailangan na makarating ang balota sa koreo.
6. Dumalo: Paano ninyo ginagamit ang mga datos ng Sensus upang malaman kung saan naninirahan ang mga taong may mga kapansanan?
    - a. Tauhan ng ROV: Ang impormasyong iyon ay tinitipon sa Sensus at partikular ang Survey ng Komunidad ng Amerika.
    - b. Dumalo: Pero hindi lahat ay lumalahok sa survey.
    - c. Tauhan ng ROV: Iyan ang hamon. Pero iyan ay bahagi ng dahilan kung bakit narito tayo. Kung may alam kayo na mga partikular na lugar na may konsentrasyon ng mga sentro ng independiyenteng pamumuhay, iyon ang mga bagay na gusto naming marinig.
  7. Dumalo: Tumatanggap ba kayo ng libreng pagpapakoreo sa RAVBM na iyon?
    - a. Tauhan ng ROV: May tuntunin sa Tanggapan ng Koreo na kung naglagay ka ng selyo o mas mababa kaysa halaga ng kinakailangang selyo, sasagutin ng ROV ang gastos.
  8. Dumalo: Ang pinakamahusay ay gamitin ang iyong sobre ng VBM.
    - a. Dumalo: Pero hindi nila matatanggap iyon (sobre ng VBM) kung gagawin nila ito?
    - b. Tauhan ng ROV: Lahat ay tatanggap ng isang balota ng VBM.
    - c. Dumalo: Oh, tatanggap sila ng pareho? Kung gayon ay hindi na problema ito. Mahusay ito.
  9. Dumalo: Isama ang tatak na “Balota” sa pakete ng RAVBM.
  10. Dumalo: Kung ang mga tao ay hindi sinasabihan na dapat panatilihin nila ang balota sa sobre ng VBM, kung hindi nila makita ang tanda sa nakalimbag iyon ay magiging problema. Kaya dapat ninyong linawin ito.
  11. Dumalo: Lumikha ng isang mensahe ng pakikipag-ugnayan sa publiko na “Itago ang iyong sobre ng pagboto sa pamamagitan ng koreo”
    - a. Tauhan ng ROV: Talagang maidaragdag natin iyan sa webpage.
  12. Dumalo: Maglagay ng mga butas sa parehong dulo ng balota ng VBM kung saan dapat kang pumirma upang mas maraming tao ang makakaalam kung saan dapat pumirma dahil iyon ay makakatulong nang malaki.
  13. Dumalo: Puwede kaya ang isang video ng “mga bagay na HINDI dapat itapon?”
    - a. Tauhan ng ROV: Tulad ng video tungkol sa aming RAVBM at panatilihin ang iyong sobre. Iyan ay magandang ideya.
  14. Dumalo: Protektado ba ang link ng website ng RAVBM?
    - a. Tauhan ng ROV: Oo.
  15. Dumalo: Ano ang sinabi ninyo tungkol sa RAVBM QR code?

- a. Tauhan ng ROV: Ito ay isang replika ng ibinoto ninyo, kaya mayroon kaming device ng nahihinging paglimbag, kailangan naming kopyahin ang balotang ito dahil ito ay nasa papel na anyo. Kapag bumalik kami sa aming opisina, hindi namin maipapasok ang kopyang anyo sa aming mga tagabasa ng balota. Pero, kung gagawin namin ang pag-scan sa QR code na ito, ililimbag nito ang kapareho ng iyong binotohang balota.
  - b. Dumalo: Magagawa ba ng sinumang may tagabasa ng QR na basahin iyon?
  - c. Tauhan ng ROV: Ang QR ay idinisenyo upang mabasa lamang ng vendor na lumikha ng balota.
16. Dumalo: Sinabi ninyo na “madaling magamit,” ano ang ibig sabihin nito?
- a. Tauhan ng ROV: Ang mga botanteng militar, o mga botanteng nasa ibang bansa, mga botanteng may mga kapansanan.
  - b. Dumalo: Magagamit ba nila ang JAWS sa website sa pamamagitan ng link sa RAVBM?
  - c. Tauhan ng ROV: Tina-tag namin ang lahat ng aming Mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County na pumupunta sa website kaya magagamit rin ninyo ang inyong kagamitan sa bahay, at babasahin nito ang nakalagay para sa iyo. At kung makakita ka ng anumang mga problema sa aming website, mangyaring sabihin sa amin, maaaring ito ay pagkakamali lamang sa pag-aayos. Sinisikap naming gawing madaling magamit ang lahat.
17. Dumalo: Gumagamit ba ito ng voice activation, o kailangang gumamit ka ng mouse? (tinutukoy ang RAVBM) Kung binigyan ko ang aking ina ng computer, wala naman siyang alam tungkol sa mga computer. Siya ay 95 at may Multiple Sclerosis. Siya ay nabubulag na at bingi pero may matalas na isip. Kaya, kung makukuha niya ang kanyang mga earphone upang makuha niya ito at saka tumugon nang pabigkas, may iniisip bang pagkuha ng anumang voice activation?
- a. Dumalo: Alam kong mayroon sila nito.
  - b. Tauhan ng ROV: Ito ay wala sa aming sistema, ito ay nasa sistema na makukuha ng tao.
  - c. Dumalo: Mawawalan kayo ng buong grupo ng mga taong nangangailangan ng voice activation.
  - d. Dumalo: Naroon ang teknolohiya, pero marahil kailangan nating tingnan ang pagkuha ng laptop na may ganyang mekanismo na kung saan ang isang tao ay pupunta at ilalagay ito sa harap ng indibidwal na nangangailangan nito at saka lalayo.
  - e. Dumalo: Kailangan ko bang magkaroon ng isang espesyal na programa sa computer upang makaunawa o ang aplikasyon ba ay magkakaroon ng ganyang kakayahan? Mahal ang programa sa computer na iyon.
  - f. Dumalo: Marahil ang ROV ay maaaring magkaroon ng dalawa o tatlong laptop na iaayos upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan.
  - g. Dumalo: Saka masusuri namin ang mga ito at ibabalik ang mga ito.
  - h. Tauhan ng ROV: Matatalakay natin ito nang higit pa. Matitingnan natin ito. Sinisikap naming mag-alay ng programa at, paumanhin, ito ay maaaring hindi sumakop sa maraming kapansanan ng isang indibidwal anuman ang computer na kinalalagyan ng mga ito.
  - i. Dumalo: Pero madalas na hindi iniisip ng mga tao ang tungkol sa mga taong nasa mga ganitong kalagayan.
18. Dumalo: Mayroon bang ibang bahagi sa mga sistema ng pagboto (mga makinang sip and puff), na nauukol sa boses?
- a. Tauhan ng ROV: May isang Kagamitan sa Pagmarka ng Balota na nagpapahintulot sa iyo na gumawa ng maraming madaling gawing gawain sa pamamagitan ng mga

aksesorya. May mga bagay na tulad ng sip and puff, malaking buton, pang-direksiyong buton pero wala akong alam tungkol sa isang makinang isinasaaktibo ng boses.

- b. Dumalo: Alam kong mayroon sila pero hindi sa California.
- c. Dumalo: Ano ang ginagawa ng mga taong bulag o bingi? Kung ikaw ay bulag at bingi.
- d. Tauhan ng ROV: Para sa may kapansanan sa paningin gagamitin namin ang mga tagabasa ng screen.
- e. Dumalo: May mga balota ba sila sa brail?
- f. Dumalo: Kung ikaw ay may refreshable na brail keyboard, magagawa mo. Mababasa ng tao ang hanay ng teksto at habang sila ay bumababa sa susunod na hanay, sasariwain nito ang brail keyboard upang manwal nilang mabasa ito.
- g. Dumalo: Paano kung tatlo sa iyong mga pakiramdam ay nawala?
- h. Dumalo: Titingnan namin ito. Ito ay isang napakagandang punto sa pagtalakay.

## VII. Mga Pagkakataon sa Pakikipag-ugnayan

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahasay na paraan at maipaalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

- 1. Dumalo: Bilang karagdagan sa aktuwal na pagboto, kailangan din naming irehistro ang mga tao. Ang ilan sa mga ideyang tulad ng mga mall o lugar kung saan nagtitipun-tipon ang mga tao ay magiging mahuhusay na lugar upang pasiglahin ang pagpaparehistro ng botante.
  - a. Tauhan ng ROV: Oo, sang-ayon kami. Karaniwang gumagawa kami ng mga 250 ginaganap na pakikipag-ugnayan. Ako ay may tatlo lamang na tauhan sa Pangkat ng Pakikipag-ugnayan, gumagawa sila ng 250 ginaganap na pakikipag-ugnayan sa mga piyesta. Kung may magsabi sa amin na “mangyaring pumunta sa gaganapin namin,” pumupunta kami. At malinaw na gumagawa kami ng maraming marami pa ngayon sa mga presentasyon ng VCA. At inihahatid ang mensahe na maaari kayong magparehistro online.
- 2. Dumalo: Gumagawa ba kayo ng anumang ibang media bukod sa print media? TV?
  - a. Tauhan ng ROV: Oo, talagang gumagawa kami ng social media, print media, at radyo. Sinisikap naming kumuha ng mga PSA o Public Service Announcement, naghahanap ng mga newsletter, at mga lugar na makakapagsama kami ng impormasyon.
- 3. Dumalo: Maaari kayong maglagay ng mga postcard sa mga paratransit minivan, kailangang iayos ninyo sa mga nagmamaneho.
  - a. Tauhan ng ROV: Oo, magandang ideya iyan.
- 4. Dumalo: Maaari ba kayong magdagdag ng simpleng brail sa ibaba ng postcard?
  - a. Tauhan ng ROV: Mayroon bang ibang mga serbisyong tulad niyan na makukuha namin?
  - b. Dumalo: Hilingin sa mga Batang Lalaki/Babae na Iskaut na mamahagi ng mga flyers sa palibot ng mga lugar ng assisted living para sa mga oras ng serbisyo.



Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan ng Pulong na Pagsangguni sa Hapon**

Joyce Ellington Branch Library  
491 E. Empire St., San Jose, CA 95112  
Community Room  
Huwebes, Hulyo 11, 2019  
Ika 4:30 ng hapon hanggang ika-6 ng gabi

**Mga Dumalo:**

Isang miyembro mula sa publiko mula sa Komunidad ng Hapon

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Vanessa Hamm, Andrea Solorio, Michael Borja, Magdalena Sta Maria, Priscilla Favela, Janora Davis, Patricia Lopez, Allen Ocampo, Linh Nguyen, Michelle Tran, Adrian Garcia, Paulo Chang, Alfred Gonzales, Eric Kurhi, Rachel Jung, Liz Oviedo, Chipu Mulenga, George Hiu, Mike Davis, Martin Ayala, Smita Shah, Lorenzo Castaneda, Diane Castaneda, Ruth Luo, Chenxi Ye

**Mga Bagay para Gawin:**

- Magpapadala ang dumalo ng mga link sa ROV hinggil sa mga tinalakay na aytem
  - Makikipag-ugnayan sa kanyang contact para sa Sakura Radio
  - Upang magpadala ng listahan ng mga grupo ng komunidad ng Hapon sa loob ng social media tulad ng Facebook
  - Upang makipag-ugnayan sa mga guro ng Wikang Hapon para sa posibilidad ng pagkakaroon ng pagsasanay para sa edukasyon ng botante (programa sa pagsasanay sa tagapagsanay ng VEOC)
  - Magbigay ng listahan ng paaralang Hapon para sa mga workshop sa wika
  - Upang ipasa ang form para sa komento sa kanyang mga kaugnayan

I. **Mga Panimula**

*Maligayang pagbati sa dumalo*

II. **Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act**

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ngayon ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o

magkaroon ng hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto.

1. Nagbigay ang mga Tauhan ng ROV ng maikling pangkalahatang-ideya tungkol sa mga detalye ng VCA; mula sa mga wikang sasaklawin ng ROV at sa paglipat mula sa mga lugar na botohan papunta sa mga Sentro ng Pagboto.
2. Ipinaalam ng mga Tauhan ng ROV ang tungkol sa logistics ng mga Sentro ng Pagboto at kung paano kami magtatalaga ng mga tauhan para sa mga wika sa bawat Sentro ng Pagboto.
3. Nagbigay ang mga Tauhan ng ROV ng maikling pangkalahatang-ideya tungkol sa modelong lugar na botohan papuntang modelong VCA.

### III. **Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan kung paano ipapatupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at bubuuin kasama ng mungkahi mula sa komunidad.

#### *Talakayan*

1. Mga Tauhan ng ROV: Nangangalap kami ng komento para sa EAP, lalo na para sa Komunidad ng Hapon, ngunit maluwag naming tinatanggap ang anumang feedback para sa pagbuo ng burador na EAP: kung saan namin dapat isagawa ang pakikipag-ugnayan, mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto, at kung saan sa komunidad maglalagay ng mga drop-box.

### IV. **Pagpili ng Sentro ng Pagboto/Drop-box**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga Sentro ng Pagboto at lugar ng drop-box. Ang mga Sentro ng Pagboto ay dapat madaling mapuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na mapaglingkuran ang mga botante ng County ng Santa Clara.

#### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Mga Tauhan ng ROV: Mayroon ka bang anumang rekomendasyon para sa mga lokasyon ng drop-box?
  - a. Dumalo:
    - i. Maganda kung sa campus ng Stanford. May sikat na palengke ng mga magsasaka sa Palo Alto at isa ito sa pinakamalaki sa California. Maganda kung magkakaroon ng kubol doon at kahit saan sa California Ave. o sa Downtown Palo Alto. Malaking demograpiko ang masasaklawan nito. Ang Palo Alto at Mountain View ay may templong Buddhist, magsisilbing perpektong lugar ito para makipag-ugnayan sa komunidad ng Hapon.

### V. **Accessibility ng Wika**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkalap ng mga opisyal sa halalan.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Tauhan ng ROV: Ano sa tingin mo ang makakatulong para sa pagkakaroon ng pagkakaisa?
  - a. Dumalo: Ang pinakamahirap na bagay ay ang makaunawa ng Ingles ang Hapong nagsasalita lang ng isang wika, at mga Amerikanong Hapon na mas gusto ang wikang Ingles.

**VI. Accessibility ng Pagboto**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon ng pantay na akses sa balota.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko: (Wala)*

**VII. Mga Oportunidad sa Pakikipag-ugnayan**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahusay na paraan at maipaalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Mga Tauhan ng ROV: Sinusubukan naming mangalap ng impormasyon tungkol sa mga posibleng paraan na hindi pa namin nagagalugad kasama na ang pag-advertise, social media, at pakikipag-ugnayan. Paano namin makakaugnayan ang mga ispesipikong komunidad? Ang Next-door ay isang mahusay na tool sa pakikipag-ugnayan. Naghahanap kami ng mga ideya. Anong mga vendor ang makakatulong sa komunidad ng Hapon?
  - i. Dumalo: Bay Area Sports, Sakura Radio, T.V. Hapon (isang hiwalay na channel), [Vivid Navigation](#), J-Weekly. Kadalasan, mas gusto ng mga Amerikanong Hapon na nasa wikang Ingles ang lahat.
2. Mga Tauhan ng ROV: Paano kung sa social media?
  - a. Dumalo: Gustung-gusto ng mga taong Hapon ang Facebook at Twitter. May grupo rin ang Unibersidad ng Stanford na nakikipagtulungan sa mga komunidad na nagsasalita lang ng Hapon. Ang Japanese Stanford Association ay isang grupong magandang makaugnayan.
3. Mga Tauhan ng ROV: May grupo ba ng komunidad ng Hapon sa Facebook, na marahil ay ispesipiko sa County ng Santa Clara?
  - a. Dumalo: Gusto ng komunidad ng Hapon na tumingin ng mga hashtag sa Twitter sa wikang "Hapon." Tuluy-tuloy silang naghahanap sa pamamagitan ng mga hashtag. Halimbawa, kung isasalin mo ang "Pampresidenteng Halalan 2020 sa Hapon, hahanapin nila ito bilang hashtag."
4. Mga Tauhan ng ROV: May Nishi Bei Weekly kami; pamilyar ka ba sa mga ito? May Stanford Daily rin, na mapagkukunan sa Hapon. Kadalasang binabasa ng mga Mamamayang Amerikanong Hapon ang Nishi Bei Weekly.

5. Mga Tauhan ng ROV: Pamilyar ka ba sa Japantown sa San Jose? Hindi ako pamilyar dito dahil kadalasan ay nasa paaralan ako.
6. Mga Tauhan ng ROV: May programa kami kung saan sinasanay namin ang tagapagsanay upang makatulong sa pagpapalaganap ng edukasyon sa botante; konektado ka ba sa kahit anong organisasyon?
  - a. Dumalo: May mga klase sa wikang Hapon ang Palo Alto Adult School. Maaaring magandang komunidad iyon na makaugnayan at magsilbing lugar kung saan gaganapin ang mga pulong para sa Pagsasanay sa mga Tagapagsanay. Pati na rin ang Gunn High School, na nagbibigay ng mga klase sa wikang Hapon at may mga guro ng wikang Hapon.
7. Mga Tauhan ng ROV: Si Rachel Jung ang nakatalaga sa aming Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan ng Botante at kung interesado ka, maaari kang makipag-ugnayan kay Rachel.
8. Mga Tauhan ng ROV: Ipinaliwanag ang layunin ng Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan ng Botante. Dahil sa bilang ng nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara kung ihahambing sa pangkat na may tatlong tao para sa Pakikipag-ugnayan ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara, kakailanganin namin ng tulong mula sa mga tao mula sa iba't ibang organisasyong nakabase sa komunidad pagdating sa pagtuturo sa mga masa ng botante.
  - a. Dumalo: May mga malakihan ding piyesta para sa panahon ng tag-init sa unang bahagi ng Agosto kung saan maaaring magtayo ng mga kubol.
9. Mga Tauhan ng ROV: Pamilyar ka ba sa kahit anong sentrong pangkultura na nagtuturo ng Ingles sa mga nagsasalita ng Hapon?
  - a. Dumalo: Oo, ang Palo Alto Adult School at nagtuturo ito sa mga estudyante mula sa iba't ibang bansa. Ang templong Buddhist ay maaaring lugar na pinakamalamang na magandang tingnan, lalo na ang mga templong ispesipiko sa mga Hapon. Ang Palo Alto Farmer's Market ay isang magandang lugar upang makipag-ugnayan dahil nagbebenta ang palengkeng iyon ng maraming gulay na Asyano at may mga magsasakang Amerikanong Hapon. May lugar kung saan itinuturo ang mga klaseng akademiko sa wikang Hapon na ginagawa tuwing Sabado. Ang mga estudyante ay mga Hapong nakakapagsalita lang ng isang wika at ang pagkakaroon ng mga workshop para sa wikang Hapon ay magsisilbing magandang lugar para sa paaralang ito.
10. Mga Tauhan ng ROV: Pamilyar ka ba sa Japantown sa Tycho?
  - a. Dumalo: Oo, isang komunidad/klab ang mga ito sa San Jose at may iba pang kapisanan sa pagtatambol sa iba-ibang lunsod. Nauugnay ang mga kapisanan sa Tycho sa iba't ibang lunsod. Magiging magandang makaugnayan ang mga ito.





Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara  
**Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)**  
**Mga Katitikan sa Pulong ng Pangkalahatang Pagsangguni**

Tagapagrehistro ng mga Botante  
1555 Berger Dr., Building 2, San Jose, CA 95112  
Oditoryum  
Sabado, Hulyo 13, 2019  
Ika-1 ng hapon hanggang ika-2:30 ng hapon

**Mga Dumalo:**

Labingwalong miyembro ng komunidad mula sa publiko

**Mga Tauhang Dumalo:**

Shannon Bushey, Vanessa Hamm, Magdalena Sta Maria, Shelby Galaviz, Allen Ocampo, Priscilla Favela, Linh Nguyen, Janora Davis, Alfred Gonzales, Patricia Lopez, Amy Sun, Chenxi Ye, Robert Weidlin, Michelle Tran, Matt Moreles, Mike Fong, Lillian Tsai

**Mga Bagay para Gawin:**

- Gawing napapanahon ang link sa materyal sa pakikipag-ugnayan sa mga EAP sa website ng Kalihim ng Estado (SOS); na-archive ng SOS ang dating link

**I. Mga Panimula**

*Maligayang pagbati sa mga dumalo*

**II. Pangkalahatang-tanaw sa Voter's Choice Act**

Sa pamamagitan ng Voter's Choice Act (VCA), makakapili na ngayon ang mga botante kung paano, kailan, at saan sila maaaring bumoto. Maaaring piliin ng mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo, ihulog ang kanilang balota sa isang drop-box ng balota, o magkaroon ng hanggang 11 araw upang personal na bumoto sa anumang Sentro ng Pagboto.

*Ipinakita ang presentasyon tungkol sa VCA*

**III. Layunin ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan**

Binabalangkas ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan kung paano ipapatupad ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ang mga pagbabagong may kaugnayan sa VCA at kung paano bubuuin ang mga ito nang may mungkahi mula sa komunidad.

*Pangkalahatang-tanaw sa mga petsa, tagatulong, at layunin*

**IV. Pagpili ng Sentro ng Pagboto/Drop-box**

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa paghahanap ng mga potensyal na lugar para sa mga Sentro ng Pagboto at lugar ng drop-box. Ang mga Sentro ng Pagboto ay dapat madaling mapuntahan at may sapat na espasyo upang maayos na mapaglingkuran ang mga botante ng County ng Santa Clara.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Gaano kaligtas ang mga Drop-box ng Balota?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Nakakadena at nakakandado ang mga ito. Pagsapit ng 8:00 ng gabi sa Araw ng Halalan, ikakandado ang mga ito. Mayroon kaming chain ng mga kustodiya, mayroon kaming mga de-numerong selyo upang kapag nag-log out kayo sa gabi, marerekord ninyo kung anong numero ang naroon, at matitiyak mong iyon pa rin ang numero pagbalik ninyo.
2. Dumalo: Maaari ba ninyong talakayin ang mga pang-11 araw at pang-4 na araw na lokasyon? Mababakante ba ang mga ito sa gabi, o may mga itatabi bang aktibong live na boto sa mga ito?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Papanatiliing ligtas ang mga lokasyon. Para naman sa mga balota, itatabi ang mga ito sa mga nakakadenang lalagyan sa mga Sentro ng Pagboto. Para naman sa mga mismong balota, magkakaroon kami ng bagong sistema ng pagboto, mga bagong E-pollbook, at bagong printer ng Mahihingang Balota. Kaya wala na tayong kahon-kahong paunang nailimbag na balota, ngunit magkakaroon tayo ng libu-libong magkakaibang bersyon na maaaring ilimbag sa elektronikong paraan. Hindi namin ilalabas ang cartridge ng mga resulta gabi-gabi. Gagawin namin iyon sa pagtatapos ng Araw ng Halalan.
3. Dumalo: Ang isyung naiisip ko ay, palagi akong bumoboto sa paaralan sa aking kapitbahayan sa kabilang kanto, ngunit ngayong ilang araw na ang pagboto, mapipigilan ang mga paaralan na maging mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Maaari itong makahadlang sa amin na gumamit ng ilang paraan at dahil naghahanap kami ng mas malalaking lokasyon, gaya ng mga mega center at hindi lang mga Lugar ng Botohan, hindi na gagamitin ang karamihan sa aming mga dating Lugar na Botohan gaya ng mga paaralan, silid-aklatan, garahe ng isang tao, atbp.
4. Dumalo: Isa ba itong kahong maaaring iakses nang 24 na oras? (Mga drop-box)
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Mayroon kaming ilan na magagamit nang 24 na oras, ngunit ang nabanggit ko kanina sa opisina ng klerk ng lunsod ay magagamit lang sa mga oras ng trabaho. Halimbawa, kung bukas ang opisina nang 8am-5pm, magagamit lang ang partikular na drop-box na iyon mula 8am-5pm.
5. Dumalo: Paano naman ang mga mall? Nakipag-ugnayan na ba kayo sa kanila para sa isang Sentro ng Pagboto?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo, marami na kaming nakaugnayang mall; gayunpaman, humihingi ng \$5,000/araw ang ilang lokasyon, at naghahanap talaga kami ng mga paraan upang mapaliit ang gastusin.
6. Dumalo: May paraan ba upang maiapela ang isang pasiya sa isang Sentro ng Pagboto? Kung sa tingin namin ay hindi ito naaangkop sa komunidad.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Maaari kayong magbigay sa amin ng feedback at maaari namin itong suriin. Maipapaliwanag namin ang mga dahilan kung bakit kinailangan namin itong gamitin. Marahil ito lang ang lokasyong maaari para sa ilang partikular na bilang ng araw na may pinakamalawak na paradahan para sa may mga kapansanan, ngunit tiyak na may mga dahilan kami kung bakit namin pinili at hindi pinili ang mga lokasyon. Dapat ay maging bukas ang lahat ng aming Sentro ng Pagboto sa lahat ng tao.
7. Dumalo: Nakatira ako malapit sa Eastridge at King Center, Tropicana at madalas ay maraming Biyetnamis sa mga shopping mall na iyon.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Salamat, titingnan namin ang suhestyon ninyo.

## V. Accessibility ng Wika

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility ng wika upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon sila ng pantay na akses sa balota. Kasama sa mga halimbawa ang mga mungkahi sa wika para sa mga komunidad na hindi nakatanggap ng sapat na serbisyo sa nakaraan at pagkuha ng mga opisyal sa halalan.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Magkakaroon ba ng mga tauhang nakakapagsalita ng dalawang wika ang ilang partikular na sentro?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo, para sa ating wika, mayroon tayong limang (Ingles Espanyol Intsik Biyetnamis Tagalog) wikang ipinag-uutos ng pederal na gamitin sa bawat materyal. Mayroon tayong dalawang wika, ang Hapon at Koreano, na ipinag-uutos ng estado. At patuloy naming iaalok ang dalawang iba pang wika, ang Khmer at Hindi, dahil dati nang ipinag-utos ang mga ito, at ayaw naming bawiin ang isang bagay na dati na naming ibinibigay. Bale nag-aalok kami ng siyam na wika sa kabuuan. Sa kauna-unahang pagkakataon, magsasagawa kami ng pagkilos na higit pa sa iniaatas ng batas at maghahanda kami ng mga Opisyal na Balota sa lahat ng siyam na wikang iyon. Wala nang facsimile na balota sa mga Sentro ng Pagboto para sa apat na iba pang wika dahil pinalitan na namin ng mga Opisyal na Balota ang mga ito.

## VI. Accessibility ng Pagboto

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matulungan ang County sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng accessibility para sa mga nakatatandang botante at botanteng may mga kapansanan upang maunawaan ng lahat ng karapat-dapat na botante ang proseso ng pagboto at magkaroon sila ng pantay na akses sa balota.

*Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Maglagay ng numero ng telepono sa mga postcard ng VCA at LAAC/VAAC. Hindi marunong mag-internet ang lahat ng tao.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Tama.
2. Dumalo: Tinatanggap pa ba ang "X" bilang pirma?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo.
  - b. Dumalo: Paano ninyo masusuri ang pirma?
  - c. Dumalo: Paano ninyo mapapagtibay na nasa tamang pag-iisip upang bumoto ang mga botanteng pumipirma gamit ang isang "X"? Paano ninyo iyon mapapagtibay?
  - d. Mga Tauhan ng ROV: Kukuha kami ng listahan ng mga taong idineklara ng mga hukom bilang wala sa tamang pag-iisip upang bumoto. Kaya aalisin namin sila sa mga roll ng botante. Iyon lang ang magagawa namin sa panig namin. Sa ngayon, may kakayahan ang kahit na sinong sumagot ng form ng pagpaparehistro at magparehistro upang makaboto sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag. Sa pamamagitan ng kanilang impormasyon, at ng pambuong-estadong sistema, kakailanganin namin ang huling apat na numero ng inyong social security o ang numero ng inyong ID sa California. Tuluy-tuloy na ginagawang napapanahon ang sistema at tuloy-tuloy nitong kinukumpirmang iyon ang numerong iniuugnay sa pangalan ninyo.
  - e. Dumalo: Kapag nakakakita ako ng mga taong tinutulak sa mga gurney papunta sa isang lugar ng pagpaparehistro. Hindi ba't...parang?

- i. Mga Tauhan ng ROV: Sa ilalim ng batas, hindi namin maaaring tanggalin ang karapatan ng sinumang bumoto.
- ii. Dumalo: Bagama't hindi sila aktwal na nagsasalita; may nagsasalita para sa kanila?
- iii. Mga Tauhan ng ROV: Hindi namin maaaring tanungin kung ano ang kanilang kapansanan. Wala kaming karapatan, iyon ang Batas sa Pagkapribado. Upang magamit ang "X" bilang pirma, kakailanganin mong magparehistrong muli, punan ang bahagi ng kahon na nagpapahiwatig na may tumulong sa iyong magparehistro, kailangan ay nakasaad roon ang impormasyon ng taong iyon, at kakailanganin mong maglagay ng "X." Kapag naproseso na ang dokumento, mapupunta na ito sa aming sistema. Kaya kapag pumunta na sila upang bumoto, lalabas ito. Ngunit may mga batas na pumipigil sa aming gawin ang ilang partikular na bagay. Kaya kung walang kasulatan mula sa isang hukom, hindi natin maipagkakait sa kanila ang karapatang bumoto.

## VII. Mga Oportunidad sa Pakikipag-ugnayan

Hinihingi ng ROV ang mungkahi ng publiko upang matukoy ang iba't ibang lugar at paraan ng pakikipag-ugnayan upang maabot ang mga botante ng County sa pinakamahasag na paraan at maipaalam sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan na kaakibat ng VCA.

### *Mga Mungkahi/Tanong ng Publiko:*

1. Dumalo: Maaari ba kayong magsalita tungkol sa kung paano nakikipagtulungan ang county (iba pang county na nagpatupad ng EAP) sa inyo upang matandaan ang mga natutunang aralin?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo. Noong 2018, sa unang taon na available ito, may limang county na nagpatuloy sa Voter's Choice Act. Sa ngayon, labing-apat na county ang gagawa nito para sa 2020, na katumbas ng kalahati ng pagpaparehistro ng Estado. Kaya kahit 58 ang county, kaming labing-apat ay mahigit sa kalahati na ng mga nakarehistrong botante na magpapatupad rito. Mahigit isang taon na kaming nakikipagtulungan at nakikipag-ugnayan sa limang iba pang county. Nagsagawa na kami ng mga field trip. Pumunta na kami sa kanilang mga opisina. Nakaharap na namin ang kanilang mga katumbas. Nagpunta na kami sa San Mateo. Nagpunta na kami sa Sacramento. Nagsagawa na kami ng mga buwanang tawag sa mga nagtatrabahong pangkat ng Voter's Choice sa iba pang county sa buong estado. Naghahanda na kami upang makita kung nasaan ang mga pinch point.
2. Dumalo: May buwanang pulong ang aking kapitbahayan nang isang beses sa isang buwan. Kung magkakaroon kami ng kinatawan doon, maaari itong aktwal na makahikayat ng mga taong pumuta sa pulong, at tiyak na maipapakalat nito ang impormasyon sa kapitbahayan.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Isa iyong napakagandang ideya at iyon din ang naiisip namin sa aming kagawaran. Ang VEOC ay isang koalisyong aming sinimulan, na hindi iniaatas ng batas, at nakatuon ito sa pakikipag-ugnayan sa mga botante at pagpapakalat ng impormasyon. Maaari kaming lumabas at gumawa ng presentasyon.
  - b. Dumalo: Hinihiling kong magkaroon ng tagapagsalatang Espanyol na nakakapagsalita ng dalawang wika.
  - c. Mga Tauhan ng ROV: Maaari din namin iyong gawin.
3. Dumalo: Nakipag-ugnayan na ba ang ROV sa mga kapisanan ng feeder sa komunidad ng kapitbahayan ng San Jose?

- a. Mga Tauhan ng ROV: Idinagdag namin ang lahat ng Klerk ng Lunsod, lahat ng Miyembro ng Konseho ng Lunsod, at lahat ng Tagapamahala ng Lunsod sa bawat email na ipinapamahagi namin tungkol sa impormasyong ito at sa nangyayari. Hindi ko sigurado kung naanunsyo na namin ang mensaheng ipakalat ang impormasyon sa iyong komunidad, dahil ginagawa pa namin ang materyal sa pakikipag-ugnayan.
4. Dumalo: Handa na ba ang materyal bago ang Ago 6? (National Night Out)
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Alam kong may mesa ang aming opisina roon.
5. Dumalo: Paano naman ang pag-post/pag-advertise ng impormasyon sa mga video ng gasolinahan?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Magandang ideya iyon, maaari namin iyong tingnan. Magandang ideya iyon.
6. Dumalo: Mahalaga ang social media. Makakatulong kung gagawa kayo ng infographic na animation.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Sang-ayon ako diyan. Mayroon kaming *Facebook*, *Twitter*, *Instagram*, *Nextdoor*, at mayroon kaming video sa *YouTube*. Gumagamit na talaga kami ng social media. Naghahanap din kami ng mga franchise sa paglilimbag, radyo, TV, at isports.
7. Dumalo: Ang Sunnyvale Sun
8. Dumalo: Mga Bus at Light Rail ng VTA
9. Dumalo: Evergreen Times
10. Dumalo: Nakikipag-ugnayan ba kayo sa mga lokal na kolehiyo ng komunidad?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo. Malapit na naming makuha ang Kolehiyo ng Komunidad ng West Valley Community College bilang Sentro ng Pagboto. May kasunduan na kami sa San Jose State na magkaroon ng Sentro ng Pagboto.
11. Dumalo: May plano ba kayong magsagawa ng pakikipag-ugnayan ng VCA sa mga pista ng lunsod?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Nagsasagawa kami ng humigit-kumulang 250 pakikipag-ugnayan kada taon. Plano naming pumunta sa mga pista ng sining at alak, at pumupunta kami sa lahat ng pulong ng komunidad. Kakagawa lang namin sa aming bagong color scheme kaya malapit nang ilabas ang aming mga materyal sa pakikipag-ugnayan.
12. Dumalo: Maaari bang magbigay ng tumpok ng mga kard ng impormasyon sa ating mga pulong ng komunidad?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Okay iyon dahil ganoon kami nagpapakalat ng impormasyon. Maaari kayong magpadala sa amin ng e-mail na humihiling ng stack. Ganoon namin kailangan ang inyong tulong.
13. Dumalo: Baka okay ang San Jose Giants?
14. Dumalo: Paano naman ang mga mobile home park?
15. Dumalo: Habang nalalapit ang halalan, inirerekomenda kong pumunta sa mga lugar sa downtown nang may malaking kahon ng mga kard at ipamigay ang mga ito sa mga organisasyon sa sining at coffee shop.
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Okay, magandang ideya iyon. Kung pupunta kayo sa ilan sa mga coffee shop na ito, maaari kaming magpadala sa inyo, sa pamamagitan ng koreo, ng humigit-kumulang 100 postcard at makakatulong sa amin kung ipapaskil ninyo ang bawat isa sa mga ito sa bawat isa sa mga coffee shop na pupuntahan ninyo.
16. Dumalo: Dahil wala nang pagboto sa presinto at ang Halalan sa Marso 2020 ay para sa Presidente at dati na silang nagse-segregate ayon sa partidong pampulitika, paano natin iyon isasama sa mensahe?

- a. Mga Tauhan ng ROV: Maaaring ang sinasabi ninyo ay ang mga Botanteng Tumangging Magpahayag, na hindi kasapi sa isa sa mga partido. Pauna namin silang inaabisuhan bago pa kami magpadala ng mga balota sa pamamagitan ng koreo at tinatanong namin kung gusto nilang mag-cross over sa isang partido. Tinatanong namin sila kung gusto nila ng balota sa isa sa mga partidong iyon (kung saan maaaring mag-cross over) sa halip na tumangging ipahayag at ipapadala nila ito sa amin sa pamamagitan ng koreo o makikipag-ugnayan sila sa amin. Kung ayaw nila iyong gawin para sa anumang dahilan, maaari silang pumunta sa isang Sentro ng Pagboto at maaari nilang sabihin sa taong naroon na gusto nilang mag-cross over, at maglilimbag kami ng bagong balota para sa kanila.

### VIII. Iba pang tala

1. Dumalo: Paano ninyo mapipigilan ang mga taong bumoto nang mahigit sa isang beses?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Sinusubaybayan ng aming sistema ang bawat balotang ipinapadala sa aming mga nakarehistrong botante. Magkakaroon na kami ng mga tablet, at naikokonekta ang mga ito sa aming sistema sa pamamagitan ng aming ligtas na koneksyon sa internet. At kung sakaling dalawang beses kang boboto, ang unang balota ang mabibilang, at ifa-flag ito ng sistema.
2. Dumalo: Paano kung may ibang bumoto para sa iyo?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Naghahambing kami ng mga pirma sa aming opisina. Iniscan ang bawat balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo pagkarating nito. Gumagamit kami ng mga tao para kilalanin ang pirma. At kung sa palagay ng nagsusuring indibidwal ay hindi magkatugma ang mga ito para sa anumang dahilan, susuriin ito para sa pangalawa at pangatlong pagkakataon at mapupunta ito sa mga superbisor at tagapamahala.
3. Dumalo: Kaya ba ninyong subaybayan ang isang balota?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Oo, may ganoon kami online.
4. Dumalo: Magkakaroon ba ng cut-off na petsa para sa balota?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Ang cut-off ay kapareho pa rin ng cut-off sa nakalipas na dalawang taon. Naka-postmark at may kasamang tatlong araw. Kung ipo-postmark ninyo ito sa araw ng halalan at matatanggap ito sa aming opisina sa loob ng tatlong araw, magkakaroon ito ng bisa. Magpapatuloy iyon sa ilalim ng bagong modelong ito.
5. Dumalo: Paano maiiba ang mga tauhan kumpara sa mga Lugar na Botohan?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Ginagawa pa ang ilan sa mga planong ito. Iniisip naming magkaroon muli ng tatlong oras na pagsasanay. Ang pagtatrabaho ng isa hanggang apat na oras bilang boluntaryong Opisyal ng Halalan. Ngunit mayroon kaming bagong oportunidad, ang “Empleyado ng County para sa Karagdagang Tulong.” Ang isa pang hakbang ay ang sumagot ng aplikasyon online. Magsanay sa loob ng apat hanggang pitong araw, magtrabaho sa loob ng labing-isang araw, na may kabuuang dalawa hanggang tatlong linggo.
  - b. Dumalo: Para sa Marso at Nobyembre?
  - c. Mga Tauhan ng ROV: Simula ngayon.
6. Dumalo: Ilan ang botante sa County ng Santa Clara?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: 911,000 botante
7. Dumalo: Bago ba ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?
  - a. Mga Tauhan ng ROV: Nagsimula ito noong 2017, ngunit wala pa tayong pambuong-county na halalan noon kaya nalaman lang ito noong mga tao noong

- 2018, kung kailan ilang libong tao na ang nakagamit nito. Ngunit umaasa tayong mas maraming tao ang makakagamit nito sa 2020, na nasa sampung libo.
8. Dumalo: Anong klaseng mga tauhan ang mayroon kayo upang matiyak na lehitimo ang integridad ng mga nakarehistrong botanteng ito?
    - a. Mga Tauhan ng ROV: Ang buong estado ay nasa isang pambuong-estado na tipunan ng datos ng botante sa ngayon, ang VoteCal. Kaya magkakaugnay kami at magagawa naming kumuha ng impormasyon mula sa Kalihim ng Estado, Vital Statistics, Department of Motor Vehicles, Department of Corrections, at Department of Felony Convictions. Kaya may isang ligtas na sistema sa estado na nag-uugnay sa lahat ng county ngayon.
  9. Dumalo: Maaaring pumunta ang mga tao sa Gilroy Outlet at doon bumoto; makikita bang bumoto sila sa presintong iyon o malalaman nila ang aktwal na presinto ng botante?
    - a. Mga Tauhan ng ROV: Kailangan pa rin naming magkaroon ng mga presinto sa aming sistema dahil ganoon kami inaatasang iulat ang aming Pahayag ng Pagboto. Lumalabas ang aming mga resulta ayon sa presinto. Oo, mayroon tayong mga presinto, ngunit magkakaroon tayo ng mga Sentro ng Pagboto. Hindi magtatalaga sa inyo ng Sentro ng Pagboto gaya ng pagtatalaga sa inyo ng presinto noon. Ngunit mag-uulat kami ng mga resulta ayon sa presinto.
    - b. Mga Tauhan ng ROV: At makukuha ninyo ang tamang balota kung saan maaari kang bumoto, kaya hindi ito isang pangkalahatang balota.
    - c. Dumalo: Isa itong Mahihinging Balota. Kaya makukuha ninyo ang iyong balota nasaan man kayo.
    - d. Dumalo: Naisip ko lang, paano kaya nito ita-tabulate ang balota? Babalik pa rin ito at maha-highlight ito sa presintong ito dahil ginagamit ng mga partidong pampulitika at kampanyang pampulitika ang datos na iyon.
    - e. Mga Tauhan ng ROV: Nauugnay pa rin kayo sa isang presinto para sa mga layunin ng pag-uulat. Ang site ay site lamang.
  10. Dumalo: Paano maaapektuhan ang mga tungkulin ng mga Tagasubaybay ng Botohan?
    - a. Mga Tauhan ng ROV: Sa tingin ko ay hindi pa namin ito naisasapinal, ngunit nag-iisip kami ng paraan upang ma-post iyon sa internet, sa elektronikong paraan.
  11. Dumalo: Paano ninyo matutugunan ang mga inaalala kaugnay ng pagkapribado gamit ang bagong sistema ng pagboto?
    - a. Mga Tauhan ng ROV: Wala itong binabago. Makakapunta pa rin kayo sa Sentro ng Pagboto, mabibigyan pa rin kayo ng nakalimbag na balota, o makakaboto kayo sa isang madaling magamit na makina. At pagkatapos ay ilalagay ninyo ito sa isang tabulator. Wala itong kinalaman sa pangalan ninyo. Isa-scan lang ang papel na balotang ilalagay ninyo. Pinoproseso namin ang aming mga VBM na balota nang nakapababa upang ang harap lang ng envelope, kung nasaan ang direksiyon ng aming opisina, ang makita namin. Palagi naming pinapangasiwaan ang mga balota nang may hindi hihigit sa dalawang indibidwal upang mapanatili ang pagiging anonymous ng mga ito, nasa mga papel na balota o botohan man ang mga ito.
    - b. Dumalo: Nauunawaan ko ang mga pamamaraang iyon, ngunit hindi ko maunawaan kung paano ninyo mapapanatiling anonymous ang balota habang pinapatunayang bumoto o hindi bumoto nang dalawang beses ang isang indibidwal.
    - c. Mga Tauhan ng ROV: Ginagawa namin iyon bago kami magbukas ng balota. Lisang balota lang ang bubuksan namin para sa bawat indibidwal, iyon ang unang balota, at hindi namin bubuksan ang lahat ng balota. Walang kaugnayan



sa sinumang ispesipikong indibidwal. Labag sa batas na subaybayan ang pagboto ng isang tao.

- d. Dumalo: Hindi malinaw sa akin kung magkakaroon ng malaking kahon ng mga balota o kung ilalagay ang lahat ng balota sa envelope.
  - e. Mga Tauhan ng ROV: Hindi, hindi ilalagay sa envelope ang lahat ng balota, ang mga pansamantalang balota lang o ang mga balota lang mula sa Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante ang ilalagay sa envelope. Mapupunta ang lahat ng iba pang balota sa iisang kahon.
12. Dumalo: Kailangan pa ba ninyong punutin ang mga tab para sa mga pansamantalang balota upang makatawag kayo pagkalipas ng 30 araw?
- a. Mga Tauhan ng ROV: Oo

# APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC

## County of Santa Clara

Registrar of Voters

1555 Berger Drive, Bldg. 2  
San Jose, CA 95112  
Mailing Address: PO Box 611360, San Jose, CA 95161-1360  
(408) 299-VOTE (8683) (866) 430-VOTE (8683) FAX: (408) 998-7314  
www.sccvote.org



**VOTER'S CHOICE**  
Registrar of Voters  
Santa Clara County

### Pulong ng Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika

1400 Parkmoor Ave., San Jose, CA 95126  
Cupertino B Room  
Ika-5 ng Hunyo, 2019, ika-3 ng hapon

- I. Mga Panimula
  - a. Mga Tauhan ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV)
  - b. Mga miyembro ng komite
  
- II. Layunin ng pulong
  - a. Mungkahi ng Miyembro at publiko
  - b. ROV
  - c. Pagbuo ng misyon
  
- III. Pagtatatag ng mga patnubay at layunin ng mga pulong
  - i. Mga pangunahing tuntunin
  - ii. Mga inaasahan ng miyembro: handout
  
- IV. Pangkalahatang pagtalakay sa Voter's Choice Act (VCA)
  - a. Pangkalahatang-tanaw
    - i. Mga pagbabago sa tradisyunal na modelo ng lugar ng botohan
    - ii. Mga iniaatas na kaugnay ng wika para sa VCA
    - iii. Plano sa Pangangasiwa ng Halalan
  - b. Mga tanong
  
- V. Mga obserbasyon, tanong at/o inaalala ng publiko na mahalaga sa Komite
  
- VI. Pag-recruit ng mga bagong miyembro
  
- VII. Kasunod na Pulong: Ika-19 ng Hunyo, kaparehong oras at lugar
  - a. Sobrato Center for Nonprofits
  - b. Paglikha ng Adyenda
  - c. Mga ideya para sa mga karagdagang pulong at mga petsa
  
- VIII. Mga pahayag
  
- IX. Mga Tanong at Sagot sa Pamamagitan ng Panel

*Ang mga pasilidad na ito ay mga madaling magamit na pasilidad. Ang mga kahilingan para sa mga dokumento sa mga madaling magamit na format, serbisyo ng pagsasalin, mga device na pantulong sa pandinig, o iba pang akomodasyon ay dapat hingin sa pamamagitan ng pagtawag sa Tagapagrehistro ng mga Botante, Dibisyon ng mga Serbisyong Pampangasiwaan sa (408) 918-9169 o sa pamamagitan ng pag-email ng iyong kahilingan sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org), nang hindi mahuhuli sa limang araw ng trabaho bago ang pulong.*

## APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC



### Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara **Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC)** **Mga Katitikan ng Pulong**

1400 Parkmoor Ave., San Jose, CA 95126  
Cupertino B Room  
Ika-5 ng Hunyo, 2019, ika-3 ng hapon

**Mga Miyembrong Dumalo:** Erin Choi, Charlotte Roman, Sophia Kao, Jessica Ho, Nicole Wong, Yeshi Teklemichael

**Mga Tauhang Dumalo:** Shannon Bushey, Darren Tan, Virginia Bloom, Robert Wiedlin, Lorenzo Castaneda, Amy Sun, Thuytien Bui, Smita Shah, Michael Borja, Paulo Chang, Eimear Duncan, Edwin Torralba, Ruth Luo, Rachel Jung, Alfred Gonzalez, Stephanie Duarte, Ralph Murrieta Jr., Chenxi Ye, Bob Nguyen, Mike Fong, Carmelita Aldana, Julia Saenz, Lance Nottle, Liz Oviedo, Anazay Rivera, Chipu Mulenga, Shierry Anne Mangligot

#### **Mga Bagay para Gawin:**

- I-email sa mga miyembro ang mga handout ng inaasahan sa miyembro, voterschoice.org, at VCA webpage form SOS
  - Magpapadala ang Dibisyon ng mga Pagpapatakbo ng Presinto ng flyer sa mga miyembro ng komite tungkol sa kaganapan para sa refugee sa susunod na Biyernes (6/14/19)
- I. Mga Panimula – Si Darren Tan, Tagapamahala ng mga Serbisyong Pampangasiwaan ay nagkaloob ng mga sumusunod:
- a. Pagbati sa mga miyembro
  - b. Pagpapakilala sa mga tauhan
  - c. Mga Tauhan ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV)
  - d. Mga miyembro ng komite
- II. Layunin ng pulong
- a. Mungkahi ng Miyembro at publiko
    - i. Ano ang gusto ninyong makita mula sa mga pulong?  
*Mungkahi ng Dumalo*
      1. Upang tulungan ang mga kliyente/pasyente ng sentro ng dumalo sa pagpaparehistro para makaboto
      2. Magbigay ng kontribusyon sa unang henerasyong imigrante at komunidad ng Asian Pacific-Islander (API).
      3. Palahukin ang mga miyembro ng komunidad para sa VCA, maaaring mangailangan ng mga workshop para sa iba't ibang wika
      4. Isang mamamayan na naghahandang lumahok at nasisiyahan sa pananatiling kalahok
      5. Upang ipakilala ang komunidad ng serbisyong Koreano para sa pakikipagtulungan sa iba't ibang organisasyon. Pakikipag-ugnayan sa mas matandang henerasyon ng mga Koreano na nahihirapang gumamit ng Ingles. Gusto ring isalin sa Komunidad ng Koreano ang tungkol sa bagong pagpapatupad sa SB450 VCA.

## APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC

6. Karamihan sa komunidad ng Ethiopian ay hindi nagsasalita ng Ingles at karamihan sa kanila ay hindi lumalahok sa gawaing sibiko. Umaasa na ang wika ay hindi magiging hadlang; maghahanap sila ng pagpopondo sa ilang lugar.

### b. ROV

1. Saan sa komunidad ang inyong mga pangangailangan sa wika?
2. Gusto naming makipag-ugnayan sa mga komunidad
3. Gusto naming ibahagi ang mga serbisyong iniaalay namin
4. Humihingi kami ng mungkahi mula sa ating komunidad
5. Humahanap ng obserbasyon

### c. Pagbuo ng misyon

- i. Nabanggit ni Mr. Tan na ito ay tatalakayin at bubuuin sa susunod na pulong

## III. Pagtatatag ng mga patnubay at layunin ng mga pulong

### a. Mga pangunahing tuntunin

### b. Mga inaasahan ng miyembro: handout

### c. *Mga Tanong ng Dumalo*

1. Makakaya ba ng mga miyembro na tumulong sa paglikha ng adyenda?
  - a. SAGOT: oo, ang mga miyembro ay bibigyan ng oportunidad sa bawat pulong upang talakayin ang pagdagdag ng mga aytem sa susunod na adyenda
2. Mga inaasahan, kapag ang obserbasyon ay inilabas, magkakaroon ba kayo ng pamamaraan upang tumugon o ipabatid iyon sa grupo?
  - a. SAGOT: oo, lahat ng obserbasyon ay susubaybayan at tatanggapin
3. Hilingin na ipagbigay-alam sa komite sa sandaling pumasok ang mga komento at anumang obserbasyon

## IV. Ang pangkalahatang pagtalakay sa Voter's Choice Act (VCA) ni Paulo Chang, Tagapag-ugnay ng Dibisyon ng Halalan sa mga Pagpapatakbo ng Presinto

### i. Pangkalahatang-tanaw

### ii. Mga pagbabago sa tradisyunal na modelo ng lugar ng botohan

### iii. Mga iniaatas na kaugnay ng wika para sa VCA

### iv. Plano sa Pangangasiwa ng Halalan

### *Mga Tanong ng Dumalo*

### v. Saan at paano kami gagawa ng estratehiya sa mga Sentro ng Pagboto (VC)?

1. SAGOT: may isang kautusan na batay sa kapal ng populasyon na nagpapasiya ng lugar kung saan dapat ilagay ang mga sentro ng pagboto. Ang mga potensyal na lugar ng sentro ng pagboto ay tatalakayin sa mga pulong sa hinaharap at ang mga pagsasapanahon sa mga natukoy na lugar ay ipagkakaloob

### vi. May impormasyon ba kayo para sa mga lugar na mas marami ang mga tao?

1. SAGOT: ang impormasyon sa lahat ng VC ay ipagkakaloob ng kagawaran

### vii. Magagamit ba natin ang mga Paaralan at mga kampus ng Kolehiyo?

1. SAGOT: Oo.

### viii. Anu-ano ang 8 magkakaibang wika?

1. Ang 4 ay ipinag-uutos at ang 2 iba ay iniaatas ng estado. Ang karagdagang 2 ay ipinag-uutos dati ng estado na kinikilala pa rin ng ROV
2. Mga wika: Espanyol, Biyetnamis, Intsik, Tagalog (4 na Ipinag-uutos), Hindi, Khmer, Koreano, Hapon

### ix. Magkakaroon ba tayo ng halalan sa Nobyembre 2019?

## APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC

1. SAGOT: Sa sandaling ito, wala pang mga kahilingan na ginawa ang mga Lunsod o Distrito. Ang huling araw upang magsumite ng mga kahilingan para sa isang halalan sa Nobyembre ay ika-3 ng Hulyo para sa mga Namamahalang Lupon at ika-9 ng Agosto para sa mga Lunsod
- x. Dapat ka bang mangako ng pagtatrabaho sa isang VC sa isang araw o sa buong linggo?
  1. SAGOT: Ang mga tauhang nag-aaplay maging isang manggagawa ng VC ay sasabihang mangako para sa buong panahon ng VC. Ang mga interesadong partido na gustong magtrabaho ng isang araw ay maaari pa ring magboluntaryo.
- xi. Ang Sensus ay sisimulan sa Marso 2020, paano kung may pumunta sa sentro ng pagboto at humingi ng tulong tungkol sa Sensus. Para sa ilan, ang mga ito ay iisa. Maaaring magkaroon ng kalituhan sa kanilang mga pinaglilingkuran.
  1. SAGOT: Makikipag-ugnayan ang ROV sa mga tao ng Sensus para sa mga ideya upang makita kung may posibilidad ng pagsasama ng Sensus at ROV sa ilang lugar
  2. SAGOT: Kasalukuyang ibinabahagi ng ROV ang Sensus sa lahat ng grupong pangkomunidad
- xii. Nagtatrabaho ba tayo na kasama ng Abugadong Tagapayo ng Lunsod?
  1. SAGOT: Isinama ng ROV ang komunikasyon sa mga Abugadong Tagapayo ng Lunsod bilang bahagi ng pakikipag-ugnayan nito para sa VCA
- xiii. Ano ang gagawin ninyo sa mga wikang hindi ipinag-uutos?
  1. SAGOT: Sa nakaraan, ang opisina ay nagsikap na makipag-ugnayan sa pinakamaraming komunidad ng wika na kaya nito, upang makita kung ito ay makakatulong sa papuntahin sila upang bumoto
  2. *SAGOT ng Dumalo*: Nagtrabahong kasama ng mga lokal na organisasyon na may mga wikang hindi ipinag-uutos. Gumamit sila ng mga miyembro ng komunidad upang makatulong. Kayo ay pinahihintulutan ding magdala ng dalawang katulong upang tumulong sa kanilang akses sa pagboto
- xiv. Magkakaroon ba tayo ng 8 isinaling opisyal na balota?
  1. SAGOT: ang layunin ng ROV ay isalin sa 8 wika ang mga opisyal na balota
- xv. Nagpaplano ba kayong matarget ang lugar na may mga tagapagsalita sa mga partikular na wika?
  1. SAGOT: Oo. Ang isa sa mga layunin ng LAAC ay tumulong sa pagtukoy sa target na lugar
- xvi. Mga boluntaryo: Kung nagkakaproblema kayo sa pag-recruit, kumukuha ba kayo ng estudyante o mga boluntaryo na maaaring maging mga boluntaryo.
  1. SAGOT: Oo.
- xvii. Ang EAP ba ay hiwalay sa LAAC?
  1. Ang ilang taong may inaalagaang bata ay maaaring mahirapan.
  2. Mahirap magkaroon ng paglahok ng komunidad para sa partikular na halalan lamang; may mga paraan ba para isama sa ibang mga kaganapan sa komunidad? Maaari itong humikayat ng mas malaking grupo ng mga tao. Tulad ng isang simbahang nagsasagawa ng mga pulong na panggrupo, ang ROV ay lumalahok sa isang kasalukuyang kaganapan sa komunidad.
  3. Paano tayo nakikipag-ugnayan?
    - a. SAGOT sa mga tanong 1-3: Ang pangkat sa pakikipag-ugnayan ng mga Pagpapatakbo ng Presinto ay nagsasagawa ng maraming kaganapan para sa pakikipag-ugnayan kada buwan at laging naghahanap ng mga kaganapan at mga organisasyong mabibisita. Kung may alam ang komite, ang pangkat ng pakikipag-ugnayan ay kukuha ng mga pagrekomenda

## APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC


4. Mga walang hangganang tanong o maghaharap kayo ng isang burador na bersiyon para sa EAP?
    - a. SAGOT: Oo. Ang mga Pamublikong Pulong Tungkol sa EAP ay isang bukas na talakayan upang magkaloob ng oportunidad na magtanong tungkol sa VCA
  5. Ang paglalathala ng EAP ay isinasalin ba kahit ang pamagat lang
    - a. SAGOT: Ang mga materyal ng EAP ay isasalin sa 8 wika
  - xviii. Iniaatas ba ang (25) 11-araw na mga Sentro ng Pagboto? Handa ba kayong iakma ang mga bilang batay sa obserbasyong nakukuha ninyo?
    1. SAGOT: oo, may isang kautusan sa bilang ng mga VC na kailangang manatiling bukas per capita
  - xix. Ano ang mga oras ng pagpapatakbo?
    1. SAGOT: Ang mga VC ay inaatasang manatiling bukas ng 8 oras kada araw at 13 oras sa araw ng halalan. Ang mga oras para sa mga partikular na VC ay magbubukas nang mas maaga at mas huli pero wala pang natukoy sa sandaling ito
- Karagdagang mungkahi ng ROV sa VCA*
- xx. Mga hamon sa pagkuha ng mga tauhan
  - xxi. Mga ideya sa pag-carpool
  - xxii. Estratehiya ng VCA
  - xxiii. Ang mga serbisyong voiance na pagsasalin ay makukuha
  - xxiv. Ibabahagi namin ang teknolohiya ng pagboto sa sandaling maihanda
  - xxv. Gagawa kami ng estratehiya upang makapaglagay ng mga partikular na tagasalin sa mga lugar
- b. Liga ng mga Kababaihang Botante
    - i. Ano ang pinakabatang edad para sa mga boluntaryo?
      1. SAGOT: 16 na taong gulang, may pahintulot ng magulang/tagapangalaga at paaralan
- V. Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP)
- a. Panimula sa EAP
  - b. Nag-iimbita ng mga miyembro sa mga pulong ng pagsangguni sa hinaharap
- VI. Mga obserbasyon, tanong at/o inaalala ng publiko na mahalaga sa Komite
- VII. Pag-recruit ng mga bagong miyembro
- a. Nagkaloob ang ROV ng pagsasapanahon sa mapupuno online na form ng pagsangguni ng publiko tungkol sa EAP
- VIII. Kasunod na Pulong: Ika-19 ng Hunyo, kaparehong oras at lugar
- a. Sobrato Center for Nonprofits
  - b. Paglikha ng Adyenda para sa Kasunod na Pulong
    - i. Pakikipag-ugnayan sa mga apektado
    - ii. Buod ng Pangkalahatang-tanaw sa VCA
    - iii. Mga Ideya para sa Sentro ng Pagboto
    - iv. Pagsakop sa VEOC
  - c. Mga ideya para sa mga karagdagang pulong at mga petsa
    - i. Ang mga miyembro ng komite ay magbibigay ng obserbasyon sa mga lugar at oras para sa pulong
- IX. Mga pahayag
- X. Tanong at Sagot sa Pamamagitan ng Panel – may mga tanong sa buong pulong at ang sesyon ng Tanong at Sagot ay walang natanggap na mga karagdagang tanong
- XI. Tinapos ang pulong pagsapit ng ika-5 ng hapon

# APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC

## County of Santa Clara

Registrar of Voters

1555 Berger Drive, Bldg. 2  
San Jose, CA 95112  
Mailing Address: PO Box 611360, San Jose, CA 95161-1360  
(408) 299-VOTE (8683) (866) 430-VOTE (8683) FAX: (408) 998-7314  
www.sccvote.org



### Pulong ng Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika

1400 Parkmoor Ave., San Jose, CA 95126

Cupertino B Room

Ika-19 ng Hunyo, 2019, ika-3 ng hapon

- I. Mga Panimula
  - a. Mga bagong miyembro ng komite (kung mayroon)
- II. Mga Aytem na Dapat Subaybayan mula sa naunang pulong
  - a. Pagrepaso ng mga katitikan
  - b. Pag-recruit ng mga miyembro para sa mga ipinag-uutos na wika
  - c. Pagbuo ng misyon
- III. Iskedyul ng pulong
  - a. Dalas
    - i. Mga petsa
    - ii. Mga oras
  - b. Mga potensyal na lugar
- IV. Pagpapalano sa Pangangasiwa ng Halalan
  - a. Mga Mapa ng Sentro ng Pagboto (Dibisyon ng Pagmapa)
    - i. 11-araw
    - ii. 4-na-araw
    - iii. Mga lugar ng drop-box
  - b. Plano sa Pakikipag-ugnayan (Dibisyon ng mga Gawaing Pampubliko at Pambatasan)
  - c. Mga Materyal sa Isinaling Wika (Dibisyon ng Lohistika sa Halalan at mga Sistema ng Pagboto)
- V. Pag-recruit at pakikipag-ugnayan (Iminungkahi ng miyembro)
  - a. Pag-recruit ng mga bagong miyembro
- VI. Paglikha ng adyenda para sa kasunod na pulong
- VII. Mga pahayag
- VIII. Mga Tanong at Sagot sa Pamamagitan ng Panel

*Ang mga pasilidad na ito ay mga madaling magamit na pasilidad. Ang mga kahilingan para sa mga dokumento sa mga madaling magamit na format, serbisyo ng pagsasalin, mga device na pantulong sa pandinig, o iba pang akomodasyon ay dapat hingin sa pamamagitan ng pagtawag sa Tagapagrehistro ng mga Botante, Dibisyon ng mga Serbisyong Pampangasiwaan sa (408) 918-9169 o sa pamamagitan ng pag-email ng iyong kahilingan sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org), nang hindi mahuhuli sa limang araw ng trabaho bago ang pulong.*



## APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC



**VOTER'S CHOICE**  
Registrar of Voters  
Santa Clara County

### Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara **Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC)** **Mga Katitikan ng Pulong**

1400 Parkmoor Ave., San Jose, CA 95126  
Cupertino B Room  
Ika-19 ng Hunyo, 2019, ika-3 ng hapon

**Mga Miyembrong Dumalo:** Erin Choi, Maryl Dean mula sa Language Arts sa Evergreen Valley College, Yeshi Teklemichael, Efrain Delgado mula sa Civic Engagement ALA, Jonathan Stein mula sa Voting Rights Program Asian Law Caucus, Jessica Ho at Katherine Power (sa tawag na komperensiya) parehong mula sa North East Medical Services

**Mga Tauhang Dumalo:** Michael Borja, Shannon Bushey, Vanessa Hamm, Andrea Solorio, Michael Borja, Magdalena Sta Maria, Priscilla Favela, Janora Davis, Allen Ocampo, Robert Wiedlin, Lynh Nguyen, Virginia Bloom, Michelle Tran, Christina Rivera, Adrian Garcia, Paulo Chang, Alfred Gonzales, Eric Kurhi, Jacob Salazar, Rachel Jung, Smita Shah, Liz Oviedo, Chipu Mulenga, Edwin Torralba, Thuy Tien Bui, Jose Posadas, Aaron, Jacob Salazar, Stephanie Duarte, Carmelita Aldana, Mike Fong, Virginia Bloom, Darren Tan

#### **Mga Bagay para Gawin:**

- Ipapadala ni Jonathan ang kanyang CBO kay [Rachel.jung@rov.sccgov.org](mailto:Rachel.jung@rov.sccgov.org)
- Magpapadala si Delgado ng listahan ng CBO sa [Rachel.jung@rov.sccgov.org](mailto:Rachel.jung@rov.sccgov.org)
- Email thread na sisimulan sa mga miyembro
- Tumulong na ipadala sa anumang mga organisasyon ang iskedyul ng EAP at mapupunuan sa isang form ng obserbasyon o ipadala ang obserbasyong email sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org)
- Kung may alam kang mga lugar na nakakatugon sa mga pamantayan para sa mga Sentro ng Pagboto, mangyaring mag-email sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org)
- Magbibigay si Erin kay Eric na nahihinging plataporma
- Bigyan si Marilyn ng impormasyon tungkol sa komperensiya sa pamamagitan ng skype

#### **I. Pagbati at mga Pagpapakilala – Si Darren Tan, Tagapamahala ng mga Serbisyong Pampangasiwaan ay nagkaloob ng mga sumusunod:**

- i. Mga pagpapakilala sa mga tauhan
- ii. Mga miyembro ng komite
  - Ang komite ay tumatanggap pa rin ng mga aplikasyon, ito ay isang pampublikong talakayan para sa lahat upang sumapi at magbigay ng obserbasyon at mga komento.

#### **II. Pag-apruba ng Naunang Pulong**

- i. Rerepasuhin at aaprubahan ng mga miyembro ang mga katitikan

#### **III. Mga Bagay na Magagawan ng Aksyon**

- i. Pag-recruit ng mga miyembro para sa mga ipinag-uutos na wika. Ang ROV ay nagsasagawa ng isang masaklaw na pakikipag-ugnayan sa iba't ibang komunidad sa pamamagitan ng email, call out, at nagtatrabahong kasama ang mga Tagapamahala ng Lunsod at mga Klerk ng Lunsod. Ang isang miyembro ng komite na nagsasalita ng Espanyol ay napakahalaga. Maraming matatawagan ang ibinigay ng ilan sa mga miyembro ng komite:
  - ACII
  - PACT
  - Siren

## APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC

- Somos Mayfair
- Pagtutulongan para sa Pagbuo ng mga Kasanayan
- LED Filipino
- American Muslim Voice
- VIVO
- Vietnamese American Roundtable
- Sacred Heart Community Services
- PARS Equality Center

### IV. Pagbuo ng misyon

- i. Ang mga wastong termino ng wika ay dapat gamitin dahil ang ilan ay nagpapabatid ng kakulangan halimbawa ay limitadong kasanayan sa Ingles. Ang English Language Learner ay pangkaraniwang ginagamit. Ang ROV BLD ay gumagamit ng mga Botanteng ang pangunahing sinasalita ay wikang hindi Ingles. Ang ilan ay nagmungkahi ng "forum" dahil ito ay nagpapabatid ng pagtatrabahong magkakasama sa isang set ng mga isyu.

### V. Iskedyul ng Pulong

- i. Inulit ni Darren sa grupo ang layunin para sa lahat ng miyembro ng komite upang magkaroon ng akses sa mga pulong. Pagtalakay sa dalas, oras, araw ng pulong. Ang ilang dumalo ay nagmungkahi ng kahandaan ng kanilang lugar pero dahil sa paradahan at ibang isyu sa pasilidad ipinasiyang ang pinakamahusay na lugar ay Sobrato dahil ito ay maginhawa sa lahat ng miyembro. Ipinasiya ng komite na kunin ito isang beses sa isang buwan. Sa mga pangkaraniwang araw, walang mga Biyernes, sa umaga mula ika-10 ng umaga hanggang ika-12 ng tanghali o ika-3 ng hapon hanggang ika-5 ng hapon. Nagmungkahi si Darren na tingnan ang ating website para sa mga tagatulong. <http://www.sccvote.org/voterschoice>
- ii. Tanong ng dumalo:  
May paraan ba upang makipag-usap sa mga miyembro tungkol sa mga ideya? Ang ilang miyembro ng LAAC ay walang komunikasyon?  
SAGOT: Ang ROV ay may email thread kung saan magagawa nilang makipag-usap.

### VI. Pagpapalano sa Pangangasiwa ng Halalan

- i. Si Shannon Bushey ay nag-abot ng iskedyul ng EAP sa mga miyembro, na may layuning lumikom ng mungkahi mula sa komunidad, iyon ay mga ideya para sa pag-anunsiyo, mga lugar ng drop-box ng balota atbp. Ang ROV ay nagtitipon ng mungkahi, ang burador ay dapat iharap 14 na araw bago ang pagdinig/pulong ng BOS sa ika-30 ng Agosto tungkol sa EAP. Sumangguni sa Website ng ROV para sa karagdagang impormasyon tungkol sa LAAC, VAAC, at EAP. Tumulong na kumalap ng mga taong dadalo. Ang SOS ay maraming tagatulong sa EAP para sa pagsangguni.
- ii. Mga Tanong ng Dumalo:  
Boluntaryo: Ang impormasyon ba ay may kaugnayan sa paggamit ng wika sa EAP? Hiniling na maihanda ang burador 2 linggo bago ang ika-30 ng Agosto upang suriin ng mga miyembro na mas mabuting kasama sa susunod na pulong ng LAAC. Ayon sa kodigo sa Halalan, may 2-linggong panahon ng pagsusuri. Inilabas ng NAPA ang kanilang EPA nang linggong ito upang gawing pinal ito sa taglagas. Bawat county ay naglalabas ng Ingles na bersiyon at saka ginagawa ang mga pagsasalin.

SAGOT: Ang burador ay dapat ihanda nang mas maaga dahil kailangan itong isalin, at umaabot ng 3 hanggang 4 na linggo ang pagsasalin bago ang pulong sa ika-30 ng Agosto, at isa pang sinusugan upang kunin ang mga mungkahi. Ang ROV ay nakipagkontrata sa tagalabas na vendor upang isalin ang mga materyal ng ROV at sinesertipikahan ng County. Ang talakayan tungkol sa mga opisyal na balota sa magkakaibang walong ipinag-uutos na wika ay mangyayari. Ang ROV ay humingi ng tulong mula sa komite para sa mga opsyon tungkol sa kung paano mag-anunsiyo sa magkakaibang komunidad ng wika.

### VII. Presentasyon ng mga Mapa ng Sentro ng Pagboto at pangkalahatang pagtalakay ni Aaron Wong, Dibisyon ng Pagmapa

- a. Pangkalahatang-tanaw
- b. 11-araw
- c. 4-na-araw
- d. Mga lugar ng drop-box

## APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC

- e. 14 na pamantayan sa pagpili ng mga lugar
- f. Ang Morgan Hill at mga rural na lugar ay mananatili, ayon sa ROV
- i. Mga Tanong ng Dumalo:  
Dati ay may 800 sentro ng pagboto, sa mapa ay mas mababa kaysa 100, paano ikakalat ang 120?  
SAGOT: Ang mapang ipinakikita ay may 50k na botante; mayroon tayong isa pang mapa na hinati sa 10k. Ang ilang sentro ng pagboto ay bukas para sa 11 araw at ang iba ay para sa 4 na araw. Ang iniaatas na 11-araw ay upang magkaroon ng 1 para sa bawat 50k at ang 4 na araw ay bukas para sa bawat 10k. Ang ROV ay magdaragdag ng mga drop-box ng botante. Ang dibisyon ng ROV sa mga Gawaing Pampubliko at Pambatasan ay
- ii. Sa bawat pangyayari magkakaroon kayo ng isa sa bawat yunit sa mapa na tumutukoy sa mga lugar, gumagawa ba kayo ng pagsusuri? Ibabahagi ba ninyo sa publiko ang lugar na pinaglagyan sa mga sentro ng pagboto? Ang Napa ay umupong kasama ng mga tagapagtaguyod ng komunidad at nakipag-usap at nagpakita ng kalinawan, gagawin ba ninyo ang kapareho nito?  
SAGOT: Ginagamit ang mga datos mula sa Sensus mula sa wika at maipapakita namin ang mga ganitong uri ng komunidad na nag-aalay ng mga ispesipikong serbisyo. Ang ROV ay gagawa ng mga sariling mapa at isasama sa mga mapa ng init ng organisasyon ni Mindy. Ibabahagi ng ROV sa publiko ang kinalalagyan ng mga sentro ng pagboto.
- iii. Ang Napa ay umupong kasama ng mga tagapagtaguyod ng komunidad at nakipag-usap at nagpakita ng kalinawan, gagawin ba ninyo ang kapareho nito?  
SAGOT: Magkakaroon tayo ng ganyang anyo. At nagtatago kami ng mga rekord ng halaga ng kanilang iniaalay, at gagawin namin ang makakaya upang magbahagi.
- iv. Ang mga lugar ng drop-box, panlabas ba o panloob ang mga ito? Ang mga panlabas ba ay matatagpuan sa labas ng mga gusali ng pamahalaan? Isinaalang-alang ba ninyo ang mga tindahan ng groseri at ibang mga lugar na maraming pumupunta? Tinatanggap ko na maraming kabutihang naiaalay ang mga ito, pero napakaraming tao ang pumupunta sa Safeway at Walmart kumpara sa tanggapan ng lunsod. Sa mga sinehan, valley fair, mas maraming tao ang pumupunta doon kaysa isang Opisina ng County.  
SAGOT: Karamihan ay panlabas, mga metal na kahon na idinisenyo para sa panahon at 24/7. Karamihan sa panloob ay nasa mga Tanggapan ng Lunsod. Mga aklatan ng lunsod, kolehiyo, opisina ng pamahalaan, naghahangad kami ng 78 at bukas sa mga mungkahi. Tinitingnan din namin ang mga istasyon ng bumbero.
- v. Kahit sino ay makakapunta sa alinmang lugar? Ang pinag-uusapan natin ay mga taong nasa lugar na. Ang panukalang-batas sa lehislatura na magdaragdag ng 1 sa listahan, na mga kampus ng kolehiyo, inaasahan ba ninyo ang mga kolehiyo ng komunidad na SJSU sa pagsusuri.  
SAGOT: Nakikipag-usap kami sa lahat, at nakuha namin ang SJSU at maaaring ang West Valley Community College at ibang mga kolehiyo, pero dapat na bukas ang mga ito sa publiko at hindi sa mga estudyante lamang.

### VIII. Pagtalakay sa mga anunsiyo at Pakikipag-ugnayan ni Eric Kurhi, Mga Gawaing Pampubliko at Pambatasan.

- Panimula tungkol sa PLA
- Ang pag-anunsiyo at pakikipag-ugnayan online at sa mga pahayagan o alinmang PSA sabihin sa amin, lalo na kung ito ay libre
- Paano makipag-ugnayan sa iba't ibang komunidad, anu-anong publikasyon at ibang mga ideya.
- Mga Social Media Outlet
- Mga potensyal na lugar – sinumang may akses sa isang hall paki-sabi sa ROV

*Mga mungkahi ng dumalo:* Mga posibleng lugar para sa mga anunsiyo:

- Paaralan, mga anunsiyo sa mga bus at sa sinehan halimbawa ay ESSJ Eastridge, na maraming nagsasalita ng Ingles at Espanyol.
- Dramang Koreano, laging may 2 nahihinging anunsiyo. Puwede ang Ingles pero may mga subtitle. Mahilig ang mga biyetnamis sa panood ng Dramang Koreano. Si Erin Choi ay magpapadala ng listahan sa mga tauhan ng ROV.

## **APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC**

- KTSF, Sing-Tao, SkyLink, On Demand, Filipino Channel ABS-CBN, sa pamamagitan ng paggabing balitang Filipino. Espesyal na kaganapang Filipino sa tag-init sa Staples Center, Adobo Festival, at sa Union Square.
- Ang mga tao sa komunidad ng Timog Asyano ay nasa What's App, lumikha ng panggrupong teksto at magkaroon ng mga chat group. Makalikha kayo ng mga grupong iisa ang direksiyon sa pamamagitan ng isang Admin na maaari lang gumawa ng post. Sa halip ng listahan ng pagpapakoreo, mayroon lang silang grupo ng What's App at naging newsletter ng komunidad. Para sa mga publikasyon, may mga magasing newsletter na tulad ng India West na isa sa mga pinakaprominente.
- Sa WeChat may isang di-pirmihang sistema ng pamahalaan na ang app ay pinangangasiwaan ng pamahalaan ng China pero maging maingat.
- Mga anunsiyo sa Facebook
- Viber, mga pagtitipon sa simbahan, demonization, at mosque. Naglalagay kami ng mga anunsiyo sa mga loteng paradahan sa panahon ng pagpunta sa simbahan. Magbibigay ng impormasyon si Yeshti. Bawat taon may dumadalo sa amin na 4 hanggang 5k, magiging masaya kaming mamahala ng isang kubol.

### **IX. Mga obserbasyon, tanong at/o inaalala ng publiko na mahalaga sa Komite**

### **X. Pag-recruit ng mga bagong miyembro**

### **XI. Kasunod na Pulong:**

#### **i. Mga pansamantalang petsa dahil sa lugar.**

- Miyerkules ika-17 at ika-24 ng Hulyo
- Lugar
- Ika-10 ng umaga hanggang ika-12 ng tanghali, o ika-3 ng hapon hanggang ika-5 ng hapon

#### **ii. Paglikha ng Adyenda para sa Kasunod na Pulong**

- Isang listahan ng mga parating na gawain. Upang makatulong na simulan ang maagang pag-iisip.
- Ano ang inyong mga plano para sa pag-recruit para sa mga manggagawa sa botohan na may dalawang wika, ano ang mga tradisyunal na paraan at paano kayo nagsusuplemento? Maraming paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga komunidad, anu-anong mga kaganapan ang plano ninyong puntahan? Ang Oktubre 14 ay isang halimbawa ng komunidad na Ethiopian. Makakabuo tayo ng isang matatag na listahan at patuloy na daragdagan ang listahan.
- Ang VCA ay nag-aatas ng 3 pakikipag-ugnayan sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, maaari ba ninyong ibahagi ang anyo ng mga pagpapakoreo, paano isinasalin ang mga ito, sukat, at mahusay kung makikita bago lumabas ang mga ito. Magandang ibahagi ang mga ito sa anyong burador. Makakatulong ang maagang pagdadala sa komunidad sa proseso.
- Itatag ng ROV ang mga aytem na ito sa Adyenda

### **XII. Mga pahayag**

### **XIII. Tanong at Sagot sa Pamamagitan ng Panel – may mga tanong sa buong pulong at ang sesyon ng Tanong at Sagot ay walang natanggap na mga karagdagang tanong.**


### **XIV. Tinapos ang pulong pagsapit ng ika-5 ng hapon**

# APENDISE K – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG LAAC

## County of Santa Clara

Registrar of Voters

1555 Berger Drive, Bldg. 2  
San Jose, CA 95112  
Mailing Address: PO Box 611360, San Jose, CA 95161-1360  
(408) 299-VOTE (8683) (866) 430-VOTE (8683) FAX: (408) 998-7314  
www.sccvote.org



### Pulong ng Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika

1400 Parkmoor Ave., San Jose, CA 95126

Cupertino B Room

Ika-17 ng Hulyo, ika-2 ng hapon

- I. Mga Panimula
  - a. Mga bagong miyembro ng komite (kung mayroon)
  
- II. Mga Aytem na Dapat Subaybayan mula sa naunang pulong
  - a. Pagrepaso ng mga katitikan
  - b. Pagbuo ng misyon
  
- III. Gawing Pinal ang Lohistika ng Pulong
  - a. Lugar ng Sentro
  - b. Dalas ng Pulong: Buwanan (KINUMPIRMA ayon sa naunang pulong)
    - i. Hanggang Disyembre
    - ii. Tuwing ikatlong buwan pagkatapos ng Halalan
  - c. Pagtalakay ng ka-tagapangulo (iminungkahi ng miyembro mula sa LAAC)
  
- IV. Pagpapalano sa Pangangasiwa ng Halalan
  - a. Mga Pagsangguning Kaugnay ng EAP
  - b. Mga Materyal sa Halalan
  - c. Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante
  - d. RAVBM: Presentasyon ng Dibisyon ng Pagboto sa Pamamagitan ng kung may oras
  
- V. Pag-recruit at pakikipag-ugnayan
  
- VI. Paglikha ng adyenda para sa kasunod na pulong
  
- VII. Mga pahayag
  
- VIII. Mga Tanong at Sagot sa Pamamagitan ng Panel

*Ang mga pasilidad na ito ay mga accessible na pasilidad. Ang mga kahilingan para sa mga dokumento sa mga madaling magamit na format, serbisyo ng pagsasalin, mga device na pantulong sa pandinig, o iba pang akomodasyon ay dapat hingin sa pamamagitan ng pagtawag sa Tagapagrehistro ng mga Botante, Dibisyon ng mga Serbisyong Pampangasiwaan sa (408) 918-9169 o sa pamamagitan ng pag-email ng iyong kahilingan sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org), nang hindi mahuhuli sa limang araw ng trabaho bago ang pulong.*

# APENDISE L – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG VAAC

## County ng Santa Clara

### Tagapagrehistro ng mga Botante

1555 Berger Drive, Bldg. 2  
San Jose, CA 95112  
Direksiyong Pangkoreo: PO Box 611360, San Jose, CA 95161-1360  
(408) 299-VOTE (8683) (866) 430-VOTE (8683) FAX: (408) 998-7314  
www.sccvote.org



### Pulong ng Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto

1555 Berger Drive, San Jose, CA  
95112 Berger Auditorium  
Ika-7 ng Hunyo, 2019, ika-3 ng hapon

- I. **Mga Panimula**
  - a. Mga Tauhan ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV)
  - b. Mga miyembro ng komite
- II. **Layunin ng pulong**
  - a. Mungkahi ng Miyembro at publiko
  - b. ROV
  - c. Pagbuo ng misyon
- III. **Pagtatatag ng mga patnubay at layunin ng mga pulong**
  - i. Mga pangunahing tuntunin
  - ii. Mga inaasahan ng miyembro: handout
- IV. **Pangkalahatang pagtalakay sa Voter's Choice Act (VCA)**
  - a. Pangkalahatang-tanaw
    - i. Mga pagbabago sa tradisyunal na modelo ng lugar ng botohan
    - ii. Mga iniaatas na accessibility para sa VCA
    - iii. Plano sa Pangangasiwa ng Halalan
  - b. Mga tanong
- V. **Mga obserbasyon, tanong at/o inaalala ng publiko na mahalaga sa Komite**
- VI. **Pag-recruit ng mga bagong miyembro**
- VII. **Kasunod na Pulong: Ika-18 ng Hunyo, kaparehong oras at lugar**
  - a. ROV Auditorium
  - b. Paglikha ng Adyenda
  - c. Mga ideya para sa mga karagdagang pulong at mga petsa
- VIII. **Mga pahayag**
- IX. **Mga Tanong at Sagot sa Pamamagitan ng Panel**

*Ang mga pasilidad na ito ay mga madaling magamit na pasilidad. Ang mga kahilingan para sa mga dokumento sa mga madaling magamit na format, serbisyo ng pagsasalin, mga device na pantulong sa pandinig, o iba pang akomodasyon ay dapat hingin sa pamamagitan ng pagtawag sa Tagapagrehistro ng mga Botante, Dibisyon ng mga Serbisyon Pampangasiwaan sa (408) 918-9169 o sa pamamagitan ng pag-email ng iyong kahilingan sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org), nang hindi mahuhuli sa limang araw bago ang pulong.*

# APENDISE L – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG VAAC



**VOTER'S CHOICE**  
Registrar of Voters  
Santa Clara County

## Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara **Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC)** **Mga Katitikan ng Pulong**

1555 Berger Drive, San Jose, CA 95112

Building 2

Ika-7 ng Hunyo, 2019, ika-3 ng hapon

**Mga Miyembrong Dumalo:** Fred Nisen, Yeshi Teklemichael (sa pamamagitan ng Skype), Christine Fitzgerald, Lisa Quan (sa pamamagitan ng Skype), Nelly Cabuslay, Lisa Cohn, Matt Cohn, James Cohn. (mga miyembro ng publiko)

**Mga Tauhang Dumalo:** Darren Tan, Matt Moreles, Virginia Bloom, Rachel Jung, Julie Fletes, Ruth Luo, Edwin Torralba, Alfred Gonzales, Mike Fong, Michael Borja, Eimear Duncan, Robert Wiedlin, Paulo Chang, Lance Nottle, Natalie Goolsby, Kim Sharpe, Bob Nguyen, Chenxi Ye, Patricia Lopez, Magdalena Santa Maria, Vanessa Hamm, Shelby Galaviz, Andrea Solorio, Liz Oviedo, Michelle Tran, Amy Sun, Smita Shah, Kelly Phan, Chipo Mulenga

### **Mga Bagay para Gawin:**

- Magdala ng mga halimbawang misyon sa susunod na Pulong ng VAAC.
- Magdala ng mga mapa sa susunod na pulong upang ipakita ang mga potensyal na lugar ng Sentro ng Pagboto Ipadala ang impormasyon sa mga miyembro bago ang pulong.

### **I. Mga Panimula:**

Si Darren Tan, ang Tagapamahala ng mga Serbisyong Pampangasiwaan ang nangasiwa ng pulong. Binati niya at pinasalamatan ang mga miyembro ng komite para sa kanilang pagdalo. Humingi rin paumanhin si Mr. Tan sa ngalan ng Tagapagrehistro na hindi nakadalo sa pulong na ito.

### **II. Layunin ng pulong**

a. Mungkahi ng Miyembro at Publiko:

#### *Mga tugon ng mga dumalo*

- i. Ang kahalagahan ng paglikha ng mga pakikipagtulungan sa komunidad ng may kapansanan, umaasa ng marami pang paglahok mula sa komunidad.
- ii. Tinitingnan ang lahat ng bahagi ng accessibility hindi lamang bilang mga lugar kundi teknolohiya rin.

b. ROV

- i. Upang lumikom ng mungkahi mula sa Komite at mga miyembro ng publiko habang pinaplano at binubuo ng kagawaran ang paraan ng pagpapatupad ng VCA

c. Pagbuo ng misyon

- i. Naghahanap ng malinaw at maikling misyon sa pagsulong.

### **III. Paggawa ng mga patnubay at layunin ng mga pulong**

a. Mga pangunahing tuntunin

i. Mga inaasahan ng miyembro:

Nagbigay si Mr. Tan ng paliwanag tungkol sa mga inaasahan ng miyembro mula sa pananaw ng ROV. Sinabi niya na tumatanggap pa rin kami ng mga aplikasyon para maging mga miyembro ng komite hanggang maabot namin ang isang mas matatag na bilang ng mga miyembro.

#### *Mungkahi ng dumalo:*

1. Paano kami, ang ROV, gumagawa ng mga desisyon ngayon tungkol sa mga aplikasyon para maging miyembro?



## APENDISE L – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG VAAC

- a. SAGOT: Sa kasalukuyan, tinatanggap ng ROV ang lahat ng aplikasyon upang sumapi sa VAAC. Sa sandaling magkaroon ng matatag na bilang ng mga miyembro, pagpapasiyahan ng komite ang pinal na bilang ng mga miyembro
2. Ilang miyembro ang inaasahan namin batay sa mga patnubay ng Kalihim ng Estado (SOS)?
  - a. SAGOT: Ayon sa SOS, batay sa bilang ng ating mga nakarehistrong botante, dapat magkaroon ng pitong (7) miyembro
3. Ilang mga nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara?
  - a. Sa kasalukuyan ay mayroon tayong higit sa 900,000 nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara

### IV. Pangkalahatang pagtalakay sa Voter's Choice Act (VCA)

- a. Ang pangkalahatang-tanaw ay ipinagkaloob ni Paulo Chang, Tagapamahala ng Dibisyon sa mga Pagpapatakbo ng Presinto tungkol sa:
  - i. Mga pagbabago sa tradisyunal na modelo ng lugar ng botohan
  - ii. Mga iniaatas na kaugnay ng wika para sa VCA
  - iii. Plano sa Pangangasiwa ng Halalan
  - iv. Ang lahat ng mungkahi mula sa mga miyembro ng komite ay isasaalang-alang para sa EAP
  - v. mga handout na ipinagkaloob sa mga miyembro ng komite para sa bawat pulong para sa EAP
- b. Mga tanong  
*Mula sa mga Dumalo:*
  - i. Sa mga pulong tungkol sa EAP tatalakayin ba ang accessibility o ito ay isang inaalala?
  - ii. Ano ang tatalakayin sa mga pulong tungkol sa EAP?
  - iii. Magkakaroon ba ng maraming pulong tungkol sa EAP? Magsisimula ba ang mga ito sa susunod na linggo?
  - iv. Isang pulong ba lamang ang magtutuon ng pansin sa accessibility?
    1. SAGOT sa mga tanong 1-4: May 11 nakatakandang pulong tungkol sa EAP. Ang mga pulong na ito ay nasa format na batay sa talakayan kung saan ang publiko ay magkakaroon ng oportunidad na magbigay ng mungkahi at magtanong. Bawat pulong ay may nagtutuong komunidad, pero sinumang miyembro ng publiko ay maaaring dumalo sa alinmang pulong. Ang nakatuon sa accessibility na pulong tungkol sa EAP ay nakatakda sa Huwebes, 6/13
  - v. Kailan ninyo inaasahang maisusulat ang EAP?
    1. SAGOT: Ang huling araw na itinakda ng kagawaran para makumpleto ang burador na EAP ay labing-apat (14) na araw bago ang pampublikong pulong tungkol sa EAP na nakatakda sa 8/30.
  - vi. Ano ang inyong ginagawa upang ianunsiyo ang mga pulong? – Nabanggit ng isang dumalo na ngayon lamang siya nakarinig ng tungkol sa pulong at siya ay nag-aalala na hindi nalalaman ng marami pang tao ang tungkol dito.
    1. SAGOT: Ang ROV ay gumawa ng isang tipunan ng datos ng iba't ibang makakaugnayan sa email na kabilang ang mga apektado, CBOS, mga Opisyal ng County at Lunsod at mga Espesyal na Distrito/Distrito ng Paaralan. Nagpadala kami ng mga email sa listahang ito ng makakaugnayan. Ang pangkat ng pakikipag-ugnayan ng Dibisyon sa mga Pagpapatakbo ng Presinto ay dumadalo rin sa mga kaganapan kung saan ang mga aktibidad ay inaanunsiyo. Lahat ng pampublikong pulong ay inilalagay rin sa pampublikong website ng kagawaran at isinasapanahon kapag naihanda na ang mga bagong pulong
  - vii. Sa panahong ito, magkakaroon ba ng listahan ng iba't ibang sentro ng pagboto, bago ang paglalathala, upang makita namin kung gaano kadalang magamit ang mga ito?
    1. SAGOT: Ang ROV ay kasalukuyang aktibo pa ring naghahanap ng mga sentro ng pagboto para sa Halalan sa Marso. Maraming lugar ang kinukuha pa at ang ilan ay sumasailalim sa negosasyon. Ang dibisyon sa mga Pagpapatakbo ng Presinto ay magkakaroon ng mga burador ng mga kumpirmadong lugar na magagamit para sa darating na pulong ng VAAC
  - viii. Ang ilang flyer ay hindi madaling makuha o madaling mabasa sa screen, may mga araw at petsa pero walang mga oras. Isaalang-alang ang mga payak na teksto, araw, petsa at oras-isang diretsong mensahe.

## APENDISE L – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG VAAC

1. SAGOT: Talagang isasaalang-alang ng ROV ang mungkahing ito kapag magpapadala sa hinaharap ng mga komunikasyon sa pamamagitan ng email

### V. Mga obserbasyon, tanong at/o inaalala ng publiko na mahalaga sa Komite

#### *Mungkahi ng Dumalo*

- a. Maaaring isang magandang ideya na may ka-tagapangulo sa mas malaking mga pulong at pulong sa hinaharap.
- b. Isinaalang-alang na ba ninyo ang ibang mga oras na maaaring mas mabisa para sa mga miyembro?
  - i. SAGOT: Opo. Gusto ng ROV na magbigay ng impormasyon ang komite tungkol sa lugar, mga petsa at dalas ng mga pulong ng VAAC.

### VI. Pag-recruit ng mga bagong miyembro

Hiningi ni Mr. Tan sa mga miyembro ng komite na ibahagi ang impormasyon tungkol sa pulong sa mga kaibigan o kasamahan at sinumang ibang matatawagan habang nagpapatuloy ang kagawaran sa mga pagsisikap na makipag-ugnayan. Ipinagbigay-alam din niya sa lahat ng miyembro ng komite na lahat ng kanilang mungkahi at mga matatawagang ibinigay nila ay natawagan na. May positibong tugon at umaasa kami ng pag-unlad habang nagpapatuloy.

### VII. Kasunod na Pulong:

Ipinahayag ni Mr. Tan na ang kasunod na pulong ay gaganapin sa ika-18 ng Hunyo, kaparehong oras at lugar, Berger Auditorium. Tinalakay din niya ang Paglikha ng Adyenda at humingi ng mga mungkahi sa mga Dumalo.

- a. *Kahilingan mula sa Dumalo:* Ulat ng pulong tungkol sa EAP
- b. Mga ideya para sa mga karagdagang pulong at mga petsa:
  - i. Sinabi ni Mr. Tan na ang ROV ay bukas sa pagpunta sa ibang mga lugar na mabisa para sa mga miyembro.
  - ii. Ang isang dumalo ay nagmungkahi ng mga pulong sa kanyang lugar dahil ito ay madaling mapupuntahan ng mga miyembro ng publiko.

### VIII. Mga pahayag

- a. Ipinahayag ni Mr. Tan na ang pulong para sa EAP ay nakatakda sa ika-12 ng Hunyo
- b. Ipinahayag din sa mga miyembro ng komite ang video ng pagsasanay na kasalukuyang ginagawa nila upang pahusayin ang serbisyo sa komunidad ng may kapansanan. Ito ay bukas sa sinumang gustong maging bahagi nito. Binubuo ito ng labing-isang tanong.

### IX. Mga Tanong at Sagot sa Pamamagitan ng Panel

- a. Ideya mula sa Dumalo: upang magkaroon ng isang alalay sa pagboto sa mga Sentro ng Pagboto upang tulungan ang mga may mga kapansanan.
- b. *Tanong ng dumalo:* Nakipag-ugnayan na ba kayo sa iba't ibang organisasyong pangkomunidad tungkol sa mga pulong?
  - i. SAGOT: Opo, ang Pangkat ng Pakikipag-ugnayan sa mga Pagpapatakbo ng Presinto ay may listahan ng mga organisasyon na tinatawagan nila. Ang kagawaran ay laging naghahanap ng mga makakapagbigay ng mga matatawagan
- c. *Tanong ng dumalo:* Mayroon ba kayong mga paunawa ng pulong tungkol sa EAP sa website?
  - i. SAGOT: Opo.

### X. Tinapos ang pulong pagsapit ng ika-4:30 ng hapon.

# APENDISE L – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG VAAC

## County ng Santa Clara

### Tagapagrehistro ng mga Botante

1555 Berger Drive, Bldg. 2  
San Jose, CA 95112  
Direksiyong Pangkoreo: PO Box 611360, San Jose, CA 95161-1360  
(408) 299-VOTE (8683) (866) 430-VOTE (8683) FAX: (408) 998-7314  
[www.sccvote.org](http://www.sccvote.org)



### Pulong ng Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto

1555 Berger Drive, San Jose, CA 95112

Berger Auditorium

Ika-18 ng Hunyo, 2019, ika-3 ng hapon

- I. Mga Panimula
  - a. Mga bagong miyembro ng komite (kung mayroon)
- II. Mga Aytem na Dapat Subaybayan mula sa naunang pulong
  - a. Pagrepaso ng mga katitikan
  - b. Ulat sa EAP
    - i. *Idinagdag ang ikalawang pulong sa accessibility 7/10*
  - c. Pagbuo ng misyon
- III. Iskedyul ng pulong
  - a. Dalas
    - i. Mga petsa
    - ii. Mga oras
  - b. Mga potensyal na lugar
- IV. Pagpapalano sa Pangangasiwa ng Halalan
  - a. Mga Mapa ng Sentro ng Pagboto (Dibisyon ng Pagmapa)
    - i. 11-araw
    - ii. 4-na-araw
    - iii. Mga lugar ng drop-box
  - b. Plano sa Pakikipag-ugnayan (Dibisyon ng mga Gawaing Pampubliko at Pambatasan)
- V. Pag-recruit at pakikipag-ugnayan (Iminungkahi ng miyembro)
  - a. Pag-recruit ng mga bagong miyembro
- VI. Paglikha ng adyenda para sa susunod na pulong
- VII. Mga pahayag
- VIII. Mga Tanong at Sagot sa Pamamagitan ng Panel

*Ang mga pasilidad na ito ay mga madaling magamit na pasilidad. Ang mga kahilingan para sa mga dokumento sa mga madaling magamit na format, serbisyo ng pagsasalin, mga device na pantulong sa pandinig, o iba pang akomodasyon ay dapat hingin sa pamamagitan ng pagtawag sa Tagapagrehistro ng mga Botante, Dibisyon ng mga Serbisyon Pampangasiwaan sa (408) 918-9169 o sa pamamagitan ng pag-email ng iyong kahilingan sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org), nang hindi mahuhuli sa limang araw ng trabaho bago ang pulong.*

## APENDISE L – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG VAAC



**VOTER'S CHOICE**  
Registrar of Voters  
Santa Clara County

### Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara **Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC)** **Mga Katitikan ng Pulong**

1555 Berger Drive, San Jose, CA 95112

Building 2

Ika-18 ng Hunyo, 2019, ika-3 ng hapon

**Mga Miyembrong Dumalo:** Fred Nisen, Monique Moore, Yeshe Telemichael (sa pamamagitan ng Skype), Jennifer Lucas, Matt, James at Lisa Cohn, Christine Fitzgerald (sa pamamagitan ng Skype)

**Mga Tauhang Dumalo:** Shannon Bushey, Darren Tan, Virginia Bloom, Eimear Duncan, Rachel Jung, Alfred Gonzales, Paulo Chang, Liz Oviedo, Mike Fong, Martin Weakley, Eric Kurhi, Ruby Naranjo, Christina Rivas-Louie, Carmelita Aldana, Iliena Hernandez, Michael Borja, Janora Davis, Smita Shah, Robert Wiedlin, Lorenzo Castaneda, Aaron Wong, Jose Posadas.

#### **Mga Bagay para Gawin:**

- Pinahihintulutan ba ang county na tawagan ang DMV upang magtanong kung sino ang may plakard ng kapansanan upang matarget natin sila?
  
- I. **Pagbati at mga Panimula** – Darren Tan, Mga Serbisyong Pampangasiwaan at Shannon Bushey, ROV.
  - i. Mga panimula ng tauhan
  - ii. Mga miyembro ng komite
    - Ang komite ay nagpagunita sa mga miyembro na ang paglahok ay hindi nangangahulugang kailangang mga miyembro sila; ang paglahok at mungkahi sa pulong ay laging hinihimok
  
- II. **Pag-apruba ng Naunang Pulong**
  - i. Ang mga miyembro ng komite ay hindi nagkaroon ng oras upang repasuhin ang mga naunang katitikan
  
- III. **Mga Bagay na Magagawan ng Aksyon**
  - i. Pagsasabuod ng pulong para sa EAP na may kaugnayan sa mga Sentro ng Pagboto, Drop-Box, mga anunsiyo at pakikipag-ugnayan
  - ii. Mga Mungkahi ng Boluntaryo: Ang County ng San Mateo ay may mga tagabati sa mga sentro ng pagboto. Isaalang-alang ang mga hindi nakikitang kapansanan. Nabanggit ng isa sa mga miyembro na ang kanilang opisina ay gumagawa ng pagsasanay para sa kamalayan sa kapansanan. Ang DRC ay may Train the Trainer Program. Ang mga ito ay madadaling paraan upang makamit ang mga layuning ito. Mga simpleng paraan na nakakaligtan sa mga Sentro ng Pagboto.
  - iii. SAGOT NG ROV: Ang ROV ay handang lumahok sa pagsasanay ng kanilang organisasyon upang makita ito mula sa ibang bahagi. Ang layunin ng ROV ay gawing komportable ang mga tao sa mga Sentro ng Pagboto upang humingi ng tulong. Ang mga miyembro ay hindi kailangang maghintay ng mga pulong upang magbigay ng mungkahi, sila ay malayang mag-email at magbahagi ng kanilang mga kakayahan.
  
- IV. **Pagbuo ng misyon**
  - i. Ang mga handout ng Misyon at mga Layunin ng VAAC ng ibang mga County ay ipinagkaloob sa mga komite bilang halimbawa upang patnubayan sila sa pagbuo ng ating misyon at layunin. Ang mga miyembro ay hinihimok na magbigay ng kanilang mungkahi, mga layunin at ideya upang matulungan kami na gawing pinal ang isang pahayag ng misyon para sa komite. Inaasahan na ang mga salitang “nagsasama at madaling magamit” ay isasama.
  - ii. Boluntaryo: Ang County ng San Francisco ay napakaproaktibo at ang kanilang mga ideya ng kolaborasyon at pakikipagtulungan. Tiyakin na ang misyon ay madaling maunawaan, sumangguni sa website ng DRC para sa

## APENDISE L – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG VAAC

pahayag ng VAAC para sa mga ideya. Simpleng mensahe para sa mas mahusay, malaking larawan, huwag hayaang mapigilan ng mga detalye.

### V. Iskedyul ng pulong

#### i. Dalas:

- Gusto ng ROV na makuha ang lahat ng mungkahing kailangan upang umabot sa huling araw para sa burador na EAP. Habang nagiging mas malapit ang halalan maaaring makapagpulong lamang tuwing ikatlong buwan at posibleng mga ad-hoc meeting na kailangan o mag-email sa mga miyembro para sa kanilang mungkahi sa anumang isyung maaaring lumitaw.
- Ang mga miyembro ay nagmungkahing magpulong nang isang beses sa isang buwan.

#### ii. Oras:

- Mas gusto ng ilang miyembro na magpulong sa umaga at ang iba ay mas gusto sa hapon dahil sa kanilang mga iskedyul. Nagmungkahi ang ROV na ang mga oras ng pulong ay itakda nang salitan sa umaga at hapon upang mapagbigyan ang parehong kahilingan.

#### iii. Lugar:

- Ang ilang miyembro ay nagpahayag ng kanilang inaalala na ang pagsasagawa ng pulong sa maraming lugar ay makakalito sa mga miyembro at ang antas ng paglahok ay maaaring maging mas mababa. Gusto ng mga tao ang mga lugar na pamilyar sila dahil mas madali silang makakadalo.
- Magtatakda ang ROV ng mga pulong sa mga lugar na iminungkahi ng mga miyembro. Ang layunin ng komite ay upang madaling makagamit ang lahat ng miyembro at mga potensyal na miyembro. Ang hangarin ng magkakaibang lugar ay upang ihantad ang kagawaran sa lahat ng lugar ng county. Ang layunin ay matarget ang lugar kung saan ang karamihan ng mga interesadong tao ay matatagpuan at isagawa ang pulong doon. Ang isang mungkahi mula sa ibang mga county na nagpatupad na ng VCA ay makarating ang ROV sa lahat ng lugar ng komunidad. Ang isang dahilan ng ROV sa paggawa ng programa nito ng pakikipag-ugnayan ay upang ipaliwanag ang malaking kakulangan ng paglahok sa komunidad tungkol sa VCA. Kailangang gawin ng ROV ang angkop na pagsisikap nito upang maabot ang mas malawak na komunidad. Ito ay idaragdag bilang isang aytem ng adyenda sa hinaharap.

### VI. Pagpapalano sa Pangangasiwa ng Halalan

- #### i. Presentasyon ng mga Mapa ng Sentro ng Pagboto at pangkalahatang pagtalakay ni Aaron Wong, Dibisyon ng Pagmapa
- 11-araw
  - 4-na-araw
  - Mga lugar ng drop-box

- #### ii. Ipinaliwanag ni Aaron ang breakdown ng bawat mapa na nagpapakita ng paghahati ng mga lugar sa 11 at 4 na araw para sa mga potensiyal na lugar ng Sentro ng Pagboto. Magkakaroon ng 1 Sentro ng Pagboto kada 50,000 para sa 11 araw, at 1 Sentro ng Pagboto kada 10,000 para sa 4 na araw. Ipinaliwanag din na ang ROV ay gumagamit ng mga sensus para sa breakdown ng mapa. Lahat ng botante ay tatanggap ng impormasyon tungkol sa mga VC sa CVIG. Ang website ng ROV ay magtataglay ng 'location closest to me' para sa lahat ng lugar ng drop-box. Ipinaliwanag ni Shannon ang tungkol sa mga drop-box at ang mga numerong kinakailangan. Para sa naililipat na sentro ng pagboto, may mga partikular na pamantayan at patnubay na ginagamit ang ROV. Ang ASL ay hahawakan sa pamamagitan ng Voiance, Facetime/Video Conferencing. Hiniling sa lahat ng miyembro na ipadala sa pamamagitan ng email ang mga iminumungkahing VC sa ROV @ Voters Choice.

- #### iii. Pagtalakay ng Miyembro: Hindi lahat ng tao ay kinikilalang may kapansanan sa pamamagitan ng sensus. Mahirap alamin ang mga ispesipikong lugar kung saan naroon ang mga taong may mga kapansanan. Nag-aalala tungkol sa mga rural na lugar sa Timog ng County at sa accessibility ng mga VC na ito. Kailangang palaganapin ang mga oras sa isang pagpapakoreo. Pumunta sa mga pulong ng bayan upang ihayag ang isyu at bigyang-diin ang mga pangangailangan ng mga VC. Tiyakin na ang lahat ng drop-box ay nasa makatwirang taas para sa lahat. Ang pag-aalala tungkol sa paggamit ng Facetime at video conferencing ay ipinahayag na mangangailangan ng mga video/screen ng buong katawan para sa interpretasyon.

## **APENDISE L – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG VAAC**

- VII. Pagtalakay sa mga anunsiyo at Pakikipag-ugnayan ni Eric Kurhi, Mga Gawaing Pampubliko at Pambatasan.**
- i. Paano makipag-ugnayan sa iba't ibang komunidad, anu-anong publikasyon at ibang mga ideya.
  - ii. Mga Mungkahi/Tanong ng Miyembro - Pinahihintulutan ba ang county na makipag-ugnayan sa DMV upang magtanong kung sino ang may plakard ng kapansanan upang matarget sila? (SAGOT: ito ay hindi malamang na mangyari pero isasaalang-alang ng ROV na subukan ito at makipag-ugnayan) Isaalang-alang ang isang interaktibong hamon, lumikha ng Hashtag na hamon.
- VIII. Mga obserbasyon, tanong at/o inaalala ng publiko na mahalaga sa Komite**
- IX. Pag-recruit ng mga Bagong Miyembro**
- X. Kasunod na Pulong**
- i. Paglikha ng Adyenda para sa Kasunod na Pulong
    - Ulat mula sa ikalawang pulong sa accessibility ng EAP
    - Mga Lugar ng mga Pulong ng VAAC sa hinaharap
    - Paano ang pag-recruit ng mga bagong miyembro
    - Mga mapa, pakikipag-ugnayan at mga Sentro ng Pagboto. (Ipagpatuloy ang pag-uusap mula sa pulong na ito)
- XI. Mga pahayag**
- XII. Tanong at Sagot sa Pamamagitan ng Panel** - may mga tanong sa buong pulong at ang sesyon ng Tanong at Sagot ay walang natanggap na mga karagdagang tanong.
- XIII. Tinapos ang Pulong pagsapit ng ika-4:45 ng hapon**

# APENDISE L – MGA ADYENDA AT KATITIKAN NG VAAC

## County ng Santa Clara

### Tagapagrehistro ng mga Botante

1555 Berger Drive, Bldg. 2  
San Jose, CA 95112  
Direksiyong Pangkoreo: PO Box 611360, San Jose, CA 95161-1360  
(408) 299-VOTE (8683) (866) 430-VOTE (8683) FAX: (408) 998-7314  
[www.sccvote.org](http://www.sccvote.org)



### Pulong ng Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto

25 N. 14<sup>th</sup> St., Suite 1000, San Jose  
Silicon Valley Independent Living Center  
Ika-16 ng Hulyo, 2019, ika-10 ng umaga

- I. Mga Panimula
  - a. Mga bagong miyembro ng komite (kung mayroon)
- II. Mga Bagay na Dapat Subaybayan mula sa naunang pulong
  - a. Pagrepaso ng mga katitikan
  - b. Ulat ng Pagsangguni tungkol sa Accessibility ng EAP
  - c. Paglikha ng Misyon
- III. Gawing Pinal ang Lohistika ng Pulong
  - a. Lugar ng Sentro
    - i. IMINUNGKAHI: SVILC
  - b. Dalas ng Pulong: Buwanan (KINUMPIRMA ayon sa naunang pulong)
    - i. Hanggang Disyembre
    - ii. Tuwing ikatlong buwan pagkatapos ng Halalan
  - c. Pagtalakay ng ka-tagapangulo (iminungkahi ng miyembro mula sa LAAC)
- IV. Pagpapalano sa Pangangasiwa ng Halalan
  - a. Mga Materyal sa Halalan
  - b. RAVBM: Presentasyon ng Dibisyon ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo
  - c. Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante
- V. Pag-recruit at pakikipag-ugnayan
  - a. SCDD Newsletter (Salamat, Jennifer!)
- VI. Paglikha ng adyenda para sa kasunod na pulong
- VII. Mga pahayag
- VIII. Mga Tanong at Sagot sa Pamamagitan ng Panel

*Ang mga pasilidad na ito ay mga madaling magamit na pasilidad. Ang mga kahilingan para sa mga dokumento sa mga madaling magamit na format, serbisyo ng pagsasalin, mga device na pantulong sa pandinig, o iba pang akomodasyon ay dapat hingin sa pamamagitan ng pagtawag sa Tagapagrehistro ng mga Botante, Dibisyon ng mga Serbisyon Pampangasiwaan sa (408) 918-9169 o sa pamamagitan ng pag-email ng iyong kahilingan sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org), nang hindi mahuhuli sa limang araw ng trabaho bago ang pulong.*



## APENDISE M – MGA DETALYE NG PLANO NG EDUKASYON AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA BOTANTE

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ng County ng Santa Clara ay naninindigan sa paggawa ng iba't ibang paraan ng pakikipag-ugnayan sa botante sa mga residente ng county. Ang Plano sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante ay nagbabalangkas ng iba't ibang aktibidad na maisasagawa nang may layuning paigtingin ang pagtutulungan sa komunidad, palawakin ang mga pagkakataon sa pakikipag-ugnayang sibiko, at pahasayin ang karanasan ng botante sa Modelong Sentro ng Pagboto. Nakaplano ang mga sumusunod na aktibidad para sa unang taon ng pagpapatupad.

### Mga Uri ng Pakikipag-ugnayan:

- Tradisyonal na pakikipag-ugnayan: Ang mga aktibidad na nakalista sa ibaba ay kumakatawan sa mga uri ng pagsisikap sa edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante na pinaplano at nilalahukan sa kabuuan ng taon anupaman ang mga nakaiskedyul na halalan. Sa mga ganitong aktibidad, nagbibigay ang ROV ng mga sulatin tungkol sa kaalaman ng botante, mapagkukunan para sa sibiko at lokal na pamahalaan, gamit sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante, at malalalim na talakayan sa publiko.
  - Inihandang Lamesa (Tabling) – Ang karamihan ng pangkalahatang pakikipag-ugnayan ay sumasailalim sa paghahanda ng lamesa (tabling) upang magbigay ng mga mapagkukunan, sulatin, kaalaman ng botante, pagpaparehistro ng botante, at pangangalap ng Opisyal ng Halalan
  - Pangangasiwa ng mga kubol – Alinsunod sa kahilingan sa mga malakihang kaganapan sa labas, piyesta, at mga kumbensyon, nagbibigay kami ng mga mapagkukunan, sulatin, kaalaman ng botante, pagpaparehistro ng botante, at pangangalap ng Opisyal ng Halalan
  - Mga pagsasanay tungkol sa pagpaparehistro ng botante – Alinsunod sa kahilingan ng indibidwal/organisasyon, nagbibigay kami ng pagsasanay tungkol sa pangangasiwa ng mga gawaing hihimok sa pagpaparehistro ng botante na batay sa mga materyal mula sa Kalihim ng Estado
  - Mga pagtatanghal para sa kaalaman ng botante – Alinsunod sa kahilingan/mga organisasyon, nasasaklawan ng mga pagtatanghal para sa kaalaman ng botante ang mga pagbabago sa Voter's Choice Act, mga pangunahing kaalaman sa mga sibika, mga karapatan sa pagboto, at kung paano magparehistro/paunang magparehistro upang makaboto
  - Mga gawaing hihimok sa pagpaparehistro ng botante mula sa mataas na paaralan – Makipag-ugnayan at tumulong sa pag-organisa ng gawaing hihimok sa pagpaparehistro ng botante sa matataas na paaralan
  - Mga networking/sibiko na kaganapan – Pagdalo at pakikipagtulungan sa mga kaganapan sa komunidad at pagsuporta sa mga kaganapan para sa iba't ibang Kamara de Komersiyo ng lunsod, distrito ng konseho ng lunsod, atbp.
- Pakikipag-ugnayang ispesipiko sa Voter's Choice Act: Nagpaplano ang ROV ng mga bagong uri ng mga aktibidad para sa edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante na magtatampok sa pagpapalit ng modelo ng pagboto mula sa mga Lugar na Botohan papunta sa Sentro ng Pagboto, aktibong magbibigay ng kaalaman sa mga botante tungkol sa mga paparating na pagbabago, at mangangalap ng indibidwal at pangmaramihang mungkahi sa bawat hakbang ng proseso ng pagpapatupad. Kinakatawan ng mga aktibidad na nakalista sa ibaba

ang mga uri ng pagsisikap sa pakikipag-ugnayan na isasagawa, lalahukan, at gagawin ng ROV sa pakikipagtulungan sa mga miyembro at organisasyon ng County ng Santa Clara:

- Mga Pagtatanghal
- Mga Talakayan o Sesyon ng Q&A
- Pagbuo ng Pakikipagtulungan (mga harapang pulong kasama ng mga CBO)
- Mga workshop (para sa mga komunidad na may mga pangangailangan sa wika at accessibility)
- Mga Programang Train-the-Trainer (TTT) (pagsasanay sa mga Kaanib sa Pakikipag-ugnayan upang isapersonal at paigtingin ang mensahe)
- Mga Demonstrasyon para sa Paggamit ng Equipment/Makina sa Pagboto

**Branding/Mensahe:** Gumawa ang County ng Santa Clara ng mulat na pagpapasyang bigyang-prioridad ang pagsulong sa impormasyon tungkol sa Mga Sentro ng Pagboto at sa mga serbisyo na maiaalok na nila ngayon, kasama na ang impormasyon tungkol sa pagtanggap ng bawat botante ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Dahil 75-80% ng mga botante sa ating County ay permanente nang botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, gustong pagtuunan ng ROV ang mga botanteng makakaranas ng pinakamalaking epekto dahil sa pagbabago: mga botanteng mas gustong bumoto nang personal. Ang mga county na nagpatupad na ng VCA at nagsagawa na ng mga halalan sa ilalim ng Modelong Sentro ng Pagboto ay nagbanggit na ang pagtuon nila sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay maaaring nakapag-ambag sa pagkalito ng botante sa Araw ng Halalan dahil hindi sila nabigyan ng sapat na impormasyon tungkol sa mga bagong lokasyon ng Sentro ng Pagboto at sa paglipat sa pangkalahatan.

#### **Mga Panahon/Yugto ng Pakikipag-ugnayan:**

- Ika-1 Yugto: Hulyo-Setyembre 2019
  - Train-the-Trainer at Mga Workshop
    - Agosto 8, 2019 – Voter Education and Outreach Coalition (VEOC) Launch Party sa pakikipagtulungan sa Silicon Valley at Home
    - Setyembre 7, 2019 – Programang Train-the-Trainer
      - Pakikipagtulungan sa Women’s Equality Leadership Community 2020 at SCC Office of Women’s Policy
    - Setyembre 18, 2019 – Workshop tungkol sa Kaalaman ng Botante at VCA (Kapansanan)
      - Pakikipagtulungan sa Vista Center for the Blind at sa May Kapansanan sa Paningin
    - Oktubre 2019 – Workshop tungkol sa Kaalaman ng Botante at VCA (Wika)
      - Pakikipagtulungan sa Korean American Community Services
    - Oktubre/Nobyembre 2019 – Workshop tungkol sa Kaalaman ng Botante at VCA (Wika)
      - Pakikipagtulungan sa Vietnamese American Roundtable
  - Pakikipag-ugnayan sa Estudyante ng Mataas na Paaralan
    - Pambuong county na pagpaparehistro at kaalaman ng botante mula sa pampublikong mataas na paraalan tungkol sa VCA

- Pinangunahan ng League of Women Voters at American Association of University Women
  - Pakikipagtulungan sa SCC Office of Women's Policy at SCC Office of Education
- Ika-2 Yugto: Oktubre-Disyembre 2019
  - Pagbibigay ng mga pagtatanghal, nakakapagbigay-impormasyong materyal at sulatin, at pagkakaroon ng talakayan (Q&A) kasama ng mga kapisanan sa kapitbahayan at PTA sa Lunsod ng San Jose
    - Pakikipagtulungan sa Silicon Valley at Home
  - Pakikipag-ugnayan sa Estudyante sa Kolehiyo
    - Pakikipagtulungan sa mga Kapisanan ng Estudyante at mga guro sa:
      - San Jose State University
      - Santa Clara University
      - Stanford University (Undergraduate at Graduate)
      - Mga Kolehiyo ng Komunidad
  - Mga Negosyong Pangkorporasyon
  - Mga Maliit at Lokal na Negosyo
- Ika-3 Yugto: Enero at Pebrero 2020
  - Pagsulong sa media
  - Madiskarteng pakikipag-ugnayan sa mga naka-target at mga dating hindi natutugunang komunidad
  - Neighborhood Associations at PTA (North at South County)
  - Pakikipagtulungan sa Inihalal na mga Opisyal upang isulong ang Primarya at VCA
    - Mga Superbisor ng County
    - Mga Miyembro ng Konseho ng Lunsod
    - Mga Miyembro ng Kongreso
    - Mga Kinatawan
    - Mga Lupon ng Distrito ng Paaralan

## **Apendise N – Mga Hakbang na Pampigil**

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay may mga sumusunod na hakbang na pampigil upang maiwasan ang potensyal na pagkagambala sa proseso ng halalan:

### **Mga Pangkaraniwang Hakbang na Panseguridad**

Upang limitahan ang akses sa mga materyal at kagamitan na may kaugnayan sa halalan at sa huli ay pigilan ang anumang mga potensyal na pagkagambala:

- Ang mga tauhan ay inaatasang magsuot ng tsapang ID na inisyu ng county o kagawaran.
- Mga bisita o di-employado na pumapasok sa mga opisina ng kagawaran nang lampas sa pangharap na mesa, sa pamamagitan ng mga tarangkahan, ay dapat na kasama ang empleyadong pupuntahan ng bisita.
- Ang silid ng server ng computer ng kagawaran at silid ng balota ay laging protektado ng isang key fob, alarma, at pangmanman na video.

### **Server at Pamalit sa Network**

Upang pigilan ang pagkagambala ng daloy ng impormasyon kung ang pangunahing server o network ay hindi gumana:

- Ang aktibidad ng Election Information Management System (EIMS) ng kagawaran ay ilalagay sa server ng County.
- Ang mga pamalit para sa mga datos na ito ay awtomatikong magaganap sa paghahatid ng impormasyon sa server ng County at sa kahilingan kapag kailangan.
- Ang mga pagbabagong ginagawa sa EIMS ay sinusuportahan ng pamalit sa isang regular na iskedyul.

### **Pamalit na Set ng Kagamitan sa Lugar ng Botohan**

Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi magamit ang alinmang kagamitan:

- Kung ang isang lugar ng botohan ay makaranas ng pangyayari na naging dahilan upang hindi magamit ang kasalukuyang kagamitan, ang kagawaran ay may ekstrang kagamitang nakahanda upang ang lugar ng botohan ay makatanggap ng mga botante at tumakbo sa manwal na paraan.

### **Nawalang Kagamitan**

Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung may nawalang kagamitan:

- Kung mawalan ng kagamitan ang isang Sentro ng Pagboto, ang namumuno sa Sentro ng Pagboto ay magbibigay-alam sa pangunahing opisina ng ROV.
- Ang isang naililipat na kagamitan sa halalan (trak ng paglipat) para sa pamalit na suplay ay pamamahalaan ng mga tauhan ng bodega.
- Hindi bababa sa dalawang tauhan ng bodega ang magdadala ng anumang nawawalang suplay mula sa naililipat na imbakan ng suplay patungo sa Sentro ng Pagboto upang tiyakin ang seguridad ng mga naililipat na suplay at mga suplay sa Sentro ng Pagboto.

### **Mga Pamalit na Suplay sa Pagboto**

Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung may mga suplay sa pagboto na hindi magamit o mawala:

- Ang isang duplikadong mga sisidlang inihanda para sa mga tauhan ng Sentro ng Pagboto ay pananatilihin.
- Ang tagapag-ugnay ng sentro ng pagboto ay responsable para sa pagpapanatili ng mga pamalit na suplay sa pagboto.
- Kung kailangang ilipat ang isang lugar, at hindi matipon ng mga manggagawa ang kanilang mga kasalukuyang suplay, ang mga pamalit na suplay ay ihahatid sa bagong lugar, kung posible.

### **Mga Lumibang Empleyado ng Sentro ng Pagboto**

Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi nakarating ang mga empleyado ng Sentro ng Pagboto sa kanilang itinalagang rilyebo:

- Makikipag-ugnayan ang namumuno sa Sentro ng Pagboto ang opisina ng ROV upang humanap ng mga pamalit na tauhan para sa Sentro ng Pagboto.
- Ang isang listahan ng mga sinanay na pamalit na tauhan ay pananatilihin ng pangunahing opisina ng ROV.

### **Kahina-hinalang Tao o Bagay**

Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung ang isang kahina-hinalang tao o bagay ay lumitaw:

- Makikipag-ugnayan ang namumuno sa Sentro ng Pagboto ang mga awtoridad sa seguridad depende sa kalagayan.

### **Mga Manwal na Sistema na nasa Lugar**

Upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi magamit ang kagamitan sa elektronikong pagboto:

- Lahat ng gawain ay magagampanan sa pamamagitan ng manwal na proseso.

## **Apendise O - Mga Alternatibong Plano**

Ang layunin ng Alternatibong Plano ay magtakda ng mga prosesong isasagawa sa panahon ng mga halalan kung sakaling magkaroon ng emerhensiya o iba pang insidente na maaaring humadlang sa kagawaran sa pagsisilbi sa publiko at/o pagsasagawa ng halalan. Sa panahon ng emerhensiya, tanging ang Gobernador ang maaaring magsuspende sa tungkulin ng kagawarang ito na magsagawa ng mga halalan.<sup>1</sup>

Gagamitin ang mga planong ito kasama ng Emergency Plan at Care and Shelter Plan ng Santa Clara County (na matatagpuan sa intranet site ng County) at sa Plano para sa Emerhensiya ng Kalihim ng Estado (Secretary of State o SOS).

Sinusukat ng kagawaran ang mga pagtugon nito sa mga emerhensiya ayon sa antas ng alertong nagawa ng isang emerhensiya. Gaya dati, kung mapag-alaman ng isang empleyado na may sitwasyon ng emerhensiya na nangangailangan ng tagapagpatupad ng batas o medikal na tulong, dapat siyang tumawag sa 911 at ipagbigay-alam sa superbisor ng palapag.

### **TANDAAN, MAS MAHALAGA ANG PERSONAL NA KALIGTASAN KAYSA SA ANUMANG DOKUMENTO SA OPISINA.**

#### **Ano ang Unang Dapat Kunin (kung sakaling lilikas)**

- Kung may panahon para magawa ito at hindi mailalagay sa panganib ng paggawa nito ng personal na kaligtasan, maaaring kolektahin o kunin ng mga tauhan ang mga sumusunod na aytem, na nakalista sa ayos ng kahalagahan:
  1. Mga Balota (mauuna ang mga may boto na, pangalawa ang lahat ng iba pa)
  2. Pera at mga tseke at kahon ng petty cash

#### **Pagprotekta at Pagbawi sa Mahahalagang Rekord at Iba Pa (sa mga panahon ng emerhensiya)**

- Itinuturing na kailangan at mahalagang mga rekord ang mga aytem sa ibaba at dapat na kunin sa gusali, kung posible, depende sa katangian at saklaw ng emerhensiya.
  1. Nabilang na at hindi pa nabibilang na mga balota
  2. Mga Server
  3. Iba pang storage ng electronic na data
  4. Listahan ng mga botante
  5. Pera at mga tseke sa kahon ng petty cash

---

<sup>1</sup> GC§ 8571

## Seguridad ng Computer

- Kung walang panahon para ligtas na patayin ang mga desktop computer, dapat na i-lock ng mga tauhan ang kanilang computer sa pamamagitan ng paggamit sa Ctrl+Alt+Delete.
- Ang dahilan nito ay maaaring hindi sapat ang pagpindot sa power button nang isang beses lang para putulin ang koneksiyon at ganap itong i-shut down.
- Kung walang kuryente, dapat maghintay ang mga tauhan para sa mga tagubilin mula sa kagawaran ng Technology Services & Solutions (TSS) tungkol sa pinakamainam na paraan para pangasiwaan ang mga computer.

## Nabilang na at Hindi pa Nabibilang na mga Balota

- Sa pangkalahatan, nabilang man o hindi, ang mga balota ay pinagbukod-bukod sa kani-kanilang presinto at iiimbak sa isang secure na silid para sa balota hanggang sa maging handa na ito sa huli nitong imbakan. Pagkatapos mabilang ang mga balota, iiimbak ang mga ito sa isang hiwalay na secure na lokasyon. Ipagbukod-bukod ang mga hindi pa nabibilang na balota at iiimbak ayon sa katayuan ng mga ito:
  1. Mga balotang nasa sobre pa, hindi napagbukod-bukod, at hindi pa nasusuri ang pirma
  2. Mga balotang nasa sobre pa, napagbukod-bukod ayon sa mga presinto, at nasuri ang pirma
  3. Mga balotang nasa labas ng sobre at nasa mga kahon na may numero ng presinto
- **Tandaan:** Ang mga balota ay maaaring pansamantalang nasa isang workstation para sa pagsusuri ng pirma o sa silid ng pagsusuri ng balota.
- Kung may mangyaring emerhensiya na nag-aatas sa mga tauhan na tanggalin ang mga balota mula sa gusali, dapat lagyan ng teyp ng mga tauhan ang mga kahon, o mga bin, at ilipat ang mga ito sa bagong lugar.
- Kung hindi malilipat ang mga ito mula sa gusali, ang mga balota ay ilalagay sa isa sa mga protektadong silid.
- Ang mga blangko, hindi inisyung balota ay dapat iwan kung wala nang oras para alisin ang mga ito. Kung may oras pa, ang Pinuno ng Kagawaran (Department Head o DH) o itinalaga ay magpapayo sa mga tauhan tungkol sa dapat gawin sa blangko, at hindi inisyung mga balota.

## Pagkawala ng Kuryente sa Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon Tungkol sa Halalan (Election Information Management System o EIMS)

- Ang namumuno sa Sentro ng Pagboto ay magbibigay ng paunawa sa pangunahing opisina ng ROV.
- Kung ang pagkaantala ay sa isang ispesipikong Sentro sa Pagboto lang at tumagal nang mahigit sa 30 minuto, o anumang malaki-laking halaga ng oras depende sa dami ng kasalukuyang botante, papupuntahin ang mga botante sa isa pang Sentro sa Pagboto o bibigyan ng opsyon na bumoto nang pansamantala.

- Kung ang pagkaantala ay sa buong county, maaaring mag-isyu ang mga tauhan ng Sentro sa Pagboto ng mga pansamantalang balota sa pamamagitan ng electronic na kagamitan sa pagboto kung posible, sa mga pansamantalang sobre kung matukoy ng mga tauhan ang tamang uri ng balota o presinto para sa botante.
- Itabi ang mga papel na rekord ng lahat ng botante at impormasyong ilalagay sa EIMS sa sandaling nakabalik at gumagana na ang system.
- Makikipag-ugnayan agad ang Dibisyon ng Mga Lohistika ng Halalan at Mga Sistema ng Pagboto sa vendor at lulutasin ang isyu sa lalong madaling panahon.

### **Pagkawala ng Kuryente**

- Ang namumuno sa Sentro sa Pagboto ay ipagbibigay-alam sa pangunahing opisina ng ROV.
- Kung tatagal nang mahigit sa 15 minuto ang pagkawala ng kuryente, papupuntahin ang mga botante sa isa pang Sentro sa Pagboto.
- Ang publiko ay aabisuhan sa pamamagitan ng website, mensahe sa telepono, balita, radyo, social media, atbp.

### **Masamang Panahon**

- Ang namumuno sa Sentro sa Pagboto ay magbibigay ng paunawa sa pangunahing opisina ng ROV.
- Kung hindi mapuntahan o hindi ligtas ang Sentro sa Pagboto dahil sa lagay ng panahon, makikipag-ugnayan sa backup na Sentro sa Pagboto at agad na ihahanda para magamit.
- Ang publiko ay bibigyan ng paunawa sa pamamagitan ng website, mensahe sa telepono, balita, radyo, social media, atbp.

### **Sunog o Ibang Kalamidad**

- Dapat na ligtas na mailikas muna ang lahat ng mga tauhan at botante.
- Ang namumuno sa Sentro sa Pagboto ay magbibigay ng abiso sa pangunahing opisina ng ROV.
- Kung may oras, gagawin ng mga tauhan ng Sentro sa Pagboto, nang ayon sa pagkakasunud-sunod, ang nasa ibaba:
  1. Ligtas na aalisin ang lahat ng balotang may boto mula sa pasilidad (balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, mga memory card mula sa kagamitan, mga papel na balota mula sa itim na kahon ng balota, at mga balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante),
  2. I-secure/i-shut down ang lahat ng computer na nag-a-access sa kanilang Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon Tungkol sa Halalan (Election Information Management System o EIMS)
  3. I-secure/i-shut down ang lahat ng kagamitan sa pagboto
  4. Alisin ang anumang mga computer/kagamitan, kung posible.
- Ang pangunahing opisina ng ROV ay magbibigay ng abiso sa publiko sa pamamagitan ng website, recording sa telepono, balita, radyo, social media, atbp., at ipagbibigay-alam sa publiko ang mga alternatibong Sentro sa Pagboto.
- Maghahanda ng kapalit na Sentro sa Pagboto sa lalong madaling panahon.



### **Hindi Maayos na Paggana ng Kagamitan sa Pagboto**

- Habang nilulutas ng namumuno sa Sentro sa Pagboto ang isyu, maaaring mag-isyu sa mga botante ng papel na balota.
- Susundin ng namumuno sa Sentro sa Pagboto ang mga tagubilin sa pag-troubleshoot na kasama sa manual ng Sentro sa Pagboto.
- Kung hindi malutas, makikipag-ugnayan ang namumuno sa Sentro sa Pagboto sa pangunahing opisina ng ROV.
- Kung hindi pa rin malutas, makikipag-ugnayan ang namumuno sa Sentro sa Pagboto sa mga tauhan ng warehouse para sa kapalit na kagamitan.

### **Tumigil sa Paggana ang Makina ng Mahihinging Balota**

- Susundin ng namumuno sa Sentro sa Pagboto ang mga tagubilin sa pag-troubleshoot na kasama sa manual ng Sentro sa Pagboto para sa mga tauhan.
- Kung hindi malutas, makikipag-ugnayan ang namumuno sa Sentro sa Pagboto sa pangunahing opisina ng ROV.
- Kung hindi pa rin malutas, makikipag-ugnayan ang pangunahing opisina ng ROV o ang namumuno sa Sentro sa Pagboto sa vendor para sa suporta sa customer.

### **Pagkawala ng Koneksiyon sa Internet**

- Susundin ng namumuno sa Sentro sa Pagboto ang mga tagubilin sa pag-troubleshoot na kasama sa manual ng Sentro sa Pagboto para sa mga tauhan.
  - Kung hindi malutas, makikipag-ugnayan ang namumuno sa Sentro sa Pagboto sa pangunahing opisina ng ROV.
  - Kung hindi pa rin malutas, makikipag-ugnayan ang pangunahing opisina ng ROV o ang namumuno sa Sentro sa Pagboto sa mga serbisyo sa impormasyon ng county o mga tagapagkaloob ng internet para sa suporta sa customer.
- Kung tatagal ang pagkawala ng internet nang mahigit 15 minuto, maaaring mag-isyu ang mga tauhan ng Sentro sa Pagboto ng mga pansamantalang balota sa pamamagitan ng electronic na kagamitan sa pagboto kung posible, sa mga pansamantalang sobre.
- Itatabi ng mga tauhan ng Sentro sa Pagboto ang mga papel na rekord ng lahat ng botante at impormasyon na ilalagay ng mga tauhan ng mga halalan sa EIMS sa pangunahing opisina ng ROV.
- Kung tatagal ang pagkawala ng internet nang mahigit isang oras, o anumang mahaba-habang tagal ng oras depende sa dami ng kasalukuyang botante, papupuntahin ang mga botante sa isa pang Sentro sa Pagboto. Aabisuhan ang publiko sa pamamagitan ng website ng ROV, mensahe sa telepono, balita, radyo, social media, atbp.

### **Hindi Magamit na Sentro ng Pagboto**

- Kung hindi magamit ang Sentro ng Pagboto para sa anumang dahilan, ang namumuno sa Sentro ng Pagboto ay magbibigay ng abiso sa pangunahing opisina ng ROV.

- Ang isang listahan ng mga backup na Sentro sa Pagboto ay pananatilihin ng pangunahing opisina ng ROV.
- Tutulungan ng mga tauhan ng warehouse ang mga tauhan ng Sentro sa Pagboto sa paglilipat at paghahanda sa bagong Sentro sa Pagboto.
- Ang publiko ay bibigyan ng abiso sa pagpapalit ng lokasyon sa pamamagitan ng website ng ROV, mensahe sa telepono, balita, radyo, social media, atbp.

### **Mga Back Up na Sentro sa Pagboto**

- Maaaring magtalaga ang ROV ng kapalit na Sentro sa Pagboto hanggang sa mismong Araw ng Halalan.
- Dapat na malapit ang bagong Sentro ng Pagboto sa orihinal na Sentro sa Pagboto hangga't maaari at dapat na may nakapaskil na paunawa sa orihinal na lugar na nagpapapunta sa mga botante sa bagong lokasyon.

### **Pinaigting na Seguridad (Antas ng Alerto #1)**

Kung sakaling magkaroon ng mga hakbang sa pinaigting na seguridad gaya ng itinalaga ng Pinuno ng Kagawaran (Department Head o DH) o tagapagpatupad ng batas, maaaring gawin ng DH na, kapag naaangkop, humiling ng pahintulot sa Opisina ng Direktor ng Mga Serbisyo sa Emerhensiya para sa:

- pagpasok at paglabas ng mga botante sa gusali para bumoto;
- pagpapatuloy ng mga tauhan sa pagbibilang ng balota; o
- pagpasok ng publiko para gawin ang mga regular nilang gawain.

### **Mga Paglikas ng Publiko at Mga Tauhan (Antas ng Alerto #2)**

Maaaring ipatupad ng itinalagang mga tauhan ang mga sumusunod na hakbang para sa mga paglikas bilang karagdagan sa mga karaniwang hakbang at hakbang sa pinaigting na seguridad na tinalakay sa itaas:

- Ipagbigay-alam sa publiko na lumikas agad sa isang matiwasay na paraan sa pinakamalapit na labasan kung may tumunog na alarma.
- Tulungan ang lahat ng miyembro ng publiko, kasama ang mga may kapansanan, o nangangailangan ng tulong sa paglikas.
- Ikandado ang mga pinto at i-secure ang mahahalagang rekord at balota.
- Pumunta sa itinalagang lugar na pagkikitaan at manatiling magkakasama.
- Aaprubahan ng Pinuno ng Kagawaran (Department Head o DH) ang isang alternatibong lugar.
- Magbigay ng mensahe ng emerhensiya sa voicemail at sa gusali.
- I-forward ang mga linya ng telepono ng kagawaran sa alternatibong lugar, kung posible.
- Ipaalam sa mga tauhan, na wala sa gusali, sa pamamagitan ng cellphone, ang kalagayan ng gusali.
- Susuriin ng mga paunang itinalagang empleyado ang bawat palapag at isara ang mga pinto pagkatapos na lumabas.

### **Mga Paglikas sa Araw ng Halalan**

Kung sakaling magkaroon ng paglikas ng kagawaran sa Araw ng Halalan, ang mga sumusunod na hakbang, bilang karagdagan sa nakasaad sa itaas, ay isasagawa:

- Ihinto agad ang pagproseso ng balota at i-secure ang mga balota at kagamitan sa pagbilang sa pamamagitan ng pagkandado sa mga pinto ng silid ng balota at silid sa pagbibilang. Ang mga napagbukud-bukod na balota na hindi binibilang ay nakaimbak na sa na-secure na silid.
- Ang mga balota sa mga workstation para sa pagsusuri ng pirma ay ilalagay sa secure na silid ng balota.
- Ang mga kakatanggap pa lang na balota, pero hindi pa napapagbukud-bukod at naipapamahagi, ay nakaimbak na sa na-secure na silid ng balota.
- Ipaalam sa mga botante, sa pinakamainam na paraan na akma para sa emerhensiya, ang lokasyon ng alternatibong lugar kung saan magaganap ang pagboto, kung mayroon.
- Ipaskil sa gusali kung nasaan ang mga alternatibong lokasyon ng paghuhulugan ng balota sa buong county.

### **Mga Emerhensiyang Nakakaapekto sa Isa o Higit Pang Sentro sa Pagboto**

Kung sakaling magkaroon ng emerhensiyang nakakaapekto sa isa o higit pang Sentro ng Pagboto, maaaring kailanganing maglipat ng at/o pagsamahin sa iisa ang Mga Sentro sa Pagboto. Sa ilalim ng mga naturang pagkakataon, dapat na sundin ng Mga Opisyal ng Halalan ang sumusunod na mga pamamaraan.

- Magpaskil ng palatandaan na nag-aabiso sa mga botante sa paglipat at nagpapapunta sa kanila sa mga bagong lugar at kahon na paghuhulugan ng balota.
- Kolektahin ang lahat ng may botong balota at i-secure ang mga ito sa mga kusang nagsasarang bag, kung posible.
- Kolektahin ang kahon ng balota, mga balotang wala pang boto, at ang listahan ng mga botante at dadalhin ang mga iyon sa bagong lokasyon.
- Dapat na may hindi bababa sa dalawang Opisyal ng Halalan, o mga inspektor, na mananatili kasama ng mga balota mula sa bawat Sentro ng Pagboto sa lahat ng oras at subaybayan ang secure na pagdadala ng mga balota sa mga bagong lokasyon ng Sentro ng Pagboto.
- Kung posible, ihahatid ng kagawaran ang anumang mga bagong selyong kinakailangan.

### **Mga Emerhensiyang Nakakaapekto sa mga Ruta ng Pagkolekta o sa mga Tauhang nasa Lugar**

Kung sakaling magkaroon ng emerhensiya na nakakaapekto sa mga ruta ng pagkolekta o sa mga tauhang nasa lugar, ipagbibigay-alam ng mga tauhan ng kagawaran sa Mga Opisyal ng Halalan na nasa lugar ang kalagayan ng lugar.

### **Pagtatalaga ng Awtoridad**

Sa panahon ng emerhensiya, ang Tagapagrehistro ng mga Botante (Registrar of Voters o ROV) ang gagawa ng lahat ng pasiya patungkol sa mga pagpapatakbo ng kagawaran. Kung hindi makakagawa ng mga pasiya ang ROV, lilipat ang ganap na awtoridad sa (Mga) Assistant ROV. Kung parehong hindi makakagawa ng mga pasiya, lilipat ang awtoridad sa pinakamatagal na tauhan sa serbisyo na available.

Kapag nasa ligtas na lugar, magpupulong ang ROV at ang kanyang itinalagang mga tauhan upang magsagawa ng pagtatasa sa pinsala, simulan ang pagpapanumbalik ng sistema, kung posible, at tukuyin kung aling mga pagpapatakbo ang dapat o maaaring magpatuloy batay sa katangian ng emerhensiya. Ipapaalam ang kalalabasan ng pagpupulong na ito sa mga tauhan sa pamamagitan ng cell phone at numero ng telepono sa bahay.

### **Komunikasyon Habang at Pagkatapos ng Emerhensiya**

Sa pangkalahatan, mag-aanunsyo ang Pinuno ng Kagawaran patungkol sa pagpapatuloy ng isang paglikas. Sasabihan ang lahat ng mga tauhan ng opisina at sinumang miyembro ng publiko kung aling labasan ang gagamitin sa mahinahon, maayos na paraan at kung saan magkikita alinsunod sa protokol sa paglikas.

Gagamitin ng kagawaran ang mga sumusunod na paraan para makipag-ugnayan sa mga empleyado habang o pagkatapos ng isang emerhensiya:

- Mga Cell Phone
- Voicemail ng kagawaran
- Text messaging
- Mga telepono sa bahay

Magsasagawa ang mga opisyal sa kaligtasan ng roll call sa lugar na pinaglikasan pagkatapos na suriin ang buong gusali. Kapag natiyak nang naroon ang lahat ng empleyado, bibigyan ng abiso ang sinumang mga awtoridad sa lugar. Gayunpaman, kung may kulang na miyembro ng koponan sa panahon ng roll call, agad na bibigyang abiso ang mga awtoridad. Ipagbibigay-alam ng Tagapag-ugnay ng Kaligtasan o ng namamahala sa mga tauhan ang kalagayan at posibilidad para sa muling pagpasok.

### **Paunang Na-rekord na Mensahe**

Ang mga nilalaman ng mensahe para sa emerhensiya ay nakabatay sa katangian ng emerhensiya. Ang Tagapag-ugnay ng Dibisyon sa Halalan ang responsable para sa pagtiyak na napapanahon ang mga mensahe para mabigyang abiso ang publiko sa pamamagitan ng mga ipapadalang mensahe sa mga bagong lugar sa pagboto kung magkaroon ng emerhensiya sa Araw ng Halalan.

### **Mga Drill / Oryentasyon sa Bagong Empleyado**


Ipapaalam ng mga superbisor sa mga bago nilang empleyado ang mga nilalaman ng patakarang ito. Dapat na maging pamilyar ang lahat ng mga tauhan sa mga ruta ng paglikas at mga lugar ng pagkikitaan. Magsasagawa ang kagawaran ng mga drill sa iba't ibang oras sa panahon ng halalan para maging pamilyar ang lahat ng mga tauhan sa mga planong pang-emerhensiya ng kagawaran.

### **Diskarte sa Pagsasanay para sa mga Tauhan ng Kagawaran**

Pananatilihin ng kagawaran ang isang binder na may kasamang pangkaraniwang impormasyon sa kaligtasan at emerhensiya at kopya ng planong ito. Bilang karagdagan, magsasagawa ng apat na beses sa isang taon na mga pagpupulong para sa kahandaan at pamamaraan sa emerhensiya at paminsan-minsang mga pisikal na drill.

Susuriin ang gabay na ito at isasapanahon bago ang bawat halalan. Dapat na makumpleto ang panghuling gabay 120 araw bago ang Araw ng Halalan.

# APENDISE P – IMINUMUNGKAHING DISENYO NG SENTRO NG PAGBOTO



## APENDISE Q - MGA GINANAP NA PAKIKIPAG-UGNAYAN NOONG 2018

### June 2018 Election County Outreach Events

#### **Date: Jan-18**

#### **Events**

- 1/14/2018 Mankar San Kranti
  - 1/15/2018 MLK Luncheon
  - 1/20/2018 Womens March
  - 1/21/2018 St. Marks Episcopal Church
- Feb-18

#### **Date: Feb-18**

#### **Events**

- 2/2/2018 Buena Vista Community Meeting
  - 2/2/2018 African American Flag raising Ceremony
  - 2/8/2018 State of the City
  - 2/11/2018 Lunar New Year Celebration
  - 2/16/2018 TET Festival
  - 2/17/2018 TET Festival
  - 2/18/2018 TET Festival
  - 2/21/2018 District 3 Community Leadership
  - 2/22/2018 Business Mixer
  - 2/23/2018 Winter Walk Oakridge Mall
  - 2/24/2018 Go Red Heart
  - 2/24/2018 Vietnamese New Year
  - 2/25/2018 BWNC Chinese New Year
  - 2/27/2018 KACS Staff Meeting
- Mar-18

#### **Date: Mar-18**

#### **Events**

- 3/2/2018 Silicon Valley Korean Federation Meeting
  - 3/3/2018 Silicon Valley School and Camp Fair
  - 3/8/2018 H Mart Grand Opening
  - 3/9/2018 Neighborhood Nights Camden
  - 3/9/2018 Neighborhood Nights Bascom
  - 3/10/2018 Hispanic Chamber Summit
  - 3/10/2018 Mexica New Year
  - 3/11/2018 Venture Christian Church Service
  - 3/11/2018 Mexica New Year
  - 3/17/2018 Rana Holi Festival
  - 3/18/2018 New Community Baptist Church
  - 3/20/2018 Silicon Valley Korean Federation Meeting
  - 3/21/2018 Celebrate Norouz Persian New Year
  - 3/22/2018 USCIS
  - 3/23/2018 Unity Dinner- Indo American Community Federation
  - 3/24/2018 Easter Egg Hunt
  - 3/24/2018 Kennedy 50th Anniversary
  - 3/26/2018 Pathway to Citizenship Resource Fair
  - 3/31/2018 Easter Egg Hunt
  - 3/31/2018 Sizdeh Bedar
- Apr-18

#### **Date: Apr-18**

#### **Events**

- 4/1/2018 Sizdeh Bedar

4/7/2018 Bay Area Kids Book Fair  
 4/7/2018 15th Annual Cesar Chavez  
 4/8/2018 Cupertino- HOLI Festival  
 4/13/2018 West Valley Senior Walk  
 4/13/2018 Neighborhood Nights Almaden  
 4/13/2018 Neighborhood Nights Bascom  
 4/13/2018 Neighborhood Nights Willow Glen  
 4/15/2018 New Vision Church  
 4/21/2018 Nakland Resource Fair  
 4/21/2018 9th International Childrens Festival  
 4/21/2018 Citizenship Day  
 4/21/2018 Curpertino Earth & Arbor Day  
 4/22/2018 Sofa Festival  
 4/24/2018 USCIS  
 4/26/2018 Bridges to Action  
 4/26/2018 FilAM Chamber Business Mixer  
 4/26/2018 YWCA Stand Against Racism  
 4/28/2018 Education 4 Liberation  
 4/28/2018 Cherry Blossom Festival  
 4/28/2018 Community Resource Fair  
 4/28/2018 MACLA Family Art Day  
 4/29/2018 Festival Del Nino  
 4/29/2018 Kidney Action Day  
 4/29/2018 Cherry Blossom Festival  
 4/22/2018 New Hope Church  
 May-18

**Date: May-18**

**Events**

5/1/2018 May Day  
 5/4/2018 Buena Vista Meet and Greet  
 5/5/2018 Korean Parent Apprecian Day  
 5/5/2018 Alviso Cinco De Mayo Festival  
 5/6/2018 Mac Down  
 5/11/2018 Neighborhood Nights South Side  
 5/11/2018 Neighborhood Nights Camden  
 5/12/2018 Berryessa Art & Wine Festival  
 5/18/2018 SJ Job Corps  
 5/20/2018 Hakone Matsuri  
 5/22/2018 Mountain View Senior Resource Fair  
 5/24/2018 USCIS  
 5/26/2018 Mushroom Mardi Gras  
 5/27/2018 Mushroom Mardi Gras  
 5/6/2018 Philippine Consulate Outreach  
 5/6/2018 Emmanuel Presbyterian Church  
 5/8/2018 Gubernatorial Debate Wath Party  
 5/11/2018 SARC Legislative Luncheon  
 5/11/2018 Neighborhood Nights Almaden  
 5/5/2018 Cupertino Volunteer Fair



5/6/2018 Silicon Valley Bikes Festival  
5/20/2018 Campbell Boogie Festival  
5/20/2018 Punjabi Mela

**Date: Jun-18                      Events**

6/3/2018 Sunnyvale Art & Wine Festival  
6/8/2018 Senior Health Fair  
6/9/2018 Dia de Portugal Festival  
6/9/2018 Project Hope Spring Fling  
6/14/2018 USCIS  
6/15/2018 World Refugee Day  
6/16/2018 Juneteenth  
6/16/2018 Alzheimers Forum  
6/23/2018 Blossom Festival  
6/25/2018 Korean Flag Raising Ceremony  
6/27/2018 Viva Parks Hellyer Park  
6/29/2018 Naturalization Ceremony  
6/16/2018 Vasona Concert-Naked Booleggers  
6/23/2018 Fountain Blues Festival  
Jul-18

**Date: July-18                      Events**

7/2/2018 Viva Parks AbornSan Kranti  
7/3/2018 Viva parks Mt Pleasant  
7/11/2018 Sunnyvale Concert  
7/12/2018 Viva Parks Mayfair  
7/13/2018 Neighborhood Nights Bascom  
7/14/2018 Los Altos Art & Wine Festival  
7/15/2018 Los Altos Art & Wine Festival  
7/18/2018 Viva Parks McLaughlin  
7/18/2018 Sunnyvale Summer Concert  
7/19/2018 Viva Parks Roosevelt  
7/21/2018 Wellness Village Day  
7/22/2018 Philippine Consular  
7/25/2018 Viva Parks Welch  
7/26/2018 USCIS  
7/26/2018 Viva Parks Children of the Rainbow  
7/27/2018 Santa Clara Concert in the Park  
7/28/2018 Veggie Fest  
7/28/2018 Milpitas Preschool Resource Fair  
7/29/2018 Summer Picnic  
7/29/2018 Teeyan Festival  
7/30/2018 Viva Parks Brigadon

## November 2018 Election County Outreach Events

**Date: Aug-18**

### **Events**

8/1/2018 Sunnyvale Summer Series  
8/1/2018 Viva Parks Ramac  
8/2/2018 Viva Parks Hillview  
8/3/2018 Santa Clara Street Dance  
8/3/2018 Diversity Day  
8/4/2018 Acoustic Open Mic  
8/4/2018 Swadesh Festival  
8/7/2018 National Night Out (NNO) Newhall  
8/7/2018 NNO-Gilroy Wheeler  
8/7/2018 NNO-Gilroy Monticelli  
8/7/2018 NNO-Emma Prusch  
8/7/2018 NNO- St. James  
8/7/2018 NNO-Bibleway  
8/7/2018 NNO-Cadillac Winchester  
8/7/2018 NNO-Delmas  
8/9/2018 NNO-Milpitas  
8/10/2018 District 1 Eats  
8/11/2018 San Jose Jazz  
8/11/2018 Kids N Fun  
8/11/2018 VACC Summer Picnic  
8/12/2018 San Jose Jazz Festival  
8/14/2018 Viva Parks Capitol  
8/17/2018 Santa Clara Concert in the Park  
8/18/2018 Vietnamese Caregivers Conference  
8/19/2018 End of Summer Festival  
8/20/2018 Viva Parks Aborn  
8/21/2018 NNO Mountain House  
8/21/2018 Viva Parks Mt. Pleasant  
8/22/2018 Sunnyvale Summer Series  
8/23/2018 USCIS  
8/23/2018 Viva Parks Emma Prusch  
8/24/2018 Saratoga Eats  
8/25/2018 Palo Alt Festival of the Arts  
8/25/2018 Community Resource Fair  
8/25/2018 SV Pride  
8/26/2018 Palo Alto Festival of the Arts  
8/26/2018 SV PRIDE  
8/26/2018 Cambrian Celebration  
8/28/2018 Viva Parks McLaughlin  
8/29/2018 Sunnyvale Summer Series  
8/10/2018 San Jose Jazz Festival  
8/30/2018 FilAm Chamber  
8/29/2018 KACS

**Date: Sep-18**

### **Events**

9/1/2018 Fatherhood Conference

9/1/2018 SEIU Rise UP  
9/2/2018 Sonido Clash  
9/8/2018 Project Hope  
9/8/2018 Mediterranean Festival  
9/9/2018 Mediteranean Festival  
9/12/2018 EVC Voter Reg Drive  
9/12/2018 McKinley Bonita NA  
9/12/2018 Sheriff Candidate  
9/13/2018 CONNECT 2018  
9/14/2018 NN Willow Glen  
9/14/2018 YMCA Welcome Week  
9/14/2018 NN Bascom  
9/14/2018 School of Art  
9/15/2018 SV Fall  
9/15/2018 Ganesh Festival  
9/16/2018 Santa Clara Art & Wine  
9/16/2018 Ganesh Festival  
9/19/2018 Ice Cream Social  
9/20/2018 USCIS  
9/21/2018 Moon Festival  
9/21/2018 Back to School Night  
9/22/2018 Conscious San Jose  
9/22/2018 Moon Festival  
9/23/2018 Cathedral of Faith  
9/23/2018 Viva Calle  
9/23/2018 SoFA Festival  
9/23/2018 Moon Festival  
9/25/2018 NVRD Santa Clara Library  
9/25/2018 NVRD YMCA Alameda  
9/27/2018 Nova Job Fair  
9/27/2018 Pros and Cons of Ballot  
9/29/2018 Moon Festival  
9/29/2018 Hispanic Heritage Month  
9/30/2018 SV Gala  
9/30/2018 Womens Conference  
9/22/2018 Chu-Suk Thanksgiving  
9/26/2018 Valley Church  
9/16/2018 Venture Church  
9/21/2018 KACS Seminar  
9/23/2018 Korean Baptist Church of SJ  
9/30/2018 Korean United methodist Church SCV

**Date: Oct-18**

**Events**

10/2/2018 Orchard City Indivisible  
10/3/2018 Gavilan Health Fair  
10/3/2018 Pros an Cons Presentation  
10/4/2018 Disability Awareness Day  
10/6/2018 BNHW Kickoff Week

10/7/2018 Tamale Festival  
10/7/2018 Day on the Bay  
10/10/2018 Indian Health Center  
10/10/2018 Fire Safety Town Hall  
10/12/2018 Neighborhood Nights Bascom  
10/12/2018 Neighborhood Nights Almaden  
10/13/2018 Pumpkins in the Park  
10/13/2018 Fall Family Festival  
10/16/2018 Senior Resource Fair  
10/17/2018 SCU Registration Drive  
10/19/2018 FestivALL  
10/20/2018 ALPA Heritage Month  
10/21/2018 Dia de los Muertos  
10/21/2018 Health Fair  
10/21/2018 St Maria Goretti  
10/24/2018 Project Ohana  
10/25/2018 USCIS  
10/30/2018 Hillview Library  
10/16/2018 When We All Vote  
10/7/2018 New Vision Church  
10/12/2018 Civic Engagement Networking  
10/14/2018 Emmanuel Presbyterian Church

**Date: Nov-18**

**Events**

11/1/2018 Gavilan Transfer Day  
11/9/2018 Neighborhood Nights Alameda  
11/10/2018 Girls Advisory Networking  
11/11/2018 BAYVP Diwali 2018  
11/17/2018 Empowering Community  
11/18/2018 Sonido Clash

**Date: Dec-18**

**Event**

12/14/2018 Berryessa Neighborhood Nights

## **APENDISE R – MGA MADALAS ITANONG**

### **Mga FAQ sa Pananaliksik sa VCA**

#### **Ano ang California Voter's Choice Act? Paano nito babaguhin ang paraan ng pagboto ko?**

Pangunahing binago ng California Voter's Choice Act (VCA) ang mga halalan at ginawa itong Modelong Ipadadala sa Koreo ang Lahat ng Balota/Sentro ng Pagboto. Pinirmahan ng Gobernador ng California na si Jerry Brown ang mahalagang panukalang-batas na ito at naging batas noong Setyembre 29, 2016. Sa ilalim ng batas, ang lahat ng rehistradong botante ay papadalhan ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (VBM) na magsisimula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan, nagpatala man sila o hindi bilang botanteng VBM. Ang mahigit 800 tradisyonal na nasa kapitbahayang mga Lugar na Botohan sa buong county ay papalitan ng 25 Sentro ng Pagboto na bukas ng 11 araw at 100 Sentro ng Pagboto na bukas ng 4 na araw, kasama ang 78 Lokasyon ng Drop-off ng Balota. Bukod pa sa pagbabalik ng kanilang balotang naglalaman ng boto sa pamamagitan ng koreo, maaari ding pumunta ang mga botante sa alinmang Sentro ng Pagboto upang personal na ipatala ang kanilang balota. Maaari ding ihulog ng mga botante ang kanilang balota sa alinmang Lokasyon ng Sentro ng Pagboto o Drop-off ng Balota.

#### **Kailan ang unang halalan kung saan ipapatupad ng County ng Santa Clara ang California Voter's Choice Act?**

Sa Abril 9, 2019, pinahintulutan ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara ang Tagapagrehistro ng mga Botante na isagawa ang halalan sa ilalim ng Modelo ng Sentro ng Pagboto. Ang Pampresidenteng Primaryang Halalan sa Marso 3, 2020 ang unang halalang gagawin sa ilalim ng California Voter's Choice Act.

#### **Isasagawa ba ang lahat ng halalan sa pamamagitan ng bagong modelong ito sa hinaharap sa County ng Santa Clara?**

Maaapektuhan ng bagong modelong ito ang lahat ng regular na nakaiskedyul na halalan. Ang mga espesyal na halalan na gagawin sa iba pang petsa ay maaaring patakbuhin sa ibang paraan depende sa kahilingan ng (mga) hurisdiksyong nagpatawag ng halalan.

#### **Bakit pinili ng County ng Santa Clara na pagtibayin ang Voter's Choice Act?**

Pinagtibay ng County ng Santa Clara ang Voter's Choice Act (VCA) upang gawing modernisado ang halalan upang katawanin ang mga buhay ng mga botante ngayon, na kasalukuyang may 78% botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo. Gagawing mas madali ng VCA ang pagboto sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga botante ng mas maraming opsyon kung paano, kailan, at saan boboto. Sa halip na limitahan ang pagboto sa iisang itinalagang Lugar na Botohan sa Araw ng Halalan, magagawa na ngayon ng mga botante na personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto na matatagpuan sa County ng Santa Clara sampung (10) araw pa lang bago ang Araw ng Halalan; sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112 29 na mas maaga ng 29 na araw bago ang Araw ng Halalan; sa pamamagitan ng koreo; o sa pamamagitan ng paghulog sa balotang naglalaman ng boto sa isang Drop-box ng Opisyal na Balota.

### **Ano ang mga pakinabang sa Voter's Choice Act?**

Ang Voter's Choice Act ay nagkakaloob ng mas maraming pagpipilian sa mga opsyon sa pagboto:

- Mapipili na ngayon ng mga botante kung saan, kailan, at paano sila boboto
- Ang mga botante ay may mas maraming araw upang makaboto na magsisimula sampung araw bago ang isang halalan, kasama na ang mga weekend at piyesta opisyal
- Ang mga botante ay maaaring magparehistro upang makaboto at bumoto sa parehong araw sa mga Sentro ng Pagboto
- Ang mga botante ay mayroong mas maraming lokasyon upang makaboto bago ang Araw ng Halalan

### **Ano'ng mga serbisyo ang ipagkakaloob sa mga botanteng hindi Ingles ang pangunahing wikang sinasalita?**

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa walong wika. Ang apat na wika ay pederal na ipinag-uutos: Espanyol, Intsik, Tagalog, at Biyetnamis. Ang dalawang wika ay ipinag-uutos ng estado, ang Khmer at Koreano, at ang natitirang dalawang wika, ang Hindi at Hapon, ay dati nang ipinagkakaloob ng ROV. Ang mga Opisyal na balota, Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante, Mga Sobre ng Pansamantalang Balota, at lahat ng palatandaan sa Sentro ng Pagboto at Drop-box ng Opisyal na Balota ay isasalin sa lahat ng walong wika. Ang mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIG) ay makukuha sa apat na pederal na ipinag-uutos na wika. Bukod pa rito, maaaring mayroong mga tauhan ng Sentro ng Pagboto na nakakapagsalita ng dalawang wika upang suportahan ang iba pang wika at diyalekto na sinasalita sa loob ng County.

### **Ano Sentro ng Pagboto?**

Ang Sentro ng Pagboto ay isang unibersal na Lugar na Botohan kung saan maaaring bumoto ang sinumang nakarehistrong botante sa loob ng county. Magkakaroon ng humigit-kumulang 125 Sentro ng Pagboto sa kabuuan ng County ng Santa Clara.

### **Paano malalaman ng mga tao ang tungkol sa pagbabago sa mga Lugar na Botohan na magiging mga Sentro ng Pagboto?**

Makikipag-ugnayan ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) sa lahat ng nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara sa dalawang (2) magkahiwalay na sulat upang ipaalam sa mga botante ang tungkol sa bagong modelo ng halalan, sa paparating na halalan, at saan nila makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa mga pagbabagong ito.

### **Ano ang makukuhang tulong sa pagboto sa isang Sentro ng Pagboto?**

Lalagyan ang bawat Sentro ng Pagboto ng hindi bababa sa tatlong (3) kagamitang pangmarka ng balota na mayroong mga tampok na sumusunod sa ADA upang bigyang-daan ang mga botanteng may mga kapansanan na magpatala ng balota nang mag-isa at pribado. Maaari pa ring magdala ang mga botante ng hanggang dalawang (2) tao upang tulungan sila sa proseso ng pagboto, basta't hindi sila ang taga-empleyo o kinatawan ng unyon ng botante. Bukod pa rito, ang mga botanteng mas gustong bumoto sa kanilang bahay ay

magkakaroon din ng opsyon na mag-aplay at gumamit ng sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM). Ang mga sistema ng RAVBM ay magpapadala sa mga botanteng ito ng isang email na may link upang i-download ang kanilang Opisyal na Balota, kasama ang mga tagubilin kung paano kumpletuhin ang kanilang balota at ibalik ito sa ROV. Ang mga Sentro ng Pagboto ay magkakaroon din ng tulong na nasa dalawang wika, maaaring tumawag ang mga botante sa opisina ng ROV sa (408) 299-VOTE upang malaman kung ano ang magagamit na tulong sa wika.

**Paano ko mahahanap ang pinakamalapit sa akin na Sentro ng Pagboto?**

Simula 30 araw bago ang bawat halalan, makikita ang isang listahan ng mga Lokasyon ng mga Sentro ng Pagboto at Drop-off ng Balota sa Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIG) at sa website ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa <https://www.sccgov.org>

**Maaari bang bumoto ang sinuman sa Estado ng California sa isang Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara?**

Hindi, ang mga nakarehistro lang o karapat-dapat magparehistro upang makaboto sa County ng Santa Clara ang maaaring bumoto sa isang Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara.

**Bukas ba sa weekend o piyesta opisyal ang mga Sentro ng Pagboto?**

Ang mga Sentro ng Pagboto ay magbubukas sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan. Kasama rito ang dalawang (2) weekend at piyesta opisyal na paparating.

**Ilang Sentro ng Pagboto ang kinakailangan ng County ng Santa Clara?**

Tinutukoy ang bilang ng mga Sentro ng Pagboto sa pamamagitan ng bilang ng mga nakarehistrong botante sa County 88 araw bago ang Araw ng Halalan. Batay sa aming tinatayang kabuuan ng pagpaparehistro para sa 2020, kinakailangang magkaloob ng County ng Santa Clara ng 23 Sentro ng Pagboto sa loob ng 11 araw at hanggang 94 na Sentro ng Pagboto sa loob ng 4 na araw. Upang mas mahusay na mapaglingkuran ang mga botante, nilalayon ng County ng Santa Clara na makapagkaloob ng 25 Sentro ng Pagboto sa loob ng 11 araw at 100 sa loob ng 4 na araw.

**Ano ang pipigil sa isang tao na bumoto nang dalawang beses sa pamamagitan ng pagpunta sa ibang Sentro ng Pagboto?**

Nagpatupad ang Estado ng California ng pambuong-estadong tipunan ng datos ng pagpaparehistro ng botante na tinatawag na VoteCal. Magagawang tukuyin ng lahat ng county kung nakaboto na ang isang botante saanman sa Estado ng California. Gagamit ang County ng Santa Clara ng mga elektronikong pollbook (mga e-pollbook) upang magamit ang tipunan ng datos na ito at masaliksik ang pagpaparehistro ng botante nang halos real time.

**Ilang taon na akong bumoboto sa aking Lugar na Botohan sa kapitbahayan. Maaari pa rin ba akong bumoto sa dati kong Lugar na Botohan sa araw ng Halalan?**

Hindi, maliban na lang kung ang dati mong Lugar na Botohan ay isa na ngayong Sentro ng Pagboto.

## **Hindi ko hiniling na maging isang permanenteng botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo, bakit ako nakatanggap ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo?**

Sa pagpasa ng California Voter's Choice Act (VCA), at pag-apruba ng Lupon ng mga Supervisor ng County ng Santa Clara, ang bawat nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara, simula sa halalan sa Marso 2020, ay awtomatikong papadalan ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, na magsisimula 29 na araw bago ang isang halalan. Magbibigay-daan ito sa mga botante na magpasya kung paano, kailan, at saan boboto.

## **Ano ang Drop-box ng Opisyal na Balota?**

Ang Drop-box ng Opisyal na Balota ay isang ligtas, madaling magamit, at nakakandadong lalagyan na magagamit ng mga botante upang ihulog ang mga sobre ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo 29 na araw bago ang halalan. Magagamit ang mga drop-box sa loob ng mga regular na oras ng negosyo ng kani-kaniyang lokasyon ng mga ito. Hindi kakailanganin ng selyo kapag gagamitin ang drop-box.

## **Ilang Drop-box ng Opisyal na Balota ang kinakailangang magkaroon ang County ng Santa Clara?**

Tinutukoy ang bilang ng mga Drop-box ng Opisyal na Balota sa pamamagitan ng bilang ng mga nakarehistrong botante sa County 88 araw bago ang Araw ng Halalan. Batay sa mga pagtatantiya para sa mga nakarehistrong botante sa halalan sa Marso 2020, kinakailangang magkaroon ang County ng Santa Clara ng humigit-kumulang 78 Drop-box. Upang mas mahusay na mapaglingkuran ang mga botante, nilalayon ng County ng Santa Clara na magkaloob ng 89 na Lokasyon ng Drop-off ng Balota, bukod pa sa 10-15 matatagpuan sa ilang istasyon ng bumbero.

## **Magiging ligtas ba ang mga Drop-box ng Opisyal na Balota?**

Ligtas, nakakandado, at gawa sa matibay na materyal ang mga Drop-box ng Opisyal na Balota upang makatagal ang mga ito sa bandalismo, pagtatanggal, at masungit na lagay ng panahon. Ang mga balota ay kokolektahin mula sa mga drop-box ng mga tauhan ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa regular na iskedyul. Kukunin ang mga balota tuwing Lunes, Miyerkules, at Biyernes simula 25 araw bago ang Araw ng Halalan. Sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan, araw-araw kukunin ang mga balota.

## **Paano pinipili ng County ang mga Sentro ng Pagboto at lokasyon ng Drop-box ng Balota?**

Nakikipagtulungan ang County sa komunidad upang mangalap ng mga suhestiyon at mungkahi tungkol sa Sentro ng Pagboto at Mga Lokasyon ng Drop-box ng Balota. Mangyaring mag-email sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org) para sa mga suhestiyon para sa mga posibleng lokasyon. Bago gamitin, ang lahat ng lokasyon ay susuriin ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante upang matiyak na madaling magagamit ng mga botanteng may kapansanan ang mga ito. Kapag nasuri na ang isang lokasyon, direktang makikipagtulungan sa lugar ang aming opisina upang kumpirmahin ang pagiging available para sa kinakailangang yugto ng panahon na itinakda ng Kodigo sa mga Halalan ng California 4005.



### **Saan ko maaaring ihulog ang aking balotang naglalaman ng boto?**

Maaaring ihulog ang mga balota sa alinmang Lokasyon ng Sentro ng Pagboto, Drop-off ng Balota o sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante na matatagpuan sa 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112.

### **Ano ang mga pamantayang isinasaalang-alang para sa pagpili ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop-box ng Balota?**

Binanggit sa Kodigo sa mga Halalan ng California 4005 ang ilang pamantayang dapat isaalang-alang kapag pumipili ng mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop-box ng Balota. Kasama sa mga ito ang:

- Lapit sa pampublikong transportasyon
- Ang distansya at oras na dapat lakbayin ng isang botante sakay ng kotse o pampublikong transportasyon
- Libre at madaling magamit na paradahan
- Pangkaraniwang trapiko
- Mga komunidad na may kaunting paggamit ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa nakaraan
- Mga sentro ng populasyon
- Mga komunidad ng minority sa wika
- Mga botanteng may mga kapansanan
- Mga komunidad na may mababang antas ng pagmamay-ari ng sasakyan ng sambahayan
- Komunidad ng mga mababa ang kita
- Mga komunidad ng mga karapat-dapat na botante na hindi nakarehistro upang makaboto at maaaring mangailangan ng access sa pagpaparehistro ng botante sa parehong araw
- Mga populasyong nakahiwalay batay sa heograpiya
- Kakayahan para sa mga botanteng may mga kapansanan na magpatala ng balota nang pribado at mag-isa
- Ang posibleng pangangailangan para sa mga mobile na Sentro ng Pagboto bukod pa sa bilang ng mga Sentro ng Pagboto na itinakda at ang pangangailangan ng mga karagdagang Sentro ng Pagboto na bubuksan sa loob ng maikling panahon

### **Mayroon akong lokasyong maaaring magsilbing Lokasyon ng Sentro ng Pagboto o Drop-box ng Balota, paano ko ito ipapaalam sa inyo?**

Palagi kaming naghahanap ng mga potensyal na lokasyon ng Sentro ng Pagboto o Drop-box ng Balota upang mapaglingkuran ang komunidad. Ang lahat ng potensyal na lokasyon ay dapat suriin ng Opisina ng Halalan upang matiyak ang pagiging madaling magamit, at natutugunan din ang iba pang kinakailangan. Upang magrekomenda ng lokasyon o kumuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan para makapagsilbi bilang isang Sentro ng Pagboto, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email o telepono sa [voterschoice@rov.sccgov.org](mailto:voterschoice@rov.sccgov.org) o (408) 299-VOTE.

## **Nag-aalok ba ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ng anumang mobile app para magamit ng mga botante?**

Oo, ang SCCVOTE Mobile App ay mada-download nang libre sa mga mobile device (iyon ay Apple, Android). Ang ilan sa tampok na ipinagkakaloob ay:

- Mabilis at madaling access para magparehistro upang makaboto online
- Pagpapatibay sa iyong katayuan sa pagpaparehistro ng botante
- Paghahanap sa pinakamalapit na lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop-box ng Balota 28 araw bago ang isang halalan

## **Mga FAQ sa ROV - Pagpaparehistro ng Botante**

### **Paano ako dapat magparehistro upang makaboto?**

May ilang paraan upang magparehistro upang makaboto sa County ng Santa Clara:

- Magparehistro online gamit ang sumusunod na link:  
[www.registertovote.ca.gov](http://www.registertovote.ca.gov)
- Kumpletuhin ang isang Form ng Pagpaparehistro ng Botante (makukuha sa karamihan ng opisina ng pamahalaan, pampublikong silid-aklatan, opisina ng koreo, at opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV)
- Hilinging magpadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo ng Form ng Pagpaparehistro ng Botante sa pamamagitan ng pagtawag sa opisina ng ROV sa (408) 299-VOTE o nang walang bayad sa (866) 430-VOTE

### **Maaari ko bang gamitin ang aking direksiyon ng P.O. Box, direksiyon ng drop box para sa negosyo o koreo bilang direksiyon ko kapag nagparehistro ako?**

Hindi, maaari mong gamitin ang iyong direksiyon ng P.O. Box, direksiyon ng drop box para sa negosyo o koreo bilang iyong direksiyong pangkoreo lamang. Kinakailangan ng direksiyon ng tirahan upang matukoy ang iyong mga distrito sa pagboto.

### **Wala akong tirahan. Paano ako dapat magparehistro?**

Kinakailangan ng direksiyon ng tirahan upang matukoy ang iyong mga distrito sa pagboto. Kung wala kang direksiyong may numero ng bahay at pangalan ng kalsada, dapat kang magkaloob ng isang paglalarawan sa lokasyong itinuturing mong bahay mo (gaya ng mga krosing ng kalsada o palatandaan) upang matukoy namin ang iyong presinto. Kung magkaloob ka ng mga krosing ng kalsada o palatandaan, dapat ka ring magkaloob ng direksiyong pangkoreo, gaya ng direksiyon ng P.O. Box, direksiyon ng drop box para sa negosyo o koreo, upang maipadala ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang iyong mga materyal sa halalan. Kinakailangan pa rin ng direksiyon ng tirahan sa form ng pagpaparehistro.

### **Ano ang kinakailangang pagkakakilanlan upang makapagparehistro?**

Kinakailangan ng lisensiya ng pagmamaneho o ID ng estado ng California sa unang beses na ikaw ay magparehistro upang makaboto sa California. Maaaring ipagkaloob ng mga aplikante ang huling apat na digit ng kanilang numero sa Seguridad Sosyal kung wala sa alinman sa dalawa ang maibigay.

### **Paano ko malalaman na natanggap ang aking pagpaparehistro?**

Magpapadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo ng Kard ng Paunawa Para sa Botante sa loob ng anim na linggo mula sa petsa kung kailan mo isinumite ang iyong pagpaparehistro. Mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa (408) 299-VOTE, kung wala kang natanggap na paunawa.

### **Paano ko masusuri ang aking katayuan sa pagpaparehistro ng botante?**

Upang masuri ang iyong katayuan sa pagpaparehistro ng botante:

- Bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado (SOS) gamit ang sumusunod na link: <https://voterstatus.sos.ca.gov>
- I-access ang kagamitan sa Paghahanap ng Pagpaparehistro ng Botante ng County ng Santa Clara gamit ang sumusunod na link: <https://eservices.sccgov.org/rov/>
- Tumawag sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa (408) 299-8683

### **Kailan kinakailangang magparehistro ulit?**

Dapat kang magparehistro ulit sa tuwing babaguhin mo ang iyong:

- Pangalan
- Direksiyon ng tirahan
- Partidong pampulitika

### **Bakit mahalagang panatilihing napapanahon ang aking pagpaparehistro ng botante?**

Nakalagay dapat sa iyong pagpaparehistro ng botante ang kasalukuyan mong direksiyon ng tirahan at direksiyong pangkoreo upang matiyak na matatanggap mo ang tamang materyal ng balota. Hindi ipinapasa ang sulat para sa halalan.

### **Hindi ako bumoto noong nakaraang halalan; kailangan ko bang magparehistro ulit?**

Ikaw ay nakarehistro upang makaboto basta't nanatili ka sa parehong direksiyon at bumoto ka sa loob ng nakalipas na apat na taon. Upang masuri ang iyong katayuan sa pagpaparehistro, bumisita sa website ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa sumusunod na link: <https://eservices.sccgov.org/rov/> o tumawag sa opisina sa (408) 299-VOTE.

### **Napalampas ko ang takdang petsa ng pagpaparehistro (15 araw bago ang Araw ng Halalan), maaari pa rin ba akong bumoto?**

Oo, maaari mong sulitin ang mga bagong opsyon na Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante, na available 14 na araw bago at sa mismong Araw ng Halalan. Iniaalok ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante at sa mga Sentro ng Pagboto at papayagan nito ang mga aplikante na magparehistro at bumoto nang pansamantala.

### **Ano ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante (CVR)?**

Kung ang mga potensyal na botante ay hindi nagparehistro upang makaboto sa loob ng 15 araw na itinakdang panahon ng pagpaparehistro ng botante, sa karamihan ng halalan, maaari silang kondisyonal na magparehistro upang makaboto at makapagpatala ng balotang CVR sa Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara, 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112, sa loob ng 14 na araw bago at kasama ang Araw ng Halalan, o sa alinman sa aming

mga Sentro ng Pagboto sampung (10) araw pa lang bago at kasama ang Araw ng Halalan.

**Kailan ipinatupad ang CVR?**

Ipinatupad ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante noong Enero 1, 2017, pagkatapos masertipika ang pambuong-estadong tipunan ng datos ng pagpaparehistro ng botante.

**Papangasiwaan ba ang aking CVR katulad ng lahat ng iba pang pagpaparehistro?**

Oo, papangasiwaan at ipoproseso ang iyong Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante katulad ng lahat ng iba pang pagpaparehistro.

**Maaari bang ipadala sa akin sa pamamagitan ng koreo ang isang balotang CVR?**

Hindi, ang isang balotang CVR ay maaari lang ibigay nang personal sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County o sa alinmang Sentro ng Pagboto na sampung araw bago ang isang halalan, gayundin sa Araw ng Halalan.

**Ano ang kailangan kong gawin upang makapagpatala ng balotang CVR?**

Dapat kumpletuhin ng mga potensyal na botante ang isang Form ng Pagpaparehistro ng Botante at pagkatapos ay ipatala ang kanilang balota sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante o sa alinmang Sentro ng Pagboto as loob ng County. Pakitandaan, hindi maaaring ilabas sa gusali ang balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante at ibalik sa mas huling petsa. Ang balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante ay isang pansamantalang balota na ipoproseso kapag napagtibay ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante.

**Masusuri ko ba kung naisama sa bilang o hindi ang aking balotang CVR?**

Oo, upang masuri ang katayuan ng iyong balota, tumawag sa aming opisina sa (408) 299-VOTE o bumisita sa website ng Kalihim ng Estado gamit ang sumusunod na link: [www.sos.ca.gov/elections/ballot-status](http://www.sos.ca.gov/elections/ballot-status)

**Naging isa akong bagong citizen pagkatapos ng takdang petsa ng pagpaparehistro, maaari pa rin ba akong magparehistro upang makaboto?**

Oo, ang mga taong naging citizen sa ilalim ng proseso ng naturalisasyon pagkatapos ng pagsasara ng pagpaparehistro (15 araw bago ang Araw ng Halalan) ay maaari lang magparehistro at bumoto sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa pagitan ng ika-14 na araw at ng pagsasara ng mga botohan nang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Dapat magpakita ang mga bagong mamamayan ng isang Sertipiko ng Naturalisasyon na dapat ay mayroong petsa ng naturalisasyon na lampas sa petsa ng pagsasara ng pagpaparehistro at dapat nilang ideklara na mapapatunayan nilang residente sila ng County ng Santa Clara sa pamamagitan ng pagkakaloob ng kanilang apidabit at sertipiko mula sa seremonya ng pagiging citizen.

**Paano ko kakanselahin ang aking pagpaparehistro ng botante sa County ng Santa Clara?**

Maaaring kanselahin ang Pagpaparehistro ng Botante sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

1. Ilimbag, kumpletuhin, at pirmahan ang Form ng Kahilingan sa Pagkansela sa Pagpaparehistro ng Botante gamit ang sumusunod na link na ipinagkaloob ng Kalihim ng Estado (SOS):  
<https://elections.cdn.sos.ca.gov/pdfs/cancellation-request-form.pdf>
2. Ilimbag, kumpletuhin, at pirmahan ang isang Form ng Kahilingan sa Pagkilos ng Botante (VARF) gamit ang sumusunod na link:  
[https://www.sccgov.org/sites/rov/Register/Documents/VARF\\_318.pdf](https://www.sccgov.org/sites/rov/Register/Documents/VARF_318.pdf)
3. Bumuo ng nakasulat na kahilingan na naglalaman ng iyong pangalan, direksiyon, petsa ng kapanganakan, at pirma na nagpapahayag na ayaw mo nang magparehistro sa County ng Santa Clara:
  - a. Ipadala sa Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara, 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112,
  - b. I-email bilang naka-scan na kalakip sa [voterinfo@rov.sccgov.org](mailto:voterinfo@rov.sccgov.org), O
  - c. I-fax ang dokumento sa (408) 998-7314.

**Paano ko aabisuhan ang Opisina ng Halalan na patay na ang isang botante?**

Nakatanggap ang Opisina ng Halalan ng mga buwanang pagsasapanahon mula sa Estado tungkol sa lahat ng pagkamatay sa loob ng County ng Santa Clara. Upang hilinging kanselahin ang pagpaparehistro ng isang patay nang botante, maaaring tumawag ang malalapit na kamag-anak sa aming opisina sa (408) 299-VOTE.

**Naniniwala akong nakarehistro ako ngunit hindi ko mahanap ang rekord ko gamit ang kagamitan sa Paghahanap ng Pagpaparehistro ng Botante.**

Kapag ginagamit ang kagamitan sa Paghahanap ng Pagpaparehistro ng Botante ng County ng Santa Clara, ilagay ang iyong direksiyon ng tirahan at petsa ng kapanganakan sa format na mm/dd/yyyy. Kung hindi mo pa rin mahanap ang iyong rekord, pakitawagan ang aming opisina sa (408) 299-VOTE, para sa pagpapatibay.

**Maaari ba akong pumirma sa isang petisyon kung ako ay hindi nakarehistro upang makaboto?**

Hindi, dapat ay isa kang nakarehistrong botante na nakatala ang kasalukuyang direksiyon upang magkaroon ng bisa ang iyong pirma sa isang petisyon.

**Nakatanggap ako ng mga pampulitikang sulat at tawag sa telepono sa bahay ko. Saan nila nakukuha ang impormasyon ko?**

Makukuha ang impormasyong ito mula sa iba't ibang mapagkukunan, kasama na ang listahan ng pagpaparehistro ng botante. Pinapahintulutan ng kasalukuyang batas na maipagkaloob ang datos ng pagpaparehistro ng botante sa mga awtorisadong tao o grupo at magamit para sa mga layunin ng halalan, pamamahala, pag-aaral, o pampulitika. Kung gusto mong alisin ang iyong numero ng telepono sa pagpaparehistro mo, pakitawagan ang aming opisina sa (408) 299-VOTE.

### **Bakit sangkot ang Department of Motor Vehicles (DMV) sa pagpaparehistro ng botante?**

Pinapahintulutan ng National Voter Registration Act ng 1993 ang mga taong nakikipagtransaksyon sa isang opisina ng DMV na magparehistro upang makaboto o isapanahon ang impormasyon ng pagpaparehistro ng botante. Pinapahintulutan ng batas na ito, na madalas na tinatawag na “Motor Voter Law,” ang publiko na magparehistro upang makaboto o isapanahon ang kanilang pagpaparehistro ng botante sa panahon ng pakikipagtransaksyon para sa lisensiya ng tagamaneho o kard ng identipikasyon (ID) sa DMV. Kung kinukumpleto ng isang aplikante ang transaksyon para sa lisensiya ng tagamaneho, ID kard, o pagpapalit ng direksiyon, sa online, sa pamamagitan ng koreo, o nang personal, awtomatiko silang ipaparehistro upang makaboto ng Kalihim ng Estado ng California (maliban na lang kung pipiliin nilang huwag itong gawin). Pinapahintulutan ng batas na ito ang paunang pagpaparehistro ng mga karapat-dapat na residente ng California na 16 o 17 taong gulang, upang maging awtomatiko silang nakarehistro upang makaboto kapag tumuntong sila ng 18 taong gulang.

### **Totoo bang ginagamit ang mga listahan ng pagpaparehistro ng botante upang pumili ng mga mamamayan para sa jury duty?**

Oo, kinukuha ang mga Jury Duty Summons mula sa mga tala ng pagpaparehistro ng botante at rekord ng DMV.

### **Bakit ako nakatanggap ng maraming Pagpapatawag para sa Jury Duty Summons?**

Kung lumabas na magkaiba ang pangalan mo sa iyong lisensiya ng tagamaneho at sa iyong rekord ng pagpaparehistro ng botante, maaari kang nakatanggap ng maraming abiso. Upang remedyuhan ang sitwasyong ito, kumpletuhin at ibalik ang bagong form ng Pagpaparehistro ng Botante sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante kung saan nakalimbag ang pangalan mo tulad ng makikita sa iyong lisensiya ng tagamaneho, o kumpletuhin ang isang bagong pagpaparehistro ng botante online sa sumusunod na link: [www.sos.ca.gov](http://www.sos.ca.gov). Maaaring pumili ang Komisionado ng Lupon ng mga Tagahatol ng mga tagahatol mula sa mga listahang ipinagkaloob ng DMV at ng Halalan ng County. Maaaring matanggal ang maraming pagpapatawag kapag isinapanahon mo ang iyong rekord ng botante upang tumugma sa iyong lisensiya ng tagamaneho o ID.

### **Mga FAQ sa ROV – Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo**

#### **Kailan ko dapat asahang dumating ang aking balota?**

Ang mga balota ay ipapadala sa koreo 29 na araw bago ang isang halalan. Kung hindi mo natanggap ang iyong balota dalawang linggo bago ang halalan, pakitawagan ang aming opisina sa (408) 299-VOTE.

#### **Pansamantala akong wala sa county o estado. Maaari ko bang hilinging ipadala ang aking balota sa ibang direksiyon?**

Oo, tumawag sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa (408) 299-VOTE, at magpapadala ng balota sa pansamantalang direksiyon.



**Paano ako kukuha ng kapalit na balota?**

Tumawag sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa (408) 299-VOTE upang humiling ng kapalit na balota. May mga kapalit na balota sa alinmang Sentro ng Pagboto na matatagpuan sa County ng Santa Clara, o sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112.

**Kailangan ko ba ng selyo upang maipadala sa koreo ang aking balota?**

Hindi, babayaran ng County ang selyo.

**Paano ko malalaman ang katayuan ng aking balota?**

Maaaring malaman ang katayuan ng iyong balota 29 na araw bago ang bawat halalan. Maaari mong suriin ang katayuan ng iyong balota gamit ang sumusunod na link: <https://eservices.sccgov.org/rov/?tab=ab>

**Paano ako boboto kung nasa militar ako o nakatira sa ibang bansa?**

May opsyon ang mga militar at botanteng nasa ibang bansa na mag-aplay at i-access ang sistemang Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM), na nagpapadala sa mga botante ng email na may link upang ma-download ang kanilang Opisyal na Balota, kasama na ang mga tagubilin kung paano kumpletuhin ang kanilang balota at ibalik ito sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Kung hindi dumating ang balota apat (4) na linggo bago ang halalan, makipag-ugnayan sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante para sa kapalit sa pamamagitan ng: telepono (408) 299-VOTE o (866) 430-VOTE, mag-fax sa (408) 998-7314 o mag-email sa [votebymail@rov.sccgov.org](mailto:votebymail@rov.sccgov.org).

**Kailan ang huling araw upang ibalik ang aking balota?**

Dapat matatakan ng koreo ang mga balotang naglalaman ng boto sa, o bago ang Araw ng Halalan, at dapat itong matanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) nang hindi lalampas sa tatlong (3) araw pagkatapos ng halalan. Ihulog ang iyong balota sa alinmang Lokasyon ng Drop-off ng Balota o Sentro ng Pagboto ng County ng Santa Clara, o sa opisina ng ROV sa 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112, nang hindi lalampas nang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.

**Pumapasok sa paaralan ang aking anak na lalaki/babae. Maaari ko bang kunin ang kanilang balota?**

Ang isang balota ay awtomatikong ipapadala sa pamamagitan ng koreo sa kanilang direksiyong pangkoreo. Maaari silang tumawag sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa (408) 299-VOTE upang hilinging magpadala ng balota sa kanilang direksiyon. Kung kailangan mong kunin ang isang kapalit na balota para sa kanila, magagawa mo ito sa pamamagitan ng pinirmahang kahilingan mula sa anak mong lalaki o babae na nagkakaloob sa iyo ng awtorisasyong gawin ito.

## **Nawala ko ang sobre para sa aking balota, ano ang gagawin ko? Paano ko ito maipapadala?**

Maaaring kumuha ang mga botante ng bagong sobre ng balota sa alinmang Lokasyon ng Sentro ng Pagboto o Drop-off ng Balota sa County ng Santa Clara sa opisina ng ROV na matatagpuan sa 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112. Tinatanggap ang mga kapalit na sobre ng balota sa alinmang drop-box ng balota sa County ng Santa Clara. Tiyaking sagutan ang hinihiling na impormasyon at pumirma kung saan ipinahiwatig. Gumamit ng payak na sobre at ilagay ang sumusunod sa labas: Pangalan, direksiyon ng tirahan, at pirma. Ilagay ang sumusunod na pahayag, "Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na: Isa akong residente ng County ng Santa Clara, California, kung saan ako bumoboto; ang pangalang makikita sa sobreng ito ay ako; hindi ako nag-aplay at wala akong balak mag-aplay para sa isang balota mula sa anupamang hurisdiksiyon para sa halalang ito." Ilagay at selyuhan ang balotang naglalaman ng boto sa sobre kasama ang impormasyon sa itaas. Ipasok ang sobre ng balotang naglalaman ng boto sa isang hiwalay na outgoing na sobre at ipadala ito sa ROV.

## **Mga FAQ sa ROV – Mga Serbisyo ng Kandidato**

### **Sino ang aking mga ihahalal na kinatawan?**

Maaaring ma-access ang impormasyon tungkol sa mga ihahalal na kinatawan sa pamamagitan ng pagtawag sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa (408) 299-VOTE, o paggamit sa sumusunod na link:

<https://www.sccgov.org/sites/rov/Info/Documents/Office-Holders-List.pdf>

### **Paano ako maaaring tumakbo para sa isang ihahalal na katungkulan?**

Maaari mong makita ang impormasyon tungkol sa kung paano tumakbo para sa isang ihahalal na katungkulan sa sumusunod na link:

<https://www.sccgov.org/sites/rov/Info/Pages/CandidateINFO.aspx>

### **Saan ko makikita ang mga dating resulta ng halalan?**

Makikita mo ang mga dating resulta ng halalan sa sumusunod na link:

<https://www.sccgov.org/sites/rov/Resources/Pages/PastEResults.aspx>

### **Paano ako maglalagay ng panukala sa balota?**

Maaari mong makita ang impormasyon tungkol sa mga panukala gamit ang sumusunod na link: <https://www.sccgov.org/sites/rov/Info/Pages/Recalls.aspx>

### **Paano ko papaalisin sa katungkulan ang isang inihalal na opisyal?**

Maaari mong makita ang impormasyon tungkol sa mga pagpapaalis sa katungkulan gamit ang sumusunod na link:

<https://www.sccgov.org/sites/rov/Info/Pages/Recalls.aspx>